# Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan

## Howard W. Hunter



MGA TURO NG MGA PANGULO NG SIMBAHAN

# HOWARD W. HUNTER

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

**Serye ng mga Aklat na *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan***

*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (aytem bilang 36481 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (35554 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (35969 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (36315 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (36787 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (35744 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* (35970 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* (36786 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* (36492 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith* (36907 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* (35892 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (36500 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson* (08860 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Howard W. Hunter* (08861 893)

Para makakuha ng kopya ng mga aklat na ito, magpunta sa inyong lokal na distribution center o bumisita sa store.lds.org. Ang mga aklat ay makukuha rin sa digital format sa LDS.org at sa Gospel Library mobile application.

Ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa aklat na ito ay pasasalamatan. Mangyaring isumite ang mga ito sa:

Curriculum Development
50 East North Temple Street
Salt Lake City, UT 84150-0024 USA
Email: PTH-Development@ldschurch.org

Isulat lamang ang inyong pangalan, address, ward, at stake. Tiyaking ibigay ang pamagat ng aklat. Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kalakasan ng aklat at mga bahaging maaari pang pagandahin.

© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika
Pagsang-ayon sa Ingles: 3/11
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 3/11
Pagsasalin ng *Teachings of Presidents of the Church: Howard W. Hunter*
Tagalog
08861 893

# Mga Nilalaman


Pambungad . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . vii
Buod ng Kasaysayan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . xii
Ang Buhay at Ministeryo ni Howard W. Hunter . . . . . . . . . . . . . . 1
1 Jesucristo—Ang Tanging Daan Natin Tungo sa Pag-asa at Kagalakan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 43
2 "Ang Aking Kapayapaan ay Ibinibigay Ko sa Inyo" . . . . . . . 55
3 Paghihirap—Bahagi ng Plano ng Diyos para sa Ating Walang-Hanggang Pag-unlad . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 67
4 Tulong mula sa Itaas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 83
5 Joseph Smith: Propeta ng Panunumbalik . . . . . . . . . . . . . . . 97
6 Ang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 109
7 Patuloy na Paghahayag sa Pamamagitan ng mga Buhay na Propeta . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 123
8 Paghahatid ng Ebanghelyo sa Buong Mundo . . . . . . . . . . . 133
9 Ang Batas ng Ikapu . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 145
10 Mga Banal na Kasulatan—Ang May Pinakamalaking Pakinabang sa Lahat ng Pag-aaral . . . . . . . . . . . . . . . . . . 155
11 Tunay na Kadakilaan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 169
12 Magsibalik Kayo at Magpakabusog sa Hapag ng Panginoon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 183
13 Ang Templo—Ang Dakilang Simbolo ng Ating Pagiging Miyembro . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 193
14 Pagpapabilis ng Gawain sa Family History at sa Templo . . . 205
15 Ang Sakramento ng Hapunan ng Panginoon . . . . . . . . . . . 215
16 Pag-aasawa—Isang Walang-Hanggang Pagsasamahan . . . . 227
17 Pangalagaan at Protektahan ang Pamilya . . . . . . . . . . . . . . 239
18 Naniniwala Kami sa Pagiging Matapat . . . . . . . . . . . . . . . 253
19 Ang Ating Lubos na Katapatan sa Diyos . . . . . . . . . . . . . . 265
20 Pagtulad sa Halimbawa ng Pag-ibig sa Kapwa-Tao ng Tagapagligtas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 277
21 Pananampalataya at Patotoo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 291

22 Pagtuturo ng Ebanghelyo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 305
23 "Hindi Nakabababa ng Kapakinabangan" . . . . . . . . . . . . . 319
24 Pagtulad sa Halimbawa ni Jesucristo . . . . . . . . . . . . . . . . . 333
Listahan ng mga Larawan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 345
Indeks . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 347



Howard W. Hunter

# Pambungad

Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpasimula ng seryeng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* para tulungan kayong higit na mapalapit sa inyong Ama sa Langit at mapalalim ang inyong pag-unawa sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Sa pagdaragdag ng Simbahan ng mga aklat sa seryeng ito, makakakolekta kayo ng mga reperensyang aklat ng ebanghelyo sa inyong tahanan. Ang mga aklat na ito ay nilayong magamit sa personal na pag-aaral at sa pagtuturo sa araw ng Linggo. Matutulungan din kayo nitong maghanda ng mga aralin para sa family home evening, maghanda ng iba pang mga aralin o mensahe at sagutin ang mga tanong tungkol sa doktrina ng Simbahan.

Tampok sa aklat na ito ang mga turo ni Pangulong Howard W. Hunter, na naglingkod bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula Hunyo 5, 1994, hanggang Marso 3, 1995.

---

**Personal na Pag-aaral**

Habang pinag-aaralan ninyo ang mga turo ni Pangulong Howard W. Hunter, mapanalanging hangarin ang inspirasyon ng Espiritu Santo. Matutulungan kayo ng mga tanong sa dulo ng bawat kabanata na pagnilayan, maunawaan, at maipamuhay ang mga turo ni Pangulong Hunter. Ang sumusunod na mga ideya ay maaari ding makatulong:

- Isulat ang mga kaisipan at damdaming dumarating sa inyo mula sa Espiritu Santo habang nag-aaral kayo.
- Salungguhitan ang mga talatang gusto ninyong matandaan. Isiping isaulo ang mga talatang ito o isulat ang mga ito sa inyong mga banal na kasulatan sa tabi ng kaugnay na mga talata.
- Basahin ang kabanata o talata nang mahigit isang beses para mas maunawaan ninyo ito.

- Itanong sa inyong sarili ang tulad nito, Paano nadaragdagan ng mga turo ni Pangulong Hunter ang pagkaunawa ko sa mga alituntunin ng ebanghelyo? Ano ang gusto ng Panginoon na matutuhan ko mula sa mga turong ito?
- Itanong sa sarili kung paano kayo matutulungan ng mga turo sa aklat na ito sa inyong personal na mga pagsubok at alalahanin.
- Ibahagi ang natututuhan ninyo sa mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan.

---

## Pagtuturo mula sa Aklat na Ito

Matutulungan kayo ng sumusunod na mga patnubay na magturo mula sa aklat na ito, maging sa tahanan man o sa simbahan.

### *Maghandang Magturo*

Hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo habang naghahanda kayong magturo. Mapanalanging pag-aralan ang kabanata upang magkaroon kayo ng tiwala sa pagkaunawa ninyo sa mga turo ni Pangulong Hunter. Makapagtuturo kayo nang mas mabisa kapag personal kayong naimpluwensyahan ng kanyang mga salita (tingnan sa D at T 11:21).

Karamihan sa mga kabanata ay naglalaman ng mas maraming materyal kaysa kaya ninyong talakayin sa oras ng klase. Mapanalanging piliin ang mga turo na sa pakiramdam ninyo ay makakatulong nang malaki.

Hikayatin ang inyong mga tinuturuan na maagang pag-aralan ang kabanata upang mas handa silang makilahok sa mga talakayan at mapalakas ang isa't isa.

Sa paghahanda ninyong magturo, higit na bigyang-pansin ang bahaging "Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo" sa dulo ng bawat kabanata. Sa bahaging iyan, makikita ninyo ang mga tanong, mga banal na kasulatan, at tulong sa pag-aaral o tulong sa pagtuturo. Ang mga tanong at banal na kasulatan ay nauugnay sa nakasaad sa kabanata. Ang mga tulong sa pag-aaral at pagtuturo ay magagamit lalo na sa pagkatuto at pagtuturo ng ebanghelyo.

### *Pasimulan ang Kabanata*

Kapag sinimulan ninyo ang kabanata, sikaping lumikha ng kapaligiran na maaantig ng Espiritu ang puso't isipan ng inyong mga tinuturuan. Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga ideya:

- Basahin o repasuhin ang bahaging may pamagat na "Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter" sa simula ng kabanata, at talakayin ito.
- Talakayin ang isang sipi, larawan, o banal na kasulatan mula sa kabanata.
- Sama-samang kumanta ng himno.
- Ibahagi nang maikli ang isang personal na karanasan tungkol sa paksa.

### *Maghikayat ng Talakayan Tungkol sa mga Turo ni Pangulong Hunter*

Habang nagtuturo kayo mula sa aklat na ito, anyayahan ang iba na ibahagi ang kanilang iniisip, magtanong, magpatotoo, at turuan ang isa't isa. Kapag aktibo silang nakikibahagi, magiging mas handa silang matuto at tumanggap ng personal na paghahayag.

Hayaang magpatuloy ang magagandang talakayan sa halip na sikaping talakayin ang lahat ng mga turo. Gabayan ang talakayan para matuon ang pansin nila sa mga turo ni Pangulong Hunter.

Ang mga tanong sa dulo ng bawat kabanata ay mahalaga para mahikayat ang talakayan. Maaari din kayong gumawa ng sarili ninyong mga tanong lalo na para sa mga tinuturuan ninyo. Ang iba pang mga ideya para mahikayat ang talakayan ay nakalahad sa ibaba:

- Ipabahagi sa mga miyembro ng klase ang natutuhan nila mula sa kanilang personal na pag-aaral ng kabanata. Maaaring makatulong ang pagkausap sa ilan sa mga tinuturuan ninyo sa loob ng linggong iyon at hilingin na maghanda sila na ibahagi ang kanilang natutuhan.
- Italaga ang mga piling tanong na nasa dulo ng kabanata sa mga indibiduwal o sa maliliit na grupo. Ipahanap sa kanila ang mga turo sa kabanata na may kaugnayan sa mga tanong. Pagkatapos ay ipabahagi sa kanila ang kanilang mga iniisip at ideya.

- Sama-samang basahin ang ilan sa mga turo ni Pangulong Hunter sa kabanata. Magpabahagi sa mga miyembro ng klase ng mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan at mula sa sarili nilang karanasan na may kaugnayan sa mga turong iyon.
- Papiliin ng isang bahagi ang mga miyembro ng klase at ipabasa ito nang tahimik sa kanila. Anyayahan silang magtipon sa mga grupong may dalawa o tatlong miyembro na magkakaparehong bahagi ang pinili at ipatalakay ang kanilang natutuhan.

### *Maghikayat ng Pagsasabuhay at Pagbabahagi*

Ang mga turo ni Pangulong Hunter ay magiging lubos na makahulugan kapag ipinamuhay ng mga indibidwal ang mga ito at ibinahagi sa iba. Maaari ninyong gamitin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga ideya:

- Tanungin ang mga miyembro ng klase kung paano nila magagamit ang mga turo ni Pangulong Hunter sa kanilang mga responsibilidad sa tahanan, sa Simbahan, at sa iba pang kalagayan. Halimbawa, maaari ninyo silang anyayahan na pagnilayan at talakayin kung paano nila magagamit ang kanyang mga turo bilang asawa, mga magulang, anak, home teacher, o visiting teacher.
- Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga karanasan sa pagsasabuhay ng kanilang natutuhan.
- Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang ilan sa mga turo ni Pangulong Hunter sa pamilya at mga kaibigan.

### *Tapusin ang Talakayan*

Ibuod nang maikli ang aralin o ipabuod ito sa isa o dalawang miyembro ng klase. Patotohanan ang mga aral o katuruan na natalakay ninyo. Maaari din ninyong anyayahan ang iba na ibahagi ang kanilang patotoo.

---

## Impormasyon Tungkol sa Pinagkunang mga Materyal

Ang mga turo sa aklat na ito ay mga tuwirang sipi mula sa mga sermon at artikulo ni Pangulong Howard W. Hunter. Ang mga siping nagmula sa mga lathalain ay pinanatili sa orihinal na bantas,

baybay, kapital na titik, at ayos ng talata maliban kung kinailangan itong baguhin ng editor o itama ang maling baybay para mas madali itong basahin. Dahil pinanatili ang mga sipi sa orihinal nito, maaari kayong makapansin ng kaunting pagkakaiba-iba ng istilo sa teksto. Halimbawa, ang mga panghalip na tumutukoy sa Diyos ay ginamitan ng maliliit na titik sa ilang sipi at malalaking titik naman sa iba.

Madalas gamitin ni Pangulong Hunter ang mga katagang *mga tao, tao,* at *sangkatuhan* sa pagtukoy sa lahat ng tao, kapwa lalaki at babae. Madalas din niyang gamitin ang mga panghalip na *siya, niya,* at *kanya* para tukuyin ang dalawang kasarian. Ang mga pananalitang ito ay karaniwan sa kanyang panahon, at karaniwang tinutukoy niya ang kapwa kababaihan at kalalakihan kapag ginagamit niya ang mga ito.

# Buod ng Kasaysayan

Ang sumusunod na kronolohiya ay nagbibigay ng maikling buod ng kasaysayan para sa mga turo ni Pangulong Howard W. Hunter sa aklat na ito.

| | |
|---|---|
| Nobyembre 14, 1907 | Isinilang kina John William (Will) Hunter at Nellie Marie Rasmussen Hunter sa Boise, Idaho. |
| Abril 4, 1920 | Bininyagan at kinumpirma sa Boise. |
| Mayo 1923 | Tumanggap ng Eagle Scout Award—ang pangalawang Eagle Scout sa Boise. |
| Enero at Pebrero 1927 | Kasama ang kanyang banda, ang Hunter's Croonaders, nagtanghal sila ng musika sa dalawang buwang paglalayag sa Asia. |
| Marso 1928 | Lumipat sa Southern California. |
| Abril 1928 | Nagsimulang magtrabaho sa isang bangko sa California. |
| Hunyo 10, 1931 | Pinakasalan si Clara May (Claire) Jeffs sa Salt Lake Temple. |
| Enero 1932 | Nawalan ng trabaho dahil nagsara ang bangko sanhi ng Depression; nagsimulang pumasok sa iba't ibang trabaho. |
| Enero 1934 | Nagsimulang magtrabaho sa departamentong nangangasiwa sa mga legal na dokumento ng Los Angeles County Flood Control District. |
| Marso 20, 1934 | Isinilang ang anak na si Howard William (Billy) Hunter Jr. |

| | |
|---|---|
| Oktubre 11, 1934 | Pumanaw ang anak na si Howard William (Billy) Hunter Jr. |
| Setyembre 1935 | Pumasok sa Southwestern University School of Law sa Los Angeles (ngayon ay Southwestern Law School). |
| Mayo 4, 1936 | Isinilang ang anak na si John Jacob Hunter. |
| Hunyo 29, 1938 | Isinilang ang anak na si Richard Allen Hunter. |
| Hunyo 8, 1939 | Nagtapos mula sa law school, pangatlo sa mga nagsipagtapos. |
| Abril 1940 | Nagsimula ng sariling law firm company, nagtrabaho nang part-time at pagkatapos ay full-time noong 1945; patuloy na nagtrabaho bilang abugado hanggang sa tawagin siya bilang Apostol noong 1959. |
| Setyembre 1940 hanggang Nobyembre 1946 | Naglingkod bilang bishop ng El Sereno Ward sa California. |
| Pebrero 1950 hanggang Nobyembre 1959 | Naglingkod bilang pangulo ng Pasadena Stake sa California. |
| Nobyembre 14, 1953 | Nabuklod sa kanyang mga magulang sa kanyang ika-46 na kaarawan sa Mesa Arizona Temple. |
| Oktubre 9, 1959 | Tinawag ni Pangulong David O. McKay upang maging miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. |
| Oktubre 15, 1959 | Inorden na Apostol at itinalaga ni Pangulong David O. McKay bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa. |
| 1964 hanggang 1972 | Naglingkod bilang pangulo ng Genealogical Society ng Simbahan. |

| | |
|---|---|
| 1965 hanggang 1976 | Naglingkod bilang pangulo ng Polynesian Cultural Center sa Laie, Hawaii. |
| 1970 hanggang 1972 | Naglingkod bilang Church Historian. |
| 1974 hanggang 1979 | Tumulong sa pangangasiwa sa pagpaplano, pagpopondo, at pagtatayo ng Orson Hyde Memorial Garden sa Jerusalem. |
| Nobyembre 1975 | Pinamahalaan ang pag-oorganisa ng 15 stake sa loob lamang ng isang Sabado at Linggo mula sa 5 stake sa Mexico City. |
| 1979 hanggang 1989 | Pinangasiwaan ang pagpaplano at pagtatayo ng Brigham Young University (BYU) Jerusalem Center for Near Eastern Studies. |
| Oktubre 24, 1979 | Pinangasiwaan ang paglalaan ng Orson Hyde Memorial Garden sa Jerusalem. |
| Oktubre 9, 1983 | Pumanaw si Claire Hunter pagkaraan ng mahigit 10 taong pagkakasakit. |
| Nobyembre 10, 1985 | Itinalaga bilang Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol dahil sa mahinang kalusugan ng pangulo ng korum na si Marion G. Romney. |
| Hunyo 2, 1988 | Itinalaga bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol nang pumanaw si Pangulong Marion G. Romney. |
| Mayo 16, 1989 | Inilaan ang BYU Jerusalem Center for Near Eastern Studies. |
| Abril 12, 1990 | Pinakasalan si Inis Bernice Egan Stanton sa Salt Lake Temple. |
| Hunyo 5, 1994 | Itinalaga bilang ika-14 na Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. |

| | |
|---|---|
| Oktubre 1, 1994 | Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan sa pangkalahatang kumperensya. |
| Oktubre 9, 1994 | Inilaan ang Orlando Florida Temple. |
| Disyembre 11, 1994 | Pinamunuan ang paglikha ng ika-2,000 stake ng Simbahan (Mexico City Mexico Contreras Stake). |
| Linggo, Enero 08, 1995 | Inilaan ang Bountiful Utah Temple. |
| Marso 03, 1995 | Pumanaw sa kanyang tahanan sa Salt Lake City, Utah, sa edad na 87. |



# Ang Buhay at Ministeryo ni Howard W. Hunter

Noong Hunyo 6, 1994, isang araw matapos italaga si Howard W. Hunter bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, dalawang paanyaya ang ipinaabot niya. Sa magiliw na nakahihikayat na tinig, sinabi niya:

"Una sa lahat, inaanyayahan ko ang lahat ng miyembro ng Simbahan na mamuhay na may higit na atensyon sa buhay at halimbawa ng Panginoong Jesucristo, lalo na ang pagmamahal at awa na Kanyang ipinakita. Dalangin ko na sana ay pakitunguhan natin ang isa't isa nang may higit na kabaitan, paggalang, kababaang-loob at pagtitiyaga at pagpapatawad."[1]

Ang paghikayat sa mga tao na tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas ang sentro ng mga turo ni Pangulong Hunter sa loob ng maraming taon. "Tandaan sana ninyo ang bagay na ito," sabi niya ilang taon bago iyon. "Kung ang ating buhay at pananampalataya ay nakasentro kay Jesuristo at sa kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo, walang anumang bagay na mananatiling mali. Sa kabilang banda, kung ang mga buhay natin ay hindi nakasentro sa Tagapagligtas at sa kanyang mga turo, walang anumang tagumpay ang palagiang tama."[2]

Ang pangalawang paanyaya ni Pangulong Hunter ay para sa mga miyembro ng Simbahan na lubos na kamtin ang mga pagpapala ng templo:

"Inaanyayahan ko rin ang mga miyembro ng Simbahan na gawing dakilang simbolo ng kanilang pagiging miyembro ang templo ng Panginoon at ang banal na lugar para sa kanilang pinakasagradong mga tipan. Ito ang pinakamatinding hangarin ng aking puso, na ang bawat miyembro ng Simbahan ay maging karapat-dapat sa templo. Umaasa ako na bawat miyembrong nasa hustong gulang ay magiging marapat sa—at magkakaroon—ng current temple recommend, kahit na ang layo ng templo ay hindi magpapahintulot na makapunta kaagad o magamit ito nang madalas.



*si Howard W. Hunter noong siya ay bata pa*

"Maging mga tao tayong mapagdalo at mapagmahal sa templo. Humayo tayo sa templo nang madalas hangga't kaya ng ating oras at paraan at sitwasyon. Pumunta tayo hindi lamang para sa ating mga kamag-anak na namatay, kundi para din sa personal na pagpapala ng pagsamba sa templo, para sa kabanalan at kaligtasang laan ng mga pinabanal at inilaan na mga dingding niyon. Ang templo ay isang lugar ng kagandahan, isang lugar ng paghahayag, isang lugar ng kapayapaan. Ito ang bahay ng Panginoon. Ito ay banal sa Panginoon. Dapat itong maging banal sa atin."[3]

Patuloy na binigyang-diin ni Pangulong Hunter ang dalawang paanyayang ito sa buong panahon ng paglilingkod niya bilang Pangulo ng Simbahan. Bagama't siyam na buwan lamang siyang naging Pangulo ng Simbahan, ang mga paanyayang ito ay naghikayat sa mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo na maging higit na katulad ni Cristo at hangarin ang mga pagpapala ng templo nang may higit na katapatan.

---

## Mga Angkan na Pinagmulan

Noong kalagitnaan ng 1800s, ang mga ninuno ni Howard W. Hunter sa apat na magkakaibang bansa ay sumapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa panig ng kanyang ina, ang mga ninunong ito ay mula sa Denmark at Norway. Matapos mandayuhan mula sa kanilang sariling mga bayan, sila ay ilan sa mga pinakaunang nanirahan sa Mount Pleasant, Utah. Isang inapo ng matatatag na pioneer na ito, si Nellie Rasmussen, ang magiging ina ng isang propeta.

Sa panig naman ng kanyang ama, si Howard ay may mga ninuno na tubong Scotland at New England. Malaki ang isinakripisyo ng mga taong sumapi sa Simbahan, ngunit karamihan sa kanila ay hindi na naging aktibo pagkalipas ng ilang taon. Ang pagsilang ni John William (Will) Hunter noong 1879 ay pagsisimula ng ikatlong henerasyon sa angkan ng mga Hunter na wala nang kaugnayan sa Simbahan. Gayunpaman si Will Hunter ay magiging ama ng isang propeta.

Noong 8 taong gulang si Will Hunter, lumipat ang kanyang pamilya sa Boise, Idaho. Makalipas ang mga 16 na taon, nakilala ni Will si Nellie Rasmussen na pumunta sa Boise para makitira sa kanyang

tiya at tiyo. Kalaunan ay niligawan ni Will si Nellie, at makalipas ang dalawang taon ay niyaya itong magpakasal. Nag-alangan si Nellie, ngunit nagpursigi si Will, at kalaunan ay pumayag din si Nellie na magpakasal. Ang mag-asawa ay ikinasal sa Mount Pleasant, Utah, at bumalik sa Boise upang bumuo ng pamilya. Ang kanilang panganay, si Howard William Hunter, ay isinilang noong Nobyembre 14, 1907. Ang isa pa nilang anak, isang babae na pinangalanan nilang Dorothy, ay isinilang noong 1909.

## Pagtatayo ng Pundasyon para sa Buhay

Noong isilang si Howard, ang Simbahan ay mayroon lamang isang maliit na branch sa Boise. Ang ina ni Howard ay aktibong miyembro ng branch at pinalaki ang kanyang mga anak sa ebanghelyo. Tungkol sa kanya, sinabi ni Howard, "Siya ay palaging tapat. . . . Naglingkod siya bilang pangulo ng Primary at [Young Women]. Naaalala ko ang pagsisimba ko kasama si Inay, kung minsan bago ang nakaiskedyul na oras para sa mga pulong, at pagkatapos ng mga pulong ay nananatili pa roon para tapusin ang kanyang gawain."[4] Bagama't hindi miyembro ng Simbahan ang ama ni Howard, hindi siya tumutol sa pagsisimba ng pamilya at paminsan-minsan ay dumadalo sa sacrament meeting kasama nila.

Bukod pa sa isinasama niya ang kanyang mga anak sa aktibidad ng Simbahan, tinulungan sila ni Nellie Hunter na magkaroon ng matibay na espirituwal na pundasyon sa tahanan. "Si Inay ang namuno sa pagtuturo ng ebanghelyo sa amin," paggunita ni Howard. "Sa kanya namin natutuhan ang pagdarasal. . . . Nagkaroon ako ng patotoo noong bata pa ako dahil sa pagtuturo ng aking ina."[5]

Ang Boise Branch ay naging isang ward noong 1913, ilang araw bago ang ikaanim na kaarawan ni Howard. Pagkaraan ng dalawang taon, noong walong taong gulang si Howard, inasam niya na mabinyagan siya. "Nasabik ako sa posibilidad na mangyari iyon," sabi niya. Gayunman, hindi pumayag ang kanyang ama. Paggunita ni Howard, "Pakiramdam ni Itay . . . ay dapat akong maghintay pa hanggang sa malaman ko ang landas na gusto kong tahakin sa buhay. Gusto kong mabinyagan, bagama't dumating at lumipas ang panahon na hindi ko nakamtan ang pagpapalang iyon."[6]

Dahil hindi nabinyagan si Howard, siya ay hindi maaaring iorden na deacon nang siya ay mag-12 anyos. "Sa panahong iyon, lahat ng kaibigan ko ay deacon na," sabi niya. "Dahi hindi pa ako opisyal na miyembro ng Simbahan, hindi ko magawa ang maraming bagay na ginagawa nila."[7] Ang lalong ikinalungkot ni Howard ay hindi siya makakapagpasa ng sakramento: "Nakaupo ako sa mga sacrament meeting kasama ang iba pang mga batang lalaki. Kapag oras na para magpasa sila ng sakramento, napapayukod ako sa aking pagkakaupo. Talagang dama ko na napag-iiwanan ako."[8]

Muling kinausap ni Howard ang kanyang ama, sa pagkakataong ito kasama ang kanyang 10-taong-gulang na kapatid, si Dorothy: "Pinakiusapan [namin] ang aming ama na payagan kaming mabinyagan. Nagdasal din kami na sana ay pumayag siya. Tuwang-tuwa kami nang sa wakas ay pumayag siya."[9] Halos limang buwan matapos mag-12 taong gulang si Howard, siya at si Dorothy ay nabinyagan sa isang pampublikong swimming pool. Di nagtagal pagkatapos niyon, Si Howard ay inorden na deacon at nagpasa ng sakramento sa kauna-unahang pagkakataon. "Natakot ako, ngunit natuwa sa pagkakaroon ng pribilehiyo," paggunita niya.[10] Kabilang sa iba pa niyang mga tungkulin, si Howard ang umiihip ng bulusan para sa organo at nagpapaningas ng apoy para painitin ang chapel sa magiginaw na umaga ng Linggo. "Nabuksan ang bagong daigdig sa akin nang malaman ko ang mga tungkulin ng pagiging miyembro ng Simbahan at pagtataglay ng priesthood," sabi niya.[11]

Noong siya ay binatilyo na, sumali si Howard sa Boy Scout troop ng kanyang ward at nagsikap nang husto para makamtan ang pinakamataas na parangal—ang Eagle Scout. Nang malapit na niyang makamtan ang kanyang mithiin, nakibahagi siya sa isang magandang kompetisyon. "Dalawa kaming nagpupursigi na maging unang Eagle Scout sa Boise," paggunita niya.[12] Unang nakatapos ang binatilyong iyon sa mga kinakailangang gawin, at si Howard ay kuntento na bilang pangalawa na tumanggap ng parangal.[13]

Bata pa lang ay natuto na si Howard na maging masipag sa buhay. Tinulungan niya ang mga balo at iba pang mga kapitbahay, nagtinda ng diyaryo, at nagtrabaho sa rantso ng kanyang tiyo. Sa paglaki niya, kabilang sa trabaho niya ang pagbibitbit ng mga bag para sa mga manlalaro sa isang golf course, paghahatid ng mga telegrama

at pagtatrabaho sa botika, sa pahayagan, sa hotel, sa department store, at sa art store.

Sinabi ni Dorothy Hunter na ang kanyang kapatid ay "masigasig" at "napakatalino."[14] Bukod pa sa mga katangiang ito, siya ay maawain at bukas-palad. Sa paggunita sa pagiging mapagmalasakit nito, sinabi ni Dorothy, "Gusto ni Howard na palaging gumagawa ng mabuti at maging mabuti. Siya ay kahanga-hangang kapatid, pinangangalagaan niya ako. Siya ay mabait sa aming ina at ama."[15]

Maawain din si Howard sa mga hayop. "Bawat pusang walang matirhan ay pwede sa aming bahay, kahit ayaw ng pamilya ko," sabi niya.[16] Minsan may ilang batang lalaki na pinahihirapan ang isang kuting sa paghagis nito sa kanal ng irigasyon malapit sa tahanan ng mga Hunter. Sa tuwing gagapang ito palabas, muli itong ihahagis ng mga bata. Hindi nagtagal ay lumapit si Howard at iniligtas ang kuting. "Nakahiga na ito roon na halos patay na," paggunita ni Dorothy, "at iniuwi niya ito sa bahay."[17]

"Hindi na ito mabubuhay," sabi ng kanyang ina.

"Inay, subukan po natin," pagpipilit ni Howard.[18]

Sinabi ni Dorothy na "binalot [nila] ito sa kumot at inilagay ito malapit sa mainit na hurno at inalagaan ito," at dahil sa pangangalagang ito lumakas ang kuting at nakasama ng pamilya sa loob ng maraming taon.

Si Howard ay naorden na teacher noong 1923, bago nagkaroon ng Boise Second Ward. Dahil nangangailangan ng ibang lugar para sa pagpupulong, at inaasahan ang pag-unlad sa hinaharap, iminungkahi ng mga lokal na lider ng Simbahan na magtayo ng stake tabernacle. Ang mga Banal sa Boise ay hinilingang mag-ambag ng $20,000 sa pagtatayo ng gusali.[19] Sa isang pulong kung saan humingi ng mga donasyon ang mga lider, ang binatilyong si Howard W. Hunter ang unang taong nagtaas ng kamay at nangakong magbibigay ng pera. Ang halagang ipinangako niya—$25—ay malaking halaga noong 1923, lalo na para sa isang 15-taong-gulang. "Nagtrabaho ako at nag-ipon hanggang sa nabayaran ko nang buo ang halagang ipinangako ko," ang sabi niya kalaunan.[20] Ang tabernakulo ay natapos noong 1925, at dumating si Pangulong Heber J. Grant para ilaan ito noong Disyembreng iyon.[21]




*Howard W. Hunter, gitna, kasama ng Hunter's Croonaders, 1927*

Mula pagkabata, kinakitaan na ng angking talino si Howard sa musika, at noong tinedyer natuto siyang tumugtog ng ilang instrumento. Sa edad na 16 bumuo siya ng sariling grupo ng musika, na tinawag niyang Hunter's Croonaders. Ang grupong ito ay madalas magtanghal sa mga sayawan, salu-salo, at iba pang mga kaganapan sa Boise.

Noong 19 na taong gulang si Howard, binigyan siya ng kontrata para magtanghal sa isang cruise ship na papunta sa Asia. Sa unang dalawang buwan ng 1927, ang limang miyembro ng banda ni Howard ay nagtanghal sa mga salu-salo at sayawan habang naglalayag ang barko sa Pacific at dumadaong sa iba't ibang lungsod sa Japan, China, at Pilipinas. Ang paglalayag sa dagat ay isang karanasan na nagpalawak ng kaisipan ni Howard, na nagdulot sa kanya na malaman ang tungkol sa ibang tao at kanilang mga kultura. Bagama't nagastos niya ang halos lahat ng kanyang kita sa pamamasyal at pagbili ng mga souvenir, sinabi niya na, "Ang natutuhan namin ay sulit sa nagastos namin." [22]

---

## Panahon ng Malalaking Pagpapasiya

Umuwi si Howard mula sa paglalayag sa dagat at sinalubong ng masayang balita na nabinyagan na ang kanyang ama habang wala

siya. Nang sumunod na Linggo, magkasamang dumalo si Howard at ang kanyang ama sa pulong ng priesthood sa unang pagkakataon. Isang mapagmalasakit na bishop ang naghikayat kay Will Hunter na magpabinyag, at sinabi ni Howard na "dahil sa isang [home] teacher kaya naging mas interesado siya sa simbahan."[23]

Matapos ang paglalayag, hindi tiyak ni Howard ang kanyang kinabukasan. Abala siya sa mga aktibidad sa musika at iba pang trabaho, kabilang na ang kanyang sariling negosyo, ngunit tila wala sa mga ito ang magbibigay ng matatag na trabaho. Nang mabigo ang pagsisikap niya na magtayo ng bagong negosyo noong Marso 1928, nagpasiya siyang bisitahin ang isang kaibigan sa Southern California. Ang talagang plano niya ay manatili lamang doon ng isa o dalawang linggo at hanapin ang ayon sa kanya ay "trabaho na magbibigay ng malalaking oportunidad."[24] Sa California hindi lamang siya makakahanap ng trabaho kundi ng mapapangasawa rin, ng malalaking pagkakataon na makapaglingkod sa Simbahan, at isang tahanan sa loob ng mahigit tatlong dekada.

Ang unang mga trabaho ni Howard sa California ay pagtitinda ng mga sapatos at pagtatrabaho sa isang citrus packing plant, kung saan ilang araw siyang nagkakarga ng 45 at 50 tonelada ng kahel sa mga bagon. "Hindi ko alam na ganito pala karami ang mga kahel sa mundo," pagbibiro niya. Isang araw "nahirapan" siya dahil kailangan niyang pagbukud-bukurin ang mga lemon ayon sa kulay nito, at hindi niya malaman ang kaibhan ng kulay dilaw at berde dahil color blind siya. "Bago matapos ang araw akala ko hihimatayin na ako," sabi niya.[25]

Pagkaraan ng dalawang linggo sa citrus plant, nag-aplay si Howard ng trabaho sa isang bangko sa Los Angeles, at tinanggap siya kaagad at nagsimulang tumaas agad ang kanyang posisyon. Ipinagpatuloy pa rin niya ang kanyang mga aktibidad sa musika, pagtugtog kasama ang iba't ibang mga banda sa gabi. Noong Setyembre 1928, mga anim na buwan matapos lumipat si Howard sa California, nagkasama-sama silang magpapamilya nang lumipat doon ang kanyang mga magulang at kapatid.

Noong kanyang kabataan, nagsisimba si Howard ngunit hindi niya lubos na pinag-aaralan ang ebanghelyo. Sa California, mas pinagtuunan niyang mabuti ang pag-aaral ng ebanghelyo. "Ang unang pagkakataon na talagang naging interesado ako sa ebanghelyo ay

sa isang klase sa Sunday School sa Adams Ward na ang guro ay si Brother Peter A. Clayton," paggunita niya. "Siya ay puno ng kaalaman at kakayahang bigyang-inspirasyon ang mga kabataan. Pinag-aralan ko ang mga aralin, binasa ang mga assignment na ibinigay niya sa amin, at nakibahagi sa pagsasalita tungkol sa ibinigay na paksa. . . . Naisip ko na sa panahong ito ng buhay ay nagsisimula kong maunawaan ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Mayroon na akong patotoo noon pa man tungkol sa ebanghelyo ngunit bigla na lang na nagsimula akong makaunawa."[26] Para kay Howard, ang mga karanasan sa klase na iyon sa Sunday School ay nagpasimula ng habambuhay na pagmamahal sa pag-aaral ng ebanghelyo.

Gustung-gusto ni Howard na makisalamuha sa iba pang mga binata at mga dalaga sa Los Angeles area. Sila ay magkakasamang nagsisimba, kung minsan pumupunta sa dalawa o tatlong ward sa isang Linggo, at nakikibahagi sa iba't ibang aktibidad. Isa sa mga aktibidad na iyon ay may walang-hanggang kahalagahan para kay Howard. Ilang buwan matapos dumating sa California, siya at ang ilang kaibigan ay dumalo sa isang sayawan sa Simbahan at pagkatapos ay nagtungo sa beach para mag-surfing. Nang gabing iyon, nakilala ni Howard si Clara May (Claire) Jeffs, na kadeyt ng isa sa kanyang mga kaibigan. Hindi nagtagal nagustuhan nina Howard at Claire ang isa't isa at humantong sa pag-iibigan.

Nagdeyt sila nang ilang beses noong 1928 at naging mas malalim ang relasyon nang sumunod na taon. "Light brown ang kulay ng buhok niya at napakagandang dalaga," sabi ni Howard kalaunan. "Sa palagay ko ang lubos na hinangaan ko sa kanya ay ang lalim ng kanyang patotoo."[27] Noong gabi ng tagsibol ng 1931, halos tatlong taon matapos silang magkakilala, dinala ni Howard si Claire sa isang mataas na lugar na natatanaw ang Pacific Ocean. Siya ay nag-alok ng kasal, at tinanggap niya ito. Paggunita ni Howard:

"Nagpunta kami sa Palos Verdes at pumarada sa talampas kung saan maaari naming mamasdan ang pagbalumbon ng mga alon mula sa Pacific at paghampas nito sa malalaking bato sa liwanag ng bilog na buwan. Pinag-usapan namin ang tungkol sa aming mga plano at isinuot ang singsing na diamante sa kanyang daliri. Maraming desisyon ang ginawa namin nang gabing iyon at ilang malalaking pasiya tungkol sa aming buhay."[28]

Ang mga pasiyang iyon ay nakaimpluwensya kay Howard na gumawa ng desisyon na nagpabago sa buhay niya apat na araw bago ang kasal nila. Matapos ang pagtatanghal ng kanyang banda nang gabing iyon, itinago niya ang kanyang mga instrumento at hindi na kailanman ginawang propesyon ang pagtugtog. Ang pagtugtog ng musika para sa mga sayawan at kasiyahan "ay kaaya-aya sa ilang aspeto," sabi niya, "at malaki ang kinita ko," ngunit nadama niya na ang mga bagay na iyon ay hindi ayon sa buhay na ipinlano niya para sa kanyang pamilya. "Nakadama ako ng kahungkagan nang iwanan ko ang isang bagay na gustung-gusto ko, [ngunit] hindi ko pinagsisihan kailanman ang desisyon ko," ang sabi niya pagkaraan ng ilang taon.[29] Sinabi ng kanyang anak na si Richard, "Madalas kong isipin ang matinding disiplina (tatawagin ko itong matibay na determinasyon) na kinailangan upang matalikuran ang isang bagay na gustung-gusto niya dahil sa isang bagay na mas pinahahalagahan niya."[30]

---

## Mga Hamon at mga Pagpapala sa mga Unang Taon ng Pagsasama Bilang Mag-asawa

Sina Howard at Claire ay ikinasal sa Salt Lake Temple noong Hunyo 10, 1931, at bumalik sa Southern California para magkasamang simulan ang buhay. Unti-unting humina ang mga negosyo sa Estados Unidos dahil sa Great Depression, at noong Enero 1932, ang bangko na pinagtatrabahuhan ni Howard ay napilitang magsara. Nang sumunod na dalawang taon iba't ibang trabaho ang pinasok niya, sinisikap na kumita para matustusan ang kanyang pamilya. Nagpasiya sila ni Claire na huwag umasa sa iba hangga't maaari, ngunit makalipas ang isang taon pinaunlakan nila ang paanyaya na manirahan pansamantala sa mga magulang ni Claire.

Noong Marso 20, 1934, isinilang ang panganay na anak nina Howard at Claire, na pinangalanan nilang Howard William Hunter Jr. at may palayaw na Billy. Sa tag-init na iyon napansin nila na tila matamlay si Billy. Nasuri siya ng mga doktor na may anemia, at dalawang beses nagbigay ng dugo si Howard para isalin sa kanya, ngunit hindi pa rin bumuti ang kalagayan ni Billy. Lumabas pa sa mga pagsusuri na may malubha siyang problema sa bituka at dahil dito nagrekomenda ng operasyon ang mga doktor. Paggunita ni

Howard: "Dinala ako sa silid na nakahiga sa mesa sa tabi niya at nagbigay ng dugo habang inooperahan siya. Sa huli, hindi nagbigay ng pag-asa ang mga doktor."[31] Makalipas ang tatlong araw, ang pitong-buwang-gulang na si Billy ay pumanaw habang nakaupo sa tabi ng kanyang kama ang kanyang mga magulang. "Puno kami ng kapighatian at pagkabigla nang lisanin namin ang ospital nang gabing iyon," pagsulat ni Howard.[32] "Matinding dagok ito sa amin."[33]

Dalawang buwan bago isinilang si Billy, nakapagtrabaho si Howard sa Los Angeles County Flood Control District. Sa trabaho niyang ito natutuhan niya ang tungkol sa mga legal na dokumento at gawain sa korte, at nagpasiya siyang maging abogado. Nangailangan ng maraming taon ng katatagan at kasipagan para matupad ang mithiing iyon. Dahil hindi pa tapos sa kolehiyo, maraming klase ang dapat tapusin ni Howard bago siya makapasok sa law school. Pumasok siya sa mga klase sa gabi dahi kailangan niyang magtrabaho sa umaga. Kahit sa mga taon ng pag-aaral niya sa law school, patuloy pa rin siyang nagtrabaho nang full-time. "Ang magtrabaho nang maghapon at pumasok sa paaralan sa gabi, at, saka, isingit ang pag-aaral ay hindi madali," isinulat niya.[34] "Karaniwan na sa akin ang mag-aral hanggang hating-gabi."[35] Ganyan ang iskedyul ni Howard sa loob ng limang taon, at nagtapos noong 1939 na pangatlo sa mga nagsipagtapos.

Habang nasa law school si Howard, dalawa pang anak na lalaki ang isinilang sa kanila ni Claire—si John noong 1936 at Richard noong 1938. Dahil sa trabaho ni Howard sa Flood Control District, nakabili ng maliit na bahay ang pamilya.

---

## Bishop ng El Sereno Ward

Noong 1940, mga isang taon makaraang makatapos ng abugasiya, si Howard ay tinawag na maglingkod bilang bishop ng bagong likhang El Sereno Ward sa California. Nagulat sa pagkatawag na ito, sinabi niya, "Akala ko noon ang bishop ay laging isang matandang lalaki, at tinanong ko kung paano ako magiging ama ng ward sa edad kong tatlumpu't dalawa." Tumugon ang panguluhan ng stake sa pagtiyak sa kanya na "kaya niyang gampanan ang tungkulin." Bagama't sa una ay kinabahan si Howard, ipinangako niya na "Gagawin ko ang lahat ng makakaya ko."[36] Tinupad niya ang pangakong

iyan nang may matinding katapatan, inspirasyon, at habag sa loob ng mahigit anim na taong paglilingkod bilang bishop.

Minsan pa, naranasan ni Howard ang matinding pangangailangan sa kanyang oras at lakas, ngunit nadama niya na ang kanyang paglilingkod ay nabiyayaan ng maraming pagpapala. “Nasumpungan ko ang aking sarili sa mabibigat na responsibilidad,” sabi niya. “Ito ay isang kamangha-manghang gawain at isang malaking pagpapala.”[37]

Isang agarang pangangailangan para sa bagong ward ang makahanap ng lugar na mapagdarausan ng pulong. Ang bishopric ay umupa ng ilang silid sa isang gusali sa lugar, at ang mga miyembro ng ward ay nagsimulang mangalap ng pondo para sa sarili nilang meetinghouse. Ang pagtatayo ng mga gusali ng Simbahan ay inihinto kalaunan dahil sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ngunit umasa pa rin ang mga miyembro ng ward at patuloy na nag-ipon ng pera. Para sa isa sa mga fundraiser, na kilala bilang “onion project,” nagpunta sila sa isang planta na nagbuburo ng pagkain para magbalat ng mga sibuyas. Ang amoy ng mga sibuyas ay kumakapit, kaya’t pabirong sinabi ni Bishop Hunter, “Masasabi mo agad sa sacrament meeting kung sino ang nagbabalat ng mga sibuyas.”[38]

Ang iba pang mga fundraiser ay naghihiwa ng mga repolyo sa planta na nagbobote o nagde-delata ng mga binurong repolyo at nagpapakete at nagbebenta ng sobrang cereal para sa agahan. “Masasayang araw ito habang nagtutulungan kami, mga tao na kabilang sa lahat ng antas ng buhay at kakayahan na tumutulong sa bishopric sa pagtitipon ng pondo para sa pagtatayo ng isang kapilya,” paggunita ni Bishop Hunter. “Ang ward namin ay tulad ng isang malaki at masayang pamilya.”[39] Matapos ang maraming pagtitiis at sakripisyo, natupad din ng ward ang mithiin na magkaroon ng sariling meetinghouse noong 1950, halos apat na taon matapos ma-release si Howard bilang bishop.

Ang pagiging bishop noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagbigay ng kakaibang hamon. Maraming lalaking miyembro ng ward ang naglingkod sa militar, naiwan ang mga pamilya nang walang asawa at ama. Nagkaroon din ng problema sa kakulangan ng kalalakihan sa pagganap sa mga tungkulin sa Simbahan. Dahil dito, sa kanyang panunungkulan bilang bishop, naglingkod din si

Howard bilang Scoutmaster. "May isang grupo kami ng mahuhusay na kabataan na hindi maaaring balewalain," sabi niya. "Pinamunuan ko ang mga binatilyong ito nang halos dalawang taon at lalo silang humusay."[40]

Na-release si Howard bilang bishop noong Nobyembre 10, 1946. "Lagi akong magpapasalamat para sa pribilehiyong ito at sa natutuhan ko sa mga taon na iyon," sabi niya. Bagama't ang karanasan sa pagiging bishop ay "mahirap sa maraming paraan," siya at si Claire "ay nagpapasalamat sa kabutihang idinulot nito sa aming pamilya."[41] Nagpapasalamat para sa paglilingkod ni Bishop Hunter, isinulat ng isang miyembro ng ward: "Pinagkaisa niya ang aming maliit na ward at tinuruan kami na isakatuparan ang mga mithiin na tila hindi namin kayang makamtan. Nagtulungan kami bilang isang ward, magkakasamang nanalangin, magkakasama sa aktibidad, at magkakasama sa pagsamba."[42]

Bagama't na-release si Howard noong 1946, patuloy ang espesyal na pakikipag-ugnayan niya sa mga miyembro ng El Sereno Ward. Sinabi ng kanyang anak na si Richard na "hanggang sa katapusan ng kanyang buhay, siya ay nanatiling nakikipag-ugnayan sa kanila at alam kung saan sila naroon at ano ang kanilang kalagayan. Tuwing pupunta siya sa isang lugar kung saan isang dating miyembro ng ward [ang nakatira roon], makikipag-ugnayan siya sa kanila. Minahal niya nang buong buhay niya ang mga miyembro ng ward."[43]

## Pagtataguyod ng Pamilya at Pagpapatatag ng Trabaho

Sina Howard at Claire Hunter ay mapagmahal na mga magulang na nagturo sa kanilang mga anak ng mabubuting ugali, mga responsibilidad, at ng kahalagahan ng ebanghelyo. Bago pa man itinalaga ng Simbahan ang Lunes ng gabi para sa family home evening, inilaan na ng pamilya Hunter ang gabing iyan bilang oras para sa pagtuturo, pagkukuwento, paglalaro, at magkakasamang pamamasyal. Kapag naglalakbay ang pamilya, nagpupunta sila kung minsan sa mga templo upang magpabinyag sina John at Richard para sa mga patay. Gustung-gusto rin ni Howard at ng kanyang mga anak ang paggawa ng mga modelong tren, pagkakamping, at paggawa ng iba pang mga aktibidad sa labas nang magkakasama.

Si Howard ay kapwa nagtatrabaho nang full time at nag-aaral sa law school nang isilang sina John at Richard, at tinawag siyang maging bishop noong sila ay napakabata pa—mga edad apat at dalawa—kaya ang pagpapatatag ng pamilya ay nangailangan pa ng ibayong pagmamahal mula kay Claire. Masaya niyang ibinigay ang pagmamahal na iyon. "Ang hangarin ko at pinakamithiin ko . . . ay maging mabuting asawa, maging mabuting maybahay, at talagang mabuting ina," sabi niya. "Nagsikap kami nang husto para mapanatiling malapit ang mga anak namin sa Simbahan; kami ng mga anak ko ay masayang magkakasama."[44] Madalas purihin ni Howard si Claire sa impluwensya at mga sakripisyo nito sa pag-aaruga sa kanilang mga anak.


Sa mga taon ng pagtataguyod sa pamilya at paglilingkod sa mga tungkulin sa pamumuno sa Simbahan, naging matagumpay rin si Howard sa kanyang trabaho bilang abugado. Sa pagtatrabaho sa maraming kliyente sa negosyo at korporasyon, siya ay naging respetadong abugado sa Southern California. Siya ay nahirang na maglingkod sa lupon ng mga tagapangasiwa sa mahigit dalawang dosenang kompanya.

Sa kanyang propesyon, si Howard ay kilala sa kanyang integridad, tumpak na pag-iisip, malinaw na pakikipag-ugnayan, at pagiging makatarungan. Kilala rin siya bilang "abugado ng masa"—isang tao na "tila laging may oras at malasakit na tulungan ang mga tao sa kanilang mga problema."[45] Sinabi ng isang abugado na "mas inaalala [ni Howard] na mabigyan ang mga tao ng tulong na kailangan nila kaysa mabayaran para dito."[46]

---

## Pangulo ng Pasadena California Stake

Noong Pebrero 1950, nagpunta sina Elder Stephen L Richards at Elder Harold B. Lee ng Korum ng Labindalawa sa California upang hatiin ang mabilis na paglago ng Pasadena Stake. Ininterbyu nila ang maraming miyembrong lalaki sa stake, kabilang si Howard. Matapos mapanalanging pag-isipan kung sino ang nais ng Panginoon na maglingkod bilang stake president, halos hatinggabi na nang papuntahin nila si Howard at ipabatid ang pagtawag sa kanya. Sinabi sa kanya nina Elder Richards at Elder Lee na matulog siya



*Sina Howard at Claire Hunter kasama ang kanilang mga anak na sina John at Richard*

nang mahimbing at tawagan sila nang maagang-maaga kinabukasan para sa kanyang irerekomendang mga tagapayo. "Umuwi ako nang gabing iyon, ngunit hindi ako nakatulog," sabi ni Howard. "Napakabigat ng tungkulin. Matagal kaming nag-usap ni Claire."[47]

Matapos sang-ayunan si Pangulong Hunter at ang kanyang mga tagapayo, sinimulan nilang alamin ang mga pangangailangan sa stake. Ang unang priyoridad para sa bagong panguluhan ng stake ay tulungan ang mga miyembro na magkaroon ng espirituwal na lakas. Ang isang problema ay hindi gaanong nagkakaisa ang mga pamilya, dahil na rin sa pagsali nila sa napakaraming aktibidad. Matapos magkakasamang manalangin at mag-usap ang mga lider, nadama nila na dapat bigyang-diin ang family home evening at ilaan ang mga Lunes ng gabi para sa mga pamilya. Lahat ng gusali ng Simbahan sa stake ay sarado tuwing Lunes ng gabi at "walang ibang mga kaganapan ang idaraos sa sagradong gabing iyan," paliwanag ni Pangulong Hunter.[48]

Sa unang mga araw ng kanyang paglilingkod, si Pangulong Hunter at iba pang mga stake president sa Timog California ay pinulong ni Elder Stephen L Richards upang talakayin ang seminary program para sa mga estudyante sa hayskul. Paggunita ni Pangulong Hunter, "ipinaliwanag [ni Elder Richards] na gusto nilang subukan ang mga early-morning seminary class sa isang lugar kung saan ang batas ay hindi nagtutulot sa mga estudyante na lumabas sa paaralan pagkatapos



*Mga lider sa Pasadena Stake, 1950.* Kaliwa pakanan: *Daken K. Broadhead, unang tagapayo sa stake presidency; Howard W. Hunter, pangulo; A. Kay Berry, pangalawang tagapayo; at Emron "Jack" Jones, klerk.*

ng isang klase para mag-aral tungkol sa relihiyon."[49] Si Pangulong Hunter ay itinalagang chairman ng komite para pag-aralan kung posible ang ideyang iyon. Matapos pag-aralan, inirekomenda ng komite na ipakilala ang early-morning seminary para sa mga estudyante sa tatlong high school. Noong kanyang kabataan, si Richard na anak ni Pangulong Hunter ay bahagi ng eksperimento sa early-morning seminary. Paggunita niya, "Naisip namin na baka may isang taong nawalan ng katinuan sa pag-iisip kaya nagpasiya silang magklase kami nang alas-6 n.u., pero naging paboritong oras namin ito sa maghapon, kung saan nagkasama-sama kami bilang magkakaibigan sa Simbahan at natuto."[50] Ang programang ito ay isinagawa kalaunan sa iba pang mga estudyante at siyang naging unang bersyon ng early-morning seminary program para sa mga kabataan ng Simbahan.

Sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 1951, pinulong ng Unang Panguluhan ang mga stake president mula sa Southern California upang ipahayag ang hangarin nilang magtayo ng templo sa Los Angeles. Ang posibilidad na magkakaroon ng malapit na templo ay nagdulot ng malaking kagalakan—at mangangailangan ng malaking sakripisyo, dahil ang mga miyembro ng Simbahan ay hinilingang mag-ambag ng $1 milyon sa pagtatayo nito. Nang bumalik si Pangulong Hunter sa California, pinulong niya ang mga lider ng stake at ward at sinabing, "Bigyan ninyo ang mga tao ng

pagkakataon na matanggap ang mga dakilang pagpapala sa pamamagitan ng pagbibigay ng saganang kontribusyon para sa templo."[51] Sa loob ng anim na buwan, ang mga miyembro sa Southern California ay nakapagbigay ng $1.6 million para sa pagtatayo ng templo, na inilaan noong 1956.

Bukod pa sa pag-aambag ng pera para sa templo at iba pang mga gusali ng Simbahan, boluntaryong gumawa ang mga miyembro. Nang itinatayo ang mga meetinghouse, maraming oras ang iniukol ni Pangulong Hunter sa pagpapala, pagpupukpok, o pagpipintura. Bukod pa riyan, boluntaryong nagtrabaho ang mga miyembro para sa mga proyektong pangkapakanan ng Simbahan, na kinabibilangan ng manukan, taniman ng sitrus, at pabrika ng pagde-de-lata ng pagkain. Sa loob ng walong taon, tungkulin na ni Pangulong Hunter na pag-ugnayin ang gawain ng 12 stake sa mga proyektong ito, at madalas siyang tumulong sa paggawa. "Hindi niya kailanman hiniling sa sinuman na gawin ang isang bagay o tungkulin na hindi niya mismo magagawa," sabi ng isang kaibigan.[52] Pagkaraan ng ilang taon, bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa, sinabi ni Elder Hunter:

"Lahat ng proyektong pangkapakanan na sinalihan ko ay masaya. Umakyat ako sa mga puno at namitas ng mga lemon, nagbalat ng prutas, nagpaandar ng boiler, nagpasan ng mga kahon, nagdiskarga ng lulan ng mga trak, naglinis ng pabrika, at marami pang ibang bagay, ngunit ang hindi ko malimutan ay ang tawanan at kantahan at mabuting pagkakaibigan ng mga taong nakikibahagi sa paglilingkod sa Panginoon."[53]

Noong Nobyembre 1953, nagpunta sina Pangulo at Sister Hunter at iba pang mga miyembro ng Pasadena Stake sa Mesa Arizona Temple para magsagawa ng mga ordenansa. Nobyembre 14 ang ika-46 na kaarawan ni Pangulong Hunter, at bago nagsimula ang sesyon nang araw na iyon, hiniling ng pangulo ng templo na magsalita siya sa mga nagtipon roon sa chapel. Kalaunan isinulat niya ang tungkol sa karanasang ito:

"Habang nagsasalita ako sa kongregasyon, . . . ang aking ama at ina ay pumasok sa chapel na nakasuot ng puting damit. Wala akong ideya na handa na si Itay sa pagtanggap ng kanyang mga pagpapala sa templo, bagama't matagal nang inaasam ito ni Inay. Lubos akong naantig kaya hindi na ako nakapagsalita. Si Pangulong Pierce [ang temple president] ay lumapit sa akin at ipinaliwanag sa

kongregasyon ang dahilan ng paghinto ko sa pagsasalita. Nang dumating ang aking ama at ina sa templo nang umagang iyon hiniling nila sa temple president na huwag banggitin sa akin na naroon sila dahil gusto nilang maging sorpresa ito sa kaarawan ko. Ito ang kaarawan na hindi ko kailanman malilimutan dahil nang araw na iyon ay natanggap nila ang kanilang endowment at nagkaroon ako ng pribilehiyo na masaksihan ang kanilang pagbubuklod, at kasunod nito ay ibinuklod ako sa kanila."[54]

Mga tatlong taon ang lumipas, ang walang hanggang pagkabuklod ng pamilya ni Pangulong Hunter ay nakumpleto nang si Dorothy ay ibuklod sa kanyang mga magulang sa kalalaan pa lang noon na Los Angeles California Temple.

Bilang stake president, namuno si Howard nang may pagmamahal. Sinabi ng isang babae na naglingkod sa stake, "Madarama mong ikaw ay pinahahalagahan at kailangan. . . . Nagagawa niyang maging responsable ang mga tao kapag tumanggap sila ng tungkulin, ngunit kung kailangan nila ng kanyang opinyon o payo, palagi siyang nariyan. Alam namin na nasa amin ang kanyang lubos na suporta at atensyon."[55] Napansin ng isa sa kanyang mga tagapayo, "Pinupuri niya ang mga tao sa kanilang mga nagawa at hinahayaan silang maisagawa ang inaasahan sa kanila."[56] Ipinaliwanag ng isang miyembro ng stake na nagsabing si Pangulong Hunter ang kanyang pinakamahusay na guro, "Minahal ng taong ito ang iba sa pamamagitan ng pag-una sa kanila, pakikinig upang maunawaan sila, at pagbabahagi ng kanyang mga karanasan."[57]

Pagsapit ng taglagas ng 1959, si Howard W. Hunter ay mahigit siyam na taon nang namumuno sa Pasadena Stake, na nagbibigay ng paglilingkod na nagpala sa buhay ng libu-libong mga Banal sa mga Huling Araw sa Southern California. Ang kanyang paglilingkod ay lalaganap pa upang pagpalain ang buhay ng mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang dako ng mundo.

---

## Korum ng Labindalawa

*"Magpapatotoo ka sa aking pangalan,. . . at iyong papalaganapin ang aking salita hanggang sa mga dulo ng mundo" (D at T 112:4).*



*Ang Korum ng Labindalawang Apostol, 1965*. Nakaupo mula kaliwa pakanan: ***Ezra Taft Benson, Mark E. Petersen (nakaupo sa hawakan ng silya), Joseph Fielding Smith (pangulo ng korum), at LeGrand Richards***. Nakatayo mula kaliwa pakanan: ***Gordon B. Hinckley, Delbert L. Stapley, Thomas S. Monson, Spencer W. Kimball, Harold B. Lee, Marion G. Romney, Richard L. Evans, at Howard W. Hunter.***

Noong Oktubre 9, 1959, sa pagitan ng mga sesyon ng pangkalahatang kumperensya sa Salt Lake City, nalaman ni Howard na gusto siyang makausap ni Pangulong David O. McKay. Kaagad siyang nagpunta sa Administration Building ng Simbahan, kung saan magiliw siyang sinalubong ni Pangulong McKay at sinabing, "Pangulong Hunter, . . . nagsalita ang Panginoon. Ikaw ay tinawag na maging isa sa kanyang mga natatanging saksi, at bukas, ikaw ay sasang-ayunan bilang miyembro ng Kapulungan ng Labindalawa"[58] Tungkol sa karanasang iyan, isinulat ni Howard:

"Hindi ko kayang ipaliwanag ang damdaming napasaakin. Tumulo ang mga luha sa aking mga mata at hindi ako nakapagsalita. Sa buong buhay ko ngayon lamang ako nakadama nang lubos na pagpapakumbaba nang maupo ako sa harapan ng kahanga-hanga, magiliw, at mabait na lalaking ito—ang propeta ng Panginoon. Sinabi niya sa akin ang malaking kagalakan na idudulot nito sa aking buhay, ang magandang pagsasamahan ng mga kapatid, at na mula ngayon ang buhay ko at panahon ay ilalaan bilang tagapaglingkod

ng Panginoon at mula ngayon ako ay maglilingkod sa Simbahan at sa buong mundo. . . . Niyakap niya ako at tiniyak sa akin na mamahalin ako ng Panginoon at susuportahan ako ng Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawa. . . . [Sinabi] ko [sa kanya] na ikagagalak kong ibigay ang aking panahon, ang aking buhay, at lahat ng mayroon ako para sa paglilingkod na ito."[59]

Pagkaalis ni Howard sa opisina ni Pangulong McKay, nagpunta siya sa kanyang silid sa hotel at tinawagan si Claire, na nasa Provo para bisitahin ang kanilang anak na si John at ang asawa nito at kanilang sanggol. Sa una ay halos hindi nakapagsalita si Howard. Nang sa wakas ay nasabi na niya kay Claire ang tungkol sa pagtawag sa kanya, kapwa sila napuspos ng emosyon.

Kinabukasan, sa sesyon sa Sabado ng umaga ng pangkalahatang kumperensya, si Howard William Hunter ay sinang-ayunan bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Nadama ko . . . ang bigat ng mundo sa aking mga balikat," ang sabi niya tungkol sa mga oras na iyon. "Habang patuloy ang kumperensya hindi talaga ako mapanatag at inisip ko kung madarama ko na ito ang lugar na angkop sa akin."[60]

Tinawag ni Pangulong McKay si Elder Hunter para magsalita sa sesyon sa Linggo ng hapon ng kumperensya. Matapos ilahad nang kaunti ang tungkol sa kanyang buhay at magpatotoo, sinabi niya:

"Hindi ako hihingi ng paumanhin sa pagluha ko sa okasyong ito dahil naniniwala ako na nagsasalita ako sa mga kaibigan, sa mga kapatid sa Simbahan, na ang mga puso ay pumipintig na katulad ng sa akin, sa kagalakan sa ebanghelyo at sa paglilingkod sa iba.

"Pangulong McKay, . . . tinatanggap ko, nang walang pag-aatubili, ang pagtawag ninyo sa akin, at handa akong ilaan ang aking buhay at lahat ng mayroon ako sa paglilingkod na ito. Kasama ko si Sister Hunter sa pangakong ito."[61]

Si Elder Hunter ay inorden bilang Apostol noong Oktubre 15, 1959. Sa edad na 51, siya ang pinakabatang miyembro ng Labindalawa, na ang karaniwang edad ng panahong iyon ay halos 66.

Nang sumunod na 18 buwan, si Elder Hunter ay paroo't parito sa California at Utah habang tinatapos niya ang mga kinakailangang gawain sa kanyang trabaho bilang abugado at naghahandang lumipat

sa Utah. Sinabi ng isa sa kanyang mga kliyente "napakalaki siguro ng alok ng Simbahan" para mahikayat siya na iwan ang law firm. Tungkol dito, isinulat ni Elder Hunter sa kanyang journal:

"Hindi nauunawaan ng maraming tao kung bakit ang mga miyembro ng ating Simbahan ay tumutugon sa tawag na maglingkod o nangangakong ibibigay ang lahat ng mayroon tayo. . . . Nasiyahan na ako sa pagiging abugado ko, ngunit ang tungkuling ito na dumating sa akin ay napakahalaga kaysa sa propesyon o perang kikitain ko."[62]

Ang paglilingkod ni Elder Hunter bilang apostol ay aabot ng mahigit 35 taon, at sa panahong iyan ay maglalakbay siya sa halos lahat ng bansa sa mundo upang gampanan ang kanyang tungkulin bilang natatanging saksi ni Jesucristo (tingnan sa D at T 107:23).

### *Ang Genealogical Society of Utah*

*"Tayo . . . [ay] maghain sa Panginoon . . . [ng] isang aklat na naglalaman ng mga talaan ng ating mga patay, na magiging karapat-dapat sa lahat ng pagtanggap" (D at T 128:24).*

Noong 1964 hinirang ng Unang Panguluhan si Elder Hunter na maging pangulo ng Genealogical Society ng Simbahan, na kilala noon bilang Genealogical Society of Utah. Ang organisasyong iyan ang naunang bersyon ng Family History Department ng Simbahan. Ang layunin nito ay magtipon, mag-ingat, at magbahagi ng impormasyon tungkol sa genealogy sa buong mundo. Si Elder Hunter ang namuno sa organisasyon sa loob ng walong taon, at sa panahong iyan siya ang namahala sa mga pagbabago na magkakaroon ng malaking epekto sa pagpapahusay, pagpapabuti ng kalidad, at pagpapalaganap ng gawain ng family history.

Pagsapit ng taong 1969 ang organisasyon ay nakatipon ng "mahigit 670,000 rolyo ng microfilm, na katumbas ng tatlong milyong aklat na may 300 pahina bawat isa." Nakakolekta rin ito ng "anim na milyong kumpletong rekord ng mga grupo ng pamilya, isang card file index na may 36 milyong indibiduwal, at isang koleksyon ng mga aklat na may mahigit 90,000 tomo."[63] Bawat linggo, mga 1,000 rolyo ng microfilm ang naidaragdag mula sa iba't ibang dako ng mundo. Ang pagproseso ng mga rekord na iyon para ma-access ang mga ito—kapwa sa pagsasaliksik at gawain sa templo—ay napakalaking

gawain. Sa ilalim ng pamumuno ni Elder Hunter, sinimulang gamitin ng Genealogical Society ang pinakamakabagong teknolohiya sa computer para makatulong sa gawain. Sinabi ng isang manunulat na ang Genealogical Society ay naging "kilalang-kilala sa kalipunan ng mga organisasyon ng mga propesyonal dahil sa makabago nitong mga gawain sa pag-iingat ng mga rekord."[64]

Si Elder Hunter ay ini-release bilang pangulo ng Genealogical Society noong 1972. Tungkol sa epekto ng kanyang mga pagsisikap, sinabi ni Elder Richard G. Scott, "Inilaan niya ang malaking bahagi ng kanyang buhay sa gawaing iyon at inilatag ang mga pundasyon at direksyon na pinakikinabangan pa rin ng Simbahan."[65]

### *Ang Polynesian Cultural Center*

*"Makinig kayong mga tao na mula sa malayo; at kayong nasa mga pulo ng dagat, sama-samang makinig." (D at T 1:1).*

Noong 1965 hinirang ng Unang Panguluhan si Elder Hunter na maging pangulo at chairman ng lupon ng Polynesian Cultural Center sa Laie, Hawaii. Sa panahong iyon, ang center ay 15 buwan pa lamang nabubuksan at nahaharap sa maraming hamon. Kaunti ang pumupuntang turista, at iba't iba ang pananaw ng mga tao tungkol sa mga layunin at programa ng center. Isang linggo makaraang hirangin si Elder Hunter, nagpunta siya sa Laie at nagsimulang pag-aralang mabuti ang mga kalakasan at mga pangangailangan ng center.

Sa ilalim ng pamumuno ni Elder Hunter, ang Polynesian Cultural Center ay naging isa sa pinakapopular na lugar na pinupuntahan ng mga turista sa Hawaii, halos isang milyong bisita ang nagpunta noong 1971. Pinamahalaan rin ni Elder Hunter ang paglawak ng center at ng mga programa nito. Ang mahalaga rin, ayon kay Elder Hunter, ay nakapagbigay ng trabaho ang center na "nakatulong sa pag-aaral ng libu-libong mga estudyante mula sa South Pacific, na karamihan sa kanila ay hindi kayang umalis sa kanilang isla para mag-aral."[66]

Matapos mangulo sa Polynesian Cultural Center sa loob ng 12 taon, si Elder Hunter ay ini-release noong 1976. Ang kanyang paglilingkod bilang pangulo ay tumulong sa katuparan ng mga salita ni Pangulong David O. McKay, na nagsabi noong 1955 na ang maliit na nayon ng Laie ay may potensyal na maging "bahagi ng gawaing

misyonero, na hindi lamang makakaimpluwensya sa libu-libo kundi sa milyun-milyong mga tao na paparoon para malaman ang tungkol sa bayang ito at ang kahalagahan nito."[67]

## *Church Historian*

*"Tungkulin ng klerk ng Panginoon, na kanyang itinalaga, na mag-ingat ng kasaysayan, at isang pangkalahatang talaan ng simbahan ng lahat ng bagay na nagaganap sa Sion" (D at T 85:1).*

Noong Enero 1970, pumanaw si Pangulong David O. McKay, at si Joseph Fielding Smith ay inorden at itinalaga bilang bagong Pangulo ng Simbahan. Si Joseph Fielding Smith ay naglingkod bilang Church Historian sa nagdaang 49 na taon, at nang siya ay maging Pangulo ng Simbahan, si Elder Hunter ang tinawag na kahalili niya sa gawaing iyan. "Napakaraming taon na naging Church Historian si Pangulong Smith kaya't hindi ko mawari ang aking sarili sa tungkuling iyan," ang sabi niya.[68]

Ginampanan din ni Elder Hunter ang bagong responsibilidad na ito nang buong sigasig. "Ang tungkuling ibinigay ng Panginoon sa pamamagitan ng paghahayag ay napakalaking hamon—kapwa sa pangangalap at pagsulat at pagpapagamit ng mga materyal sa mga miyembro ng Simbahan," ang sabi niya.[69] Ibinalita sa *Church News* na ang Church Historian ang "may responsibilidad sa lahat ng pag-iingat ng talaan ng Simbahan, kabilang na ang mga kaganapan sa mga pulong, mga talaan sa templo, lahat ng ordinasyon, mga patriarchal blessing, at . . . pagtitipon ng kasaysayan ng Simbahan sa kasalukuyan."[70]

Noong 1972, hinalinhan ang mga miyembro ng Labindalawa sa ilan nilang mabibigat na tungkuling pang-administratibo para mapag-ukulan nila nang mas maraming oras ang kanilang paglilingkod bilang apostol. Bilang bahagi ng pagbabagong iyan, si Elder Hunter ay ini-release bilang Church Historian ngunit nanatiling tagapayo sa Historical Department ng Simbahan. "Ako pa rin ang nagbibigay ng tagubilin ngunit hindi na kasama sa pagsasagawa ng mga gawain dito," sabi niya.[71] Nagpatuloy siya sa tungkuling ito hanggang 1978.



*Ang Brigham Young University Jerusalem Center for Near Eastern Studies*

### *Paglilingkod sa Banal na Lupain*

Napamahal kay Howard W. Hunter ang Banal na Lupain nang maglakbay siya rito kasama ang kanyang pamilya noong 1958 at 1960. Sa kanyang paglilingkod bilang apostol, bumalik siya roon ng mahigit dalawampu't apat na beses. "Tila hindi mapawi ang kanyang hangaring pumaroon kung saan nagtungo at nagturo ang Tagapagligtas," sabi ni Elder James E. Faust ng Korum ng Labindalawang Apostol.[72]

Batid ang pagtatalu-talo sa rehiyon, dala ni Elder Hunter ang mensahe ng pagmamahal at kapayapaan. "Ang mga Judio at Arabo ay kapwa mga anak ng ating Ama," sabi niya. "Sila ay kapwa mga anak ng pangako at bilang simbahan wala tayong pinapanigan sa kanila. Minamahal at pinagmamalasakitan natin ang bawat isa sa kanila. Ang layunin ng ebanghelyo ni Jesucristo ay maghatid ng pagmamahal, pagkakaisa, at pagkakapatiran ng pinakamataas na orden."[73]

Sa pagitan ng 1972 at 1989, ginampanan ni Elder Hunter ang mahahalagang gawain para sa dalawang espesyal na proyekto sa Jerusalem: ang Orson Hyde Memorial Garden at ang Brigham Young University (BYU) Jerusalem Center for Near Eastern Studies. Sa naunang kasaysayan ng Simbahan—noong 1841—si Elder Orson Hyde

ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nag-alay ng panalangin ng paglalaan sa Bundok ng mga Olibo, sa silangan ng Jerusalem. Noong 1972 inatasan ng Unang Panguluhan si Elder Hunter na magsimulang maghanap ng mapagtatayuan ng Orson Hyde Memorial sa Jerusalem. Noong 1975 ang lungsod ng Jerusalem ay nagbigay ng pagkakataon na maitayo ang kalaunan ay naging Orson Hyde Memorial Garden, na nasa Bundok ng mga Olibo.

Nang sumunod na ilang taon, maraming beses nagpunta si Elder Hunter sa Jerusalem upang makipag-usap sa mga kontratista para sa memorial at upang pangasiwaan ang disenyo at pagtatayo nito. Ang proyekto ay natapos noong 1979 at inilaan sa taon ding iyon ni Pangulong Spencer W. Kimball. Matapos pangasiwaan ang paglalaan, sinabi ni Elder Hunter na naniniwala siya na ang memorial "ay magkakaroon ng mabuting epekto sa pagpapalaganap ng magandang imahe ng Simbahan."[74]

Bago pa man natapos ang Orson Hyde Memorial Garden, naghahanap na si Elder Hunter ng lugar kung saan maitatayo ng Simbahan ang isang center para sa study abroad program ng BYU. Ang center din ay maaaring maging lugar na pagpupulungan ng mga miyembro ng Jerusalem Branch. Ang pamamahala sa proyektong ito ay isa sa pinakakumplikado at madetalyeng gawain sa paglilingkod ni Elder Hunter.

Pumili ng lugar ang mga lider ng Simbahan, ngunit ang pagkuha ng pahintulot para sa pag-upa ng lupa at pagtatayo ay inabot ng halos limang taon na ayon sa paglalarawan ni Elder Hunter ay "walang katapusang gawain."[75] Matapos ang mahabang pakikipag-usap at negosasyon, pinahintulutan ng gobyerno ng Israel ang pagtatayo ng center.

Pagsapit ng Mayo 1988 halos tapos na ang pagtatayo at handa nang lagdaan ang pag-upa ng lupa. Nang panahong iyon, si Howard W. Hunter ay naglilingkod bilang Gumaganap na Pangulo ng Labindalawa. Siya ay naoperahan sa likod sa nakalipas na taon at hindi makalakad, gayunpaman pumunta siya sa Jerusalem para lagdaan ang pag-upa. Habang naroon siya, naghanda ng maliit na salu-salo ang mga estudyante at miyembro ng Jerusalem Branch para magpasalamat. Nakasaad sa kasaysayan ng branch ang tungkol sa madamdaming tagpong ito sa pagsisimula ng salu-salo: "Dahil



*Si Pangulong Hunter sa Brigham Young University Jerusalem Center for Near Eastern Studies, bago ilaan ang center*

nagpapagaling pa sa kanyang operasyon sa likod, si Pangulong Hunter ay ipinasok na naka-wheel chair ni President [Jeffrey R.] Holland [ng Brigham Young University] habang sinasalubong sila ng pag-awit ng koro ng 'The Holy City [Ang Banal na Lungsod].' "[76] Napaluha si Pangulong Hunter.

Noong Mayo 1989, si Pangulong Hunter ay bumalik sa Jerusalem para ilaan ang center. Sa paglalaang ito natapos ang isang dekada ng pambihirang pagsisikap niya at ng iba pa para maitayo ang pangarap na Jerusalem Center. "Si Pangulong Howard W. Hunter . . . ay palaging nakikibahagi at nangangasiwa sa proyektong iyan mula pa noong mithiin itong maitayo," sabi ni Elder Jeffrey R. Holland.[77] Sa panalangin ng paglalaan, sinabi ni Pangulong Hunter:

"Ang gusaling ito . . . ay itinayo para sa mga taong nagmamahal sa inyo at naghahangad na matuto sa inyo at sumunod sa mga yapak ng inyong Anak, ang aming Tagapagligtas at Manunubos. Napakaganda nito sa lahat ng aspeto, na ang kagandahan ay katangi-tangi. O Ama, nagpapasalamat kami sa pribilehiyo na maitayo ang bahay na ito sa inyo para sa kapakinabangan at pagkatuto ng inyong mga anak."[78]

### *Ang Lumalagong Simbahan*

*"Ang Sion ay kinakailangang maragdagan sa kagandahan, at sa kabanalan; ang kanyang mga hangganan ay kinakailangang mapalawak; ang kanyang mga istaka ay kinakailangang mapalakas," (D at T 82:14).*

Nang si Howard W. Hunter ay tinawag na Apostol noong 1959, mayroong mga 1.6 milyong miyembro ng Simbahan. Nang sumunod na ilang dekada, malaki ang ginampanan niya sa pag-unlad ng simbahan sa iba't ibang dako ng mundo na hindi pa nangyari noon. Nagpunta siya sa mga stake upang palakasin ang mga miyembro at tumawag ng mga bagong lider sa maraming araw ng Sabado at Linggo. Nakipagpulong din siya sa mga opisyal ng pamahalaan sa maraming bansa, tumutulong na mabuksan ang pinto para sa gawaing misyonero.

Pagsapit ng 1975, tumaas ang bilang ng mga miyembro ng Simbahan at umabot ng mga 3.4 milyon at mabilis na dumami lalo na sa Latin America. Sa mga huling araw ng taong iyan, sina Elder Hunter at Elder J. Thomas Fyans, Assistant sa Labindalawa, ay naatasang hatiin ang 5 stake sa Mexico City. Pagkatapos makausap ang mga lider sa area at marepaso ang impormasyon mula sa mga stake president, pinamahalaan ni Elder Hunter ang pag-oorganisa ng 15 stake mula sa 5 stake na iyon—lahat ng iyon ay isinagawa sa araw lamang ng Sabado at Linggo.[79] Nang di-gaanong nagbibigay-diin sa mga nangyari na karaniwan na sa kanya, isinulat niya, "Marahil ay mayroon pang mas malaking gagawin sa organisasyon ng Simbahan, at pagod na kami bago pa man kami nakauwi."[80]

### *Si Claire, Isang Mapagmahal na Asawa*

"Ang aking asawa ay malambing at mapagmahal," ang sabi ni Elder Hunter nang tawagin siya sa Korum ng Labindalawang Apostol noong 1959.[81] Sa loob ng maraming taon, laging sinasamahan ni Claire si Elder Hunter sa mga paglalakbay nito bilang Apostol. Nagunita ni Pangulong Thomas S. Monson ang isang pagkakataon nang makita niya ang pagmamahal ni Claire sa mga bata sa Tonga: "Yayakapin niya ang malalambing at maliliit na batang iyon na taga Tonga at kakalungin sila habang kinakausap sila . . . at pagkatapos ay sasabihin sa mga guro sa Primary na mapalad sila na magkaroon



*Howard at Claire Hunter*

ng pribilehiyo na maturuan ang minamahal na mga batang musmos na iyon. Alam niya ang kahalagahan ng kaluluwa ng tao."[82]

Sa isang interbyu noong 1974, ganito ang sinabi ni Elder Hunter tungkol kay Claire: "Sa buong pagsasama namin, . . . siya ay laging nakasuporta nang may pagmamahal, pag-unawa, at panghihikayat. . . . Malaki ang naitutulong niya."[83]

Sa panahon ng interbyung iyan, nagsimula nang lumubha ang karamdaman ni Claire. Sa una ay dumanas siya ng matinding pananakit ng ulo at paminsan-minsang pagkawala ng alaala at pagkalito. Kalaunan dumanas siya ng ilang bahagyang stroke na nagpahirap sa kanya na magsalita o gamitin ang kanyang mga kamay. Nang kinailangan na siyang alagaan nang palagian, nagpasiya si Elder Hunter na alagaan siya sa abot ng kanyang makakaya habang tinutupad din ang kanyang mga responsibilidad bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Kumausap siya ng isang tao na mag-aalaga kay Claire sa buong maghapon, ngunit sa gabi siya ang nag-aalaga rito. Si Elder Hunter ay nagkaroon din ng ilang problema sa kanyang sariling kalusugan sa mga taon ding ito, pati na ang atake sa puso noong 1980.

Nagkaroon ng pagdurugo sa utak si Claire noong 1981 at isa pa noong 1982. Ang pangalawa ay labis na nagpahina sa kanya

kaya iginiit ng mga doktor na ilagay siya sa isang care center para matanggap niya ang wastong panggagamot. Nanatili siya sa care center sa huling 18 buwan ng kanyang buhay. Noong panahong iyon, nabibisita siya ni Pangulong Hunter kahit minsan sa isang araw maliban kapag nasa biyahe siya para sa gawain sa Simbahan. Bagama't madalas siyang hindi makilala ni Claire, patuloy niyang binabanggit ang pagmamahal niya rito at tinitiyak na komportable ito. Sinabi ng isang apo, "Palagi siyang nagmamadali na makita siya, na makasama siya, at maalagaan siya."[84] Sa paggunita sa pag-aalaga ng kanyang ama sa kanyang ina, isinulat ni Richard Hunter:

"Naalagaan nang husto si Inay sa mga huling taon ng kanyang buhay dahil inalagaan siya ni Itay. Ang buong pamilya namin ay minasdan siya nang may paghanga at paggalang sa pag-aalaga niya kay Inay. . . . Naalala ko ang kapighatiang nadama niya nang balaan siya ng doktor [na] maaaring may malubhang mangyari kay Inay kung mananatili ito sa bahay at hindi ipapasok sa isang pasilidad na may mahuhusay na nars. At kung mananatili si Inay sa bahay, malamang na mamatay si Itay sa pagsisikap na alagaan ito dahil na rin sa kanyang sariling karamdamam. Sa gayon ay maiiwang mag-isa si Inay. Ang katapatan ni Itay sa kanya ay isa sa mga bagay na palagi naming maaalala sa pamilya."[85]

Si Claire ay pumanaw noong Oktubre 9, 1983. Nakita ang pag-aalaga ni Elder Hunter kay Claire sa mahigit 10 taon nitong pagkakasakit, sinabi ni Elder James E. Faust, "[Ang] pagmamahalan na kitang-kita sa kanilang pag-uusap ay talagang nakakaantig at makabagbag-damdamin. Ngayon lamang ako nakakita ng gayong halimbawa ng pagmamahal ng isang lalaki sa kanyang asawa."[86]

---

## Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Si Pangulong Spencer W. Kimball ay pumanaw noong Nobyembre 1985, at si Ezra Taft Benson ang humalili sa kanya bilang Pangulo ng Simbahan. Si Marion G. Romney ang naging Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol dahil siya ang senior member ng korum. Dahil sa mahinang pangangatawan ni Pangulong Romney, si Elder Hunter, na sumunod sa seniority, ay itinalaga bilang Gumaganap na Pangulo ng Labindalawa. Siya ang naging Pangulo ng Labindalawa

noong Hunyo 1988, mga dalawang linggo makaraang pumanaw si Pangulong Romney.

Si Pangulong Hunter ay naglingkod bilang Gumaganap na Pangulo o Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol sa loob ng walo at kalahating taon. Noong panahong iyon, ang ministeryo ng Labindalawa ay patuloy na lumaganap habang dumarami ang mga miyembro ng Simbahan mula sa 5.9 milyon ay naging 8.7 milyon, na may mga ward o branch sa 149 bansa at teritoryo. "Ito ay isang kapana-panabik na panahon sa kasaysayan ng Simbahan," sabi ni Pangulong Hunter noong 1988. "Ngayon, hindi sapat ang maglakad. Kailangang tumakbo tayo at magsumigasig nang husto at isulong ang gawain."[87] Sa pagtupad sa responsibilidad na magpatotoo kay Jesucristo at itayo ang Simbahan sa buong mundo, si Pangulong Hunter ay nagpakita ng magandang halimbawa sa pamumuno. Naglakbay siya sa buong Estados Unidos at sa mahigit 25 iba pang bansa sa kanyang paglilingkod bilang Pangulo ng Labindalawa.

Patuloy na nagsumigasig si Pangulong Hunter sa kabila ng maraming problema sa kanyang kalusugan. Noong 1986 siya ay inoperahan sa puso, at noong 1987 inoperahan siya sa likod. Bagama't gumaling ang kanyang likod, siya ay hindi makalakad dahil sa pinsala sa nerve at iba pang mga kumplikasyon. Nang Oktubre ng taong iyon, siya ay nakaupo sa wheelchair habang nagbibigay ng kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya. "Pasensya na kayo kung mananatili akong nakaupo habang ibinibigay ko sa inyo ang maikling mensaheng ito," pagsisimula niya. "Hindi ko kagustuhan na magsasalita ako nang naka-wheelchair. Napansin ko na tila ang ilan ay nasisiyahan sa kumperensya nang nakaupo, kaya gagayahin ko kayo."[88]

Determinadong magamit muli ang kanyang mga binti, dumanas si Pangulong Hunter ng puspusan at regular na physical therapy. Nang sumunod na pangkalahatang kumperensya, noong Abril 1988, dahan-dahang siyang naglakad papunta sa pulpito gamit ang isang walker. Pagsapit ng Disyembre ginamit niya ang walker sa pagdalo sa lingguhang miting ng Unang Panguluhan at ng Labindalawa sa templo, ang unang pagkakataon sa mahigit isang taon na hindi siya dumating nang naka-wheelchair. "Nang dumating ako sa council room, ang mga kapatid ay tumayo at nagpalakpakan," sabi niya.

"Ito ang unang pagkakataon na may narinig akong pumalakpak sa loob ng templo. . . . Karamihan sa mga doktor ay nagsabi sa akin na hindi na ako makakatayo o makakalakad, at hindi nila naisip ang kapangyarihan ng panalangin."[89]

Noong Abril 1990, nang papatapos na ang pulong ng Korum ng Labindalawa, itinanong ni Pangulong Hunter, "Mayroon pa bang sasabihin ang sinuman sa inyo na wala sa agenda?" Nang wala nang magsasalita, ibinalita niya, "Mabuti naman, . . . kung wala na kayong sasabihin pa, naisip ko na ipaalam sa inyo na ikakasal ako sa hapong ito." Sinabi ng isang miyembro ng Labindalawa na nakakabigla ang balita kaya "inisip ng lahat kung tama ang narinig nila." Ipinaliwanag ni Pangulong Hunter sa kanyang mga kapatid, "Si Inis Stanton ay dati ko nang kakilala mula sa California. Matagal-tagal ko na rin siyang dinadalaw sa kanila, at nagpasiya akong magpakasal."[90] Si Inis ay miyembro ng El Sereno Ward noong si Pangulong Hunter ang bishop. Nagkita sila kalaunan nang lumipat si Inis sa Utah at naging receptionist sa Church Office Building. Sila ay ikinasal sa Salt Lake Temple noong Abril 12, 1990, ni Pangulong Gordon B. Hinckley .

Halos pitong taon na ang lumipas mula noong pumanaw si Claire. Si Inis ay malaking suporta at lakas kay Pangulong Hunter sa paglilingkod nito bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa at Pangulo ng Simbahan. Siya ay sinamahan ni Inis sa marami niyang paglalakbay upang makapulong ang mga Banal sa iba't ibang dako ng mundo.

Noong Pebrero 7, 1993, nagpunta si Pangulong Hunter sa Brigham Young University para magsalita sa isang fireside na dinaluhan ng 17,000 katao. Kasisimula pa lamang niyang magsalita nang isang lalaki ang patakbong pumunta sa pulpito, may dala-dalang portpolyo sa isang kamay at isang itim na bagay sa isa pang kamay nito. "Diyan ka lang!" ang sigaw ng lalaki. Nagbanta siya na pasasabugin ang sinasabi niyang bomba maliban kung babasahin ni Pangulong Hunter ang isang nakahandang pahayag. Tumanggi si Pangulong Hunter at matatag na tumayo sa pulpito sa buong oras na pinagbabantaan siya ng lalaki. Bagama't nangatakot at nagkaingay sa buong gusali, nagsimulang umawit ang mga naroon ng "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta." Matapos ang ilang minutong makapigil-hiningang pangyayari, dalawang security personnel ang pumigil sa lalaki at ibinaba si Pangulong Hunter para iligtas. Nang maibalik ang kaayusan,



*Howard at Inis Hunter*

nagpahinga siya sandali at pagkatapos ay nagpatuloy sa kanyang pagsasalita. "Ang buhay ay maraming pagsubok," pagsisimula niya, at idinagdag, "tulad ng nangyari kani-kanina lang."[91]

Sa nakaraang 20 taon, dumanas si Pangulong Hunter ng maraming pagsubok, kabilang ang paghina ng katawan at kalaunan ay pagpanaw ni Claire, maraming beses na pagkakaospital dahil sa sariling karamdaman, at matinding sakit at kapansanan. Ang kanyang mga turo sa nakalipas na mga taong iyon ay madalas na nakatuon sa paghihirap at pagpapatotoo na ang Tagapagligtas na si Jesucristo ang pinagmumulan ng kapayapaan at tulong sa panahon ng pagsubok. Sa isang sermon ay itinuro niya:

"Ang mga Propeta at mga Apostol ng Simbahan ay dumanas na ng . . . personal na mga paghihirap. Inaamin ko na may ilan akong napagdaanan, at walang dudang mahaharap din kayo sa ilang paghihirap ngayon at kalaunan sa inyong buhay. Kapag nagpakumbaba tayo at napadalisay at naturuan at napagpala ng mga karanasang ito, ang mga ito ay magiging malakas na mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang gawin tayong mas mabuting tao, mas mapagpasalamat, mas mapagmahal, at mas mapagmalasakit sa ibang tao sa panahong naghihirap sila."[92]

Ang gayong mga turo ay tila magiliw na yakap sa mga taong nagdurusa. Ang inspiradong mga salita ni Pangulong Howard W. Hunter ay naghikayat sa marami na bumaling sa Tagapagligtas, tulad ng ginawa niya mismo.

---

## Pangulo ng Simbahan

*"Si Pangulong Hunter ay isa sa mga kalalakihan na labis na mapagmahal at katulad ni Cristo na nakilala namin. Ang lalim ng kanyang espirituwalidad ay hindi mailalarawan. Dahil napatnubayan ng Panginoong Jesucristo bilang Kanyang natatanging saksi sa loob ng maraming taon, mas lumalim ang espirituwalidad ni Pangulong Hunter sa kahanga-hangang paraan. Ito ang saligan ng kanyang buong pagkatao" (James E. Faust).*[93]

Noong Mayo 30, 1994, pumanaw si Pangulong Ezra Taft Benson matapos ang matagal na pagkakasakit. Pagkaraan ng anim na araw, ang Korum ng Labindalawa ay nagpulong sa Salt Lake Temple para muling iorganisa ang Unang Panguluhan. Dahil senior na Apostol, si Howard W. Hunter ay itinalaga bilang Pangulo ng Simbahan. Tinawag niya sina Gordon B. Hinckley at Thomas S. Monson, na naglingkod noon bilang mga tagapayo kay Pangulong Benson, na maging kanyang mga tagapayo.

Sa isang press conference nang sumunod na araw, nagbigay ng kanyang unang pahayag sa publiko si Pangulong Hunter bilang Pangulo ng Simbahan. "Dama natin ang lungkot sa pagpanaw ng ating kaibigan at kapatid na si Ezra Taft Benson," pagsisimula niya. "Damang-dama ko lalo na ang pagkawala niya dahil sa bagong responsibilidad na iniatang sa akin mula nang pumanaw siya. Marami akong iniluha at taimtim na nanalangin sa aking Ama sa Langit na makayanan kong magampanan ang mataas at banal na tungkuling ibinigay sa akin.

"Ang lubos na nagpapalakas sa akin sa nakalipas na mga oras na ito at sa nagdaang mga araw ay ang aking matibay na patotoo na ito ang gawain ng Diyos at hindi ng tao, na si Jesucristo ang may awtoridad at buhay na pinuno ng simbahang ito at pinamumunuan Niya ito sa salita at sa gawa. Ibinibigay ko ang aking buhay, aking lakas, at ang buong kaluluwa ko sa lubos na paglilingkod sa Kanya."[94]



*Si Pangulong Hunter kasama ang kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan: Pangulong Gordon B. Hinckley (kaliwa) at Pangulong Thomas S. Monson (kanan)*

Matapos ipahayag ang pagmamahal, naglabas ng dalawang paanyaya si Pangulong Hunter sa mga miyembro ng Simbahan. Ang una ay maging mas masigasig sa pagtulad sa halimbawa ni Jesucristo, at ang pangalawa ay lubos pang tanggapin ang mga pagpapala sa templo (tingnan sa mga pahina 1–3). Inanyayahan din niya ang mga nahahapis, nagdurusa, o natatakot na "bumalik [at] hayaan kaming tulungan kayo at pawiin ang inyong mga luha."[95]

Sa kabila ng mahinang kalusugan, determinado si Pangulong Hunter na gawin ang lahat para makausap at palakasin ang mga Banal. Dalawang linggo matapos maging Pangulo, ibinigay niya ang kanyang unang pangunahing mensahe, nagsalita sa mga bagong mission president at pagkatapos sa mahigit 2,200 missionary. Kalaunan sa buwang iyon nagpunta siya sa Carthage at Nauvoo, Illinois, upang gunitain ang ika-150 anibersaryo ng kamatayan nina Joseph at Hyrum

Smith. “Saanman kami magpunta, pinagkakaguluhan siya ng mga tao,” sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley. “Kinamayan niya ang libu-libo, na lalo pang napapangiti kapag nagtitipon ang mga bata sa paligid niya para siya titigan at hawakan ang kanyang kamay.”[96]

Noong Oktubre 1, 1994, sa sesyon ng pangkalahatang kumperensya sa umaga ng Sabado, opisyal na sinang-ayunan ng mga miyembro ng Simbahan si Howard W. Hunter bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag. Sa kanyang pambungad na mensahe, inulit ni Pangulong Hunter ang kanyang paanyaya na tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas at “ituring ang templo ng Panginoon bilang dakilang simbolo ng pagiging miyembro ninyo.”[97] Muli niyang binigyang-diin ang mga templo nang sumunod na linggo, nang magpunta siya sa Florida upang ilaan ang Orlando Florida Temple. “Ang plano ng ebanghelyo na ipinahayag ng Panginoon ay hindi kumpleto kung walang templo,” ang turo niya, “dahil dito isinasagawa ang mga ordenansang kailangan para sa Kanyang plano ng buhay at kaligtasan.”[98]

Noong Nobyembre, nagsalita si Pangulong Hunter sa isang satellite broadcast para sa paggunita sa ika-100 anibersaryo ng Genealogical Society—isang kaganapang may espesyal na kahulugan para sa kanya, dahil siya ang nangulo sa organisasyon mula 1964 hanggang 1972. “Ginugunita ko nang may paghanga ang maingat na pagsasagawa ng Panginoon sa pagsusulong ng gawain sa templo at family history,” sabi niya. Pagkatapos ay sinabi niya, “May isa pa akong mahalagang mensahe: Ang gawaing ito ay kailangang pabilisin.”[99]

Nagpatuloy sa masigasig na paggawa si Pangulong Hunter hanggang sa matapos ang taon. Sa Pamaskong debosyonal ng Unang Panguluhan, nagpatotoo siya tungkol sa Tagapagligtas at muling binigyang-diin ang kahalagahan ng pagtulad sa Kanyang halimbawa:

“Inilaan ng Tagapagligtas ang Kanyang buhay sa pagpapala sa ibang tao. . . . Hindi [Siya] kailanman naghintay ng kapalit. Siya ay bukas-palad at magiliw na nagbigay, at ang Kanyang mga kaloob ay hindi masusukat. Pinagaling niya ang bulag, ang bingi, at pinalakad ang lumpo; nilinis ang marumi, pinalakas ang mahihina, at binuhay ang mga patay. Ang Kanyang mga kaloob ay nagbigay ng oportunidad sa mga nahahapis, kalayaan sa mga inaapi, kapatawaran sa

nagsisisi, pag-asa sa pinanghihinaan ng loob, at liwanag sa kadiliman. Ibinigay Niya sa atin ang Kanyang pagmamahal, paglilingkod, at buhay. At higit sa lahat, pinagkalooban Niya tayo at ang lahat ng mortal ng pagkabuhay na mag-uli, kaligtasan, at buhay na walang hanggan.

"Lagi nating sikaping magbigay tulad ng pagbibigay Niya. Ang ialay ang sarili ay banal na regalo. Nagbibigay tayo bilang pag-alaala sa lahat ng ibinigay ng Tagapagligtas."[100]

Bilang bahagi ng kanyang mensahe, binanggit niya rin ang isang mensahe na nailathala sa isang magasin noong taon na tinawag siya bilang Apostol:

"Sa Paskong ito, lutasin ang hidwaan. Hanapin ang isang nalimutang kaibigan. Alisin ang pagdududa at palitan ito ng pagtitiwala. Sumulat ng isang liham. Sumagot nang malumanay. Hikayatin ang mga kabataan. Ipakita ang inyong katapatan sa salita at gawa. Tuparin ang isang pangako. Kalimutan ang hinanakit. Patawarin ang kaaway. Humingi ng paumanhin o tawad. Sikaping umunawa. Suriin ang mga hinihingi ninyo sa ibang tao. Isipin muna ang isang tao. Maging mabait. Maging magiliw. Dagdagan pa ang pagtawa. Magpasalamat. Tanggapin ang isang dayuhan. Pasayahin ang isang bata. Masiyahan sa maganda at kagila-gilalas na daigdig. Ipahayag ang inyong pagmamahal at ipahayag itong muli."[101]

Nang sumunod na linggo nagpunta si Pangulong Hunter sa Mexico City para iorganisa ang ika-2,000 stake ng Simbahan. Labingsiyam na taon bago iyon sa Mexico City, pinamunuan niya ang pag-organisa ng 15 stake mula sa dating 5 stake sa araw lamang ng Sabado at Linggo. Inilarawan ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang pagbuo ng ika-2,000 stake bilang "isang napakahalagang tagumpay sa kasaysayan ng Simbahan."[102]

Isang gabi sa mga buwang iyon, ang anak ni Pangulong Hunter na si Richard ay nasa Joseph Smith Memorial Building at nakita niya na isa sa mga babaing sumasalubong sa mga bisita ay nakawheelchair. "Halata kong naninibago siya," sabi ni Richard. "Nilapitan ko ang babae at kinausap at sinabing ang aking ama ay may wheelchair din tulad niya. "Sinabi niya sa akin na ang propeta ng kanyang Simbahan ay may wheelchair din tulad niya. Sinabi niya na kung nakaya ng propeta, marahil ay makakaya rin niya. Iyon ang

nagbigay sa kanya ng pag-asa. Palagay ko maraming nagmamahal kay Itay. Marahil ang isa sa mga dahilan ay nakita nila na naghirap siya tulad nila, at kinaya niya ang hirap na iyon, at iyon ang nagbigay sa kanila ng pag-asa."[103]

Sa pagsisimula ng taong 1995, inilaan ni Pangulong Hunter ang Bountiful Utah Temple. Siya ang namuno sa mahigit anim na sesyon ng paglalaan bago siya napagod nang husto kaya siya ipinasok sa ospital. Nang makalabas na siya ng hospital makalipas ang ilang araw, ang Simbahan ay naglabas ng pahayag na siya ay may prostate cancer na kumalat na sa kanyang mga buto. Hindi na nagpakita pa si Pangulong Hunter sa publiko sa huling anim na linggo ng kanyang buhay, bagama't patuloy niyang pinupulong ang kanyang mga tagapayo at pinangangasiwaan ang gawain ng Simbahan sa kanyang tahanan. "Nagpapasalamat ako na nagkaroon siya ng pagkakataon na ilaan [ang templong iyon]," sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley, "na isinasaalang-alang lalo na ang kanyang naunang pakiusap sa mga miyembro ng Simbahan na 'ituring ang templo ng Panginoon bilang dakilang simbolo ng [kanilang] pagiging miyembro.' "[104]

Si Pangulong Howard W. Hunter ay pumanaw noong Marso 3, 1995, sa edad na 87. Ang kanyang huling mga salita, na binanggit sa "napakamarahan at magiliw na tinig" sa mga taong nasa tabi ng kanyang higaan, ay simpleng, "Salamat sa inyo."[105] Bagama't siyam na buwan lamang siyang naging Pangulo ng Simbahan, napakalaki ng naging impluwensya niya. "Ang mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo ay nakaugnayan niya sa espesyal na paraan bilang kanilang propeta, tagakita, at tagapaghayag," sabi ni Elder James E. Faust. "Nakita nila sa kanya ang mga katangian mismo ng Tagapagligtas. Sila ay tumugon sa kahanga-hanggang paraan sa kanyang mga mensahe bilang propeta na gawing mas katulad ng kay Cristo ang ating pamumuhay at gawing sentro ng ating pagsamba ang ating mga templo."[106]

Sa libing ni Pangulong Hunter, sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley bilang parangal sa kanya:

"Isang maringal na puno sa gubat ang nabuwal, at nag-iwan ng kahungkagan. Isang dakila at tahimik na lakas ang lumisan sa ating kalipunan.

"Maraming nabanggit tungkol sa kanyang karamdaman. Naniniwala ako na mas matagal at mas masakit at mas matindi ito kaysa sa nalalaman ng sinuman sa atin. Natiis niya ang sobrang sakit at hindi nagreklamo tungkol dito. Ang katotohanang nabuhay siya nang matagal ay himala na mismo. Ang kanyang pagtitiis sa sakit ay pumanatag at nagpagaan sa sakit na dinaranas ng marami. Alam nila na naunawaan niya ang bigat ng kanilang mga pasanin. Tinulungan niya ang mga ito nang may espesyal na uri ng pagmamahal.

"Maraming nabanggit tungkol sa kanyang kabaitan, pagkamaalalahanin, at paggalang sa iba. Totoo ang lahat ng ito. Tinularan niya ang Panginoon na minamahal niya. Siya ay mahinahon at maalalahanin. Ngunit maaari rin siyang magbigay ng matindi at matalinong opinyon. . . .

"Si Brother Hunter ay mabait at magiliw. Ngunit maaari rin siyang magbigay ng matindi at mapanghikayat na pahayag. . . . Siya ay nag-aral tungkol sa batas. Alam niya kung paano ilahad ang isang paksa. Maayos niyang nailalahad ang kanyang mga kadahilanan para sa kanyang mga ideya. Nasisimulan at natatapos niya ang mga ito. Kapag nagsasalita siya, nakikinig kaming lahat. Ang kanyang mga mungkahi ang kadalasang sinusunod. Ngunit kapag hindi tinanggap ang mga ito, hindi na niya ito iginigiit. . . .

"Tatlumpu't anim na taon na ngayon, suot ang balabal ng banal na pagka-apostol, siya ang namuno at taglay niya ang malakas na tinig sa pagpapahayag ng mga turo ng ebanghelyo ni Jesucristo at sa pagsusulong ng gawain ng Simbahan. Naglakbay siya sa iba't ibang dako ng mundo bilang tapat at may kakayahang tagapaglingkod na nagserbisyo sa Panginoon. . . .

"Si Howard W. Hunter, propeta, tagakita, at tagapaghayag, ay may tiyak at matibay na patotoo na tunay na buhay ang Diyos, ang ating Amang Walang Hanggan. Ipinahayag niya nang may matibay na pananalig ang kanyang patotoo sa kabanalan ng Panginoong Jesucristo, ang Manunubos ng sangkatauhan. Siya ay nangusap nang may pagmamahal para kay Propetang Joseph Smith, at para sa lahat ng mga sumunod sa kanya bilang propeta hanggang sa panahong tinawag mismo si Pangulong Hunter bilang propeta. . . .

"Nawa'y pagpalain ng Diyos ang kanyang mga ginawa para sa ating kapakanan."[107]

## *Mga Tala*


1. Sa Jay M. Todd, "President Howard W. Hunter: Fourteenth President of the Church," *Ensign,* Hulyo 1994, 4.
2. Howard W. Hunter, "Fear Not, Little Flock" (mensaheng ibinigay sa Brigham Young University, Mar. 14, 1989), 2; speeches.byu.edu.
3. Sa Todd, "President Howard W. Hunter," 5.
4. Sa J M. Heslop, "He Found Pleasure in Work," *Church News,* Nob. 16, 1974, 4.
5. Sa Heslop, "He Found Pleasure in Work," 4, 12.
6. Sa Heslop, "He Found Pleasure in Work," 4.
7. Sa Kellene Ricks, "Friend to Friend: From an Interview with Howard W. Hunter, President of the Quorum of the Twelve Apostles," *Friend,* Abr. 1990, 6.
8. Sa Gerry Avant, "Elder Hunter—Packed Away Musician's Career for Marriage," *Church News,* Mayo 19, 1985, 4.
9. Sa Ricks, "Friend to Friend," 6.
10. Sa Heslop, "He Found Pleasure in Work," 4.
11. Sa Ricks, "Friend to Friend," 6.
12. Sa Avant, "Elder Hunter," 4.
13. Tingnan sa "Eagle Scout Qualifies," *Idaho Statesman,* Mayo 12, 1923; sinipi sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 41.
14. Sa Don L. Searle, "President Howard W. Hunter: Acting President of the Quorum of the Twelve Apostles," *Ensign,* Abr. 1986, 22.
15. Sa James E. Faust, "The Way of an Eagle," *Ensign,* Ago. 1994, 4.
16. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 22.
17. Sa James E. Faust, "The Way of an Eagle," 4, 6.
18. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 22.
19. Historical Sketch of the Boise Stake of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints (1924), 6, Church History Library, Salt Lake City.
20. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 41.
21. Ang Boise Tabernacle ay giniba noong 1992 ng Boise School District, na nakabili nito mula sa Simbahan ilang taon na ang nakalipas (tingnan sa "Preservationists Protest Demolition Work on Tabernacle in Boise," *Deseret News,* Set. 9, 1992, B3).
22. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 55.
23. Sa Heslop, "He Found Pleasure in Work," 4; tingnan din sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 57.
24. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 64.
25. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 65.
26. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 71.
27. Sa Gerry Avant, "She Made Home a Happy Place," *Church News,* Nob. 16, 1974, 5.
28. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 79–80.
29. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 81.
30. Di-inilathalang manuskrito ni Richard A. Hunter. Ang aklat na ito ay kinapapalooban ng ilang sipi mula sa anak ni Pangulong Hunter na si Richard dahil nakapagbigay siya ng impormasyon at kaalaman habang inihahanda ang aklat. Ang anak ni Pangulong Hunter na si John ay hindi na nakausap dahil pumanaw siya noong 2007.
31. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 87.
32. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 88.
33. Sa Heslop, "He Found Pleasure in Work," 4.
34. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 91.
35. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 90.
36. Tingnan sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 94.
37. Sa Heslop, "He Found Pleasure in Work," 4.
38. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 97.
39. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 98.
40. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 98.
41. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 100–101.
42. Charles C. Pulsipher, "My Most Influential Teacher," *Church News,* Ene. 10, 1981, 2.
43. Di-inilathalang manuskrito ni Richard A. Hunter.
44. Sa Doyle L. Green, "Howard William Hunter: Apostle from California," *Improvement Era,* Ene. 1960, 37.
45. Cree-L Kofford, sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 120.
46. John S. Welch, sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 119.
47. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 123.
48. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 125.
49. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 131.

50. Di-inilathalang manuskrito ni Richard A. Hunter.
51. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 127.
52. Charles C. Pulsipher, "My Most Influential Teacher," 2.
53. Howard W. Hunter, "Welfare and the Relief Society," *Relief Society Magazine,* Abr. 1962, 238.
54. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 135. Tungkol sa kanyang lolo, isinulat ni Richard A. Hunter: "Alam ko na tapat siyang miyembro ng Simbahan. Lagi siyang gumagawa ng mabuti. Matatawag mo siyang 'Mr. Mormon.' Marami sa kanyang mga kapitbahay at miyembro ng ward ang magkukuwento ng mabubuti at magagandang bagay na ginawa niya. Siya ay mahal ng mga miyembro ng Simbahan" (di-inilathalang manuskrito).
55. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 137.
56. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 139.
57. Betty C. McEwan, "My Most Influential Teacher," *Church News,* Hunyo 21, 1980, 2.
58. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 144.
59. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 144.
60. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 145-46.
61. Sa Conference Report, Okt. 1959, 121.
62. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 151.
63. Douglas D. Palmer, "The World Conference on Records," *Improvement Era,* Hulyo 1969, 7.
64. Jay M. Todd, "Elder Howard W. Hunter, Church Historian," *Improvement Era,* Abr. 1970, 27.
65. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 194.
66. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 208.
67. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 205.
68. Sa Todd, "Elder Howard W. Hunter, Church Historian," 27.
69. Sa Todd, "Elder Howard W. Hunter, Church Historian," 27.
70. "New Church Historian Called," *Church News,* Peb. 14, 1970, 3.
71. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 197.
72. James E. Faust, "Howard W. Hunter: Man of God," *Ensign,* Abr. 1995, 27.
73. Howard W. Hunter, "All Are Alike unto God," *Ensign,* Hunyo 1979, 74.
74. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 215.
75. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 218.
76. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 222; ang mga daglat ay binuo.
77. Sa Gerry Avant, "He Wanted to Visit the Holy Land 'Just One More Time,'" *Church News,* Mar. 11, 1995, 9.
78. Sa Francis M. Gibbons, *Howard W. Hunter: Man of Thought and Independence, Prophet of God* (2011), 119.
79. Tingnan sa "Growth in Mexican Cities Explodes into 16 Stakes," *Church News,* Nob. 22, 1975, 3.
80. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 202.
81. Sa Conference Report, Okt. 1959, 121.
82. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 168-69.
83. Sa Avant, "She Made Home a Happy Place," 5.
84. Sa Searle, "President Howard W. Hunter," 25.
85. Di-inilathalang manuskrito ni Richard A. Hunter.
86. James E. Faust, sa "President Howard W. Hunter: The Lord's 'Good and Faithful Servant,'" *Ensign,* Abr. 1995, 15.
87. Sa Dell Van Orden, "Exciting Time in Church History," *Church News,* Hunyo 25, 1988, 6.
88. Howard W. Hunter, "The Opening and Closing of Doors," *Ensign,* Nob. 1987, 54.
89. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 284.
90. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 291.
91. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 305-6.
92. Howard W. Hunter, "An Anchor to the Souls of Men," *Ensign,* Okt. 1993, 71.
93. Sa James E. Faust, "The Way of an Eagle," 13.
94. Sa Todd, "President Howard W. Hunter," 4.
95. Sa Todd, "President Howard W. Hunter," 5; tingnan din sa Howard W. Hunter, "Exceeding Great and Precious Promises," *Ensign,* Nob. 1994, 8.
96. Gordon B. Hinckley, "A Prophet Polished and Refined," *Ensign,* Abr. 1995, 34.
97. Howard W. Hunter, "Exceeding Great and Precious Promises," *Ensign,* Nob. 1994, 8.
98. Sa Gerry Avant, "Temple Is Dedicated in Sunshine State," *Church News,* Okt. 15, 1994, 3.
99. Howard W. Hunter, "We Have a Work to Do," *Ensign,* Mar. 1995, 64.
100. Howard W. Hunter, "The Gifts of Christmas," *Ensign,* Dis. 2002, 18.

101. Howard W. Hunter, "The Gifts of Christmas," 18–19; hango mula sa "What We Think Christmas Is," *McCall's,* Dis. 1959, 82–83.
102. Gordon B. Hinckley, "A Prophet Polished and Refined," 34.
103. Di-inilathalang manuskrito ni Richard A. Hunter.
104. Gordon B. Hinckley, "A Prophet Polished and Refined," 34.
105. Sa Dell Van Orden, "14th President of the Church Dies at Age 87; He Touched Millions of Lives across the World," *Church News,* Mar. 11, 1995, 3.
106. James E. Faust, "Howard W. Hunter: Man of God," 26.
107. Gordon B. Hinckley, "A Prophet Polished and Refined," 33–35.



*"Gaano natin kadalas isipin ang Tagapagligtas? Gaano natin kalalim at katindi at buong pagmamahal na pinagninilayan ang kanyang buhay? Gaano Siya kahalaga sa ating buhay?"*

# Jesucristo—Ang Tanging Daan Natin Tungo sa Pag-asa at Kagalakan

*"Kung ang ating buhay at pananampalataya ay nakasentro kay Jesuristo at sa kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo, walang anumang mananatiling mali kailanman."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Ang isang mahalagang tema sa mga turo ni Pangulong Howard W. Hunter ay na ang tunay na kapayapaan, pagpapagaling, at kaligayahan ay dumarating lamang kapag sinisikap ng isang tao na kilalanin at sundin si Jesucristo. Itinuro ni Pangulong Hunter na "ang paraan ni Cristo ay hindi lamang ang *tamang* daan, kundi ang *tanging* daan tungo sa pag-asa at kagalakan."[1]

Matapang din si Pangulong Hunter sa pagpapatotoo tungkol sa banal na misyon ng Tagapagligtas. "Bilang isang inorden na Apostol at natatanging saksi ni Cristo, ibinibigay ko sa inyo ang taimtim kong patotoo na sa katunayan ay si Jesucristo ang Anak ng Diyos," pahayag niya. "Siya ang Mesiyas na inasam ng mga propeta sa Lumang Tipan. Siya ang Pag-asa ng Israel, na ang pagdating ay ipinagdasal ng mga anak ni Abraham, Isaac, at Jacob sa mahahabang siglo ng itinakdang pagsamba. . . .

"Ibinibigay ko ang patotoong ito sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Alam kong tunay si Cristo na para bang nakita Siya mismo ng aking mga mata at narinig mismo ng aking mga tainga. Alam ko rin na pagtitibayin ng Espiritu Santo ang katotohanan ng aking patotoo sa puso ng lahat ng nakikinig nang may pananampalataya."[2]

Sa pagnanais na bumisita sa mga lugar na pinaglingkuran ni Jesus, naglakbay si Pangulong Hunter sa Banal na Lupain nang mahigit

dalawampu't apat na beses. Sinabi ni Elder James E. Faust ng Korum ng Labindalawa na "ang Jerusalem ay parang isang batubalani sa kanya. . . . Tila hindi mabigyang-kasiyahan ang pagnanais niyang puntahan ang lugar na nilakaran at pinagturuan ng Tagapagligtas. Minahal niya ang lahat ng tanawin at tunog. Minahal niya lalo na ang Galilea. Ngunit may isang lugar siyang minahal nang higit sa lahat. *Lagi* niyang sinasabing, 'Pumunta tayo ulit sa Libingan sa Halamanan, tulad ng dati.' Doon siya uupo at magninilay na para bang nadarama niya ang Tagapagligtas sa kabila ng tabing."[3]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Kailangan nating kilalanin si Cristo nang higit kaysa pagkakilala natin sa Kanya at alalahanin Siya nang mas madalas kaysa pag-alaala natin sa Kanya.

Mapitagang kinakanta ng mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang:

*Jesus, ang 'Nyong alaala*
*Dulot ay ligaya;*
*Ngunit kung kapiling t'wina*
*Ay mas mainam pa. . . .*

. . . Gaano kadalas natin iniisip ang Tagapagligtas? Gaano kalalim at gaano katindi ang pasasalamat at pagmamahal natin kapag pinagninilayan natin ang kanyang buhay? Gaano natin itinutuon ang ating buhay sa Kanya?

Halimbawa, gaano ang inilalaan natin sa isang karaniwang araw, sa isang linggo ng pagtatrabaho, o sa isang mabilis na paglipas ng buwan "sa pag-alaala kay Jesus"? Marahil para sa ilan sa atin, hindi sapat.

Siguradong magiging mas payapa ang buhay, mas matatag ang pagsasama ng mga mag-asawa at pamilya, tiyak na magiging mas ligtas at payapa at makabuluhan ang mga sambayanan at bansa kung mapupuspos ang ating dibdib ng mas malaking bahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo na "dulot ay ligaya."

Maliban kung mas pagtutuunan natin ng pansin ang saloobin ng ating mga puso, iniisip ko ang pag-asang kailangan natin para makamit ang mas malaking kagalakan, ang mas matamis na gantimpala: balang-araw "[mukha'y makita] / At [ma]kapiling t'wina."



*"Nawa'y maging mas deboto tayo at disiplinadong mga alagad ni Cristo. Nawa'y pahalagahan natin siya sa ating isipan at banggitin ang kanyang pangalan nang may pagmamahal."*

Araw-araw sa ating buhay at sa bawat panahon ng taon . . . , itinatanong ni Jesus sa bawat isa sa atin, tulad ng ginawa niya matapos ang kanyang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem maraming taon na ang nakararaan, "Ano ang akala ninyo tungkol kay Cristo? kanino bagang anak siya?" (Mat. 22:42.)

Ipinapahayag natin na Siya ang Anak ng Diyos, at ang katunayan niyon ay dapat umantig nang mas madalas sa ating kaluluwa.[4]

Kailangan nating kilalanin si Cristo nang higit kaysa pagkakilala natin sa Kanya; kailangan natin siyang alalahanin nang mas madalas kaysa pag-alaala natin sa kanya; kailangan natin siyang paglingkuran nang mas masigasig kaysa paglilingkod natin sa kanya. Sa gayon ay iinom tayo ng tubig na sumisibol tungo sa buhay na walang hanggan at kakain ng tinapay ng kabuhayan.[5]

2

## Si Jesucristo ang tanging pinagmumulan ng ating pag-asa at kaligayahan.

*O pag-asa at ligaya*
*Ng sangkatauhan,*
*O kaybait sa may sala*
*At nangangailangan!*

Napakagandang taludtod ng musika, at napakagandang mensahe ng pag-asa na nakasalig sa ebanghelyo ni Jesucristo! Mayroon bang sinuman sa atin, sa anumang aspeto ng buhay, na hindi nangangailangan ng pag-asa at naghahangad ng mas malaking kagalakan? Ang mga ito ay kailangan ng lahat at inaasam ng kaluluwa ng tao, at ito ang mga pangako ni Cristo sa kanyang mga tagasunod. Ang pag-asa ay ipinagkakaloob sa "bawat bagbag na puso" at ang kagalakan ay dumarating sa "lahat ng maaamo."

Matindi ang katumbas na halaga ng pagsisisi—kailangan nating talikuran ang ating kapalaluan at kawalan ng pakiramdam, ngunit lalo na ang ating mga kasalanan. Sapagkat, tulad ng alam ng ama ni Haring Lamoni dalawampung siglo na ang nakararaan, ito ang katumbas ng tunay na pag-asa. "O Diyos," sabi niya, "maaari bang ipakilala ninyo ang inyong sarili sa akin, at tatalikuran ko ang lahat ng aking kasalanan upang makilala kayo . . . upang magbangon ako mula sa pagkamatay, at maligtas sa huling araw." (Alma 22:18.) Kapag handa rin tayong talikuran ang lahat ng ating kasalanan upang makilala siya at sumunod sa kanya, tayo man ay mapupuspos ng galak sa buhay na walang hanggan.

Ano naman ang mangyayari sa mga maamo? Sa isang mundong masyadong abala sa pagwawagi sa pamamagitan ng pananakot at paghahangad na manguna, walang malaking grupo ng mga tao na pumipila para bumili ng mga aklat na nag-aanyaya sa mga tao na maging mas maamo. Ngunit ang maamo ay mamanahin ang lupa, isang kahanga-hangang paraan ng pamamahala—at ginagawa nang *walang* pananakot! Sa malao't madali, at sana'y sa *lalong* madaling panahon, kikilalanin ng lahat na ang paraan ni Cristo ay hindi lamang ang *tamang* daan, kundi sa huli'y ang *tanging* daan tungo sa pag-asa at kagalakan. Bawat tuhod ay luluhod at bawat dila ay magtatapat na ang kahinahunan ay mas mainam kaysa kalupitan, na ang kabaitan ay mas mainam kaysa pamimilit, na ang malumanay na tinig ay pumapawi ng poot. Sa huli, at sa lalong madaling panahon, kailangan tayong maging higit na katulad Niya. . . .

*Tanging ligaya'y sa Inyo,*
*Jesucristong asam,*
*L'walhati namin ay kayo,*
*Magpakailanpaman.*

Iyan ang aking personal na panalangin at hangarin para sa buong mundo. . . . Pinatototohanan ko na si Jesus ang tanging tunay na pinagmumulan ng walang-hanggang kagalakan, na ang ating tanging walang-katapusang kapayapaan ay nasa kanya. Gusto ko sana siyang maging "ating kaluwalhatian ngayon," ang kaluwalhatiang inaasam ng bawat isa sa atin at ang tanging gantimpalang habampanahong pahahalagahan ng mga tao at bansa. Siya ang ating gantimpala sa panahong ito at sa kawalang-hanggan. Lahat ng iba pang gantimpala ay walang saysay sa huli. Lahat ng iba pang karingalan ay kumukupas sa paglipas ng panahon at nalulusaw na kasama ng mga elemento. Sa huli, . . . malalaman natin na walang tunay na kagalakan maliban kay Cristo.

. . . Nawa'y maging mas deboto at disiplinadong mga alagad tayo ni Cristo. Nawa'y pahalagahan natin siya sa ating isipan at sambitin ang kanyang pangalan nang may pagmamahal. Nawa'y lumuhod tayo sa Kanyang harapan nang may kaamuan at awa. Nawa'y mapagpala at mapaglingkuran natin ang iba upang gayon din ang gawin nila.[6]

3

**Ang pinakamatinding pangangailangan sa buong mundo ay ang aktibo at tapat na pananampalataya sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga turo.**

May mga nagsasabi na makaluma ang maniwala sa Biblia. Makaluma ba ang maniwala sa Diyos, kay Jesucristo, ang Anak ng Diyos na Buhay? Makaluma ba ang maniwala sa kanyang nagbabayad-salang sakripisyo at sa pagkabuhay na mag-uli? Kung totoo ito, masasabi kong ako ay makaluma at ang Simbahang ito ay makaluma. Sa napakasimpleng paraan itinuro ng Panginoon ang mga alituntunin ng buhay na walang hanggan at mga aral na nagdudulot ng kaligayahan sa mga naniniwala nang may pananampalataya. Tila hindi makatwirang ipalagay na kailangang gawing makabago ang mga turong ito ng Panginoon. Ang kanyang mensahe ay tungkol sa mga alituntunin na walang hanggan.[7]

Sa panahong ito, tulad sa bawat panahong nauna at sa bawat panahong kasunod nito, ang pinakamalaking pangangailangan sa buong mundo ay ang aktibo at tapat na pananampalataya sa mga pangunahing turo ni Jesus ng Nazaret, ang buhay na Anak ng



*Mapapayapa ng Tagapagligtas ang mga unos sa ating buhay.*

buhay na Diyos. Dahil maraming tumatanggi sa mga turong iyon, mas malaki ang dahilan kung bakit dapat ipahayag ng matatapat na mananampalataya sa ebanghelyo ni Jesucristo ang katotohanan nito at ipakita sa pamamagitan ng halimbawa ang kapangyarihan at kapayapaan ng mabuti at matiwasay na pamumuhay. . . .

Paano tayo dapat kumilos kapag tayo ay nasaktan, hindi naunawaan, pinakitunguhan nang masama o hindi makatarungan, o pinagkasalahan? Ano ang nararapat nating gawin kung tayo ay sinaktan ng mga mahal natin sa buhay, o naunahan ng iba sa pag-asenso sa trabaho, o pinaratangan nang mali, o hindi makatarungang pinulaan ang ating mga motibo?

Gaganti ba tayo? Magpapadala ba tayo ng mas malaking batalyon? Gaganti ba tayo nang mata sa mata at ngipin sa ngipin, o matatanto ba natin na sa bandang huli ay maiiwan tayong mga bulag at bungi? . . .

Sa karingalan ng kanyang buhay at sa halimbawa ng kanyang mga turo, maraming ipinayo sa atin si Jesucristo na may palaging kaakibat na ligtas na mga pangako. Nagturo siya nang may karingalan at

awtoridad na nagbigay ng pag-asa sa mga edukado at mangmang, sa mayayaman at mga maralita, sa malulusog at may karamdaman.[8]

Sikaping magkaroon ng sariling patotoo tungkol kay Jesucristo at sa pagbabayad-sala. Ang pag-aaral tungkol sa buhay ni Cristo at ang patotoo tungkol sa kanyang katotohanan ay isang bagay na dapat hangarin ng bawat isa sa atin. Kapag naunawaan natin ang kanyang misyon, at ang pagbabayad-salang isinagawa niya, hahangarin nating mamuhay nang higit na katulad niya.[9]

4

**Sa pagsampalataya natin sa Tagapagligtas, papayapain Niya ang malalaking alon ng ating buhay.**

Lahat tayo ay dumanas na ng biglaang mga unos sa ating buhay. Ang ilan sa mga ito . . . ay maaaring maging marahas at nakakatakot at maaaring makapinsala. Bilang mga indibiduwal, bilang mga pamilya, bilang mga komunidad, bilang mga bansa, kahit bilang isang simbahan, nagkaroon na tayo ng mga biglang pag-ihip ng malalakas na hangin kaya kahit paano ay naitatanong natin, "Guro, wala bagang anoman sa iyo na mapahamak tayo?" [Marcos 4:38.] At kahit paano palagi nating naririnig sa gitna ng katahimikan pagkaraan ng bagyo, "Bakit ba kayo nangatakot? wala pa baga kayong pananampalataya?" [Marcos 4:40.]

Walang sinuman sa atin na gustong isipin na *wala* tayong pananampalataya, ngunit sa palagay ko ang magiliw na pangaral ng Panginoon dito ay nararapat lang sa atin. At ang dakilang Jehova na ito, na sinasabi nating pinagtitiwalaan natin at ang pangalan ay taglay natin, ang siyang nagsabing, "Magkaroon ng isang kalawakan sa gitna ng mga tubig, at mahiwalay ang tubig sa kapuwa tubig." (Gen. 1:6.) At siya rin ang nagsabing, "Mapisan ang tubig na nasa silong ng langit sa isang dako, at lumitaw ang katuyuan." (Gen. 1:9.) Bukod pa rito, Siya rin ang humawi sa Dagat na Pula, kaya't nakadaan ang mga Israelita sa tuyong lupa. (Tingnan sa Ex. 14:21–22.) Kaya nga, hindi dapat ikagulat na kaya niyang utusan ang ilang elementong kumikilos sa Dagat ng Galilea. At dapat ipaalala sa atin ng ating pananampalataya na kaya niyang payapain ang malalaking alon sa ating buhay. . . .

Lahat tayo ay magkakaroon ng paghihirap sa ating buhay. Palagay ko ay makatitiyak tayo riyan. Ang ilan sa mga ito ay may potensyal

na maging marahas at makasira at makapinsala. Ang ilan ay maaari pang sirain ang ating pananampalataya sa mapagmahal na Diyos na may kapangyarihang magbigay sa atin ng ginhawa.

Sa lahat ng pagkaligalig na ito palagay ko sasabihin ng Ama nating lahat na, "Bakit ba kayo nangatatakot? wala pa baga kayong pananampalataya?" At siyempre kailangan ang pananampalatayang iyan sa buong paglalakbay, sa buong karanasan, sa kabuuan ng ating buhay, hindi lamang sa ilang saglit at ilang piraso ng mauunos na sandali. . . .

Sabi ni Jesus, "Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: ngunit laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan." (Juan 16:33.)[10]

5

**Kapag nakasentro ang ating buhay sa Tagapagligtas, hindi tayo kailangang matakot, at ang ating mga pangamba ay magiging kagalakan.**

Sapat ang alam ko sa inyong napakaabalang buhay para malaman na kung minsa'y naiinis kayo. Maaari din kayong mag-alala nang bahagya paminsan-minsan. Alam kong lahat iyan. . . .

Ang mensahe ko sa inyo ngayon ay "huwag matakot, munting kawan." Ito'y para hikayatin kayong magalak sa mga dakilang pagpapala ng buhay. Ito'y para anyayahan kayong makadama ng malaking pananabik na ipamuhay ang ebanghelyo at madama ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit. Napakaganda ng buhay, kahit sa mga panahon ng paghihirap, at may kaligayahan, kagalakan, at kapayapaan sa daanan, at napakarami pa nito sa dulo ng landas.

Totoo na napakaraming bagay na dapat ipag-alala—ang ilan sa mga ito ay napakatitindi—ngunit iyan ang dahilan kung bakit kami nagsasalita gamit ang mga termino ng ebanghelyo na pananampalataya, at pag-asa, at pag-ibig sa kapwa. Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, sumasaatin "ang masaganang buhay," at sinisikap nating bigyang-diin ang ating mga pagpapala at pagkakataon habang binabawasan natin ang ating mga kabiguan at pangamba. "Masigasig na maghanap, manalangin tuwina, at maging mapanampalataya," ayon sa banal na kasulatan, "at lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa inyong ikabubuti" (D at T 90:24). Gusto kong ipaalala sa inyo ang pangakong ito. . . .

Alalahanin sana ninyo ang bagay na ito. Kung ang ating buhay at pananampalataya ay nakasentro kay Jesuristo at sa kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo, walang anumang bagay na mananatiling mali kailanman. Sa kabilang banda, kung ang buhay natin ay hindi nakasentro sa Tagapagligtas at sa kanyang mga turo, walang anumang tagumpay na mananatiling tama kailanman. . . .

Lahat tayo ay may mga problema sa kalusugan paminsan-minsan—ang ilan ay palaging mayroon nito. Ang pagkakasakit at karamdaman ay bahagi ng pasakit ng mortalidad. Manampalataya at maging positibo. Ang kapangyarihan ng priesthood ay tunay, at napakaraming kabutihan sa buhay, kahit nahihirapan ang ating katawan. Malaking kagalakan ang malaman na wala nang sugat o karamdaman sa Pagkabuhay na Mag-uli.

Ang ilan sa ating mga alalahanin ay darating sa pamamagitan ng mga tukso. Ang iba ay maaaring mahihirap na desisyon ukol sa pag-aaral o trabaho o pera o pag-aasawa. Anuman ang inyong pasanin, matatagpuan ninyo ang lakas na kailangan ninyo kay Cristo. Si Jesucristo ang Alpha at Omega, ang literal na simula at wakas. Kasama natin siya mula simula hanggang katapusan, at dahil dito ay higit pa siya sa isang manonood lang sa ating buhay. . . .

Kung ang pamatok na nakapasan sa atin ay kasalanan mismo, gayon pa rin ang mensahe. Alam ni Cristo ang buong bigat ng ating mga kasalanan, sapagkat Siya ang unang nagpasan nito. Kung ang ating pasanin ay hindi kasalanan o tukso, kundi karamdaman o kahirapan o pagtanggi sa atin, gayon pa rin ang mensahe. Alam Niya. . . .

Pinagdusahan Niya ang higit pa sa ating mga kasalanan. Siya na tinawag ni Isaias na "tao sa kapanglawan" (Isaias 53: 3; Mosias 14:3) ay lubos na batid ang bawat problemang pinagdaraanan natin dahil pinili niyang tiisin ang buong bigat ng lahat ng ating problema at pasakit. . . .

Mga kapatid, mayroon at magkakaroon kayo ng mga alalahanin at iba't ibang uri ng mga hamon sa buhay, ngunit buong galak na tanggapin ang buhay at mapuno ng pananampalataya. Regular na pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Manalangin nang taimtim. Sundin ang tinig ng Espiritu at ng mga propeta. Gawin ninyo ang lahat para tulungan ang iba. Magkakaroon kayo ng malaking kaligayahan sa gayong paraan. Pagdating ng maluwalhating araw lahat ng pagaalala ninyo ay magiging kagalakan.

Tulad ng isinulat ni Joseph Smith sa naghihirap na mga Banal mula sa kanyang selda sa Liberty Jail:

*Ating* malugod *na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya; at pagkatapos nawa tayo ay makatayong hindi natitinag, na may lubos na katiyakan, na makita ang pagliligtas ng Diyos, at upang ang kanyang bisig ay maipahayag* [D at T 123:17; idinagdag ang pagbibigay-diin].

[Sa mga salita ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith:]

*Huwag matakot, munting kawan; gumawa ng mabuti; hayaang magsama ang mundo at impiyerno laban sa inyo, sapagkat kung kayo ay itinayo sa aking bato, hindi sila mananaig. . . .*

*Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot.*

*Masdan ang sugat na tumagos sa aking tagiliran, at gayon din ang bakas ng mga pako sa aking mga kamay at paa; maging matapat, sundin ang aking mga kautusan, at inyong mamamana ang kaharian ng langit* [D at T 6:34–37].[11]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Isipin kung paano mo sasagutin ang mga tanong ni Pangulong Hunter sa bahagi 1. Paano natin mas maisesentro ang ating buhay kay Jesucristo? Paano natin mas maisesentro ang ating tahanan kay Jesucristo? Paano natin makikilala si Cristo nang higit kaysa sa pagkakilala natin sa Kanya?
- Ano ang "kapalit" ng pagtanggap ng pag-asa, kagalakan, at kapayapaan na alok ni Cristo? (Tingnan sa bahagi 2.) Kailan mo nadama ang pag-asa, kapayapaan, at kagalakang nagmumula sa Tagapagligtas?
- Bakit kaya "ang pinakamatinding pangangailangan sa buong mundo ay ang aktibo at tapat na pananampalataya sa mahahalagang turo ni Jesus ng Nazaret"? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano mo maipapakita ang iyong pananampalataya sa mga turo ni Cristo kapag ikaw ay "nasaktan, hindi naunawaan, pinakitunguhan nang masama o hindi makatarungan, o pinagkasalahan"?

- Ano ang matututuhan natin mula sa mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa takot at pananampalataya? (Tingnan sa bahagi 4.) Paano tayo natutulungan ng pananampalataya na madaig ang takot? Isipin ang mga pagkakataon na pinayapa ng Tagapagligtas ang mga unos sa buhay mo nang magpakita ka ng pananampalataya sa Kanya.
- Paano tayo matutulungan ng payo ni Pangulong Hunter sa bahagi 5 na "buong galak na tanggapin ang buhay," kahit dumaranas tayo ng pighati, pagkasiphayo, at mga karamdaman? Paano tayo magkakaroon ng walang-hanggang pananaw? Paano ka natulungan ng Tagapagligtas na magkaroon ng mas saganang pamumuhay?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mateo 11:28–30; Juan 14:6; 2 Nephi 31:19–21; Alma 5:14–16; 7:10–14; 23:6; Helaman 3:35; 5:9–12; D at T 50:40–46; 93:1

*Tulong sa Pag-aaral*

"Sa pag-aaral mo, pansining mabuti ang mga ideya na dumarating sa iyong isipan at damdamin na [dumarating sa] puso mo" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 21). Isiping itala ang mga impresyong natatanggap mo, kahit parang wala itong kaugnayan sa mga salitang binabasa mo. Maaaring ang mga ito mismo ang nais ihayag ng Panginoon sa iyo.

## *Mga Tala*

1. "Jesus, the Very Thought of Thee," *Ensign,* Mayo 1993, 65.
2. "An Apostle's Witness of Christ," *Ensign,* Ene. 1984, 70.
3. James E. Faust, "Howard W. Hunter: Man of God," *Ensign,* Abr. 1995, 27.
4. "Jesus, the Very Thought of Thee," 63–64.
5. "Maging Anong Uri ng mga Tao Ba Nararapat Kayo?" *Ensign,* Mayo 1994, 64; tingnan din sa "He Invites Us to Follow Him," *Ensign,* Set. 1994, 5.
6. "Jesus, the Very Thought of Thee," 64–65.
7. Sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 318.
8. "The Beacon in the Harbor of Peace," *Ensign,* Nob. 1992, 18.
9. *The Teachings of Howard W. Hunter,* inedit ni Clyde J. Williams (1997), 30.
10. "Master, the Tempest Is Raging," *Ensign,* Nob. 1984, 33–35.
11. "Fear Not, Little Flock" (mensaheng ibinigay sa Brigham Young University, Mar. 14, 1989), 1–2, 4–5; speeches.byu.edu.



*Dapat nating "ipako ang ating tingin kay Jesus" at kailanman ay "huwag alisin ang ating paningin sa kanya na dapat nating paniwalaan."*

# "Ang Aking Kapayapaan ay Ibinibigay Ko sa Inyo"

*"Ang kapayapaan ay darating lamang sa isang tao sa pamamagitan ng walang kundisyong pagpapasakop—pagpapasakop sa kanya na Prinsipe ng kapayapaan, na may kapangyarihang magkaloob ng kapayapaan."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Inilarawan ng isa sa mga kasamahan ni Pangulong Howard W. Hunter sa Korum ng Labindalawa na siya ay isang taong may "pambihirang pagtitiis na nagmumula sa malaking kapayapaan ng kalooban."[1] Madalas bumanggit noon si Pangulong Hunter tungkol sa kapayapaan ng kalooban, na itinuturo na matatanggap lamang ito ng isang tao sa pagbaling sa Diyos—sa pagtitiwala sa Kanya, pagpapakita ng pananampalataya, at pagsisikap na gawin ang Kanyang kalooban. Nakatulong sa kanya ang gayong kapayapaan sa maraming mahihirap na panahon.

Sa huling bahagi ng taong 1975 inirekomenda ng isang doktor na operahan sa utak ang asawa ni Pangulong Hunter na si Claire. Nahirapang magdesisyon si Pangulong Hunter kung operasyon nga sa utak ang pinakamabuting gawin kay Claire, dahil mahihirapan ang kanyang mahinang katawan at baka hindi bumuti ang kanyang kalagayan. Nagpunta siya sa templo, humingi ng payo sa mga miyembro ng pamilya, at di-nagtagal ay nadama na operasyon ang pinakamalaking pag-asa para maginhawahan nang kaunti si Claire. Sa paglalarawan ng kanyang damdamin sa araw ng operasyon, isinulat niya:

"Sinamahan ko siya hanggang sa pintuan ng operating room, hinagkan ko siya, at ipinasok na siya roon. Sa paglipas ng oras, naghintay ako at nag-isip-isip. . . . Ang matinding pagkabalisa ay

biglang napalitan ng payapang damdamin. Alam ko na tama ang ginawang desisyon at nasagot ang aking mga dalangin."[2]

Noong 1989, si Pangulong Hunter ay nagkaroon ng isa pang karanasan kung kailan nakadama siya ng kapayapaan sa nakababagabag na panahon. Nasa Jerusalem siya noon upang ilaan ang Brigham Young University Jerusalem Center for Near Eastern Studies. May ilang grupong nagprotesta sa presensya ng Simbahan sa Jerusalem, at may ilang nagbanta na gagawa sila ng karahasan. Isa sa mga tagapagsalita sa dedikasyon si Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawa, na kalaunan ay nagkuwento tungkol sa pangyayaring ito:

"Habang nagsasalita ako, nagkaroon ng kaunting kaguluhan sa likuran ng bulwagan. Pumasok sa silid ang mga lalaking nakasuot ng unipormeng militar. May ipinabigay silang sulat kay Pangulong Hunter. Lumingon ako at nagtanong kung ano ang nangyayari. Sabi niya, 'May sasabog daw na bomba. Natatakot ka ba?' Sabi ko, 'Hindi.' Sabi Niya, 'Ako rin, hindi; tapusin mo ang mensahe mo.' "[3] Nagpatuloy ang mga serbisyo sa paglalaan nang walang masamang nangyari; wala namang bomba.

Sa ganitong mga sitwasyon, nagtiwala si Pangulong Hunter sa pangakong ito ng kapayapaan mula sa Tagapagligtas, na madalas niyang banggitin noon: "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man" (Juan 14:27).

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Si Jesucristo ang pinagmumulan ng tunay na kapayapaan.

Sa pagpopropesiya tungkol sa pagsilang ni Cristo mahigit 700 taon bago ito nangyari, gumamit ang propetang si Isaias ng mga titulo na nagpapahayag ng malaking paghanga. . . . Isa sa mga titulong ito na kapansin-pansin sa ating mundo ngayon ang "[Prinsipe] ng Kapayapaan" (Isa. 9:6). "Ang paglago ng kaniyang pamamahala at ng kapayapaan ay hindi magkakaroon ng wakas," sabi ni Isaias (t. 7). Napakagandang pangako ng pag-asa sa isang daigdig na pagod na sa digmaan, at puno ng kasalanan![4]

Ang kapayapaang pinapangarap ng mundo ay isang panahon na walang kaguluhan; ngunit hindi alam ng mga tao na ang kapayapaan ay isang kalagayan sa buhay na dumarating lamang sa tao ayon sa mga tuntunin at kundisyong itinakda ng Diyos, at hindi sa ibang paraan.

Ganito ang mga salita sa isang awit sa Aklat ni Isaias: "Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan, na ang pagiisip ay sumasa iyo: sapagka't siya'y tumitiwala sa iyo." (Isa. 26:3.) Ang ganap na kapayapaan na binanggit ni Isaias ay dumarating lamang sa isang tao sa pamamagitan ng paniniwala sa Diyos. Hindi ito nauunawaan ng isang mundong walang paniniwala.

Sa huling pagkakataon na naghapunan si Jesus kasama ang Labindalawa, hinugasan niya ang kanilang mga paa, pinira-piraso niya ang tinapay para sa kanila, at ipinasa sa kanila ang saro; at, nang umalis na si Judas sa kanilang kalipunan, matagal silang kinausap ng Panginoon. Maliban sa iba pang mga bagay, sinabi niya ang kanyang nalalapit na kamatayan at ang pamanang iniwan niya para sa bawat isa sa kanila. Wala siyang naipong mga kalakal, ari-arian, o kayamanan. Ayon sa talaan wala siyang pag-aari maliban sa damit na suot niya, at kinabukasan pagkatapos ng pagpapako sa krus ay paghahati-hatian ito ng mga sundalo, na magpapalabunutan para malaman kung kanino mapupunta ang kanyang balabal. Ang Kanyang pamana ay ibinigay sa kanyang mga disipulo sa simple ngunit may malalim na kahulugang mga salitang ito: "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man." (Juan 14:27.)

Ginamit niya ang paraan ng pagbati at pagbabasbas ng mga Judio, "Ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo." Ang pagbati at pamanang ito ay hindi nila kukunin sa karaniwang paraan, sapagkat sinabi niya, ". . . hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo." Hindi mga pangarap na walang-saysay, hindi basta magalang na seremonya, tulad ng paggamit ng mga tao sa mundo sa mga salitang ito batay sa kaugalian; kundi bilang may-akda at Prinsipe ng kapayapaan, ibinigay niya ito sa kanila. Ipinagkaloob niya ito sa kanila at sinabing, "Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man." Sa loob ng ilang oras daranas sila ng hirap, ngunit sa kapayapaang bigay niya madaraig nila ang takot at sila'y maninindigan.

Ang huling sinabi niya sa kanila bago ang pangwakas na panalangin sa di-malilimutang gabing iyon ay ito: "Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan." (Juan 16:33.)[5]

2

## Nagkakaroon tayo ng kapayapaan kapag ipinamuhay natin ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Iisa lang ang kamay na pumapatnubay sa sansinukob, iisa lang ang tunay na ilaw, isang walang-mintis na tanglaw sa mundo. Ang ilaw na iyon ay si Jesucristo, ang ilaw at buhay ng daigdig, ang ilaw na inilarawan ng isang propeta sa Aklat ni Mormon bilang "isang ilaw na walang hanggan, na hindi maaaring magdilim." (Mosias 16:9.)

Habang naghahanap tayo ng kanlungan ng kaligtasan at kapayapaan, tayo man ay mga babae at lalaki, mga pamilya, mga komunidad, o mga bansa, si Cristo ang tanging tanglaw na maaasahan natin sa huli. Siya ang nagsabi tungkol sa kanyang misyon, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay." (Juan 14:6) . . .

Isipin, halimbawa, ang utos na ito ni Cristo sa kanyang mga disipulo. Sabi niya, "Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, pagpalain ang sa inyo'y sumusumpa, gawan ng mabuti ang napopoot sa inyo, at idalangin ninyo ang sa inyo'y lumalait at nagsisiusig." (Mat. 5:44.)

Isipin ang magagawa ng payong ito sa inyo at aking pamayanan, sa mga komunidad na tinitirhan ninyo ng inyong mga anak, sa mga bansang bumubuo sa ating malaking pamilya sa mundo. Nauunawaan ko na may malaking hamon ang doktrinang ito, ngunit tiyak na mas nakalulugod na hamon ito kaysa sa nakahihindik na mga gawaing inilantad sa atin ng digmaan at karukhaan at pasakit na patuloy na kinakaharap ng mundo.[6]

Kapag sinikap nating tulungan ang mga taong nakasakit sa ating kalooban, kapag ipinagdasal natin ang mga taong nagpahamak sa atin, gaganda ang ating buhay. Maaari tayong magkaroon ng kapayapaan kapag nakiisa tayo sa Espiritu at sa isa't isa habang naglilingkod tayo sa Panginoon at sinusunod natin ang kanyang mga utos.[7]

Ang mundong ating ginagalawan, malayo man o malapit sa ating tirahan, ay kailangan ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ito ang tanging

paraan para magkaroon ng kapayapaan sa mundo. . . . Kailangan natin ng mas payapang daigdig, na nagmumula sa mas payapang mga pamilya at sambayanan at komunidad. Para matamo at magkaroon ng lubos na kapayapaan, "kailangan natin[g] . . . mahalin [ang iba], maging ang ating mga kaaway at kaibigan" [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 462]. . . . Kailangan natin silang kaibiganin. Kailangan tayong maging mas mabait, mas magiliw, mas mapagpatawad, at mas mabagal magalit.[8]

Ang pangunahing paraan ng pagkilos ng Diyos ay sa paghihikayat at tiyaga at mahabang pagtitiis, hindi sa pamimilit at harapang pakikipagtalo. Kumikilos siya sa magiliw na paghingi ng opinyon at malambing na panggaganyak.[9]

Walang ipinangakong kapayapaan sa mga tumatanggi sa Diyos, sa mga taong hindi sumusunod sa kanyang mga utos, o sa mga taong lumalabag sa kanyang mga batas. Nagsalita si Propetang Isaias tungkol sa pagbaba ng moralidad at katiwalian ng mga pinuno at saka siya nagpatuloy sa kanyang mga pangaral sa pagsasabing: "Ngunit ang masama ay parang maunos na dagat, sapagka't hindi maaaring humusay, at ang kaniyang tubig ay umaalimbukay ng burak at dumi. Walang kapayapaan, sabi ng aking Dios, sa mga masama." (Isa. 57:20–21.) . . .

. . . Ang panlalamig sa Tagapagligtas o kabiguang sundin ang mga utos ng Diyos ay nagdudulot ng kawalan ng katatagan, kaligaligan, at pagtatalo. Kabaligtaran ito ng kapayapaan. Ang kapayapaan ay darating lamang sa isang tao sa pamamagitan ng walang-kundisyong pagpapasakop—pagpapasakop sa kanya na Prinsipe ng kapayapaan, na may kapangyarihang magkaloob ng kapayapaan.[10]

Ang mga suliranin ng mundo na kadalasang naipapahayag sa nakahihindik na mga ulo ng balita ay nagpapaalala sa atin na hangarin ang kapayapaang nagmumula sa pamumuhay ng mga simpleng alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. Hindi mapipigilan ng minoryang grupo ng mga taong maligalig ang kapayapaan ng ating kaluluwa kung mahal natin ang ating kapwa-tao at may pananampalataya tayo sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas at sa payapang katiyakang ibinibigay niya tungkol sa buhay na walang hanggan. Saan natin matatagpuan ang gayong pananampalataya sa magulong mundo? Sinabi ng Panginoon, "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong;



*"Ang buhay na puno ng di-makasariling paglilingkod ay mapupuno rin ng kapayapaang di-maarok ng pang-unawa."*

magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan. Sapagka't ang bawat humihingi ay tumatanggap, at siya na naghahanap ay makasusumpong; at sa kanya na kumakatok, siya ay pagbubuksan." (Lucas 11:9–10.)[11]

Tila kailangang tanggapin ng lahat ang dalawang walang-hanggang katotohanan para magkaroon tayo ng kapayapaan sa daigdig na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating. (1) Na si Jesus ang Cristo, ang walang-hanggang anak ng ating Ama sa Langit, na naparito sa lupa para tubusin ang sangkatauhan mula sa kasalanan at sa libingan, at na siya ay buhay para ibalik tayo sa piling

ng Ama. (2) Na si Joseph Smith ay kanyang propeta, na ibinangon sa mga huling araw upang ipanumbalik ang katotohanang nawala sa sangkatauhan dahil sa paglabag. Kung tatanggapin at ipamumuhay ng lahat ng tao ang dalawang pangunahing katotohanang ito, magkakaroon ng kapayapaan sa mundo.[12]

Kung lalabanan ninyo, ninyo mismo, . . . ang mga tukso at ipapasiya ninyong pagsikapan araw-araw, na ipamuhay ang alituntunin ng Batas ng Pag-ani sa pamamagitan ng malinis at moral na mga kaisipan at gawi, sa matwid at tapat na pakikitungo, nang may integridad at pag-iingat sa inyong pag-aaral, sa pag-aayuno, pagdarasal, at pagsamba, aanihin ninyo ang kalayaan at kapayapaan ng kalooban at kaunlaran.[13]

Ang buhay na puno ng di-makasariling paglilingkod ay mapupuno rin ng kapayapaang di-maaarok ng pang-unawa. . . . Ang kapayapaang ito ay darating lamang sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang mga alituntuning ito ang bumubuo sa programa ng Prinsipe ng Kapayapaan.[14]

Napakarami sa mundo natin ang may layong wasakin . . . ang personal na kapayapaan sa pamamagitan ng mga kasalanan at libu-libong uri ng tukso. Dalangin namin na mamuhay ang mga Banal nang naaayon sa huwarang itinakda sa atin ni Jesus ng Nazaret.

Dalangin namin na mapigilan ang mga ginagawa ni Satanas, na maging payapa at panatag ang mga personal na buhay, na maging malapit at nagmamalasakit ang mga pamilya sa bawat miyembro, na mabuo ng mga ward at stake, branch at district ang dakilang katawan ni Cristo, na natutugunan ang bawat pangangailangan, nalalapatan ng lunas ang bawat sakit, napapagaling ang bawat sugat hanggang sa ang buong mundo, tulad ng pagsamo ni Nephi, ay "magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. . . .

"Mga minamahal kong kapatid," pagpapatuloy ni Nephi, "ito ang daan; at walang ibang daan." (2 Nephi 31:20–21.)[15]

3

## Matutulungan tayo ng Tagapagligtas na makasumpong ng kapayapaan sa kabila ng kaguluhan sa ating paligid.

Si Jesus ay hindi nakaligtas sa kalungkutan at pasakit at dalamhati at pananakit. Imposibleng mailarawan ang kanyang mabigat na

pasanin, ni hindi sapat ang ating karunungan upang maunawaan ang paglalarawan ng propetang si Isaias sa kanya bilang "isang taong sa kapanglawan." (Isa. 53:3.) Halos buong buhay siyang pinahirapan, at, sa paningin man lang ng mortal, dinurog siya sa mabatong Kalbaryo. Sinabihan tayo na huwag tingnan ang buhay ayon sa paningin ng mortal; sa espirituwal na pananaw alam nating may kakaibang nangyayari noon sa krus.

Kapayapaan ang namumutawi sa mga labi at sa puso ng Tagapagligtas gaano man katindi ang pagpapahirap sa kanya. Nawa'y gayon din ang mangyari sa atin—sa sarili nating puso, sa sarili nating tahanan, sa ating mga bansa sa buong mundo, at maging sa mga pananakit na dinanas ng Simbahan paminsan-minsan. Hindi natin dapat asahang mabuhay nang mag-isa o nang sama-sama nang walang kaunting oposisyon.[16]

Maaaring nakatira ang isang tao sa maganda at payapang kapaligiran ngunit, dahil may mga pagtatalo sa loob, magkakaroon palagi ng kaguluhan. Sa kabilang banda, maaaring nasa gitna ng lubos na pagkalipol at pagdanak ng dugo sa digmaan ang isang tao subalit mayroon pa ring katahimikan ng di-masambit na kapayapaan. Kung aasa tayo sa tulong ng tao at sa mga paraan ng mundo, ang matatagpuan natin ay kaguluhan at pagkalito. Kung babaling lang tayo sa Diyos, makasusumpong tayo ng kapayapaan para sa naliligalig na kaluluwa. Nilinaw ito sa mga salita ng Tagapagligtas: "Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian" (Juan 16:33); at sa kanyang pamana sa Labindalawa at sa buong sangkatauhan, sinabi niya, "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo, ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan ang ibinibigay ko sa inyo. . . ." (Juan 14:27.)

Masusumpungan natin ang kapayapaang ito ngayon sa isang mundong puno ng pagtatalo kung tatanggapin lang natin ang kanyang dakilang kaloob at paanyaya: "Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa." (Mat. 11:28–29.)

Ang kapayapaang ito ang ating kanlungan sa mga kaguluhan ng mundo. Ang kaalaman na ang Diyos ay buhay, na tayo ay kanyang mga anak, at mahal niya tayo ay nakagiginhawa sa nagugulumihanang puso. Ang sagot sa tanong ay nakasalalay sa pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. Maghahatid ito ng kapayapaan sa atin ngayon at sa susunod na kawalang-hanggan.[17]

Sa mundong ito ng kalituhan at abalang temporal na pag-unlad, kailangan tayong bumalik sa simpleng pagkaunawa kay Cristo. . . . Kailangan nating pag-aralan ang mga simple at mahahalagang paniniwala ukol sa mga katotohanang itinuro ng Panginoon at iwaksi ang mga bagay na maaaring pagtalunan. Ang ating pananampalataya sa Diyos ay kailangang maging tunay at hindi sapalaran lamang. Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay maaaring maging mabisa at nakaaantig na impluwensya, at ang tunay na pagtanggap dito ay magbibigay sa atin ng makabuluhan at banal na karanasan. Ang isang napakaganda sa relihiyong Mormon ay ang pagsasabuhay sa paniniwalang ito sa araw-araw na pag-iisip at pagkilos. Pinapalitan nito ng kapayapaan at katiwasayan ang kaguluhan at pagkalito.[18]

4

## Sa pagtutuon ng ating paningin kay Jesus, maaari tayong magtagumpay laban sa mga bagay na makakasira sa kapayapaan.

Gugunitain ko ang isa sa mga dakilang kuwento ng tagumpay ni Cristo laban sa bagay na tila sumusubok at namimilit sa atin at naghahatid ng takot sa ating puso. Nang paalis na ang mga disipulo ni Cristo papunta sa isa sa madalas nilang mga paglalakbay patawid sa Dagat ng Galilea, madilim ang gabi at masungit at maunos ang panahon. Malalaki ang alon at matindi ang ihip ng hangin, at nasindak ang mortal at nanghihinang mga lalaking ito. Sa kasamaang-palad wala silang kasama na magpapanatag at magliligtas sa kanila, dahil naiwang mag-isa si Jesus sa pampang.

Tulad ng dati, binabantayan niya sila. Mahal niya sila at pinagmamalasakitan niya sila. Sa sandali ng kanilang matinding pagkabalisa tumingin sila at nakita sa dilim ang isang imaheng nakasuot ng bata na pumapagaspas sa hangin, na naglalakad patungo sa kanila sa ibabaw ng dagat. Napasigaw sila sa takot sa nakita nila, na inaakalang

multo iyon na naglalakad sa ibabaw ng mga alon. At sa kabila ng bagyo at dilim sa paligid nila—tulad ng madalas mangyari sa atin, kapag ang karagatan, sa gitna ng mga kadiliman ng buhay, ay tila napakalawak at napakaliit ng ating mga bangka—dumating ang pinakadakila at nakapapanatag na tinig ng kapayapaan sa simpleng pahayag na ito, "Ako nga; huwag kayong mangatakot." At bulalas ni Pedro, "Panginoon, kung ikaw nga, ay papariyanin mo ako sa iyo sa ibabaw ng tubig." At ang sagot ni Cristo sa kanya ay kapareho ng isasagot niya sa ating lahat: "Halika."

Tumalon si Pedro mula sa bangka at lumakad sa ibabaw ng malalaking alon, at habang nakatuon ang kanyang mga mata sa Panginoon, maaaring gumulo ang kanyang buhok dahil sa hangin at nawisikan ng tubig ang kanyang kasuotan, ngunit lahat ay maayos. Tanging nang mag-alinlangan ang kanyang pananampalataya at alisin niya ang kanyang tingin sa Panginoon para tumingin sa nagngangalit na mga alon at itim na dagat sa kanyang paanan, noon lamang siya nagsimulang lumubog. Muli, gaya ng karamihan sa atin, siya ay sumigaw, "Panginoon, iligtas mo ako." At hindi siya binigo ni Jesus. Iniunat ni Jesus ang kanyang kamay at hinawakan ang nalulunod na disipulo at magiliw na pinagsabihan, "Oh ikaw na kakaunti ang pananampalataya, bakit ka [nag-alinlangan]?"

At nang ligtas na silang makasakay sa kanilang munting bangka, nakita nilang tumigil ang malakas na ihip ng hangin at pumayapa ang malalaking alon. Hindi nagtagal at nakarating sila sa kanilang kanlungan, sa kanilang ligtas na daungan, na aasaming paroonan ng lahat balang-araw. Ang mga tripulante at ang kanyang mga disipulo ay puno ng matinding pagkamangha. Ang ilan sa kanila ay tinawag siya sa titulong ipapahayag ko ngayon: "Tunay na ikaw ang Anak ng Dios." (Hango mula sa Farrar, *The Life of Christ,* pp. 310–13; tingnan sa Mat. 14:22–33.)

Matibay ang paniniwala ko na kung magagawa natin bilang mga indibiduwal, pamilya, komunidad, at bansa, gaya ni Pedro, na ipako ang ating tingin kay Jesus, baka tayo man ay tagumpay na makalakad sa ibabaw ng "napakalalaking alon ng kawalan ng pananampalataya" at "hindi masindak sa gitna ng paparating na mga hangin ng pag-aalinlangan." Ngunit kung hindi natin itutuon ang ating mga mata sa kanya na kailangan nating paniwalaan, na napakadaling gawin at

gustung-gustong gawin ng mundo, kung aasa tayo sa kapangyarihan at lakas ng kahindik-hindik at mapanirang mga elemento sa paligid natin sa halip na sa kanya na makakatulong at makapagliligtas sa atin, tiyak na lulubog tayo sa dagat ng pagtatalo at kalungkutan at dalamhati.

Sa mga pagkakataong dama natin na lulunurin tayo ng mga baha at lalamunin sa kailaliman ang ating pananampalataya, dalangin ko na nawa'y palagi nating marinig sa gitna ng unos at ng kadiliman ang magiliw na salita ng Tagapagligtas ng sanlibutan: "Laksan ninyo ang inyong loob; ako nga; huwag kayong mangatakot." (Mat. 14:27.)[19]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Itinuro ni Pangulong Hunter na si Jesucristo ang pinagmumulan ng tunay na kapayapaan (tingnan sa bahagi 1). Anong mga karanasan ang nakatulong sa iyo na malaman ang katotohanang ito? Paano natin matatanggap ang kapayapaang alok ni Jesus?
- Paano nagdudulot sa atin ng kapayapaan ang pagmamahal sa iba? (Tingnan sa bahagi 2.) Paano tayo nagkakaroon ng kapayapaan sa pamumuhay ng ebanghelyo? Bakit mahalaga ang "walang pasubaling pagsuko" sa Tagapagligtas para magkaroon tayo ng kapayapaan?
- Repasuhin ang mga turo ni Pangulong Hunter sa bahagi 3. Paano mo naranasan ang katuparan ng pangako ng Tagapagligtas na "bibigyan ka ng kapahingahan" sa iyong mga pasanin kapag lumapit ka sa Kanya?
- Pagnilayan ang salaysay ni Pangulong Hunter tungkol sa paglakad ni Pedro sa tubig (tingnan sa bahagi 4). Ano ang matututuhan mo sa kuwentong ito tungkol sa kung paano makasumpong ng kapayapaan sa panahon ng kaguluhan? Paano ka natulungan ng Tagapagligtas na "laksan ang iyong loob" at "huwag matakot" sa mahihirap na sandali?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mga Awit 46:10; 85:8; Isaias 32:17; Marcos 4:36–40; Mga Taga Roma 8:6; Mga Taga Galacia 5:22–23; Mga Taga Filipos 4:9; Mosias 4:3; D at T 19:23; 59:23; 88:125

*Tulong sa Pagtuturo*

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na pumili ng isa sa mga bahagi sa kabanata na gusto nilang talakayin at bumuo ng isang grupo kasama ang mga pumili ng bahaging iyon. Hikayatin ang bawat grupo na pag-usapan ang kaugnay na tanong sa dulo ng kabanata.

## *Mga Tala*

1. Sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 185.
2. Sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 266.
3. Boyd K. Packer, "President Howard W. Hunter—He Endured to the End," *Ensign,* Abr. 1995, 29.
4. "The Gifts of Christmas," *Ensign,* Dis. 2002, 16.
5. Sa Conference Report, Okt. 1966, 15–16.
6. "The Beacon in the Harbor of Peace," *Ensign,* Nob. 1992, 18.
7. *The Teachings of Howard W. Hunter,* inedit ni Clyde J. Williams (1997), 40.
8. "A More Excellent Way," *Ensign,* Mayo 1992, 61, 63.
9. "The Golden Thread of Choice," *Ensign,* Nob. 1989, 18.
10. Sa Conference Report, Okt. 1966, 16.
11. Sa Conference Report, Okt. 1969, 113.
12. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 172–73.
13. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 73–74.
14. "The Gifts of Christmas," 19.
15. Sa Conference Report, Abr. 1976, 157.
16. "Master, the Tempest Is Raging," *Ensign,* Nob. 1984, 35.
17. Sa Conference Report, Okt. 1966, 16–17.
18. Sa Conference Report, Okt. 1970, 131–32.
19. "The Beacon in the Harbor of Peace," 19.

# Paghihirap—Bahagi ng Plano ng Diyos para sa Ating Walang-Hanggang Pag-unlad

*"Kapag napakumbaba at napatino at naturuan at napagpala tayo [ng mga hirap ng mortalidad], maaaring maging mabibisang kasangkapan ang mga ito sa mga kamay ng Diyos para gawin tayong mas mabubuting tao."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Sa pangkahalatang kumperensya noong Abril 1980, nagkuwento ni Elder Howard W. Hunter, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, tungkol sa pagsama niya sa isang malaking grupo ng mga tao para panoorin ang karera ng mga bangka sa Samoa. "Nasasabik na ang mga tao," sabi niya, "at halos lahat ng mata ay nakatanaw sa dagat, naghihintay na masulyapan ang mga [bangka]. Walang anu-ano biglang naghiyawan ang mga tao nang matanaw ang mga bangka sa malayo. Bawat isa sa mga ito ay may sakay na limampung matitipunong mananagwan na sabay-sabay sa paggaod sa ritmong nagpapasulong sa mga bangka sa kabila ng mga alon at mabulang tubig ng dagat—kaygandang tingnan.

"Ang mga bangka at mga lalaki ay agad natanaw nang husto habang nag-uunahan papunta sa finish line. Kahit ibuhos ng matitipunong lalaking ito ang kanilang lakas, nahirapang sumalungat ang bigat ng isang bangkang may sakay na limampung tao sa isang malakas na puwersa—ang agos ng tubig.

"Lalong lumakas ang hiyawan ng mga tao nang makatawid sa finish line ang unang bangka."



*Sa ating mga pagsubok, ipinapaabot ng Tagapagligtas sa bawat isa sa atin ang paanyaya Niya sa lalaki sa tabi ng tangke ng tubig sa Betesda: "Ibig mo bagang gumaling?" (Juan 5:6).*

Pagkatapos ng karera, naglakad si Elder Hunter papunta sa pinagdaungan ng mga bangka at kinausap ang isa sa mga mananagwan, na nagpaliwanag na ang unahan ng mahabang bangka "ay dinisenyo sa paraan na nahahawi at nahahati nito ang tubig para makatulong sa pagsalungat sa agos na nagpapabagal sa pag-usad ng bangka. Ipinaliwanag pa niya na ang paggaod ng mga sagwan laban sa agos ng tubig ay lumilikha ng puwersang nagtutulak sa bangka pasulong. Ang puwersa ay lumilikha kapwa ng paghatak at ng pagtulak."[1]

Ginamit ni Elder Hunter ang karera ng mga bangka sa Samoa para simulan ang isang mensahe tungkol sa mga layunin ng paghihirap. Noong kanyang ministeryo bilang Apostol, maraming beses siyang nagsalita tungkol sa paghihirap, at nag-alok ng payo, pag-asa, at panghihikayat. Nagsalita siya mula sa personal na karanasan, dahil nalagpasan niya ang mapanganib na mga karamdaman at iba pang mga pagsubok. Nagpatotoo siya nang may matibay na pananalig na sa panahon ng kaguluhan, "taglay ni Jesucristo ang kapangyarihang pagaanin ang ating mga pasanin."[2]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Ang paghihirap ay bahagi ng plano ng Diyos para sa ating walang-hanggang pag-unlad.

Napansin ko na ang buhay—bawat buhay—ay may panahon ng kasayahan at kalungkutan. Tunay ngang marami tayong nakikitang kagalakan at kalungkutan sa mundo, maraming nagbagong plano at bagong direksyon, maraming pagpapala na sa tingin at pakiramdam ay hindi palaging pagpapala, at maraming dahilan para magpakumbaba tayo at dagdagan pa natin ang ating pasensya at pananampalataya. Naranasan na nating lahat ang mga iyan paminsan-minsan, at sa palagay ko ay lagi natin itong mararanasan. . . .

. . . Minsan ay isinulat ni Pangulong Spencer W. Kimball, na maraming alam tungkol sa pagdurusa, kabiguan, at mga sitwasyong hindi niya kayang pigilan:

"Dahil tao tayo, gusto nating alisin sa ating buhay ang sakit na nararamdaman ng katawan at dalamhati ng isipan at tiyaking magkaroon tayo ng tuluy-tuloy na ginhawa at kapanatagan, ngunit kung

isasara natin ang pintuan tungo sa kalungkutan at pagdurusa, baka lumayo ang ating pinakamabubuting kaibigan at ang mga taong nagpapala sa atin. Ang pagdurusa ay magagawang banal ang mga tao kapag natuto silang magpasensya, magtiis nang matagal, at magpigil sa sarili" [*Faith Precedes the Miracle* (1972), 98].

Sa pahayag na iyon, ang tinutukoy ni Pangulong Kimball ay ang pagsasara ng pintuan sa ilang karanasan sa buhay. . . . Laging may nagsasarang mga pintuan sa ating buhay, at ang ilan sa mga pagsasarang iyon ay nagdudulot ng pait at sakit ng kalooban. Ngunit *talagang* naniniwala ako na kapag may nagsarang gayong pintuan, may isa pang pintuang nabubuksan (at marahil ay hindi lang isa), na may hatid na pag-asa at mga pagpapala sa ibang aspeto ng ating buhay na hindi natin matutuklasan sa ibang paraan.

. . . Ilang taon na ang nakararaan, sinabi [ni Pangulong Marion G. Romney] na lahat ng kalalakihan at kababaihan, pati na ang pinakamatatapat, ay magkakaroon ng paghihirap at dalamhati sa kanilang buhay dahil, sa mga salita ni Joseph Smith, "Kailangang magdanas ng hirap ang mga tao upang maakyat nila ang Bundok ng Sion at mapadakila sa kalangitan" [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 267; tingnan sa Conference Report, Okt. 1969, 57].

Pagkatapos ay sinabi ni Pangulong Romney:

"Hindi ibig sabihin ay gustung-gusto nating magdusa. Iniiwasan natin ang lahat ng kaya nating iwasan. Gayunman, alam na natin ngayon, at nalaman nating lahat nang piliin nating pumarito sa mortalidad, na susubukan tayo rito at daranas ng matinding hirap at dalamhati. . . .

"[Bukod pa rito,] ang plano ng Ama na patunayan [at padalisayin] ang kanyang mga anak ay saklaw ang Tagapagligtas mismo. Ang pagdurusang pinili niyang tiisin, at talagang tiniis niya, ay katumbas ng pinagsama-samang pagdurusa ng lahat ng lalaki [at babae sa lahat ng dako. Nanginginig at nilalabasan ng dugo at ipinagdarasal na huwag nang uminom mula sa saro, sinabi niya,] 'Ininom ko at tinapos ang aking paghahanda para sa mga anak ng tao' (D at T 19:18–19)" (sa Conference Report, Okt. 1969, p. 57).

Kailangan nating lahat na tapusin ang ating "paghahanda para sa mga anak ng tao" [D at T 19:19]. Ang mga paghahanda ni Cristo ay medyo

naiiba sa atin, ngunit lahat tayo ay may mga paghahandang gagawin, mga pintong bubuksan. Para magawa ang gayon kahalagang mga paghahanda kadalasan ay kailangan ng pasakit, ng ilang di-inaasahang pagbabago sa landas ng buhay, at pagpapasakop, "maging katulad ng isang batang napasasakop sa kanyang ama" [Mosias 3:19]. Ang pagtatapos ng mga banal na paghahanda at pagbubukas ng mga pintuang selestiyal ay maaari tayong dalhin—tunay at walang dudang dadalhin tayo—doon mismo sa mga huling oras ng ating mortal na buhay.[3]

Naparito tayo sa mundo para humarap sa oposisyon. Bahagi iyon ng plano ng Diyos para sa ating walang-hanggang pag-unlad. Kung walang tukso, karamdaman, pasakit, at kalungkutan, hindi maaaring magkaroon ng kabutihan, kabanalan, pagpapahalaga sa mabuting kalagayan, o kagalakan. . . . Kailangan nating tandaan na ang mga puwersa ring iyon ng oposisyon na humahadlang sa ating pag-unlad ay nagbibigay rin sa atin ng mga pagkakataong magtagumpay.[4]

2

## Ang ating mga kapighatian sa buhay ay para sa ating paglago at karanasan.

Kapag [ang mga paghihirap sa buhay] ay pinakukumbaba at dinadalisay at tinuturuan at pinagpapala tayo, maaaring maging mabibisang kasangkapan ang mga ito sa mga kamay ng Diyos para gawin tayong mas mabubuting tao, mas mapagpasalamat, mas mapagmahal, at mas mapagbigay sa ibang tao sa sarili nilang mahihirap na panahon.

Oo, lahat tayo ay may mahihirap na sandali, bawat isa at tayong lahat, ngunit maging sa mga pinakamalalang panahon, noong araw o sa makabagong panahon, ang mga problema at mga propesiyang iyon ay hindi kailanman nilayong gumawa ng anuman maliban sa pagpalain ang mabubuti at tulungang magsisi ang mga di-gaanong matwid. Mahal tayo ng Diyos, at sinasabi sa atin sa mga banal na kasulatan na "ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" [Juan 3:16].[5]

Ang dakilang patriyarka sa Aklat ni Mormon na si Lehi, ay buong panghihikayat na nagsalita sa anak niyang si Jacob, isang anak na isinilang sa ilang sa panahon ng paghihirap at oposisyon. Ang buhay ni Jacob ay hindi naging katulad ng inasahan niya at hindi uliran



*Noong nasa Liberty Jail si Joseph Smith, inihayag sa kanya ng Panginoon na ang paghihirap ay magbibigay sa atin ng karanasan at para sa ating ikabubuti.*

ang kanyang naging mga karanasan. Dumanas siya ng maraming pagdurusa at kabiguan, ngunit nangako si Lehi na ang gayong mga dalamhati ay ilalaan para sa kapakinabangan ng kanyang anak (tingnan sa 2 Nephi 2:2).

At idinagdag ni Lehi ang mga salitang ito na naging klasiko:

"Sapagkat talagang kinakailangan, na may pagsalungat sa lahat ng bagay. Kung hindi, . . . ang kabutihan ay hindi mangyayari, ni ang kasamaan, ni ang kabanalan o kalungkutan, ni mabuti o masama" (2 Nephi 2:11).

Napanatag akong mabuti sa paglipas ng mga taon sa paliwanag na ito tungkol sa ilan sa mga pasakit at kabiguan sa buhay. Lalo pa akong napanatag na ang pinakadakilang kalalakihan at kababaihan, pati na ang Anak ng Diyos, ay naharap sa gayong pagsalungat upang mas maunawaan ang pagkakaiba ng kabutihan at kasamaan, kabanalan at kalungkutan, mabuti at masama. Mula sa madilim at mapanglaw na pagkabilanggo sa Liberty Jail, natutuhan ni Propetang Joseph Smith na kung tayo ay tinawag na dumanas ng kapighatian,

ito ay para sa ating paglago at karanasan at sa huli ay para sa ating ikabubuti (tingnan sa D at T 122:5–8).

Kapag nagsara ang isang pintuan, isa pang pintuan ang nabubuksan, maging sa isang propetang nasa bilangguan. Hindi laging sapat ang ating talino ni karanasan para maunawaan nang sapat ang lahat ng posibleng oportunidad at limitasyon sa buhay. Ang mga mansiyon na inihahanda ng Diyos para sa bawat isa sa kanyang pinakamamahal na mga anak ay maaaring may ilang karanasan lamang na gusto niyang danasin natin habang sumusulong tayo para kamtin ang walang-hanggang gantimpalang inihanda niya para sa atin. . . .

Sa iba't ibang panahon sa ating buhay, marahil ay paulit-ulit sa ating buhay, kailangan nating tanggapin na alam ng Diyos ang hindi natin alam at nakikita ang hindi natin nakikita. "Sapagka't ang aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon" (Isaias 55:8).

Kung may mga problema sa tahanan tungkol sa mga batang naliligaw ng landas, kung kinakapos kayo sa pera at nagsisikip ang inyong dibdib na nagbabanta ng panganib sa inyong tahanan at inyong kaligayahan, kung kailangan ninyong harapin ang kamatayan o pagbagsak ng kalusugan, nawa'y magkaroon ng kapayapaan ang inyong kaluluwa. Hindi tayo tutuksuhin nang higit pa sa makakaya natin (tingnan sa I Mga Taga Corinto 10:13; Alma 13:28; 34:39]. Ang di-inaasahang mga pagbabago sa ating buhay at mga kabiguan ang makipot at makitid na landas patungo sa Kanya.[6]

3

## Nasa atin ang lahat ng dahilan para maging maganda ang ating pananaw at magtiwala tayo kahit sa mahihirap na panahon.

Noon pa man ay lagi nang may ilang problema sa buhay na ito, at laging magkakaroon nito. Ngunit batid ang alam natin, at namumuhay tayo nang nararapat, talagang walang puwang, walang dahilan, para mag-isip ng masama at mawalan ng pag-asa.

Sa buhay ko dalawang digmaang pandaigdig na ang nasaksihan ko, pati na ang sa Korea, at Vietnam at [marami pang iba]. Nalagpasan ko na ang panahon ng Depresyon at nakapag-aral na ako ng abugasya habang nagsisimula akong magpamilya. Nakita ko ang

kawalang-katiyakan ng mga stock market at ekonomiya ng daigdig, at nakita ko ang kahibangan ng ilang maniniil at malulupit na tao, na pawang sanhi ng kaguluhan sa buong mundo.

Kaya sana'y hindi ninyo paniwalaan na itinambak sa inyong panahon ang lahat ng hirap ng mundo, o na ito na ang pinakamalala para sa inyo, o na hindi na bubuti pa ang mga bagay-bagay. Muli kong titiyakin sa inyo na mas malala na ang mga bagay-bagay at ang mga ito *ay* laging bubuti. Lagi naman itong bumubuti—lalo na kapag ipinamuhay at minahal natin ang ebanghelyo ni Jesucristo at binigyan natin ito ng pagkakataong pagpalain ang ating buhay. . . .

Taliwas sa maaaring sabihin ng ilan, nasa inyo ang lahat ng dahilan sa mundong ito para maging masaya at maging maganda ang pananaw at magtiwala. Bawat henerasyon mula pa sa simula ay may mga bagay na kailangang daigin at ilang problemang dapat lutasin.[7]

4

## Kapag lumapit tayo sa Tagapagligtas, pagagaanin Niya ang ating mga pasanin at padadaliin ang ating mga problema.

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

"Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan." (Mat. 11:28–30.) . . .

. . . Ang kagila-gilalas na pag-aalok na ito ng tulong ng Anak ng Diyos mismo ay hindi limitado sa mga taga-Galilea noong panahon niya. Ang panawagang ito na pasanin ang kanyang malambot na pamatok at tanggapin ang kanyang magaan na pasan ay hindi limitado sa naunang mga henerasyon. Ito ay isang pagsamo sa lahat ng tao, sa lahat ng lungsod at bansa, sa bawat lalaki, babae, at bata sa lahat ng dako ng mundo.

Sa mga oras ng ating sariling matitinding pangangailangan hindi natin dapat balewalain ang walang-maliw na sagot na ito sa mga alalahanin at problema ng ating mundo. Narito ang pangako ng personal na kapayapaan at proteksyon. Narito ang kapangyarihang



*"Ang mga disipulo ni Cristo sa bawat henerasyon ay inaanyayahan, at talagang inuutusan, na mapuspos ng ganap na kaliwanagan ng pag-asa."*

magpatawad ng kasalanan sa lahat ng panahon. Tayo man ay kailangang maniwala na taglay ni Jesucristo ang kapangyarihang pagaanin ang ating mga pasanin at padaliin ang ating mga problema. Tayo man ay kailangang lumapit sa kanya at doo'y tumanggap ng kapahingahan mula sa ating mga gawain.

Mangyari pa, may kaakibat na mga obligasyon ang mga pangakong iyon. "Pasanin ninyo ang aking pamatok," pakiusap niya. Noong panahon ng Biblia ang pamatok ay isang gamit na napakahalaga sa mga magsasaka. Dahil dito ang lakas ng pangalawang hayop ay daragdagan at sasamahan ang pagsisikap ng nag-iisang hayop, na magkatuwang at binabawasan ang bigat ng trabaho ng pag-aararo o paghatak ng bagon. Ang isang pasanin na napakabigat o marahil ay imposibleng kayanin ng isa ay maaaring paghatian at komportableng pasanin ng dalawang magkasama sa isang pamatok. Ang kanyang pamatok ay nangangailangan ng malaki at masigasig na pagsisikap, ngunit para sa mga tunay na nananampalataya, ang pamatok ay malambot at gumagaan ang pasanin.

Bakit mo haharapin ang mga pasanin sa buhay nang mag-isa, ang tanong ni Cristo, o bakit mo haharapin ang mga ito gamit ang temporal na suporta na mabilis manghina? Sa mga nangabibigatang lubha ang pamatok ni Cristo, ang kapangyarihan at kapayapaang dulot ng pagpanig sa isang Diyos na magbibigay ng suporta, balanse, at lakas na harapin ang ating mga hamon at tiisin ang mga gawaing iniatas sa atin sa mahirap na buhay sa mundong ito.

Malinaw na magkakaiba ang mga personal na pasanin sa buhay ng bawat tao, ngunit bawat isa sa atin ay mayroon nito. . . . Mangyari pa, ang ilang kalungkutan ay dulot ng mga kasalanan ng isang mundong hindi sumusunod sa payo ng [ating] Ama sa Langit. Anuman ang dahilan, tila walang sinuman sa atin ang hindi daranas ng mga hamon ng buhay. Sa lahat, ganito ang sabi ni Cristo: Yamang kailangan nating lahat na tiisin ang ilang pasanin at balikatin ang ilang pamatok, bakit hindi ninyo ito ipaubaya sa akin? Ang pangako ko sa inyo ay malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan. (Tingnan sa Mat. 11:28–30.)[8]

**5**

**Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi kailangang matakot sa mga kapighatian ng mga huling araw.**

Ang mga banal na kasulatan . . . ay nagpapahiwatig na may mga panahon na mahihirapan ang buong mundo. Alam natin na sa ating dispensasyon ang kasamaan, sa kasamaang-palad, ay magiging malinaw, at magdudulot ng di-maiiwasang mga hirap at pasakit at parusa. Paiigsiin ng Diyos ang kasamaang iyon sa kanyang sariling takdang-panahon, ngunit tungkulin nating mamuhay nang lubos at tapat at hindi lubhang nag-aalala tungkol sa mga suliranin ng mundo o kung kailan ito magwawakas. Tungkulin nating taglayin ang ebanghelyo sa ating buhay at maging maningning na liwanag, isang bayang nakatayo sa ibabaw ng bundok, na kakikitaan ng kagandahan ng ebanghelyo ni Jesucristo at ng kagalakan at kaligayahang palaging dumarating sa bawat tao sa bawat panahon na sumusunod sa mga kautusan.

Sa huling dispensasyong ito magkakaroon ng malaking kapighatian. (Tingnan sa Mat. 24:21.) Alam natin na magkakaroon ng mga digmaan at alingawngaw ng digmaan (tingnan sa D at T 45:26) at ang buong mundo ay magkakagulo (tingnan sa D at T 45:26). Lahat ng dispensasyon ay

nagkaroon ng mapanganib na panahon, ngunit ang ating panahon ay may kasamang tunay na panganib. (Tingnan sa II Tim. 3:1.) Darami ang masasamang tao (tingnan sa II Tim. 3:13), ngunit kadalasan naman ay talagang dumarami ang masasamang tao. Darating ang mga kalamidad at lalaganap ang kasamaan. (Tingnan sa D at T 45:27.)

Di-maiiwasan na ang likas na bunga ng ilan sa ganitong uri ng mga propesiya ay takot, at ang takot na iyan ay hindi limitado sa nakababatang henerasyon. Ito ay takot na madarama ng lahat anuman ang edad na hindi nauunawaan ang ating nauunawaan.

Ngunit gusto kong bigyang-diin na hindi ito kailangang madama ng matatapat na Banal sa mga Huling Araw, at hindi ito nagmumula sa Diyos. Sa sinaunang Israel, sinabi ng dakilang Jehova:

"Kayo'y magpakalakas at magpakatapang; huwag kayong matakot, ni mangilabot sa kanila; sapagka't ang Panginoon mong Dios ay siyang yumayaong kasama mo; hindi ka niya iiwan ni pabayaan ka niya. . . .

"At ang Panginoon, ay siyang nagpapauna sa iyo; siya'y sasa iyo, hindi ka niya iiwan, ni pababayaan ka: ikaw ay huwag matatakot ni manglulupaypay." (Deut. 31:6, 8.)

At sa inyo, na aming kagila-gilalas na henerasyon sa makabagong Israel, sinabi ng Panginoon:

"Samakatwid, huwag matakot, munting kawan; gumawa ng mabuti; hayaang magsama ang mundo at impiyerno laban sa inyo, sapagkat kung kayo ay itinayo sa aking bato, hindi sila mananaig. . . .

"Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot." (D at T 6:34, 36.)

Puno ng gayong payo ang ating makabagong mga banal na kasulatan. Makinig sa napakagandang muling pagtiyak na ito: "Huwag matakot, maliliit na bata, sapagkat kayo ay akin, at aking nadaig ang daigdig, at kayo ay bahagi nila na ibinigay ng Ama sa akin." (D at T 50:41.) "Katotohanang sinasabi ko sa inyo aking mga kaibigan, huwag matakot, maaliw sa inyong mga puso; oo, magsaya kailanpaman, at sa lahat ng bagay ay magbigay-pasasalamat." (D at T 98:1.)

Dahil sa napakagandang payong ito, palagay ko obligasyon nating magalak pa nang kaunti at di-gaanong malungkot, na magpasalamat sa anumang mayroon tayo at sa napakaraming pagpapala ng

Diyos sa atin, at huwag masyadong pag-usapan ang mga bagay na maaaring wala tayo o ang mga pag-aalalang kaakibat ng mahihirap na panahon sa henerasyong ito o sa anumang henerasyon.

### *Isang panahon ng malaking pag-asa at katuwaan*

Para sa mga Banal sa mga Huling Araw ito ay panahon ng malaking pag-asa at katuwaan—isa sa pinakadakilang mga panahon sa Panunumbalik at samakatwid ay isa sa pinakadakilang mga panahon sa anumang dispensasyon, yamang ang atin ang pinakadakila sa lahat ng dispensasyon. Kailangan tayong magkaroon ng pananampalataya at pag-asa, dalawa sa mga pinakabanal na katangian ng sinumang disipulo ni Cristo. Kailangan ay patuloy tayong magtiwala sa Diyos, yamang iyan ang unang alituntunin sa ating batas ng paniniwala. Kailangan tayong maniwala na nasa Diyos ang buong kapangyarihan, na mahal niya tayo, at na ang kanyang gawain ay hindi ititigil o mauunsyami sa ating sariling buhay o sa mundo sa pangkalahatan. . . .

Ipinapangako ko sa inyo sa pangalan ng Panginoon na pinaglilingkuran ko na laging poprotektahan at pangangalagaan ng Diyos ang kanyang mga tao. Daranas tayo ng hirap na katulad ng hirap na dinanas ng bawat henerasyon at tao. Ngunit sa ebanghelyo ni Jesucristo, nasa inyo ang bawat pag-asa at pangako at muling pagtiyak. May kapangyarihan ang Panginoon sa kanyang mga Banal at lagi siyang maghahanda ng mga lugar ng kapayapaan, tanggulan, at kaligtasan para sa kanyang mga tao. Kapag sumampalataya tayo sa Diyos makakaasa tayo na bubuti pa ang mundo—para sa atin mismo, at para sa buong sangkatauhan. Itinuro ng propetang si Eter noong araw (at may alam siya tungkol sa mga kaguluhan): "Kaya nga, sinuman ang maniniwala sa Diyos ay maaaring umasa nang may katiyakan para sa isang daigdig na higit na mainam, oo, maging isang lugar sa kanang kamay ng Diyos, kung aling pag-asa ay bunga ng pananampalataya, na gumagawa ng isang daungan sa mga kaluluwa ng tao, na siyang magbibigay sa kanila ng katiyakan at katatagan, nananagana sa tuwina sa mabubuting gawa, inaakay na purihin ang Diyos." (Eter 12:4.)

Ang mga disipulo ni Cristo sa bawat henerasyon ay inaanyayahan, at talagang inuutusan, na mapuspos ng ganap na kaliwanagan ng pag-asa. (Tingnan sa 2 Nephi 31:20.)

### *Hangaring iwaksi ang takot*

. . . Kung ang ating pananampalataya at pag-asa ay nakaangkla kay Cristo, sa kanyang mga turo, utos, at pangako, nakakaasa tayo sa isang bagay na talagang kahanga-hanga, tunay na mahimala, na makakahawi sa Dagat na Pula at aakay sa makabagong Israel tungo sa isang lugar "kung saan may kapayapaan." (*Mga Himno,* 2001, blg. 23.) Ang takot, na maaaring dumating sa mga tao sa mahihirap na panahon, ay isang pangunahing sandata sa mga paraang gamit ni Satanas para gawing malungkot ang sangkatauhan. Siya na natatakot ay nawawalan ng lakas sa labanan ng buhay sa paglaban sa kasamaan. Samakatwid laging sinisikap ng kapangyarihan ng demonyo na magkaroon ng takot sa puso ng mga tao. Sa lahat ng panahon, nahaharap na sa takot ang sangkatauhan.

Bilang mga anak ng Diyos at mga inapo nina Abraham, Isaac, at Jacob, kailangan nating hangaring iwaksi ang takot sa mga tao. Ang mahiyain at takot na mga tao ay hindi magagampanang mabuti ang kanilang gawain, at ni hindi nila magagawa ang gawain ng Diyos. Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay may isasakatuparang banal na misyon na hindi dapat mapawi ng takot at pag-aalala.

Sinabi ito ng isang Apostol ng Panginoon noong araw: "Ang susi sa pagdaig sa takot ay naibigay na sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. 'Kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot.' (D at T 38:30.) Ang banal na mensaheng iyan ay kailangang ulitin ngayon sa bawat stake at ward." (Elder John A. Widtsoe, sa Conference Report, Abr. 1942, p. 33.)

Handa ba tayong pasakop sa mga utos ng Diyos? Handa ba tayong pagtagumpayan ang ating mga gana o pita? Handa ba tayong sundin ang matwid na batas? Kung tapat nating masasagot ng oo ang mga tanong na ito, maaari nating iwaksi ang takot sa ating buhay. Tunay na ang laki ng takot sa ating puso ay masusukat sa paghahanda nating mamuhay nang matwid—na namumuhay sa paraang nararapat sa bawat Banal sa mga Huling Araw sa bawat edad at pagkakataon.

### *Ang pribilehiyo, karangalan, at responsibilidad ng pamumuhay sa mga huling araw*

Hayaan ninyong magtapos ako sa isa sa pinakadakilang mga pahayag na nabasa ko mula kay Propetang Joseph Smith, na naharap

sa napakatitinding hirap sa kanyang buhay at, mangyari pa, namatay kapalit ng kanyang tagumpay. Ngunit siya *ay* nagtagumpay, at siya ay isang taong masaya, malusog, at may magandang pananaw. Nadama ng mga nakakakilala sa kanya ang kanyang lakas at tapang, maging sa pinakamahihirap na sandali. Hindi siya pinanghinaan ng espiritu, o nanatiling walang pag-asa nang matagal.

Sinabi niya tungkol sa ating panahon—sa inyo at sa akin—na ang ating panahon ang sandaling "binigyang-diin ng mga propeta, saserdote at hari [noong mga unang panahon] nang may kakaibang galak; inasam nila [lahat ng sinaunang mga saksing ito ng Diyos] nang may galak ang ating panahon; at sa alab ng makalangit at masayang pag-asam sila ay umawit at sumulat at nagpropesiya tungkol sa ating panahon; . . . tayo ang mga taong hinirang ng Diyos upang isakatuparan ang kaluwalhatian sa mga Huling Araw" [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith,* 215–16].

Kaylaking pribilehiyo! Kaylaking karangalan! Kaylaking responsibilidad! At kaylaking kagalakan! Nasa atin ang lahat ng dahilan ngayon at magpasawalang-hanggan para magalak at magpasalamat sa kalidad ng ating buhay at sa mga pangakong ibinigay sa atin.[9]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Paano makakatulong sa atin ang malaman na ang paghihirap ay bahagi ng plano ng Diyos para sa ating walang-hanggang pag-unlad? (Tingnan sa bahagi 1.) Sa palagay ninyo bakit mahalagang bahagi ng mortalidad ang paghihirap?
- Repasuhin ang mga turo ni Pangulong Hunter sa bahagi 2 tungkol sa ilang layunin ng paghihirap. Paano ninyo nakita na ang paghihirap ay para sa ating kapakinabangan? Paano natin matitingnan ang paghihirap ayon sa walang-hanggang pananaw ng Panginoon?
- Ayon sa turo ni Pangulong Hunter, bakit tayo may dahilan para maging masaya at magkaroon ng magandang pananaw kahit sa mahihirap na panahon? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano tayo lalong magkakaroon ng magandang pananaw sa gayong mga sandali? Ano ang ilang pagpapalang patuloy nating natatanggap kahit sa pinakamatitinding paghihirap sa buhay?

- Paano natin tatanggapin ang paanyaya ng Tagapagligtas na hayaan Siyang pasanin at pagaanin ang ating mga pasanin sa buhay? (Tingnan sa bahagi 4.) Ano ang ibig sabihin ng pasanin natin ang Kanyang pamatok? Paano ka natulungan ng Tagapagligtas sa mahihirap na sandali?
- Itinuro ni Pangulong Hunter na ang takot sa mga kapighatian ng mga huling araw ay hindi nagmumula sa Diyos (tingnan sa bahagi 5). Paano nakakasama ang mamuhay sa takot? Paano tayo mamumuhay nang may pag-asa at pananampalataya sa halip na sa takot?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Juan 14:27; 16:33; Mga Hebreo 4:14–16; 5:8–9; 1 Nephi 1:20; Alma 36:3; D at T 58:2–4; 101:4–5; 121:7–8; 122:7–9

*Tulong sa Pag-aaral*

"Natuklasan ng marami na ang pinakamagandang oras para mag-aral ay sa umaga matapos magpahinga sa gabi. . . . Ang iba ay mas gustong mag-aral sa tahimik na mga oras pagkatapos ng gawain at mga problema sa maghapon. . . . Marahil ang mas mahalaga kaysa sa oras sa maghapon ay ang magtakda ng regular na oras para mag-aral" (Howard W. Hunter, "Reading the Scriptures," *Ensign,* Nob. 1979, 64).

## *Mga Tala*

1. "God Will Have a Tried People," *Ensign,* Mayo 1980, 24.
2. "Come unto Me," *Ensign,* Nob. 1990, 17–18.
3. "The Opening and Closing of Doors," *Ensign,* Nob. 1987, 54, 59.
4. "God Will Have a Tried People," 25–26.
5. "An Anchor to the Souls of Men," *Ensign,* Okt. 1993, 71.
6. "The Opening and Closing of Doors," 59–60.
7. "An Anchor to the Souls of Men," 70.
8. "Come unto Me," 17–18.
9. "An Anchor to the Souls of Men," 71–73.



*"Nangako ang Panginoon na kung tayo ay magpapakumbaba sa . . . mga oras ng pangangailangan at hihingi ng tulong sa kanya, tayo ay 'maaaring gawing malakas, at pagpalain mula sa kaitaasan' " (D at T 1:28).*

# Tulong mula sa Itaas

*"Marahil walang pangakong higit na nagbibigay ng katiyakan maliban sa pangako ng banal na tulong at espirituwal na patnubay sa oras ng pangangailangan."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Natutong manalangin si Howard W. Hunter noong bata pa siya. "Tinuruan ako ng nanay ko na manalangin at pasalamatan ang Ama sa Langit sa lahat ng bagay na natamasa ko," sabi niya. "Madalas ko Siyang pasalamatan sa kagandahan ng daigdig at sa masasayang sandali ko sa rantso at sa tabing-ilog at sa piling ng mga Scout. Natuto rin akong humiling sa Kanya ng mga bagay na gusto o kailangan ko. . . . Alam ko na ako ay minahal at pinakinggan ng Diyos."[1]

Sa buong buhay niya, panalangin ang pinagkunan ni Pangulong Hunter ng banal na tulong, at tinuruan niya ang iba na gayon din ang gawin. Halimbawa, noong bishop pa siya, isang lalaki sa kanyang ward ang nagpahayag ng matinding galit sa isa pang lalaki. Nakita sa payo ni Pangulong Hunter ang kanyang patotoo sa tulong na dumarating sa pamamagitan ng panalangin:

"Sinabi ko sa kanya, 'Kapatid, kung uuwi ka at ipagdarasal mo siya tuwing umaga at gabi, magkita tayo sa ganito ring oras pagkaraan ng dalawang linggo at saka tayo magpasiya kung ano ang dapat gawin.'"

Matapos sundin ang payong ito, bumalik ang lalaki at mapagpakumbabang sinabi tungkol sa lalaking iyon, "Kailangan niya ng tulong."

"Handa ka bang tulungan siya?" tanong ni Pangulong Hunter.

"Opo naman," sabi ng lalaki.

"Lahat ng lason at lahat ng galit ay nawala na," paggunita kalaunan ni Pangulong Hunter. "Ganito ang mangyayari kapag ipinagdarasal natin ang isa't isa."[2]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Nangako ang Ama sa Langit na tutulungan tayo at papatnubayan sa mga oras ng pangangailangan.

Lahat tayo ay may mga panahon sa ating buhay na kailangan natin ng tulong ng langit sa espesyal at agarang paraan. Lahat tayo ay may mga sandali ng panghihina dahil sa mga sitwasyon o nalilito sa payo sa atin ng iba, at nadarama natin na kailangan tayong makatanggap ng espirituwal na patnubay, na kailangan nating mahanap ang tamang landas at gawin ang tama. Sa panimula ng banal na kasulatan sa dispensasyong ito sa mga huling araw, nangako ang Panginoon na kung tayo ay magpapakumbaba sa mga oras na iyon ng pangangailangan at hihingi tayo ng tulong sa kanya, tayo ay "maaaring gawing malakas, at pagpalain mula sa kaitaasan, at tumanggap ng kaalaman sa pana-panahon." (D at T 1:28.) Mapapasaatin ang tulong na iyan kung hahangarin lang natin ito, magtitiwala rito, at susundin ang tinawag ni Haring Benjamin, sa Aklat ni Mormon, na mga "panghihikayat ng Banal na Espiritu." (Mosias 3:19.)

Marahil walang pangakong higit na nagbibigay ng katiyakan maliban sa pangako ng banal na tulong at espirituwal na patnubay sa mga oras ng pangangailangan. Ito ay isang kaloob na malayang ibinigay ng langit, isang kaloob na kailangan natin mula sa ating pagkabata hanggang sa mga huling sandali ng ating buhay. . . .

Sa ebanghelyo ni Jesucristo, may tulong sa atin mula sa kaitaasan. "Magalak," sabi ng Panginoon, "sapagkat akin kayong aakayin." (D at T 78:18.) "Ipagkakaloob ko sa iyo ang aking Espiritu, na siyang magbibigay-liwanag sa iyong isipan, na siyang magpupuspos sa iyong kaluluwa ng kagalakan." (D at T 11:13.)

Pinatototohanan ko ang kabanalan ni Jesucristo. Talagang ang Diyos ay buhay at ibinabahagi sa atin ang kanyang Espiritu. Sa pagharap sa mga problema at pagtugon sa mga tungkulin sa buhay, nawa'y makamit nating lahat ang kaloob na iyon mula sa Diyos, na ating Ama, at masumpungan natin ang espirituwal na kagalakan.[3]

## 2

## Gaya ni Joseph Smith, maaari tayong bumaling sa mga banal na kasulatan at sa panalangin para maturuan mula sa kaitaasan.

Ang batang propetang si Joseph Smith . . . ay hinangad na malaman ang isipan at kalooban ng Panginoon sa panahon ng kalituhan at pag-aalala sa kanyang buhay. . . . Ang lugar malapit sa Palmyra, New York, ay naging isang lugar ng "kakaibang kaguluhan sa paksa ng relihiyon" noong kabataan ni Joseph. Katunayan, ang buong distrito sa tingin niya ay tila naapektuhan nito, na "maraming tao," pagsulat niya, ang nagpangkat-pangkat sa iba't ibang relihiyon at lumikha ng malaking "kaguluhan at pagkakahati" sa mga tao [Joseph Smith—Kasaysayan 1:5].

Para sa isang batang katutuntong pa lang sa edad na labing-apat, ang kanyang paghahanap sa katotohanan ay lalo pang humirap at nakalito dahil ang mga miyembro ng pamilya Smith ay nagkaiba-iba ng sinapiang relihiyon noong panahong iyon.

Ngayon, sa pamilyar na kapaligiran at tagpong iyon, inaanyayahan ko kayong pag-isipan ang pambihirang mga kaisipan at damdaming ito ng isang batang lalaki na napakamura ng edad. Isinulat niya:

"Sa panahong ito ng malaking kaguluhan, ang aking pag-iisip ay natawag sa matamang pagmumuni-muni at malaking pagkabahala; subalit, bagaman ang aking mga damdamin ay matindi at kadalasan ay masidhi, gayon man nanatili akong malayo sa mga pangkat na ito . . . ; napakalaki ng kaguluhan at sigalutan ng iba't ibang sekta, na hindi maaari para sa isang tao na kasimbata ko, at walang kabatiran sa mga tao at bagay-bagay, na makarating sa anumang tiyak na pagpapasiya kung sino ang tama at kung sino ang mali.

"Kung minsan ang aking isipan ay labis na naguguluhan, ang sigawan at pag-iingay ay napakalakas at walang humpay. . . .

"Sa gitna nitong labanan ng mga salita at ingay ng mga haka-haka, madalas kong sabihin sa aking sarili: Ano ang nararapat gawin? Sino sa lahat ng pangkat na ito ang tama; o, lahat ba sila ay pare-parehong mali? Kung mayroon mang isang tama sa kanila, alin ito, at paano ko ito malalaman?



*Maaari nating tularan ang halimbawa ni Joseph Smith sa paghahangad ng karunungan mula sa Diyos.*

Habang ako ay naghihirap sa ilalim ng masisidhing suliranin sanhi ng pagtutunggalian ng mga pangkat na ito ng mga relihiyoso, isang araw ako ay nagbabasa ng Sulat ni Santiago, unang kabanata at ikalimang talata, na mababasang: *Kung nagkukulang ng karunungan ang sinuman sa inyo, ay humingi sa Diyos, na nagbibigay nang sagana sa lahat, at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kanya.*

"Wala sa alinmang sipi sa banal na kasulatan ang nakapukaw nang may higit na kapangyarihan sa puso ng tao kaysa sa nagawa nito sa akin sa oras na ito. Tila pumasok ito nang may malakas na kapangyarihan sa bawat himaymay ng aking puso. Paulit-ulit kong pinagmuni-muni ito, nalalaman na kung may tao mang nangangailangan ng karunungan mula sa Diyos, ako yaon; na kung paano kikilos ay hindi ko alam, at maliban na kung makakukuha ako ng higit na karunungan kaysa sa aking taglay na, hindi ko kailanman malalaman" [Joseph Smith—Kasaysayan 1:8–12].

Mangyari pa, ang sumunod na nangyari ay nagpabago sa kasaysayan ng tao. Determinadong "humingi sa Dios," nagtungo ang batang si Joseph sa kakahuyan malapit sa kanyang tahanan sa lalawigan. Doon, bilang sagot sa kanyang taimtim na panalangin, dinalaw ng Amang Walang Hanggan at ng Kanyang Anak na si Jesucristo si Joseph at pinayuhan ito. Sinagot ng dakilang pagpapamalas na iyon, na mapagpakumbaba kong pinatototohanan, ang marami pang tanong

para sa ating dispensasyon at hindi lamang kung aling simbahan ang dapat o hindi dapat sapian ng batang si Joseph.

Ngunit ang layunin ko . . . ay hindi para idetalye ang mga unang sandali ng Panunumbalik, bagama't isa ito sa pinakasagradong mga kuwento sa mga banal na kasulatan. Sa halip, nais ko lamang bigyang-diin ang kahanga-hangang antas ng espirituwalidad na ipinamalas ng napakabata at hindi nakapag-aral na lalaking ito.

Ilan sa atin, sa edad na labing-apat o anumang edad, ang makapag-iisip nang malinaw at kalmado habang napakaraming puwersang nanghihikayat at nagtutulak sa atin, lalo na tungkol sa napakahalagang paksa ukol sa ating walang-hanggang kaligtasan? Ilan sa atin ang makakatiis sa pagtatalo ng kalooban na maaaring sanhi ng magkaibang paniniwala ng mga magulang ukol sa relihiyon? Ilan sa atin, sa edad na labing-apat o limampu, ang magsasaliksik sa ating kalooban at sa banal na kasulatan upang mahanap ang mga sagot sa tinawag ni Apostol Pablo na "malalalim na mga bagay ng Dios"? (I Cor. 2:10.)

Kahanga-hanga talaga . . . na babaling nang husto ang batang ito sa mga banal na kasulatan at pagkatapos ay personal na mananalangin, ang dalawang pinakamalaking mapagkukunan marahil ng espirituwal na kabatiran at espirituwal na pahiwatig na matatanggap ng sangkatauhan. Tiyak na nahati ang kalooban niya sa magkakaibang opinyon, ngunit determinado siyang gawin ang tama at hanapin ang tamang landas. Naniwala siya, tulad natin na kailangang maniwala, na siya ay maaaring turuan at pagpalain mula sa kaitaasan, tulad ng nangyari sa kanya.

Ngunit, masasabi natin, si Joseph Smith ay isang napaka-espesyal na tao, at iba ang sitwasyon niya. Paano naman tayo ngayon na maaaring mas matanda na—mas matanda kahit man lang sa labing-apat na taong gulang—at hindi nakatadhanang magbukas ng isang dispensasyon ng ebanghelyo? Kailangan din nating gumawa ng mga desisyon at alisin ang pagkalito at mahiwatigan ang katotohanan sa lahat ng paksang nakakaapekto sa ating buhay. Ang mundo ay puno ng gayon kahihirap na desisyon, at kung minsan kapag naharap tayo sa mga ito, maaari nating maramdaman ang ating edad o mga kahinaan.

Maaari nating madama kung minsan na humina na ang ating espirituwalidad. Sa ilang matitinding pagsubok, maaari pa nating

madama na nalimutan na tayo ng Diyos, na pinabayaan niya tayong mag-isa sa gitna ng ating kaguluhan at pag-aalala. Ngunit ang damdaming iyon ay hindi dapat madama ng mga nakatatanda ni ng nakababata man at walang-gaanong karanasan. Kilala at mahal tayong lahat ng Diyos. Tayo, bawat isa sa atin, ay Kanyang mga anak, at anuman ang ibunga sa atin ng mga aral sa buhay, totoo pa rin ang pangako: "Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya." (Santiago 1:5.)[4]

3

**Ang panalangin ay isang paraan para tumanggap ng espirituwal na kaalaman at patnubay.**

Ang kaalaman at karunungan ng daigdig at lahat ng bagay na temporal ay dumarating sa atin sa pamamagitan ng ating pisikal na mga pandamdam sa makamundo at temporal na mga paraan. Nakakahipo tayo, nakakakita tayo, nakakarinig at nakakalasa at nakakaamoy at natututo tayo. Gayunman, ang espirituwal na kaalaman, tulad ng sabi ni Pablo, ay dumarating sa atin sa espirituwal na paraan mula sa espirituwal na pinagmumulan nito. Sabi pa ni Pablo:

"Nguni't ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu." (I Cor. 2:14.)

Natuklasan natin, at nalalaman, na ang tanging paraan para magtamo ng espirituwal na kaalaman ay lumapit sa ating Ama sa Langit sa pamamagitan ng Banal na Espiritu sa pangalan ni Jesucristo. Kapag ginagawa natin ito, at kung tayo ay espirituwal na handa, nakikita natin ang mga bagay na hindi pa nakita ng ating mga mata, at naririnig natin ang mga bagay na maaaring hindi pa natin narinig noon—"mga bagay na inihanda ng Dios," ayon sa mga salita ni Pablo. (I Cor. 2:9.) Ang mga bagay na ito ay natatanggap natin sa pamamagitan ng Espiritu.

Naniniwala kami, at nagpapatotoo sa mundo, na ang pakikipagugnayan sa ating Ama sa Langit at patnubay ng Panginoon ay makakamit ngayon. Pinatototohanan namin na nangungusap ang Diyos sa tao tulad ng ginawa niya noong panahon ng Tagapagligtas at panahon ng Lumang Tipan.[5]

## 4

**Maaari tayong manalangin sa tuwina, hindi lang sa sandali ng kawalan ng pag-asa.**

Tila iminumungkahi ng ating makabagong panahon na ang katapatan sa panalangin at pagpipitagan sa kabanalan ay hindi makatwiran o hindi kanais-nais, o pareho. Magkagayunman, ang nag-aalinlangang mga tao na itinuturing ang kanilang sarili na "makabago" ay kailangan ng panalangin. Mapanganib na mga sandali, malaking responsibilidad, matinding pag-aalala, napakatinding dalamhati—ang mga hamong ito na nagwawaksi ng dati nating pagkakampante at mga karaniwang gawain ay ilalabas ang ating likas na pag-uugali. Kung hahayaan natin ang mga ito, gagawin tayo nitong mapagpakumbaba, malambot ang puso, at ibabaling tayo sa magalang na panalangin.

Kung ang panalangin ay paminsan-minsang paghingi lamang ng tulong, lubos itong makasarili, at iniisip natin na ang Diyos ay isang tagakumpuni o ahensya ng serbisyo para tulungan lamang tayo sa ating mahihigpit na pangangailangan. Dapat nating alalahanin ang Kataas-taasan araw at gabi—palagi—hindi lamang sa mga sandali na hindi nakatulong ang iba at kailangang-kailangan natin ng tulong. Kung may anumang sangkap sa buhay ng tao na nakatala na mahimalang nagtagumpay at napakahalaga sa kaluluwa ng tao, ito ay ang mapanalangin, mapitagan, at taimtim na pakikipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit.

"Pakinggan mo ang aking mga salita, Oh Panginoon, pakundanganan mo ang aking pagbubulay-bulay," pagsamo ng Mang-aawit.

"Dinggin mo ang tinig ng aking daing, Hari ko, at Dios ko; sapagka't sa iyo'y dumadalangin ako.

"Oh Panginoon, sa kinaumagaha'y didinggin mo ang aking tinig; sa kinaumagahan ay aayusin ko ang aking dalangin sa iyo, at [titingala] ako." (Mga Awit 5:1–3.)

Marahil ang kailangan ng mundong ito, tulad ng iba pang bagay, ay "tumingala" sabi nga ng Mang-aawit—na tumingala kapag tayo'y nagagalak gayundin kapag tayo'y nagdadalamhati, kapag tayo'y sagana gayundin kapag tayo'y nangangailangan. Kailangan ay patuloy



*"Ang panalangin ay pakikipag-ugnayan ng kaluluwa sa Diyos Ama."*

tayong tumingala at kilalanin na ang Diyos ang tagapagbigay ng bawat mabuting bagay at pinagmumulan ng ating kaligtasan. . . .

Maraming lugar sa ating lipunan kung saan naglaho na ang diwa ng panalangin at pagpipitagan at pagsamba. Ang kalalakihan at kababaihan na iba't iba ang katayuan ay matatalas ang isipan, kawiliwili, o matatalino, pero kulang sila ng isang mahalagang elemento ng kumpletong buhay. Hindi sila tumitingala. Hindi sila nag-aalay ng mga panata sa kabutihan [tingnan sa D at T 59:11]. Nakawiwili ang pag-uusap nila, pero hindi sagrado. Nakakatawa ang sinasabi nila, pero hindi matalino. Maging ito man ay sa opisina, sa locker room, o sa laboratoryo, halos wala nang dignidad yaong mga nagpapakita ng sarili nilang limitadong kakayahan at nakadarama na kailangan nilang lapastanganin ang Diyos sa kanilang pananalita.

Nakalulungkot na kung minsa'y nakikita natin ang kawalan ng pagpipitagang ito maging sa loob ng Simbahan. Paminsan-minsan masyado tayong malakas mag-usap, pumapasok at lumalabas tayo ng mga

pulong nang walang paggalang sa dapat sana ay oras ng panalangin at nagpapadalisay na pagsamba. Pagpipitagan ang kapaligiran ng langit. Ang panalangin ay pakikipag-ugnayan ng kaluluwa sa Diyos Ama. Makabubuti na maging higit tayong katulad ng ating Ama sa pamamagitan ng pagtingala sa kanya, sa pag-alaala sa kanya sa tuwina, at sa pagmamasalakit nang husto sa kanyang mundo at sa kanyang gawain.[6]

5

## Nagkakaroon tayo ng kakayahang tumanggap ng espirituwal na kaalaman kapag nag-ukol tayo ng panahong magnilay-nilay, mag-isip-isip, at manalangin.

Ang pagiging espirituwal at pamumuhay alinsunod sa pinakamataas na mga impluwensya ng kabanalan ay hindi madali. Kailangan dito ang panahon at madalas ay may pagpupunyagi. Hindi ito magkakataon lamang, kundi maisasagawa lamang sa pamamagitan ng kusang pagsisikap at pagtawag sa Diyos at pagtupad sa kanyang mga utos. . . .

Naibigay na sa atin ni Propetang Joseph Smith . . . ang marahil ay pinakamalinaw na pahayag sa lahat tungkol sa pangangailangang maging espirituwal at sa panahon at tiyagang kailangan nating tanggapin na bahagi ng proseso. Sabi [niya]: "Tinatanggap natin na nilikha ng Diyos ang tao na may isipang maaaring turuan, katalinuhang maaaring paunlarin ayon sa pagtalima at kasigasigang ibinigay sa kaliwanagang ipinararating ng langit sa isipan; at habang papalapit sa pagiging sakdal ang isang tao, higit na lumilinaw ang kanyang mga pananaw, at higit siyang nasisiyahan, hanggang sa madaig niya ang mga kasamaan sa kanyang buhay at mawala ang lahat ng hangaring magkasala; at tulad ng mga tao noong unang panahon, ay sumasapit ang kanyang pananampalataya sa puntong siya ay nababalot sa kapangyarihan at kaluwalhatian ng kanyang Lumikha, at umaakyat sa langit upang makapiling Siya. Ngunit tinatanggap natin na ito ay isang kalagayang hindi nararating ng sinumang tao sa isang iglap" [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 244].[7]

Kailangan tayong mag-ukol ng panahon na ihanda ang ating isipan para sa mga espirituwal na bagay. Ang pagkakaroon ng espirituwal na kakayahan ay hindi nagmumula sa pagkakaloob ng awtoridad. Kailangan ay may paghahangad, pagsisikap, at personal na paghahanda. Kailangan dito, mangyari pa, ang . . . pag-aayuno,

pagdarasal, pagsasaliksik sa mga banal na kasulatan, karanasan, pagninilay, at pagkagutom at pagkauhaw sa matwid na pamumuhay.

Nakikita ko na makakatulong kung rerepasuhin natin ang mga payong ito mula sa Diyos na Maykapal:

"Kung kayo ay hihingi, kayo ay makatatanggap ng paghahayag sa paghahayag, ng kaalaman sa kaalaman, upang inyong malaman ang mga hiwaga at mapayapang bagay—yaon na nagdadala ng kagalakan, yaon na nagdadala ng buhay na walang hanggan" (D at T 42:61).

"Humingi sa Ama sa aking pangalan, nang may pananampalataya na naniniwalang kayo ay makatatanggap, at mapapasainyo ang Espiritu Santo, na nagpapahayag ng lahat ng bagay na kinakailangan ng mga anak ng tao" (D at T 18:18).

"Hayaang ang mga kataimtiman ng kawalang-hanggan ay manatili sa inyong mga isipan"(D at T 43:34).

"Papagyamanin sa inyong mga isipan tuwina ang mga salita ng buhay, at ibibigay ito sa inyo sa oras na iyon yaong bahagi na nararapat ipagkaloob sa bawat tao" (D at T 84:85).

"Masigasig na maghanap, manalangin tuwina, at maging mapanampalataya, at lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa inyong ikabubuti, kung kayo ay lalakad nang matwid at tandaan ang tipan na inyong ipinakipagtipan sa isa't isa" (D at T 90:24).

"Ang Diyos ay magbibigay sa iyo ng kaalaman sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu, oo, sa pamamagitan ng hindi masambit na kaloob na Espiritu Santo" (D at T 121:26).

Ito ay mga pangakong tiyak na tutuparin ng Panginoon kung ihahanda natin ang ating sarili.

Mag-ukol ng oras na magnilay-nilay, mag-isip-isip, at manalangin tungkol sa mga bagay na espirituwal.[8]

**6**

## Tutulungan tayo ng Diyos na espirituwal na umunlad sa paisa-isang hakbang.

Bahagi ng ating mga paghihirap habang sinisikap nating maging espirituwal ang pakiramdam na napakaraming kailangang gawin at parang hindi natin kaya ito. Ang pagiging perpekto ay malayo pang

makamtan ng bawat isa sa atin; ngunit maaari nating gamitin ang ating mga kalakasan, magsimula kung saan tayo naroon sa ngayon, at hangarin ang kaligayahang matatagpuan sa paghahangad sa mga bagay ng Diyos. Dapat nating alalahanin ang payo ng Panginoon:

"Dahil dito, huwag mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain. At mula sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila.

"Masdan, hinihingi ng Panginoon ang puso at may pagkukusang isipan; at ang may pagkukusa at ang masunurin ay kakainin ang taba ng lupain ng Sion sa mga huling araw na ito." (D at T 64:33-34.)

Noon pa man ay nahihikayat na ako sa sinabi ng Panginoon na ang, "may pagkukusa at ang masunurin [ang kakain ng] taba ng lupain ng Sion sa mga huling araw na ito." Lahat tayo ay maaaring magkusa at maging masunurin. Kung sinabi na ng Panginoon na ang perpekto ang kakain ng taba ng lupain ng Sion sa mga huling araw na ito, palagay ko ang ilan sa atin ay panghihinaan ng loob at susuko. . . .

Ito ang lugar para magsimula. Ngayon ang panahon para magsimula. Kailangan lang nating kumilos nang paisa-isang hakbang. Ang Diyos, na "nagplano ng paraan para tayo lumigaya," ay aakayin tayo na parang maliliit na bata, at sa gayong paraan ay magiging perpekto tayo.

Wala pang sinuman sa atin na naging perpekto o nakamit ang rurok ng espirituwal na paglago na posibleng makamit sa mortalidad. Bawat tao ay maaari at kailangang magkaroon ng espirituwal na pag-unlad. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ang banal na plano para sa walang-hanggang espirituwal na pag-unlad na iyon. Higit pa ito sa isang alituntunin ng pag-uugali. Higit pa ito sa isang ulirang kaayusan ng lipunan. Higit pa ito sa positibong pag-iisip tungkol sa pagpapaunlad ng sarili at determinasyon. Ang ebanghelyo ang nakapagliligtas na kapangyarihan ng Panginoong Jesucristo kasama ang kanyang priesthood at espirituwal na pangangalaga at Banal na Espiritu. Sa pagsampalataya sa Panginoong Jesucristo at pagsunod sa Kanyang ebanghelyo, sa unti-unting pagpapakabuti sa ating buhay, sa pagsamo na mapalakas, sa pagpapabuti ng ating mga saloobin at ambisyon, matatagpuan nating nagtagumpay tayo na mapabilang sa kawan ng Mabuting Pastol. Kailangan diyan ang disiplina at pagsasanay at pagsisikap at lakas. Ngunit sabi nga ni Apostol Pablo,

"Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan ni Cristo na nagpapalakas sa akin." (Fil. 4:13.)

Ganito ang pangako sa isang makabagong paghahayag: "Magtiwala ka sa Espiritung yaon na nag-aakay sa paggawa ng mabuti—oo, ang gumawa ng makatarungan, lumakad nang may pagpapakumbaba, maghatol nang matwid; at ito ang aking Espiritu.

"Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, ipagkakaloob ko sa iyo ang aking Espiritu, na siyang magbibigay-liwanag sa iyong isipan, na siyang magpupuspos sa iyong kaluluwa ng kagalakan;

"At pagkatapos ay iyong malalaman, o sa pamamagitan nito ay iyong malalaman, ang lahat ng bagay anuman ang naisin mo sa akin, na nauukol sa mga bagay ng kabutihan, nang may pananampalataya na naniniwala sa akin na ikaw ay makatatanggap." (D at T 11:12–14.)[9]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Matapos basahin ang bahagi 1, isipin ang mga pagkakataon na nangailangan ka ng tulong ng langit. Paano napagpala ng pangako ng banal na tulong ang iyong buhay sa mga oras ng pangangailangan?
- Sa bahagi 2, ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ni Joseph Smith na makakatulong sa atin kapag nalilito tayo? Paano tayo magiging mas sensitibo sa espirituwal na gaya ni Joseph?
- Pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Hunter kung paano tayo tumatanggap ng espirituwal na kaalaman (tingnan sa bahagi 3). Paano natin madaragdagan ang ating hangarin at kakayahang magtamo ng espirituwal na kaalaman? Ano ang ilang paraan na natulungan ka ng espirituwal na kaalaman?
- Ano ang mga panganib ng pagturing sa Diyos bilang "isang tagakumpuni o ahensya ng serbisyo para tulungan lamang tayo sa ating mahihigpit na pangangailangan"? (Tingnan sa bahagi 4.) Paano naging pagpapala sa iyo ang panalangin?
- Sa bahagi 5, itinuro sa atin ni Pangulong Hunter kung paano magkaroon ng espirituwalidad. Bakit kailangan ang pagsisikap para magkaroon ng espirituwal na lakas? Ano ang matututuhan

natin mula sa mga banal na kasulatan na binanggit ni Pangulong Hunter sa bahaging ito?

- Repasuhin ang mga turo ni Pangulong Hunter sa bahagi 6 tungkol sa espirituwal na pag-unlad. Paano naging paisa-isang hakbang na proseso ang espirituwal na paglago para sa iyo? Paano makakatulong ang payo ni Pangulong Hunter sa bahaging ito kung pakiramdam mo ay nagkukulang ka sa iyong espirituwal na paglago?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mga Awit 25:5; Mga Kawikaan 3:6; 2 Nephi 32:8–9; Alma 5:46; 34:17–27; 37:36–37; D at T 8:2–3; 88:63; 112:10; Joseph Smith—Kasaysayan 1:13–17

*Tulong sa Pagtuturo*

Anyayahan ang mga miyembro ng klase na saliksikin ang kabanata, na hinahanap ang mga pangungusap o talata na mahalaga sa kanila. Hilingin sa kanila na ibahagi ang mga pangungusap o talatang ito at ipaliwanag kung bakit makahulugan ang mga ito.

## *Mga Tala*

1. Sa Kellene Ricks, “Friend to Friend: From an Interview with Howard W. Hunter, President of the Quorum of the Twelve Apostles,” *Friend,* Abr. 1990, 6.
2. *The Teachings of Howard W. Hunter,* ed. ni Clyde J. Williams (1997), 39-40.
3. “Blessed from on High,” *Ensign,* Nob. 1988, 59, 61.
4. “Blessed from on High,” 59–60.
5. “Conference Time,” *Ensign,* Nob. 1981, 13.
6. “Hallowed Be Thy Name,” *Ensign,* Nob. 1977, 52–53.
7. “Developing Spirituality,” *Ensign,* Mayo 1979, 25.
8. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 36–37.
9. “Developing Spirituality,” 25–26.



*"Si Joseph Smith ay hindi lamang isang dakilang tao, kundi isang inspiradong lingkod ng Panginoon, isang propeta ng Diyos."*

# Joseph Smith: Propeta ng Panunumbalik

*"Taimtim kong pinatototohanan na si Propetang Joseph Smith ay hinirang na lingkod ng Panginoon sa mga huling araw na ito."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Si Nancy Nowell, na isa sa mga kalola-lolahan ni Howard W. Hunter sa panig ng kanyang ama, ay lumipat sa Lapeer, Michigan, noong kalagitnaan ng 1830s. Noong 1842 isang missionary ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang dumating sa Lapeer mula sa Nauvoo, Illinois. Nakinig si Nancy sa kanyang mensahe, ipinagdasal niya ito, at tumanggap ng patotoo na katotohanan ang itinuturo ng missionary. Nagpunta siya sa Nauvoo para alamin ang iba pa tungkol sa Simbahan, at itinala niya sa kanyang journal ang kanyang karanasan:

"Lumabas ako para makinig sa mangangaral na Mormon [na si Joseph Smith] nang may malaking pag-iingat, at pag-asang hindi malinlang. Ang kanyang paksa ay ang ikalawang pagparito ni Cristo. Nagkaroon ako ng patotoo na katotohanan ang sinasabi niya, at na si Joseph Smith ay isang tunay na propeta, na tinawag at inorden ng Diyos para gawin ang isang dakilang gawain, dahil inilabas niya ang katotohanan ayon sa pagkaturo dito ni Jesucristo. Hiniling kong mabinyagan ako."[1]

Gaya ng kanyang kalola-lolahang si Nancy Nowell, si Howard W. Hunter ay nagkaroon ng patotoo tungkol sa misyon ni Joseph Smith bilang propeta. Tatlong linggo pagkatapos maging Pangulo ng Simbahan, naglakbay siya papuntang Nauvoo upang gunitain ang ika-150 taong anibersaryo ng pagiging martir nina Joseph at Hyrum Smith. Sa isang pulong na ginanap sa kinatatayuan ng Nauvoo Temple, sinabi ni Pangulong Hunter:

"Ang responsibilidad na nadarama ko para sa gawaing pinasimulan ni Propetang Joseph ay pinupuspos ako ng determinasyong gawin ang lahat ng makakaya ko sa oras at panahong ibinigay sa akin. Tiyak na si Joseph ay tapat at totoo sa kanyang oras at panahon! . . . Taimtim kong pinatototohanan na si Propetang Joseph Smith ang hinirang na lingkod ng Panginoon sa mga huling araw na ito. Sa kanyang patotoo sa kabanalan at katunayan ni Jesucristo idinaragdag ko ang sarili kong patotoo."[2]

Kalaunan nang araw na iyon, sa isang pulong na ginanap sa tabi ng Carthage Jail, nagpatotoo si Pangulong Hunter, "Si Joseph Smith, na nagbuwis ng kanyang buhay sa lugar na ito, ang kinasangkapan ng Panginoon upang ipanumbalik ang kabuuan ng Kanyang ebanghelyo at awtoridad ng Kanyang priesthood."[3]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith para pasimulan ang Panunumbalik.

Ang ebanghelyo [ay] maraming beses nang naibigay sa mundo sa pamamagitan ng mga propeta, at sa bawat pagkakataon [ito ay] nawala dahil sa pagsuway. Sa taong 1820 nabasag ang katahimikan, at muling nagpakita ang Panginoon sa isang propeta. Ang propetang ito, si Joseph Smith, ay mapapatotohanan ang kanyang sariling tiyak na kaalaman na ang Diyos ay buhay, na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos, isang Nabuhay Mag-uling Nilalang, na hiwalay at bukod sa Ama. Hindi niya pinatotohanan ang pinaniwalaan niya o ang inakala o haka-haka niya o ng iba, kundi ang nalaman niya. Natamo niya ang kaalamang ito dahil personal na nagpakita at nangusap sa kanya ang Diyos Ama at ang Anak.[4]

Inihayag ng Diyos . . . ang kanyang sarili [kay Joseph Smith] bilang isang personal na nilalang. Bukod pa rito, ipinakita ng Ama at ng Anak ang di-maitatatwang katotohanan na sila ay magkahiwalay at magkaibang personahe. Tunay na ang ugnayan ng Ama at ng Anak ay lalong pinagtibay ng banal na pagpapakilala sa batang propeta, "Ito ang Sinisinta Kong Anak. Pakinggan Siya!" [Joseph Smith—Kasaysayan 1:17].[5]

Nang marinig ng mga tao na iginigiit ng batang si Joseph Smith na nagpakita ang Diyos mismo sa bata, nilibak nila siya at tinalikuran, tulad noong panahon ng Kristiyanismo kung kailan tinalikuran ng matatalino at may-kakayahang mga tao sa Athens ang isang taong naglingkod sa kanilang kalipunan. Subalit totoo pa rin na si Pablo, sa naunang karanasang iyon, ang tanging tao sa malaking lunsod na iyon ng karunungan na nakaalam na ang isang tao ay maaaring mamatay at mabuhay na muli. Siya lang ang tao sa Athens na malinaw na nakauunawa sa kaibhan ng pormalidad ng pagsamba sa diyus-diyusan at sa taos-pusong pagsamba sa tanging tunay at buhay na Diyos. [Tingnan sa Mga Gawa 17:19–20, 22–23.][6]

Sinabi ng mga tumanggi sa Tagapagligtas tungkol sa kanya nang pumarito siya sa lupa at nagpahayag na siya ang Anak ng Diyos : "Hindi baga ito ang anak ng anluwagi?" (Mateo 13:55.) Nang ipaalam ni Joseph na nakakita siya ng isang pangitain at nakita niya ang Ama at ang Anak, naitanong ng mga kapitbahay, ministro, at taong-bayan sa kanilang isipan at sa isa't isa na: "Hindi baga ito ang anak ng magsasaka?" Si Cristo ay inusig at pinatay, ngunit panahon ang naging kanyang tagapagtanggol. Tulad sa anak ng anluwagi, gayundin ang nangyari sa anak ng magsasaka.[7]

Si Joseph Smith ay hindi lamang isang dakilang tao, kundi isang inspiradong lingkod ng Panginoon, isang propeta ng Diyos. Ang kanyang kadakilaan ay nakasalalay sa isang bagay—ang katotohanan ng kanyang pahayag na nakita niya ang Ama at ang Anak at na tumugon siya sa katunayan ng banal na pahayag na iyon. . . .

Pinatototohanan ko . . . na ang Ama at ang Anak ay talagang nagpakita kay Propetang Joseph Smith upang pasimulan ang dakilang pagpapalaganap na ito ng gawain sa mga huling araw sa ating panahon.

Nagpapatotoo ako na ang batang propeta, na sa maraming paraan ay nananatiling pinakamalaking himala . . . na naranasan ng simbahang ito, ang buhay na patunay na, sa mga kamay ng Diyos at sa ilalim ng patnubay ng Tagapagligtas ng sangkatauhan, dapat lumabas at durugin ng mahihina at mga simpleng bagay ang mga makapangyarihan at malalakas.[8]

## 2
## Muling itinatag ni Jesucristo ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.

Noong ikaanim ng Abril, 1830, . . . isang grupo ng kalalakihan at kababaihan, na sumunod sa utos ng Diyos, ang nagtipon sa bahay ni Mr. Peter Whitmer [Sr.] upang iorganisa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. . . . Walang isa man sa kanila ang nagkaroon ng espesyal na karunungan o naging mataas na pinuno. Sila ay mararangal na tao at kagalang-galang na mga mamamayan, ngunit halos walang nakakakilala sa kanila maliban sa mga tao sa sarili nilang pamayanan. . . .

Ang mapagpakumbaba at ordinaryong kalalakihang ito ay nagtipon dahil isa sa kanila, si Joseph Smith, Jr., na napakabata pa, ang nagpahayag ng isang napakapambihirang karanasan. Ipinahayag niya sa kanila at sa lahat ng iba pang handang makinig na nakatanggap siya ng masidhi at paulit-ulit na pakikipag-ugnayan mula sa langit, kasama na ang isang hayag na pangitain tungkol sa Diyos Ama at sa kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo. Bunga ng mga karanasang ito sa paghahayag, nailathala ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon, isang talaan ng mga pakikitungo ni Cristo sa mga sinaunang tao na nanirahan sa Amerika. Bukod pa rito, inutusan ng Panginoon ang binatang ito, na dalawampu't apat na taong gulang lamang noon, na muling itatag ang Simbahang umiral noong panahon ng Bagong Tipan at sa ipinanumbalik na kadalisayan nito ay dapat itakdang muli ang pangalan ng punong batong-panulok at walang-hanggang pinuno nito, ang Panginoong Jesucristo mismo.

Sa gayon, mapagpakumbaba ngunit napakahalaga na nabuksan ang unang tagpo sa dakilang kasaysayan ng Simbahan na kalaunan ay aapekto hindi lamang sa henerasyong iyon ng mga tao kundi sa buong sangkatauhan. . . . Abang panimula iyon, oo, ngunit ang sabihing nangusap ang Diyos, na muling inorganisa ang Simbahan ni Cristo at muling pinagtibay ang mga doktrina nito sa banal na paghahayag, ang namumukod na pahayag na ginawa sa mundo simula noong panahon ng Tagapagligtas mismo nang lumakad siya sa mga landas ng Judea at sa mga burol ng Galilea.[9]

Bahagi ng banal na paghahayag [na natanggap ni Joseph Smith] ang tagubilin na muling itatag ang tunay at buhay na Simbahan, na ipinanumbalik sa makabagong panahong ito ayon sa pagkakatatag nito noong panahon mismo ng mortal na ministeryo ng Tagapagligtas. Sinabi ni Propetang Joseph Smith na ang Simbahan ni Jesucristo ay "inorganisa ayon sa mga utos at paghahayag na ibinigay Niya sa amin sa mga huling araw na ito, gayundin ayon sa kaayusan ng Simbahan na nakatala sa Bagong Tipan" [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 161]. . . .

. . . Yaong mga nabinyagan sa Simbahan noong ikaanim ng Abril, 1830, ay naniwala sa pag-iral ng isang personal na Diyos; naniwala sila na ang pagiging totoo niya at ng kanyang Anak na si Jesucristo ang bumubuo sa walang-hanggang pundasyong kinasasaligan ng simbahang ito.[10]

Sa pamamagitan [ni Joseph Smith] at sa sumunod na mga pangyayari, ang priesthood at ang ebanghelyo ay minsan pang ipinanumbalik sa lupa, at hindi na kailanman aalisin [tingnan sa D at T 65:2]. Ang Simbahan ni Cristo, ang kaharian ng Diyos sa lupa, ay muling itinatag at nakatadhana, ayon sa banal na kasulatan, na gumulong at punuin ang buong mundo [tingnan sa Daniel 2:35].[11]

## 3

## Si Joseph Smith ay isang propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Ang pagparito ni Propetang Joseph sa daigdig ang katuparan ng isang propesiyang sinambit ni Jose na ipinagbili sa Egipto maraming siglo na ang lumipas:

"Isang tagakita ang ibabangon ng Panginoon kong Diyos, na magiging piling tagakita sa bunga ng aking balakang. . . . At ang kanyang pangalan ay tatawagin sa pangalan ko; at ito ay isusunod sa pangalan ng kanyang ama" (2 Nephi 3:6, 15).

Ang pangalan ni Joseph Smith, Jr., ay isinunod sa pangalan ni Joseph na sinauna na dinalang bihag sa Egipto, at sa pangalan din ng kanyang amang si Joseph Smith, Sr., kaya natupad ang propesiyang ito. Kilala siya bilang si Propetang Joseph Smith at tinatawag na "Joseph na Tagakita." Madalas siyang tukuyin bilang "propeta, tagakita, at tagapaghayag."



*Ang buhay ni Propetang Joseph Smith ay "ginabayan sa pamamagitan ng paghahayag."*

Ang mga katagang "Propeta" at "Tagakita" at "Tagapaghayag" ay madalas pagpalit-palitin ng gamit at inaakala ng marami na iisa lang ang kahulugan ng mga ito. Gayunman, hindi sila magkakapareho, at ang tatlong katagang ito ay magkakahiwalay at magkakaiba ang kahulugan.

Inilarawan ni [Elder] John A. Widtsoe ang isang propeta bilang isang guro—isang taong nagpapaliwanag ng katotohanan. Siya ay nagtuturo ng katotohanan ayon sa inihayag ng Panginoon sa tao, at sa ilalim ng inspirasyon ay ipinaliwanag ito para maunawaan ng mga tao. Ang salitang "propeta" ay madalas tumukoy sa isang taong tumatanggap ng paghahayag at patnubay mula sa Panginoon. Naisip ng marami na ang propeta ay isang manghuhula ng mga magaganap

at mangyayari sa hinaharap, ngunit isa lamang ito sa maraming tungkulin ng isang propeta. Siya ang tagapagsalita ng Panginoon.

Ang tagakita ay isang taong nakakakita. Hindi nito ibig sabihin na nakakakita siya gamit ang kanyang likas na mga mata kundi gamit ang espirituwal na mga mata. Ang kaloob na makakita ay isang di-pangkaraniwang kaloob. Si Joseph ay katulad ni Moises, ang sinaunang tagakita, at nakita ni Moises ang Diyos nang harapan, ngunit ipinaliwanag niya kung paano niya nakita ang Diyos sa mga salitang ito:

"Subalit ngayon ay namasdan ng sarili kong mga mata ang Diyos; subalit hindi ng aking mga likas na mata, kundi ng aking mga espirituwal na mata, sapagkat ang aking mga likas na mata ay hindi maaaring makamalas; sapagkat ako sana ay naluoy at namatay sa kanyang harapan; subalit ang kanyang kaluwalhatian ay napasaakin; at aking namasdan ang kanyang mukha, sapagkat ako ay nagbagong-anyo sa kanyang harapan" (Moises 1:11).

Hindi natin dapat isipin na ang makakita gamit ang espirituwal na mga mata ay hindi literal na pagkakita. Ang gayong pangitain ay hindi guniguni o likhang-isip. Talagang namamasdan ang bagay ngunit hindi sa pamamagitan ng likas na mga mata. Bawat isa sa atin ay may espirituwal na mga mata na kamukha ng ating likas na mga mata. Nilikha muna ang ating espiritu at pagkatapos ay nilikha ang ating katawan bilang panakip sa ating espiritu. Sinabihan tayo na sa una nating kalagayan ay nabuhay tayo ayon sa ating nakikita. Ito ay sa pamamagitan ng ating espirituwal na mga mata dahil hindi pa tayo nabigyan noon ng katawan na may likas na mga mata. Lahat ng tao ay may espirituwal na paningin ngunit hindi laging may pribilehiyong gamitin ang paninging iyon maliban kung pinasigla sila ng Espiritu ng Panginoon. . . .

Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang ilang tao, na isinugo sa lupa para sa layuning iyon, ay nakikita at namamasdan ang mga bagay na nauukol sa Diyos. Ang tagakita ay isang taong nakakakita at nakakaalam sa mga bagay na nakalipas na, at gayundin ng mga bagay na darating, at sa pamamagitan nito ay ihahayag ang lahat ng bagay (tingnan sa Mosias 8:15–17). Sa madaling salita, siya ay isang taong nakakakita, na namumuhay sa liwanag ng Panginoon gamit ang espirituwal na mga mata at pinasigla ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Sina Moises, Samuel, Isaias,

Ezekiel, at marami pang iba ay mga tagakita, dahil binigyan sila ng pribilehiyong makita nang malapitan ang banal na kaluwalhatian at kapangyarihan na hindi nagagawa ng iba pang mga mortal.

Ang paghahayag ay nagbubunyag ng isang bagay na hindi alam o dati nang alam ng tao at inalis sa kanyang alaala. Ang paghahayag ay palaging tungkol sa katotohanan, at lagi itong dumarating nang may pahintulot ng langit. Ang paghahayag ay natatanggap sa iba't ibang paraan, ngunit lagi nitong ipinapalagay na ang tagapaghayag ay namumuhay at kumikilos ayon o alinsunod sa banal na diwa ng paghahayag, ang espiritu ng katotohanan, at samakatwid ay may kakayahan siyang tumanggap ng mga banal na mensahe.

Bilang pagbubuod masasabi natin na ang propeta ay isang guro ng banal na katotohanan, isang tagakita sa tunay na kahulugan ng salitang ito. Ang pagkakaroon [ni Joseph Smith] ng espirituwal na paningin ay pinasigla nang husto at ginawang espirituwal ng Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng kaloob na ito niya namasdan ang Ama at ang Anak nang pumasok siya sa kakahuyan para manalangin. Kapag sinubaybayan natin ang kanyang buhay at mga gawa mula sa sandaling iyon, makikita natin na hindi siya nagtangkang magpatuloy sa sarili niyang kapangyarihan. Nakaasa siya sa Panginoon at dahil dito ay tumanggap siya ng kanyang tulong at tagubilin. Ang kanyang buhay ay ginabayan sa pamamagitan ng paghahayag.[12]

4

## Purihin s'yang kaniig ni Jehova!

Kapag kinakanta natin ang "Purihin ang Propeta" (*Mga Himno* 2001, blg. 21) tungkol kay Joseph Smith, naaalala natin ang napakaraming bagay na kapuri-puri tungkol sa kanya.

Pinupuri natin siya sa kakayahan niyang makipag-usap hindi lamang kay Jehova kundi maging sa iba pang mga personahe sa langit. Napakaraming dumalaw, nagkaloob ng mga susi, at nagturo doon sa "piling tagakita" na lumaki sa mga huling araw (2 Ne. 3:6–7). Nang basbasan ni Tatay Smith ang batang si Joseph noong 1834, ipinahayag niya na nakita ni Jose na sinauna sa Egipto ang tagakitang ito sa mga huling araw. Nanangis ang sinaunang Jose nang matanto niya kung paano pagpapalain ng gawain ni Propetang Joseph ang napakaraming inapo ng naunang Jose.

Pinupuri din natin si Joseph Smith sa kanyang kasigasigan at kakayahang magsalin at tumanggap ng daan-daang pahina ng inihayag na banal na kasulatan. Siya ang daluyan ng paghahayag. Sa pamamagitan niya, tinataya na mas maraming kagila-gilalas na pahina ng mga banal na kasulatan ang natanggap kaysa sinumang iba pang tao sa kasaysayan.

Pinupuri natin si Joseph hindi lamang sa kakayahan niyang magtiis kundi "[magtiis na] mabuti" (D at T 121:8). Noong bata pa siya, may ginawang masakit na operasyon sa kanyang binti—na kung hindi naoperahan ay hindi niya magagawa kalaunan ang mahirap na paglalakad ng Kampo ng Sion mula Ohio hanggang Missouri. Si Joseph "kalimitan ay naglakad at nakaranas na magpaltos, magdugo at sumakit ang mga paa" [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith,* 335–36]. Gayundin, pinupuri natin siya at si Emma sa pagtitiis sa nakalulungkot na maagang pagkamatay ng anim sa kanilang sariling mga anak at ampon. Ang mga magulang na nawalan ng kahit isang anak lang ay napuspos ng pakikiramay.

Pinupuri natin si Joseph sa kakayahang tiisin ang pang-uusig, pati na ang mahaba at matinding pagkakulong niya sa Liberty Jail. Para sa napakarami, lahat noon ay tila wala nang pag-asa. Gayunman muling tiniyak ng Panginoon ng kalangitan sa nakakulong na si Joseph na "ang mga dulo ng mundo ay magtatanong tungkol sa iyong pangalan" (D at T 122:1). Nabubuhay tayo sa panahon na mas marami ang nagtatanong tungkol kay Joseph Smith at sa ipinanumbalik na ebanghelyo.

Matagal nang natupad ang pangarap ni Joseph na "mahatulan [siya] na kasimbuti" ng sinaunang mga Banal [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith,* 268]. Makakanta na natin ngayon kung paano "[n]akamtan [ni Joseph ang] kanyang kaharian sa piling ng naunang [mga] propeta" (*Mga Himno,* 2001, blg. 21).

Pinupuri natin si Joseph sa pagtitiis ng mapait at paulit-ulit na mga pagkakanulo at kabiguan. Kaya, nagtungo siya sa Carthage na "gaya ng isang kordero sa katayan," "mahinahon gaya ng isang umaga sa tag-araw," at "walang kasalanan sa . . . lahat ng tao" (D at T 135:4). Hindi siya nagpunta sa Carthage na may sama ng loob. Hindi siya nagpunta sa Carthage na nagrereklamo. Kagila-gilalas na kakayahang makapagtiis na mabuti!

Alam ni Joseph kung saan siya nakaharap. Nakaharap siya sa Tagapagligtas na si Jesucristo na pinakinggan niya simula nang unang turuan ng ating Ama sa Langit ang batang si Joseph, na sinasabing, "Ito ang Sinisinta Kong Anak. Pakinggan Siya!" [Joseph Smith—Kasaysayan 1:17].[13]

5

**Ang buhay at misyon ni Propetang Joseph Smith ay tumutulong sa atin na tahakin ang landas tungo sa buhay na walang hanggan.**

Nagpapasalamat ako para sa taong ito, sa kanyang mga turo, sa kanyang mga paghahayag, sa iniwan niya para sa atin, dahil sa pamamagitan niya ipinanumbalik ang ebanghelyo sa lupa. Sa palagay ko wala nang mas magandang kuwento sa buong kasaysayan kaysa sa simple at magiliw na kuwento tungkol sa binatilyong nagpunta sa kakahuyan malapit sa kanyang tahanan, na lumuhod sa panalangin at tumanggap ng mga bisita mula sa langit.

Tingnan natin ngayon ang kanyang buhay at mga gawa. Marami nang nagsaliksik tungkol sa kanyang buhay at mga gawa para makita ang hiwaga kung paano niya naisulat at nailimbag ang mga salita sa aklat, ngunit wala namang hiwaga. . . . Ang naroon ay isang simpleng pananampalataya, ang pananampalataya ng isang batang lalaki na tuturuan tungkol sa mga bagay na nauukol sa Diyos. At sa paglipas ng panahon, ang binatang ito, na hindi naman naging iskolar at hindi nakapag-aral, ay tinuruan ng Panginoon tungkol sa mga bagay na darating.

Ngayon ay nabigyan tayo ng talino at isang isipan. Kailangan lang nating turuan at linangin ito gaya ng tagubilin ng Panginoon kay Joseph at magkaroon ng simpleng pananampalataya tulad niya at maging handang sundin ang mga simpleng tagubilin. Kapag ginawa natin ito at sinundan natin ang landas na gustong ipatahak sa atin [ng Panginoon] at natutuhan natin ang mga aral na gusto Niyang matutuhan natin, makikita natin na maaalis sa ating buhay ang lahat ng bagay na salungat sa mga layunin ng Diyos, at gayon ang nangyari kay Joseph. Siya ay naging halos perpektong tao, sapagkat nalinis niya ang kanyang kaluluwa at kanyang isipan at namuhay nang malapit sa Panginoon at nakakausap Siya at naririnig Siyang mangusap

tungkol sa mga bagay na iniwan niya para sa atin sa pamamagitan ng kanyang mga paghahayag. Sa pamamagitan ng kanyang espirituwal na mga mata nakita niya ang nakalipas at ang hinaharap, at may patunay tayo tungkol sa katotohanan ng kanyang nakita. . . .

Nagpapasalamat ako na miyembro ako ng Simbahan, at ang patotoo ko sa kabanalan nito ay nakasalig sa simpleng kuwento ng binatilyo sa ilalim ng mga puno na nakaluhod at tumatanggap ng mga bisita mula sa langit—hindi isang Diyos, kundi dalawang magkahiwalay na personahe, ang Ama at ang Anak, na muling inihayag sa lupa ang mga personahe ng Panguluhang Diyos. Ang aking pananampalataya at patotoo ay nakasalig sa simpleng kuwentong ito, sapagkat kung hindi ito totoo, babagsak ang Mormonismo. Kung ito ay totoo—at pinatototohanan ko na ito ay totoo—isa ito sa mga pinakadakilang nag-iisang pangyayari sa buong kasaysayan.

Dalangin ko [na] sa paggunita natin sa dakilang propetang ito at pagninilay tungkol sa kanyang buhay, na pasalamatan natin sa ating puso ang mga bagay na dumating sa ating buhay dahil sa kanyang pagiging tagakita at sa kanyang paghahayag sa atin—isang piling tagakita, na ibinangon ng Panginoon upang gabayan tayo sa mga huling araw na ito, upang tahakin natin ang mga landas pabalik sa kadakilaan at buhay na walang hanggan.[14]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa Unang Pangitain ni Joseph Smith (tingnan sa bahagi 1). Paano nakaimpluwensya sa iyo ang iyong patotoo tungkol sa Unang Pangitain? Bakit mahalaga sa mga Banal sa mga Huling Araw na magkaroon ng patotoo na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos?

- Ano ang mga impresyon mo habang nirerepaso mo ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa organisasyon ng Simbahan? (Tingnan sa bahagi 2.) Anong mga pagpapala ang napasaiyo at sa iyong pamilya sa pamamagitan ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo?

- Bakit makakatulong na maunawaan ang mga kahulugan ng mga titulong *propeta, tagakita,* at *tagapaghayag*? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano ka napagpala ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag?

- Sa bahagi 4, binalangkas ni Pangulong Hunter ang ilan sa mga dahilan kung bakit natin pinupuri si Joseph Smith. Paano nadaragdagan ng mga turong ito ang pagpapahalaga mo kay Propetang Joseph? Ano ang matututuhan mo sa halimbawa ni Joseph Smith?
- Repasuhin ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa pananampalataya, espirituwal na pag-aaral, at pagsunod ni Joseph Smith (tingnan sa bahagi 5). Paano naaangkop sa atin ang mga aral na ito? Paano natin maipapakita ang pasasalamat sa mga pagpapalang napasaatin sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 50:25–33; Daniel 2:44; Mga Taga Efeso 2:19–22; 4:11–14; D at T 1:17–32; 5:9–10; 122:1–2; 135; Joseph Smith—Kasaysayan

*Tulong sa Pag-aaral*

"Sa nadarama mong galak na dulot ng pagkaunawa sa ebanghelyo, gugustuhin mong ipamuhay ang natututuhan mo. Sikaping mamuhay ayon sa iyong natutuhan. Sa paggawa nito, mapapalakas ang iyong pananampalataya, kaalaman, at patotoo" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 21).

## *Mga Tala*

1. Sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 7; tingnan din sa pahina 6.
2. "The Temple of Nauvoo," *Ensign,* Set. 1994, 63–64.
3. "Come to the God of All Truth," *Ensign,* Set. 1994, 73.
4. Sa Conference Report, Okt. 1963, 100–101.
5. "The Sixth Day of April, 1830," *Ensign,* Mayo 1991, 64.
6. "The Sixth Day of April, 1830," 63.
7. *The Teachings of Howard W. Hunter,* inedit ni Clyde J. Williams (1997), 228.
8. "The Sixth Day of April, 1830," 64–65.
9. "The Sixth Day of April, 1830," 63.
10. "The Sixth Day of April, 1830," 64.
11. Sa Conference Report, Okt. 1963, 101.
12. "Joseph Smith the Seer," sa *The Annual Joseph Smith Memorial Sermons,* 2 tomo (1966), 2:193–94.
13. "The Temple of Nauvoo," 63–64.
14. "Joseph Smith the Seer," 2:197–98.

# Ang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo

*"Babangon tayo mula sa kamatayan upang magkaroon ng buhay na walang hanggan, dahil sa nagbabayad-salang sakripisyo at pagkabuhay na mag-uli ng Tagapagligtas."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Noong Marso 20, 1934, isinilang ang panganay na anak nina Howard at Claire Hunter, isang lalaki na pinangalanan nilang Howard William Hunter Jr. at tinawag nilang Billy. Pagsapit ng tag-init napansin nila na parang matamlay si Billy. Sinuri siya ng mga doktor at nalaman na may anemia siya, at dalawang beses nagbigay ng dugo si Howard para isalin sa kanya, ngunit hindi humusay ang lagay ni Billy. Nahayag sa iba pang mga pagsusuri na may malala siyang problema sa bituka kaya kinukulang ng dugo si Billy. Inoperahan siya ng mga doktor, habang nakahiga sa tabi niya si Howard para salinan siya ng dugo, ngunit hindi naging maganda ang resulta nito. Pagkaraan ng tatlong araw, noong Oktubre 11, 1934, tahimik na pumanaw ang munting si Billy habang nakaupo sa tabi ng kama niya ang kanyang mga magulang. "Nalulungkot at nasisindak na nilisan namin ang ospital sa kadiliman ng gabi," pagsulat ni Howard.[1]

Sa mga karanasan sa pagkamatay ni Billy at ng iba pang mga mahal sa buhay, pinatatag si Pangulong Hunter ng kanyang patotoo sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas. "Matibay ang aming paniniwala na [ang Pagbabayad-sala] ay totoo," pagpapatotoo niya, "at walang mas mahalaga sa buong banal na plano ng kaligtasan kaysa sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo. Naniniwala kami na may kaligtasan dahil sa pagbabayad-sala. Kung



*Ang libingan ng Tagapagligtas na walang laman "ay ipinahayag sa buong mundo, 'Wala siya rito, datapuwa't nagbangon'" (Lucas 24:6).*

wala ito mawawalan ng saysay ang buong plano ng paglikha. . . . Kung hindi dahil sa nagbabayad-salang sakripisyong ito, magwawakas ang buhay sa kamatayan, at walang pagkabuhay na mag-uli at walang layunin ang ating espirituwal na buhay. Wala nang pag-asang magkaroon ng buhay na walang hanggan." [2]

Sa mga pangkalahatang kumperensya ng Abril, na idinaraos sa panahon ng Pasko ng Pagkabuhay, madalas banggitin ni Pangulong Hunter ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 1983 sinabi niya:

"Sa panahong ito ng Pasko ng Pagkabuhay, nadarama ko ang matinding kahalahagan ng tungkulin kong patotohanan na tunay na nabuhay na mag-uli ang Tagapagligtas. Mga kapatid, may isang Diyos sa kalangitan na nagmamahal at nagmamalasakit sa inyo at sa akin. Mayroon tayong isang Ama sa Langit, na isinugo ang kanyang Panganay na espiritung anak, ang kanyang Bugtong na Anak sa laman, upang maging mortal na halimbawa sa atin, upang dalhin sa kanyang sarili ang mga kasalanan ng sanlibutan, at maipako sa krus kalaunan para sa mga kasalanan ng sanlibutan at mabuhay na mag-uli. . . .

"Tunay ngang maganda ang mensahe—magkakaroon ng buhay pagkatapos mamatay; makababalik tayong muli sa piling ng ating Ama sa Langit, dahil sa pagsasakripisyo ng Tagapagligtas para sa atin, at dahil sa sarili nating pagsisisi at pagsunod sa mga kautusan.

"Sa maluwalhating pagsikat ng araw sa Pasko ng Pagkabuhay, kapag ang isipan ng mga Kristiyano ay bumaling sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesus nang ilang sandali, pasalamatan natin ang ating Ama sa Langit para sa dakilang plano ng kaligtasan na inilaan para sa atin." [3]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

**1**

### Ang Pagbabayad-sala ang pinakadakilang pagpapakita ng pagmamahal ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo.

Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay isang tungkuling inorden noon pa man ng ating Ama sa Langit upang tubusin ang kanyang mga anak matapos silang magkasala. Pagpapakita ng pagmamahal ng ating Ama sa Langit ang pahintulutan ang kanyang Bugtong na

Anak na isagawa ang nagbabayad-salang sakripisyo. At pinakadakilang pagpapakita ng pagmamahal ng kanyang pinakamamahal na Anak ang isagawa ang Pagbabayad-sala.

Maraming beses na akong tumayo sa halamanan ng Getsemani. Napagnilayan ko na sa aking isipan ang pagdurusa, ang matinding paghihirap ng Tagapagligtas—ang matinding paghihirap ng ating Ama sa Langit nang tulutan siya, sa paraang ni hindi maunawaan ng ating isipan, na taglayin sa kanyang sarili ang pasakit at mga kasalanan ng buong sangkatauhan. Puspos ng kalungkutan ang aking kaluluwa habang iniisip ko ang dakilang sakripisyo niya para sa sangkatauhan.

Nakatayo na ako sa paanan ng Golgota, ang dako ng bungo, at napagnilayan ang kahihiyan ng pagpapako sa krus na humantong sa mortal na kamatayan ng ating Tagapagligtas, gayunman ay naisagawa ang kawalang-kamatayan niya at ng buong sangkatauhan. At muling naantig ang aking kaluluwa.

At nakatayo na ako sa harapan ng libingan sa halamanan at nawari ko ang maluwalhating araw ng pagkabuhay na mag-uli nang lumabas ang Tagapagligtas mula sa libingan na buhay, nabuhay na mag-uli, imortal. Sa pagninilay na iyon nag-umapaw ang galak sa puso ko.

Sa mga karanasang ito nadama kong ibuhos ang aking kaluluwa sa pasasalamat at pagpapahalaga sa ating Ama sa Langit sa pagmamahal na ibinigay niya at ng kanyang Anak sa atin sa pamamagitan ng maluwalhati at nagbabayad-salang sakripisyo. Sa mga salita ni Charles Gabriel, "Ako ay namangha sa pag-ibig ni Jesus, humanga sa pagpapalang alay N'yang lubos. Na dahil sa 'kin S'yay 'pinako at namatay, sa akin S'ya'y nagdusa't nag-alay ng buhay. O kahangahangang minahal Nya ako't buhay N'ya'y 'binigay! O kahanga-hanga para sa akin!" . . .

Pinatototohanan ko sa inyo, mga kapatid, na isinugo ng ating Ama sa Langit ang kanyang pinakamamahal na Anak na si Jesucristo sa mundo upang tuparin ang mga kundisyong magpapatakbo sa plano ng kaligtasan. Ang Pagbabayad-sala ay simbolo ng kanyang dakilang pagmamahal sa atin.[4]

## 2
## Dinala ng Tagapagligtas sa Kanyang sarili ang lahat ng ating kasalanan, kahinaan, kalungkutan, at pasakit.

Nang magkita-kita sila upang ipagdiwang ang Pasko ng Pagkabuhay, nakibahagi si Jesus at ang kanyang mga Apostol sa mga sagisag ng sakramento na pinasimulan niya sa huling hapunang ito na magkakasama sila, at saka siya lumakad patungo sa Bundok ng mga Olivo.

Bilang guro hanggang sa huli, patuloy niyang tinalakay ang paksa tungkol sa korderong isasakripisyo. Sinabi niya sa kanila na siya ay sasaktan, at kakalat sila na parang mga tupang walang pastol (tingnan sa Mateo 26:31). "Datapuwa't pagkapagbangon ko," wika niya, "ay mauuna ako sa inyo sa Galilea" (Mateo 26:32).

Nang sumunod na mga oras, nagpawis siya ng dugo, hinagupit ng mismong mga pinunong nagsabi na sila ang tagapag-alaga ng kanyang batas, at ipinako sa krus na kasama ng mga magnanakaw. Nangyari ang propesiya ni Haring Benjamin sa Aklat ni Mormon: "Siya ay magdaranas ng mga tukso, at sakit ng katawan, gutom, uhaw, at pagod, nang higit sa matitiis ng tao, maliban na yaon ay sa kamatayan; sapagkat masdan, ang dugo ay lumalabas sa bawat butas ng kanyang balat, napakasidhi ng kanyang magiging pagdurusa dahil sa kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng kanyang mga tao. . . .

"Siya ay paparito sa kanyang kalahi, upang ang kaligtasan ay mapasa mga anak ng tao . . . ; at maging matapos ang lahat ng ito siya ay ituturing nilang isang tao, at sasabihin na siya ay may sa diyablo, at pahihirapan siya, at siya ay ipapako sa krus" (Mosias 3:7, 9).

Utang-na-loob natin sa propetang si Alma ang ating kaalaman tungkol sa kanyang buong pagdurusa: "Siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; at ito ay upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao.

"At dadalhin niya sa kanyang sarili ang kamatayan, upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa kanyang mga tao; at dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan" (Alma 7:11–12).

Isipin ninyo ito! Nang dalhin ang kanyang katawan mula sa krus at mabilis na inilagay sa isang hiram na libingan, siya, ang walang-salang Anak ng Diyos, ay dinala na sa kanyang sarili hindi lamang ang mga kasalanan at tukso ng kaluluwa ng lahat ng taong magsisisi, kundi ang lahat ng uri ng ating mga sakit at kalungkutan at pasakit. Pinagdusahan niya ang mga hirap na ito tulad ng pagdurusa natin sa mga ito, ayon sa laman. Pinagdusahan niya itong lahat. Ginawa niya ito upang maging sakdal ang kanyang awa at kakayahang pasiglahin tayo sa kabila ng bawat pagsubok sa lupa.[5]

Sa katunayan, maaari tayong makagawa ng mga maling pasiya, masasamang pasiya, mga pasiyang masakit sa iba. At kung minsa'y iyon mismo ang nagagawa natin, ngunit diyan nagiging lubos na mabisa at maluwalhati ang misyon at awa ni Jesucristo. . . . Naglaan siya ng namamagitang pagbabayad-sala para sa mga maling pasiyang nagagawa natin. Siya ang ating tagapagtanggol sa Ama at bayad na niya, ang mga pagkakamali at kalokohang madalas nating makita sa paggamit natin ng ating kalayaan. Kailangan nating tanggapin ang kanyang kaloob, pagsisihan ang mga pagkakamaling iyon, at sundin ang kanyang mga kautusan upang mapakinabangan nang husto ang pagtubos na ito. Laging nariyan ang alok; laging bukas ang daan. Makakaasa tayo palagi, kahit sa pinakamahirap na sandali at sa pinakamapaminsalang mga pagkakamali, sa Anak ng Diyos at mabuhay.[6]

3

## Si Jesucristo ay nagbangon mula sa libingan at siyang naging pangunahing bunga ng Pagkabuhay na Mag-uli.

Samahan ninyo akong balikan ang mga huling tagpo sa Banal na Lupain. Malapit nang magwakas ang mortal na buhay ng ating Panginoon. Napagaling niya ang maysakit, naibangon ang patay, at naipaliwanag ang mga banal na kasulatan, pati na ang mga propesiya tungkol sa kanyang sariling pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli. Sabi niya sa kanyang mga disipulo:

"Narito, nagsisiahon tayo sa Jerusalem; at ibibigay ang Anak ng tao sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba; at kanilang hahatulang siya'y patayin,

"At ibibigay siya sa mga Gentil upang siya'y kanilang alimurahin, at hampasin, at ipako sa krus: at sa ikatlong araw siya'y ibabangon" (Mateo 20:18–19). . . .

Sa pagsisimula ng ikatlong araw na iyon, pumaroon si Maria Magdalena at "ang isa pang Maria" sa libingang pinaglagakan ng kanyang bangkay [Mateo 28:1; tingnan din sa Marcos 16:1; Lucas 24:10]. Bago iyon, nagsiparoon na ang mga punong saserdote at mga Fariseo kay Pilato at kinumbinsi itong maglagay ng bantay sa pintuan ng libingan, at "baka sakaling magsiparoon ang kaniyang mga alagad at siya'y nakawin, at sabihin sa bayan, Siya'y nagbangon sa gitna ng mga patay" (Mateo 27:64). Ngunit naigulong ng dalawang makapangyarihang anghel ang bato mula sa pintuan ng libingan, at nagtakbuhan ang mga bantay sa takot sa kanilang nakita.


Pagdating ng mga babae sa libingan, natagpuan nila itong bukas at walang laman. Nanatili roon ang mga anghel para ipaabot sa kanila ang pinakadakilang balitang maririnig ng tao: "Siya'y wala rito: sapagka't siya'y nagbangon, ayon sa sinabi niya" (Mateo 28:6).[7]

Walang doktrina na itinuturing ng mga Kristiyano na banal na kasulatan ang mas mahalaga sa buong sangkatauhan kaysa sa doktrina ng pagkabuhay na mag-uli ng Anak ng Diyos. Sa pamamagitan niya mabubuhay na mag-uli ang lahat ng lalaki, babae, at batang isinilang na—o isisilang pa lang—sa mundo.

Sa kabila ng malaking pagpapahalaga natin sa pagkabuhay na mag-uli sa ating doktrina, marahil ay marami sa atin ang hindi pa lubos na nakauunawa sa espirituwal na kahalagahan at walang-hanggang karingalan nito. Kung mauunawaan lang natin ito, mamamangha tayo sa ganda nito na tulad ni Jacob, na kapatid ni Nephi, at mangingilabot tayo sa alternatibong haharapin sana natin kung hindi natin natanggap ang banal na kaloob na ito. Isinulat ni Jacob:

"O ang karunungan ng Diyos, ang kanyang awa at biyaya! Sapagkat masdan, kung ang katawang ito ay hindi na babangon pang muli ang ating espiritu ay tiyak na mapapasailalim sa anghel na yaon na itinakwil mula sa kinaroroonan ng Diyos na Walang Hanggan, at naging diyablo, upang hindi na bumangon pang muli" (2 Nephi 9:8).

Tiyak na ang pagkabuhay na mag-uli ang sentro ng pananampalataya ng bawat Kristiyano; ito ang pinakadakila sa lahat ng himalang isinagawa ng Tagapagligtas ng sanlibutan. Kung wala ito, talagang wala na tayong pag-asa. Hihiramin ko ang mga salita ni Pablo: "Kung walang pagkabuhay na maguli ng mga patay, . . . walang kabuluhan



*Nagpakita si Jesucristo kay Maria Magdalena matapos Siyang mabuhay na mag-uli (tingnan sa Juan 20:1–18).*

nga ang aming pangangaral, . . . at kami ay masusumpungang mga saksing bulaan tungkol sa Dios; sapagka't aming sinasaksihan tungkol sa Dios, na kaniyang muling binuhay si Cristo. . . . Kung si Cristo ay hindi muling binuhay, ang inyong pananampalataya ay walang kabuluhan; kayo'y nasa inyong mga kasalanan pa" (I Mga Taga Corinto 15:13–15, 17).[8]

Kung walang Pagkabuhay na Mag-uli, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay nagiging isang litanya ng matatalinong kasabihan at tila di-maipaliwanag na mga himala—ngunit mga kasabihan at himalang walang tunay na tagumpay. Hindi, ang tunay na tagumpay ay nasa tunay na himala: sapagkat sa unang pagkakataon sa kasaysayan ng sangkatauhan, ibinangon ng isang patay ang kanyang sarili upang mabuhay at hindi na tumikim ng kamatayan. Siya *ang* Anak ng Diyos, ang Anak ng ating walang-kamatayang Ama sa Langit, at ang tagumpay niya laban sa pisikal at espirituwal na kamatayan ang mabuting balitang dapat ipagsabi ng bawat Kristiyano.

Ang walang-hanggang katotohanan ay na si Jesucristo ay nagbangon mula sa libingan at siyang naging pangunahing bunga ng Pagkabuhay na Mag-uli. (Tingnan sa I Cor. 15:23.) Ang mga saksi sa napakagandang pangyayaring ito ay hindi maitatatwa.

Kasama sa mga piling saksi ang mga Apostol ng Panginoon. Tunay ngang ang tungkulin ng banal na pagkaapostol ay maging saksi sa mundo sa kabanalan ng Panginoong Jesucristo. Sabi ni Joseph Smith, "Ang mga saligang alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya'y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit: at ang lahat ng iba pang mga bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay mga kalakip lamang nito." (*History of the Church,* 3:30.) . . .

Sa pagtuturo sa kanyang mga Apostol, ipinaalam sa kanila ni Cristo "ang Anak ng tao ay kinakailangang magbata na maraming mga bagay, at itakuwil ng matatanda, at ng mga pangulong saserdote, at ng mga eskriba, at patayin, at pagkaraan ng tatlong araw ay muling magbangon." (Marcos 8:31.) At nangyari nga. Siya ay ipinako sa krus at inilagak sa libingan. Sa ikatlong araw, nagbangon nga siya upang mabuhay na muli—ang Tagapagligtas ng buong sangkatauhan at pangunahing bunga ng Pagbabayad-sala. Sa pamamagitan ng nagbabayad-salang sakripisyong ito, lahat ng tao ay maliligtas mula sa kamatayan at mabubuhay na muli. Ito palagi ang patotoo ng mga Apostol, na daragdagan ko ng aking patotoo.[9]

4

## Nagpakita si Jesus sa marami matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli.

Sa mga araw matapos siyang mabuhay na mag-uli, nagpakita ang Panginoon sa marami. Ipinakita niya ang kanyang limang espesyal na sugat sa kanila. Naglakad siya na kasama nila at nakipag-usap sa kanila at kumain na kasama sila, na parang gustong patunayan nang walang alinlangan na ang isang nabuhay na mag-uling katawan ay tunay na isang pisikal na katawan na may laman at mga buto. Kalaunan ay naglingkod siya sa mga Nephita, na inutusan niya na "bumangon at lumapit sa akin, upang inyong maihipo ang inyong mga kamay sa aking tagiliran, at upang inyo ring masalat ang bakas ng pako sa aking mga kamay at aking mga paa, upang inyong malaman na ako nga ang Diyos ng Israel, at ang Diyos ng buong sangkatauhan, at pinatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan.

"At . . . ang maraming tao ay lumapit, at inihipo ang kanilang mga kamay sa kanyang tagiliran, at sinalat ang bakas ng pako sa kanyang mga kamay at kanyang mga paa; at ito ay ginawa nila, isa-isang nagsilapit hanggang sa ang lahat ay makalapit, at nakita ng kanilang mga mata at nadama ng kanilang mga kamay, at nalaman nang may katiyakan at nagpatotoo, na ito ay siya nga, na siyang isinulat ng mga propeta, na paparito" (3 Nephi 11:14–15).

Responsibilidad at kagalakan ng lahat ng lalaki at babae sa lahat ng dako na "hanapin ang Jesus na ito na siyang [pinatotohanan] ng mga propeta at apostol" (Eter 12:41) at magkaroon ng espirituwal na patotoo tungkol sa kanyang kabanalan. Karapatan at pagpapala ng lahat na mapagpakumbabang naghahanap, na marinig ang tinig ng Banal na Espiritu, na sumasaksi sa Ama at sa kanyang nabuhay na mag-uling Anak.[10]

Ang patotoo ng mga nakakita [kay Jesus] na siya ay nabuhay matapos mamatay ay hindi kailanman pinabulaanan. Nagpakita siya nang di-kukulangin sa sampu o labing-isang beses: kay Maria Magdalena at sa iba pang mga babae sa halamanan, sa dalawang disipulo sa daan patungong Emaus, sa mga apostol noong wala si Tomas at muli noong siya ay naroon, sa mga apostol sa Dagat ng Galilea, at sa isang bundok sa mahigit 500 kapatid nang sabay-sabay,

kay Santiago na kapatid ng Panginoon, at sa mga apostol noong paakyat na siya sa langit.[11]

Bilang isang tinawag at inorden na sumaksi sa pangalan ni Jesucristo sa buong mundo, pinatototohanan ko sa panahong ito ng Pasko ng Pagkabuhay na siya ay buhay. Siya ay may niluwalhati at imortal na katawan na may laman at buto. Siya ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman. Siya ang Tagapagligtas, ang Ilaw at Buhay ng sanlibutan. Kasunod ng pagpapako sa kanya sa krus at ng kanyang kamatayan, nagpakita siya bilang isang nabuhay na mag-uling nilalang kina Maria, Pedro, Pablo, at sa marami pang iba. Ipinakita niya ang kanyang sarili sa mga Nephita. Ipinakita niya ang kanyang sarili kay Joseph Smith, ang batang propeta, at sa marami pang iba sa ating dispensasyon.[12]

5

**Babangon tayo mula sa kamatayan at magkakaroon ng buhay na walang hanggan.**

Ang Pasko ng Pagkabuhay ang pagdiriwang ng libreng kaloob na imortalidad na ibinigay sa lahat ng tao, na nagpapanumbalik ng buhay at nagpapagaling ng lahat ng sugat. Bagaman lahat tayo ay mamamatay bilang bahagi ng walang-hanggang plano ng paglago at pag-unlad, gayunman makasusumpong tayong lahat ng kapanatagan sa pahayag ng Mang-aawit, "Pagiyak ay magtatagal [na]ng magdamag nguni't kagalakan ay dumarating sa kinaumagahan." (Mga Awit 30:5.)

Si Job ang nagpahayag sa matatawag na tanong ng siglo: "Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya?" (Job 14:14.) Ang sagot ni Cristo ay naririnig pa rin hanggang sa oras na ito mismo: "Sapagka't ako'y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo." (Juan 14:19.)[13]

Naghihiwalay ang espiritu at ang katawan sa oras ng kamatayan. Ang pagkabuhay na mag-uli ay muling iuugnay ang espiritu sa katawan, at ang katawan ay nagiging isang espirituwal na katawan, na may laman at mga buto ngunit pinakikilos ng espiritu sa halip ng dugo. Sa gayon, ang ating mga katawan matapos mabuhay na maguli, na pinakikilos ng espiritu, ay magiging imortal at hinding-hindi na mamamatay. Ito ang kahulugan ng mga pahayag ni Pablo na "kung may katawang ukol sa lupa ay may katawang ukol sa espiritu" at "ang laman at ang dugo ay hindi makapagmamana ng kaharian ng

Dios" [tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:44, 50]. Ang katawang ukol sa lupa ay laman at dugo, ngunit kapag pinakikilos ito ng espiritu sa halip ng dugo, makakapasok at papasok ito sa kaharian. . . .

Alam ko nang buong puso na ang Diyos ay buhay at na si Jesus ang Cristo. Tulad noong magpatotoo sa mga banal ng Corinto si Pablo sa kanyang sulat sa panahong iyon ng Pasko ng Pagkabuhay maraming taon na ang nakalilipas, idinaragdag ko ang aking patotoo na tayo ay babangon mula sa mortal na kamatayan tungo sa buhay na walang hanggan, dahil sa nagbabayad-salang sakripisyo at pagkabuhay na mag-uli ng Tagapagligtas. Nakikinita ko siya sa aking isipan na nakaunat ang mga bisig sa lahat ng makikinig:

". . . Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya;

"At ang sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay magpakailan man." (Juan 11:25–26.)[14]

Ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo ay nagpapasimula sa biyaya ng imortalidad at sa posibilidad na mabuhay nang walang hanggan. Ang kanyang libingan na walang laman ay nagpapahayag sa buong mundo, "Wala siya rito, datapuwa't nagbangon." (Lucas 24:6.) Nasa mga salitang ito ang lahat ng pag-asa, katiyakan, at paniniwalang kailangan upang palakasin tayo sa ating buhay na puno ng hamon at kung minsa'y puno ng kalungkutan.[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Paano ipinamamalas ng Pagbabayad-sala ang pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo sa atin? (Tingnan sa bahagi 1.) Paano tayo magpapakita ng pasasalamat sa kaloob na pagmamahal na ito? (Tingnan sa D at T 42:29.)

- Kapag nirepaso ninyo ang bahagi 2, humanap ng maraming paraan na pinagpapala tayo ng Pagbabayad-sala. Paano pinagiibayo ng mga turo ni Pangulong Hunter at paggamit ng mga banal na kasulatan ang pag-unawa ninyo sa Pagbabayad-sala? Anong mga karanasan ang nagpalakas sa inyong patotoo tungkol sa Pagbabayad-sala? Paano kayo mapapalakas ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala sa oras ng inyong mga pagsubok?

- Ano ang pakiramdam ninyo nang pag-aralan ninyo ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano natin mas mapapasalamatan ang kahalagahan ng Pagkabuhay na Mag-uli?
- Repasuhin ang bahagi 4, kung saan idinetalye ni Pangulong Hunter ang maraming pagsaksi tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Bakit mahalaga ang patotoo ng mga saksing ito?
- Isipin ang turo ni Pangulong Hunter na ang Pagbabayad-sala ang naglalaan ng "lahat ng pag-asa, katiyakan, at paniniwalang kailangan upang palakasin tayo sa ating buhay na puno ng hamon at kung minsa'y puno ng kalungkutan" (bahagi 5). Paano kayo binibigyan ng Pagkabuhay na Mag-uli ng pag-asa at aliw? Paano napayaman ng isang patotoo tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ang inyong buhay?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Juan 10:17–18; 2 Nephi 2:6–9, 22–27; 9:19–25; 3 Nephi 27:13–16; D at T 18:10–16; 19:15–20; Moises 6:59–60

*Tulong sa Pag-aaral*

"Magplano ng mga aktibi[dad] sa pag-aaral na magpapatatag ng iyong pananampalataya sa Tagapagligtas" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 24). Halimbawa, habang nag-aaral kayo maaari ninyong itanong sa inyong sarili ang mga sumusunod: "Paano ako matutulungan ng mga turong ito na maragdagan ang pang-unawa ko tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo? Paano ako matutulungan ng mga turong ito na maging higit na katulad ng Tagapagligtas?"

## *Mga Tala*

1. Sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 88; tingnan din sa 86–87.
2. Sa Conference Report, Okt. 1968, 139.
3. "Evidences of the Resurrection," *Ensign,* Mayo 1983, 16.
4. "The Atonement of Jesus Christ" (mensaheng ibinigay sa mission presidents' seminar, Hunyo 24, 1988), 2–3, 7, Church History Library, Salt Lake City; tingnan din sa *The Teachings of Howard W. Hunter,* inedit ni Clyde J. Williams (1997), 8–9.
5. "He Is Risen," *Ensign,* Mayo 1988, 16–17.
6. "The Golden Thread of Choice," *Ensign,* Nob. 1989, 18.
7. "He Is Risen," 16–17.
8. "He Is Risen," 16.
9. "An Apostle's Witness of the Resurrection," *Ensign,* Mayo 1986, 16–17.
10. "He Is Risen," 17.
11. Sa Conference Report, Abr. 1963, 106.
12. "He Is Risen," 17.
13. "An Apostle's Witness of the Resurrection," 16.
14. Sa Conference Report, Abr. 1969, 138–39.
15. "An Apostle's Witness of the Resurrection," 15–16.



*Bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, pinayuhan ni Pangulong Howard W. Hunter ang mga Banal sa mga Huling Araw na sundin ang Pangulo ng Simbahan.*

# Patuloy na Paghahayag sa Pamamagitan ng mga Buhay na Propeta

*"Tayo ay ginagabayan ng isang buhay na propeta ng Diyos—isang taong tumatanggap ng paghahayag mula sa Panginoon."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Matapos masang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1994, ipinahayag ni Howard W. Hunter ang kanyang damdamin tungkol sa kanyang mga sagradong responsibilidad:

"Mahal kong mga kapatid, salamat sa inyong pagsang-ayon. Naparito ako sa inyong harapan nang may pagpapakumbaba at kaamuan, na nalulungkot sa pagpanaw kamakailan ng ating pinakamamahal na propetang si Pangulong Ezra Taft Benson. Malungkot ang puso ko sa pagpanaw ng aking mahal na kaibigan, lalo na dahil sa mga bagong responsibilidad na napasaakin.

"Matagal kong iniyakan at idinulog sa aking Ama sa Langit sa taimtim na panalangin ang aking hangaring magampanang mabuti ang mataas at banal na tungkuling ito. Ipinagdasal ko na maging karapat-dapat akong gampanan ang tungkuling ginampanan ng labintatlo pang lalaki sa dispensasyong ito. Marahil ay sila lamang, na nakamasid mula sa kabila ng tabing, ang lubos na makauunawa sa bigat ng responsibilidad at matinding pag-asa sa Panginoon na nadarama ko sa pagtanggap ng sagradong tungkuling ito."

Ipinaliwanag ni Pangulong Hunter na nakasumpong siya ng lakas at pagtiyak sa kanyang pananalig na ang Simbahan ay pinamumunuan hindi ng mga tao kundi ni Jesucristo mismo, na naghahanda at nagbibigay-inspirasyon sa mga tinatawag Niyang mamuno:

"Ang pinakamatinding lakas ko nitong nakaraang mga buwan ay ang aking matibay na patotoo na ito ang gawain ng Diyos at hindi ng tao. Si Jesucristo ang pinuno ng simbahang ito. Pinamumunuan niya ito sa salita at sa gawa. Malaking karangalan para sa akin ang matawag sa loob ng maikling panahon na maging kasangkapan sa kanyang mga kamay na mamuno sa kanyang simbahan. Ngunit kung hindi ko alam na si Cristo ang pinuno ng Simbahan, hindi ko makakaya ni ng sinumang tao ang bigat ng tungkuling napasaakin.

"Sa pagtanggap sa responsibilidad na ito, kinikilala ko ang mahimalang kamay ng Diyos sa aking buhay. Paulit-ulit Niyang iniligtas ang aking buhay at ipinanumbalik ang aking lakas, paulit-ulit niya akong ibinalik mula sa dulo ng walang hanggan, at tinulutan akong magpatuloy sa aking paglilingkod sa lupa nang maikling panahon pa. Napag-iisip-isip ko kung minsan kung bakit naligtas ang buhay ko. Ngunit ngayo'y naisantabi ko na ang tanong na iyon at hinihiling ko na lamang ang pananampalataya at mga panalangin ng mga miyembro ng Simbahan para magkatulungan tayo, nagtutulungan tayo, sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng Diyos sa panahong ito ng ating buhay. . . .

"Tatlumpu't limang taon na simula nang masang-ayunan ako bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa. Puno ng paghahanda ang mga taon na iyon. . . . Mas mabagal na akong maglakad ngayon, ngunit malinaw ang aking isipan, at bata pa ang aking espiritu. . . .

"Gaya ng aking mga Kapatid na nauna sa akin, tinatanggap ko ang tungkuling ito na may katiyakan na papatnubayan ng Diyos ang kanyang propeta. Mapagpakumbaba kong tinatanggap ang tungkuling maglingkod at ipinapahayag ko tulad ng Mang-aawit, 'Ang Panginoon ay aking kalakasan at aking kalasag; ang aking puso ay tumiwala sa kaniya, at ako'y nasaklolohan' (Awit 28:7)."[1]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

**1**

### Sa bawat dispensasyon, nagbangon ng mga propeta ang Diyos bilang Kanyang mga tagapagsalita.

Kapag binuklat mo ang mga pahina ng Lumang Tipan, may lalabas na mga sulat ng mga dakilang tao noong unang panahon na tinatawag na mga propeta. Ang mga aklat ng Bagong Tipan ay

naglalaman, bukod pa sa ibang mga bagay, ng mga sulat, turo, at kasaysayan ng mga tao sa sumunod na dispensasyon, na hinirang bilang mga propeta. Mayroon din tayong talaan ng mga propeta sa kanlurang bahagi ng mundo, na inilakas ang kanilang tinig, sa pagpapahayag ng salita ng Panginoon, paglaban sa kasamaan, at pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Lahat sila ay nag-iwan ng kanilang patotoo.

Ang propeta ay isang taong tinawag at ibinangon ng Panginoon upang isulong ang mga layunin ng Diyos sa kanyang mga anak. Siya ang taong nakatanggap ng priesthood at nagsasalita nang may awtoridad. Ang mga propeta ay mga guro at tagapagtanggol ng ebanghelyo. Pinatototohanan nila ang kabanalan ng Panginoong Jesucristo. Sinabi na ng mga propeta noon pa man ang mga mangyayari, ngunit hindi ito ang pinakamahalaga nilang responsibilidad, bagaman maaaring katibayan iyon ng kapangyarihan ng isang propeta.

Matagal nang kailangan ng tumpak na pamumuno sa bawat dispensasyon ng panahon, at pumili ng mga propeta ang Diyos para sa layuning ito bago pa sila isinilang sa mundo [tingnan sa Jeremias 1:5; Abraham 3:23].[2]

Pinagtibay ng isang pag-aaral tungkol sa mga paghahayag ng Panginoon sa banal na kasulatan ang katotohanan na patuloy na paghahayag ang gumagabay sa mga propeta at sa Simbahan sa anumang panahon. Kung hindi sa patuloy na paghahayag, hindi sana nakapaghanda si Noe para sa delubyong lumamon sa daigdig. Hindi sana nagabayan si Abraham mula Haran hanggang Hebron, ang Lupang Pangako. Patuloy na paghahayag ang umakay sa mga anak ni Israel mula sa pagkaalipin patungo sa kanilang lupang pangako. Ginabayan ng paghahayag sa pamamagitan ng mga propeta ang gawaing misyonero, pinatnubayan ang muling pagtatayo ng templo ni Solomon, at tinuligsa ang pagsulpot ng mga kaugaliang pagano sa mga Israelita.

Bago umakyat sa langit si Cristo, ipinangako niya sa natirang labing-isang apostol, “Narito, ako’y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan.” (Mat. 28:20.) Kasunod ng pag-akyat niya sa langit, ginabayan niya ang Simbahan sa pamamagitan ng paghahayag hanggang sa mamatay ang mga Apostol at sumunod ang apostasiya ng Simbahan ni Jesucristo.[3]

Sa buong kasaysayan nito, pati na sa panahong ito mismo, ang Simbahan ay mayroon nang isang propeta, tagakita, at tagapaghayag. Ang pinuno ng Simbahan ay si Jesucristo, na pumapatnubay sa kanyang propeta. . . . Ang kanyang mga tagapayo [at] mga miyembro ng Kapulungan ng Labindalawa . . . ay mga propeta, tagakita, at tagapaghayag din. . . . Hindi kailangang makinig ang mga miyembro ng Simbahan sa walang-katiyakang tunog ng pakakak. Maaari silang maniwala sa tinig ng kanilang mga lider, batid na sila ay ginagabayan ng Panginoon.[4]

2

## Ang Diyos ay nagbibigay ng patnubay para sa Kanyang mga anak sa pamamagitan ng isang buhay na propeta ngayon.

Ang malinaw na tanda ng mga huling araw na susundan ng ikalawang pagparito ng Panginoon kalaunan ay nakita sa pangitain ng Apostol na iyon na sumulat ng aklat ng Apocalipsis. Sabi niya:

"Nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa bawa't bansa at angkan at wika at bayan." (Apoc. 14:6.) . . .

Pinatototohanan namin sa buong mundo na ang mga sugo ng langit ay nagpakita na sa ating panahon, taglay ang awtoridad mula sa langit at ipinanumbalik ang mga katotohanang nawala dahil sa masasamang turo at kaugalian. Muli nang nagsalita ang Diyos at patuloy na papatnubay sa lahat ng kanyang anak sa pamamagitan ng isang buhay na propeta ngayon. Ipinapahayag namin na siya, tulad ng ipinangako, ay laging kasama ng kanyang mga lingkod at namamahala sa mga gawain ng kanyang Simbahan sa buong mundo. Tulad noong unang panahon, pinamamahalaan ng paghahayag ang gawain ng mga missionary, pagtatayo ng mga templo, tungkulin ng mga opisyal ng priesthood, at nagbababala ito laban sa mga kasamaan ng lipunan na maaaring magkait ng kaligtasan sa mga anak ng ating Ama.

Sa isang paghahayag sa makabagong propetang si Joseph Smith, sinabi ng Panginoon:

"Sapagkat ako ay hindi nagtatangi ng mga tao, at nagnanais na ang lahat ay makaalam na ang araw ay mabilis na darating; ang oras ay hindi pa, subalit nalalapit na, kung kailan ang kapayapaan ay

aalisin sa mundo, at ang diyablo ay magkakaroon ng kapangyarihan sa kanyang sariling nasasakupan.

"At gayon din ang Panginoon ay magkakaroon ng kapangyarihan sa kanyang mga banal, at maghahari sa gitna nila." (D at T 1:35–36.)

Naghahari ang Tagapagligtas sa gitna ng mga Banal ngayon sa pamamagitan ng patuloy na paghahayag. Pinatototohanan ko na kasama siya ng kanyang mga lingkod sa panahong ito at mananatili siyang kasama hanggang sa katapusan ng mundo.

Nawa'y hindi lubhang kumitid ang ating pananaw para isipin na ang paghahayag ay para lamang noong mga unang panahon. Ang Diyos ay maawain at mahal niya ang kanyang mga anak sa lahat ng panahon at naihayag na niya ang kanyang sarili sa panahong ito ng kasaysayan.[5]

Naihayag na ng Panginoon ang kanyang iniisip at ihahayag niya ito sa hinirang niyang mga propeta. May patuloy na daloy ng paghahayag mula sa Diyos sa hinirang niyang mga lingkod sa lupa. Mula nang mamatay si Propetang Joseph Smith, patuloy na nangusap ang Panginoon sa kanyang mga propeta tulad ng dati.[6]

3

## Sa panahong ito ng espirituwal na pagkagutom, makakahanap tayo ng espirituwal na ginhawa sa pagsunod sa tinig ng propeta.

Ang pagkagutom ay isa sa karaniwang mga parusa sa panahon ng Lumang Tipan, at naranasan ng mga tao ang masaklap na bunga ng pagkasira ng pananim at pagkagutom ng mga tao. Pinagtuunan ito ng pansin ni Amos sa kanyang pagbabadya tungkol sa espirituwal na pagkagutom. Sabi niya: ". . . hindi kagutom sa tinapay, o kauhawan man dahil sa tubig, kundi sa pagkarinig ng mga salita ng Panginoon" [Amos 8:11]. . . .

Ang mga ulat sa panahong ito tungkol sa kalituhan at kabiguan ng mga tao at institusyong pangrelihiyon, sa pagtatangkang lunasan ang kanilang mga alinlangan at sigalot, ay ipinapaalala sa atin ang mga salitang ito ni Amos: ". . . sila'y magsisitakbo ng paroo't parito upang hanapin ang salita ng Panginoon, at hindi [ito] masusumpungan" [Amos 8:12].

Hinahangad nilang matagpuan ang lunas nang hindi nakasalig sa bato ng paghahayag, tulad ng sinabi ng Panginoon na nararapat gawin [tingnan sa Mateo 16:17–18]. . . .

. . . Ang kalituhan at mga kabiguang dinaranas ng mundo ay hindi karaniwang dinaranas ng matatapat na miyembro ng Simbahan. . . . May kapani-paniwalang tinig para sa mga taong may pananampalataya at kahandaang maniwala. Tiyak na nabubuhay tayo sa panahon ng taggutom, tulad ng ipinaliwanag ni Amos. . . . Gayunpaman, kahit mukhang may espirituwal na pagkagutom, marami nang nakatagpo ng espirituwal na ginhawa.

Ang . . . aking mapagpakumbabang patotoo ay na naipanumbalik na ang kabuuan ng ebanghelyo sa mga huling araw na ito at na may isang propeta sa lupa ngayon na nagpaparating ng kaisipan at kalooban ng Panginoon sa mga makikinig at may pananampalatayang sumunod.[7]

4

### Kung susundin natin ang mga turo ng mga buhay na propeta, hindi tayo magkakamali.

Sa mga tao ng mga nakaraang dispensasyon at panahon, ang pinakamahalagang propeta ay ang nabubuhay, nagtuturo, at naghahayag ng kalooban ng Panginoon sa kanilang panahon. Sa bawat isa sa mga nakaraang dispensasyon, nagbangon ng mga propeta ang Panginoon bilang kanyang mga tagapagsalita sa mga tao sa partikular na panahong iyon at para sa partikular na mga problema sa panahong iyon.

Ang nabubuhay na propeta sa kasalukuyan ang ating pinuno, ang ating guro. Sa kanya tayo humihingi ng patnubay sa makabagong mundo. Mula sa lahat ng sulok ng daigdig, tayo na sumasang-ayon sa kanya bilang propeta ng Panginoon ay nagpapasalamat para sa pinagmumulang ito ng banal na patnubay. . . .

Habang nagdaraan sa ating alaala ang mga propeta mula sa simula hanggang sa ngayon, namamalayan natin ang dakilang pagpapalang dumarating sa atin mula sa impluwensya ng isang buhay na propeta. Dapat ituro sa atin ng kasaysayan na maliban kung handa tayong sundin ang mga babala at turo ng isang propeta ng Panginoon, mapapailalim tayo sa mga paghatol ng Diyos.[8]



*"Ang oras ng kumperensya ay isang panahon ng espirituwal na pagpapanibago kung kailan lumalago at nabubuo ang kaalaman at patotoo."*

Tanging ang Pangulo ng Simbahan ang may karapatang tumanggap ng mga paghahayag para sa buong Simbahan o magbigay ng opisyal na interpretasyon tungkol sa mga banal na kasulatan o doktrina ng Simbahan:

"Walang sinuman ang itatalagang tatanggap ng mga kautusan at paghahayag sa simbahang ito maliban sa [Pangulo ng Simbahan], sapagkat tinanggap niya ang mga yaon maging tulad ni Moises" (D at T 28:2).[9]

Kung susundin natin ang pangaral, payo, at mga turo ng mga lider ng Simbahan sa tagubilin nila sa atin, hindi tayo magkakamali sa bagay na mahalaga para sa sarili nating kaligtasan at kadakilaan.[10]

Puspos ako ng pasasalamat para sa mga paghahayag na nagtakda ng kagila-gilalas na sistema sa pamamahala ng kanyang Simbahan. Bawat lalaking inorden bilang Apostol at itinalaga bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa ay sinasang-ayunan bilang propeta,

tagakita, at tagapaghayag. Ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol, na tinawag at inorden na humawak ng mga susi ng priesthood, ay may awtoridad at responsibilidad na pamahalaan ang Simbahan, pangasiwaan ang mga ordenansa nito, ituro ang doktrina nito, at itatag at panatilihin ang mga gawain nito.

Kapag ang Pangulo ng Simbahan ay may sakit o hindi lubos na makaganap sa lahat ng kanyang tungkulin, ang kanyang dalawang Tagapayo, na bumubuo sa Korum ng Unang Panguluhan na kasama niya, ang magpapatuloy sa gawain ng Panguluhan. Anumang mahahalagang tanong, patakaran, programa, o doktrina ay mapanalanging pinag-uusapan sa kapulungan ng mga Tagapayo sa Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol. Walang desisyong nagmumula sa Unang Panguluhan at sa Korum ng Labindalawa nang hindi lubos na nagkakaisa ang lahat ng sangkot.

Sa pagsunod sa inspiradong huwarang ito, susulong ang Simbahan nang walang patid. Ang pamamahala ng Simbahan at ang paggamit ng mga kaloob ng propeta ay laging magiging awtoridad ng mga apostol na iyon na mayhawak at gumagamit ng lahat ng susi ng priesthood.[11]

5

### Sa pangkalahatang kumperensya, tumatanggap tayo ng inspiradong payo mula sa mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Nang pagnilayan ko ang mga mensahe ng [pangkalahatang] kumperensya, naitanong ko ito sa aking sarili: Paano ko matutulungan ang iba na makibahagi sa kabutihan at mga pagpapala ng ating Ama sa Langit? Ang sagot ay nasa pagsunod sa patnubay na natanggap mula sa mga sinang-ayunan natin bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag, at iba pang mga General Authority. Pag-aralan natin ang kanilang mga salita, na sinambit sa inspirasyon ng Espiritu, at sumangguni tayo rito nang madalas. Naihayag ng Panginoon ang kanyang kalooban sa mga Banal sa kumperensyang ito.[12]

Ang mga lubhang inspiradong payo ng mga propeta, tagakita, tagapaghayag, at iba pang mga General Authority ng Simbahan ay ibinibigay sa pangkalahatang kumperensya. Hinikayat tayo ng ating mga makabagong propeta na gawing mahalaga at regular na bahagi

ng ating personal na pag-aaral ang pagbabasa ng mga edisyon ng kumperensya sa mga magasin ng ating Simbahan. Sa gayon, ang pangkalahatang kumperensya, ay nagiging pandagdag o karugtong ng Doktrina at mga Tipan.[13]

Ang oras ng kumperensya ay isang panahon ng espirituwal na pagpapanibago kung kailan lumalago at nabubuo ang kaalaman at patotoo na ang Diyos ay buhay at pinagpapala yaong matatapat. Ito ay panahon kung saan ang pag-unawa na si Jesus ang Cristo, ang anak ng Diyos na buhay, ay nag-aalab sa puso ng mga may determinasyong paglingkuran siya at sundin ang kanyang mga kautusan. Ang kumperensya ay panahon kung kailan tayo binibigyan ng ating mga pinuno ng inspiradong patnubay sa mga kilos natin sa buhay—isang panahon kung kailan naaantig ang mga kaluluwa at nagpapasiya ang mga tao na maging mas mabuting asawa, ama at ina, mas masunuring anak, mas mabuting kaibigan at kapitbahay. . . .

Tayong narito ngayon [sa pangkalahatang kumperensya] ay nag-aangkin ng espesyal at kakaibang kaalaman tungkol sa ebanghelyo ng Tagapagligtas. Ang pinakamahalaga, sa mga taong nakakakilala na sa atin, ay ang ating pahayag sa mundo na tayo ay ginagabayan ng isang buhay na propeta ng Diyos—na nakikipag-ugnayan, binibigyang-inspirasyon, at tumatanggap ng paghahayag mula sa Panginoon.[14]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Repasuhin ang mga turo ni Pangulong Hunter sa bahagi 1. Bakit naglaan ng mga propeta ang Diyos para sa bawat dispensasyon? Ano ang ilan sa mga tungkulin ng mga propeta? Paano natin matutulungan ang mga bata na magkaroon ng patotoo tungkol sa mga propeta?
- Paano tayo pinagpapala ng pagkakaroon ng buhay na propeta ngayon? (Tingnan sa bahagi 2.) Bakit mahalaga na may “patuloy na daloy ng paghahayag” mula sa Diyos tungo sa Kanyang mga buhay na propeta?
- Ano ang ilang katibayan na nabubuhay tayo sa isang panahon ng “espirituwal na pagkagutom”? (Tingnan sa bahagi 3.) Anong

mga pagpapala ang natanggap na ninyo sa pagsunod sa tinig ng buhay na propeta?

- Itinuro ni Pangulong Hunter na "tanging ang Pangulo ng Simbahan ang may karapatang tumanggap ng mga paghahayag para sa buong Simbahan" (bahagi 4). Bakit makakatulong na malaman ito? Bakit makakatulong na malaman na "hindi tayo magkakamali" kapag sinunod natin ang propeta?
- Isipin ang kahalagahan ng pangkalahatang kumperensya sa inyong buhay. (Tingnan sa bahagi 5.) Ano ang ilang turo mula sa mga pangkalahatang kumperensya na nagpala sa inyo? Paano ninyo magagawang mas mabisang impluwensya ang pangkalahatang kumperensya sa buhay at tahanan ninyo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Amos 3:7; Mateo 10:41; Lucas 1:68–70; Joseph Smith Translation, 2 Peter 1:20–21; Mosias 8:15–18; D at T 1:14–16, 37–38; 21:1, 4–6; 43:2–6; 107:91–92

*Tulong sa Pagtuturo*

Bilang isang klase, maglista sa pisara ng ilang maaaring itanong ng mga miyembro ng ibang relihiyon tungkol sa paksa ng kabanata. Iparepaso sa mga miyembro ng klase ang kabanata, na hinahanap ang mga sagot sa mga tanong na ito, pagkatapos ay ipabahagi ang natagpuan nila.

## *Mga Tala*

1. "Exceeding Great and Precious Promises," *Ensign,* Nob. 1994, 7–8.
2. Sa Conference Report, Okt. 1963, 99.
3. "No Man Shall Add to or Take Away," *Ensign,* Mayo 1981, 65.
4. "Spiritual Famine," *Ensign,* Ene. 1973, 65.
5. "No Man Shall Add to or Take Away," 65.
6. *The Teachings of Howard W. Hunter,* inedit ni Clyde J. Williams (1997), 196.
7. "Spiritual Famine," 64–65.
8. Sa Conference Report, Okt. 1963, 101.
9. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 225.
10. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 223.
11. "Exceeding Great and Precious Promises," 7. Binanggit ni Pangulong Hunter ang mahahalagang alituntuning ito noong siya ang Pangulo ng Simbahan.
12. "Follow the Son of God," *Ensign,* Nob. 1994, 87.
13. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 212.
14. "Conference Time," *Ensign,* Nob. 1981, 12–13.

# Paghahatid ng Ebanghelyo sa Buong Mundo

*"Ang gawain natin ay magligtas ng mga kaluluwa, anyayahan ang mga tao na lumapit kay Cristo."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Noong 1979, sinabi ni Elder Howard W. Hunter, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Lubos akong naniniwala na sa malapit na hinaharap ay makikita natin ang ilan sa mga pinakadakilang pag-unlad sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa lahat ng bansa na naganap sa dispensasyong ito o sa alinmang naunang dispensasyon. Tiyak ko na maaalaala natin . . . at maitatala tulad ng ginawa ni Lucas, 'At lumago ang salita ng Dios' (Ang Mga Gawa 6:7)."[1]

Nang banggitin ni Elder Hunter ang mga salitang iyon, pinagbawalan ng gobyerno ang mga missionary na magturo ng ebanghelyo sa karamihan ng mga bansa sa Eastern Europe at sa Soviet Union. Sa loob ng 10 taon, binawi ang marami sa mga pagbabawal na iyon. Noong 1989 at 1990 winasak ang Berlin Wall, na naghiwalay sa West at East Germany nang halos 30 taon. Si Pangulong Hunter ang Pangulo ng Korum ng Labindalawa noong panahong iyon, at ipinahayag niya ang sumusunod na pananaw tungkol sa makasaysayang pangyayaring iyon at iba pang mga pagbabagong nangyayari sa mundo:

"Maraming nakapansin nitong huli sa Berlin Wall. Mangyari pa, lahat tayo ay nasisiyahan na makitang bumagsak ang pader na iyon, na kumakatawan sa mga bagong kalayaan. . . . Sa pagsisikap nating unawain ang diwa ng pakikipagkasundo na laganap sa buong mundo at bigyan ito ng kahulugan sa konteksto ng ebanghelyo, dapat nating itanong sa ating sarili: Ito kaya ang kamay ng Panginoon na nag-aalis sa mga balakid at gumagawa ng mga oportunidad na dati-rati'y hindi posible para sa pagtuturo ng ebanghelyo, lahat ayon sa banal na plano at takdang-panahon ng Diyos?"[2]



*"Ang ebanghelyo ni Jesucristo . . . ay isang pandaigdigang pananalig na may mensahe para sa lahat."*

Nadama ni Pangulong Hunter na nagkaroon ng mahalagang responsibilidad ang mga miyembro ng Simbahan dahil sa mga pagbabagong ito. Nang buksan ang iba pang mga bansa sa gawaing misyonero, sabi niya, mas maraming missionary ang kailangan para magampanan ang responsibilidad na dalhin ang ebanghelyo sa buong mundo.[3]

Ang kasabikan ni Pangulong Hunter na tulungan ang lahat ng anak ng Diyos, anuman ang nasyonalidad o paniniwala nila, ay malinaw na makikita sa kanyang gawain sa Middle East. Binigyan siya ng Unang Panguluhan ng mahahalagang tungkulin sa Jerusalem, pati na ang pangangasiwa sa pagtatayo ng Orson Hyde Memorial Garden at ng Brigham Young University Jerusalem Center for Near Eastern Studies. Bagama't hindi pinahintulutan ang mag-proselyte sa lugar na iyon, bumuo ng matibay na pakikipagkaibigan si Pangulong Hunter sa mga katrabaho niya, kapwa sa mga Judio at Arabo. "Ang layunin ng ebanghelyo ni Jesucristo ay maghikayat ng pagmamahalan, pagkakaisa, at kapatiran sa pinakamataas na kaayusan nito," sabi niya.[4]

Sa kanyang gawain sa mga anak ng Diyos sa buong mundo, iisa ang mensahe ni Pangulong Hunter: "Kami ay inyong mga kapatid—hindi namin itinuturing na mababang uri ng mamamayan ang alinmang bansa o nasyonalidad. Inaanyayahan namin ang lahat . . . na siyasatin ang aming mensahe at tanggapin ang aming pakikipagkaibigan."[5]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ay para sa lahat ng tao, batay sa paniniwala na lahat ay anak ng iisang Diyos.

Ang ebanghelyo ni Jesucristo, ang ebanghelyong itinuturo natin at mga ordenansang isinasagawa natin, ay isang pandaigdigang pananalig na may mensahe para sa lahat. Hindi ito limitado at walang pinapanigan at hindi nagpapailalim sa kasaysayan o uso. Ang tunay na diwa nito ay totoo sa lahat at sa kawalang-hanggan. Ang mensahe nito ay para sa buong mundo, na ipinanumbalik sa mga huling araw na ito upang tugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng bawat bansa, lahi, wika at tao sa mundo. Muling itinakda tulad sa simula—na bumuo ng kapatiran, ingatan ang katotohanan, at magligtas ng mga kaluluwa. . . .

Sa mensahe ng ebanghelyo, ang buong sangkatauhan ay isang pamilya na bumaba mula sa iisang Diyos. Lahat ng kalalakihan at kababaihan ay hindi lamang nagtataglay ng pisikal na angkan na humahantong pabalik kina Eva at Adan, na kanilang unang mga magulang sa lupa, kundi maging ng espirituwal na pamana na humahantong pabalik sa Diyos Amang Walang Hanggan. Sa gayon, lahat ng tao sa mundo ay literal na magkakapatid sa pamilya ng Diyos.

Ang pag-unawa at pagtanggap na ang Diyos ang Ama ng lahat ng tao ang pinakamainam na pagpapahalaga sa malasakit ng Diyos para sa kanila at sa kaugnayan nila sa isa't isa. Ito ay isang mensahe ng buhay at pagmamahal na direktang lumalaban sa lahat ng mapanupil na tradisyon batay sa lahi, wika, katayuan sa ekonomiya o pulitika, pinag-aralan, o kultura, sapagkat iisa ang espirituwal na pinanggalingan nating lahat. Mayroon tayong banal na angkan; bawat tao ay espirituwal na anak ng Diyos.

Sa pananaw na ito ng ebanghelyo walang lugar para sa limitado, makitid, o hindi matwid na pananaw. Sabi ni Propetang Joseph Smith: "Mapagmahal ang isa sa mga pangunahing katangian ng Diyos, at dapat itong ipakita ng mga taong naghahangad na maging mga anak ng Diyos. Ang isang taong puspos ng pag-ibig ng Diyos, ay hindi kuntentong pamilya lamang niya ang mapagpala, kundi ang buong mundo, sabik na mapagpala ang buong sangkatauhan" [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 387]. . . .

Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ay isang mensahe ng pagmamahal ng Diyos sa lahat ng tao sa lahat ng dako, batay sa paniniwala na lahat ng tao ay anak ng iisang Diyos. Ang pangunahing mensahe ng relihiyon ay ipinahayag nang ganito kaganda sa isang pahayag ng Unang Panguluhan noong Pebrero 15, 1978:

"Batay sa sinauna at makabagong paghahayag, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagagalak na itinuturo at ipinapahayag ang doktrina ng mga Kristiyano na lahat ng lalaki at babae ay magkakapatid, hindi lamang sa dugo mula sa karaniwang mortal na mga ninuno kundi bilang literal na mga espiritung anak ng Amang Walang Hanggan" [Statement of the First Presidency Regarding God's Love for All Mankind, Peb. 15, 1978].

Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay may positibo at iisang pamamaraan sa paglapit sa iba na hindi natin kapanalig. Naniniwala tayo na sila ay literal nating mga kapatid, na tayo ay mga anak ng iisang Ama sa Langit. Iisa ang ating angkan na humahantong pabalik sa Diyos.[6]

2

## Ang misyon ng Simbahan ay ituro ang ebanghelyo sa lahat ng bansa.

Ang Simbahan, na siyang kaharian ng Diyos sa lupa, ay may misyon sa lahat ng bansa. "Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:

"Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo" (Mat. 28:19–20). Walang kinikilalang hangganan ng mga bansa ang mga salitang ito mula sa mga labi ng Guro; hindi ito limitado sa anumang lahi o kultura. Ang isang bansa ay hindi pinapaboran nang higit kaysa iba. Malinaw ang payo—"gawin ninyong alagad ang *lahat* ng mga bansa." . . .

Bilang mga miyembro ng simbahan ng Panginoon, huwag nating pagbatayan ang sarili nating mga palagay. Kailangan nating tuklasin ang dakilang katotohanan na tunay ngang ang ating Ama ay hindi nagtatangi ng mga tao o walang kinikilingan. Kung minsan masyado nating sinasaktan ang damdamin ng ating mga kapatid sa ibang mga bansa sa pagtatangi sa isang nasyonalidad kaysa iba. . . .

Isipin ang isang ama na maraming anak na lalaki, na bawat isa ay iba ang ugali, potensyal, at espirituwal na katangian. Mas mahal ba niya ang isa niyang anak kaysa sa iba? Marahil ang anak na hindi talaga espirituwal ang mas binibigyan ng atensyon, ipinagdarasal, at isinasamo ng ama kaysa sa iba. Ibig sabihin ba niyan ay hindi niya gaanong mahal ang iba? Nawawari ba ninyo ang ating Ama sa Langit na mas minamahal ang isang nasyonalidad ng kanyang mga anak kaysa sa iba? Bilang mga miyembro ng Simbahan, kailangang ipaalala sa atin ang mahihirap na tanong ni Nephi: "Hindi ba ninyo alam na maraming bansa [at] hindi lamang iisa?" (2 Ne. 29:7). . . .

Sa aming mga kapatid na lalaki at babae sa lahat ng nasyonalidad: Taimtim naming pinagtitibay at pinatototohanan na ang Diyos ay nangusap sa ating panahon at oras, na nagpadala ng mga sugo



*"Tayo ay nasa gawaing magligtas ng mga kaluluwa."*

ng langit, na inihayag ng Diyos ang kanyang isipan at kalooban sa isang propeta, si Joseph Smith. . . .

Dahil mahal ng ating Ama ang lahat ng kanyang anak, kailangan nating mahalin ang lahat ng tao—ng lahat ng lahi, kultura, at nasyonalidad—at ituro sa kanila ang mga alituntunin ng ebanghelyo nang matanggap nila ito at malaman nila ang kabanalan ng Tagapagligtas.[7]

Sa aming mapagpakumbabang mga pagsisikap na magtatag ng kapatiran at ituro ang inihayag na katotohanan, sinasabi namin sa mga tao sa mundo ang mapagmahal na mungkahi ni Pangulong George Albert Smith:

"Hindi kami naparito upang kunin sa inyo ang katotohanan at kabutihang taglay na ninyo. Hindi kami naparito upang hanapan kayo ng mali o pintasan kayo. . . . Ingatan ninyo ang lahat ng kabutihang nasa inyo, at hayaang maghatid kami sa inyo ng dagdag na kabutihan, nang higit kayong lumigaya at maging handa kayong pumasok sa presensya ng ating Ama sa Langit."[8]

Ang ating gawain ay magligtas ng mga kaluluwa, anyayahan ang mga tao na lumapit kay Cristo, dalhin sila sa mga tubig ng binyag

upang patuloy silang sumulong sa landas tungo sa buhay na walang hanggan. Kailangan ng mundong ito ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ang ebanghelyo ang tanging paraan para magkaroon ng kapayapaan sa mundo.[9]

Bilang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo, hangad naming pagsama-samahin ang lahat ng katotohanan. Hangad naming palawakin ang pagmamahalan at pagkakaunawaan ng mga tao sa mundo. Sa gayon sinisikap naming magkaroon ng kapayapaan at kaligayahan, hindi lamang sa loob ng Kristiyanismo kundi sa buong sangkatauhan. . . .

Ang bagay kung saan naging kasangkapan si Joseph [Smith] sa pagtatatag, maging ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay isa nang pandaigdigang relihiyon, hindi lamang dahil matatagpuan na ngayon sa buong mundo ang mga miyembro nito, kundi higit sa lahat ay dahil kumpleto at para sa lahat ang mensahe nito batay sa pagtanggap ng lahat ng katotohanan, na ipinanumbalik upang tugunan ang mga pangangailangan ng buong sangkatauhan.

. . . Inihahatid namin ang mensaheng ito ng pagmamahal at pag-asa sa buong mundo. Lumapit sa Diyos ng lahat ng katotohanan, na patuloy na nangungusap sa Kanyang mga anak sa pamamagitan ng mga propeta. Makinig sa mensahe Niya na patuloy na nagsusugo ng Kanyang mga lingkod upang ipangaral ang walang-hanggang ebanghelyo sa bawat bansa, lahi, wika, at tao. Lumapit at magpakabusog kayo sa hapag na inilatag ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa inyong harapan. Makiisa sa amin sa paghahangad na sundin ang Mabuting Pastol na naglaan nito.[10]

3

## Ang mga taong nakaranas na ng mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay may obligasyong magpatotoo tungkol sa Kanya.

Ano ang kinalaman ng Pagbabayad-sala sa gawaing misyonero? Anumang oras na maranasan natin ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala sa ating buhay, hindi natin maiwasang magmalasakit sa kapakanan ng [iba].

Maraming halimbawa sa Aklat ni Mormon na naglalarawan sa alituntuning ito. Nang kainin ni Lehi ang bunga ng punungkahoy, na simbolo ng pagtanggap sa Pagbabayad-sala, sinabi niya, "Nagsimula akong magkaroon ng pagnanais na makakain din nito ang aking mag-anak" (1 Nephi 8:12). Nang makaranas ng pagbabalik-loob si Enos at makatanggap ng kapatawaran ng kanyang mga kasalanan, dahil sa kanyang pananampalataya kay Jesucristo sinabi niya, "Ako ay nagsimulang makadama ng pagnanais para sa kapakanan ng aking mga kapatid, ang mga Nephita" (Enos 1:9). Pagkatapos ay ipinagdasal niya ang mga Lamanita, ang walang-awang mga kaaway ng mga Nephita. At nariyan ang halimbawa ng apat na anak ni Mosias—sina Ammon, Aaron, Omner at Himni—na tumanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala at saka nagsikap nang maraming taon sa mga Lamanita na madala sila kay Cristo. Nakasaad sa talaan na hindi nila maatim na masawi ang kaluluwa ninuman (Mosias 28:3).

Ang makalangit na halimbawa ng taong nakipagtipan na nais ibahagi ang ebanghelyo sa iba ay inilarawan sa halimbawa ni Nakababatang Alma. Gusto kong basahin sa inyo ang kanyang patotoo. . . .

". . . Magmula noon maging hanggang sa ngayon, ako'y gumawa nang walang tigil, upang makapagdala ako ng mga kaluluwa tungo sa pagsisisi; upang sila'y madala ko na makatikim ng labis na kagalakan na aking natikman; upang sila rin ay isilang sa Diyos, at mapuspos ng Espiritu Santo" [Alma 36:24; tingnan din sa Alma 36:12–23].

Ang isang malaking palatandaan ng personal na pagbabalik-loob ng isang tao ay ang hangaring ibahagi ang ebanghelyo sa iba. Dahil dito binigyan ng Panginoon ng obligasyon ang bawat miyembro ng Simbahan na maging mga missionary.

Pakinggan ang tipang pinapasok ng isang tao kapag nagpabinyag siya sa Simbahan:

"Yamang kayo ay nagnanais na lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, at nahahandang magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan;

"Oo, at nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati, oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo

bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan kayo ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan, nang kayo ay matubos ng Diyos, at mapabilang sa kanila sa unang pagkabuhay na mag-uli, nang kayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Mosias 18:8–9).

Tayo ay tatayo bilang saksi ng Diyos sa lahat ng panahon [at] sa lahat ng lugar, maging hanggang kamatayan. Pinaninibago natin ang tipang iyon sa oras ng sakramento kapag nakikipagtipan tayong taglayin ang pangalan ni Cristo.

Ang gawaing misyonero ay isang mahalagang paraan na tinataglay natin sa ating sarili ang kanyang pangalan. Sinabi ng Tagapagligtas na kung nais nating taglayin ang kanyang pangalan, nang may buong layunin ng puso, tinawag tayong humayo sa buong mundo at ipangaral ang kanyang ebanghelyo sa lahat ng nilikha (tingnan sa D at T 18:28). . . .

Tayo na nakabahagi na sa Pagbabayad-sala ay may obligasyong patotohanan nang tapat ang ating Panginoon at Tagapagligtas. . . . Ang tawag na ibahagi ang ebanghelyo sa iba ay kumakatawan sa ating dakilang pagmamahal sa mga anak ng ating Ama sa Langit at maging sa Tagapagligtas at sa ginawa niya para sa atin.[11]

4

## Sa tulong ng Panginoon, madaraig natin ang lahat ng hadlang sa pagbabahagi ng ebanghelyo.

Kapag bumagsak ang mga pader sa Eastern Europe . . . at sa marami pang bahagi ng mundo, ang katumbas na pangangailangan para sa mas marami pang missionary na gampanan ang banal na utos na dalhin ang ebanghelyo sa buong mundo ay tiyak na mag-iibayo! Handa ba tayong tugunan ang pangangailangang iyan?

Para matugunan ang mga bagong ipinagagawa sa atin sa dakilang gawaing misyonerong ito sa mga huling araw, marahil ang ilan sa atin (lalo na ang nakatatandang henerasyon na malalaki na ang mga miyembro ng pamilya) ay kailangang pag-isipan nang husto kung kailangang pabagsakin ang "mga pader" na itinayo natin sa ating sariling isipan.

Halimbawa, ang "pader na kaginhawahan" na tila pumipigil sa maraming mag-asawa at walang asawa na magpunta sa misyon? Ang "pader na kahirapan" dahil sa utang na humahadlang sa kakayahan ng ilang miyembro na humayo, o "pader na mga apo," o "pader na kalusugan," o "pader na kawalan ng tiwala sa sarili," o "pader na masaya ka na" o "pader na paglabag," o mga pader na takot, pag-aalinlangan, o pagiging kampante? Mayroon ba talagang nag-aalinlangan sandali na sa tulong ng Panginoon ay maibabagsak niya ang mga pader na iyon?

Nagkaroon tayo ng pribilehiyong maisilang sa mga huling araw na ito, kumpara sa naunang dispensasyon, para tumulong na dalhin ang ebanghelyo sa buong mundo. Wala nang ibang dakilang tungkuling higit pa rito sa buhay na ito. Kung kuntento na tayong magtago sa likod ng mga pader na gawa-gawa natin mismo, kusangloob nating tinatalikuran ang mga pagpapalang sana'y napasaatin. Ipinaliwanag ng Panginoon sa makabagong paghahayag ang malaking pangangailangan:

"Sapagkat masdan ang bukid ay puti na upang anihin; at narito, siya na humahawak sa kanyang panggapas nang buo niyang lakas, siya rin ay nag-iimbak nang hindi siya masawi, kundi nagdadala ng kaligtasan sa kanyang kaluluwa." (D at T 4:4.)

Patuloy na ipinaliwanag ng Panginoon sa paghahayag ding iyon ang mga katangiang kailangan natin upang maging mabubuting missionary. Lubos na nababatid ang ating mga kahinaan at ating mga pag-aalinlangan nang humarap tayo sa malaking pintuan ng pader na gawa-gawa natin mismo, tinitiyak niya sa atin na darating ang tulong ng langit para madaig ang lahat ng hadlang kung gagawin lang natin ang ating bahagi, na may simpleng pangako: "Humingi, at ikaw ay tatanggap; kumatok, at ikaw ay pagbubuksan." (D at T 4:7.)

Nawa'y pagpalain tayo ng Panginoon nang hindi mahadlangan ng mga pader sa ating isipan ang mga pagpapalang maaaring mapasaatin.[12]

Sa kanyang mortal na ministeryo, paulit-ulit na nanawagan ang Panginoon na kapwa isang paanyaya at isang hamon. Kina Pedro at Andres, sinabi ni Cristo, "Magsisunod kayo sa hulihan ko, at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao" (Mat. 4:19). . . .

Itinuro ng mga sinaunang propeta na dapat maglingkod sa full-time mission ang bawat may kakayahan at karapat-dapat na binata. Binibigyang-diin ko ang pangangailangang ito ngayon. Kailangang-kailangan din natin ang may kakayahang mga mag-asawa na maglingkod sa misyon. Sinabi ni Jesus sa kanyang mga disipulo, "Sa katotohana'y marami ang aanihin, datapuwa't kakaunti ang mga manggagawa: kaya't idalangin ninyo sa Panginoon ng aanihin, na magpadala siya ng mga manggagawa sa kaniyang aanihin" (Lucas 10:2).[13]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Hunter na ang ebanghelyo ay para sa lahat ng tao, batay sa katotohanan na lahat tayo ay anak ng Diyos (tingnan sa bahagi 1). Kapag ibinahagi natin ang ebanghelyo, paano tayo nito matutulungang tandaan na bawat tao ay literal nating kapatid?
- Ano ang matututuhan natin mula sa mga turo ni Pangulong Hunter sa bahagi 2 kung ano ang damdamin ng Ama sa Langit tungkol sa Kanyang mga anak? Ano ang magagawa ninyo para mas mahalin ang lahat ng tao at maibahagi ang ebanghelyo sa kanila?
- Paano ninyo sasagutin ang tanong ni Pangulong Hunter na "Ano ang kinalaman ng Pagbabayad-sala sa gawaing misyonero?" (Tingnan sa bahagi 3.) Paano ninyo mapag-iibayo ang hangarin ninyong ibahagi ang ebanghelyo sa iba? Anong mga pagpapala ang dumating nang ibahagi ninyo ang ebanghelyo sa iba—o nang ibahagi ito sa inyo ng iba?
- Matapos pag-aralan ang bahagi 4, isipin ang "mga pader" na pumipigil sa inyo na matanggap ang mga pagpapala ng gawaing misyonero. Talakayin ang mga paraan ng pagdaig sa mga hadlang na iyon.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Amos 9:9; 2 Nephi 2:6–8; Mosias 28:1–3; Alma 26:37; D at T 18:10–16; 58:64; 68:8; 88:81; 90:11; 123:12; Joseph Smith—Mateo 1:31

*Tulong sa Pagtuturo*

"Maaaring [iparamdam ng Espiritu Santo] sa isa o higit pa sa inyong mga tinuturuan [na] magdagdag ng mahahalagang kabatiran

na kinakailangang marinig ng iba. Maging bukas sa mga [paramdam] na inyong natatanggap na tawagin ang partikular na mga tao. Maaari ninyong madamang tanungin ang isang taong hindi nagtataas ng kamay upang ipahayag ang kanyang mga pananaw" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 79).

## *Mga Tala*

1. "All Are Alike unto God," *Ensign,* Hunyo 1979, 74.
2. "Walls of the Mind," *Ensign,* Set. 1990, 9–10.
3. Tingnan sa "Walls of the Mind," 10.
4. "All Are Alike unto God," 74.
5. "All Are Alike unto God," 74.
6. "The Gospel—A Global Faith," *Ensign,* Nob. 1991, 18–19.
7. "All Are Alike unto God," 72–74.
8. "The Gospel—A Global Faith," 19; ang pahayag ni George Albert Smith ay matatagpuan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* (2011), 168.
9. "Follow the Son of God," *Ensign,* Nob. 1994, 88.
10. "Come to the God of All Truth," *Ensign,* Set. 1994, 73.
11. "The Atonement of Jesus Christ" (mensaheng ibinigay sa mission presidents' seminar, Hunyo 24, 1988), 4–7, Church History Library, Salt Lake City; tingnan din sa *The Teachings of Howard W. Hunter,* inedit ni Clyde J. Williams (1997), 248–49.
12. "Walls of the Mind," 10.
13. "Follow the Son of God," 88.

# Ang Batas ng Ikapu

*"Ang patotoo sa batas ng ikapu ay nagmumula sa pamumuhay nito."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Bago nagpakasal sina Howard W. Hunter at Claire Jeffs, nagpunta si Howard sa kanyang bishop para humingi ng temple recommend. Nagulat siya na sa interbyu, itinanong ng bishop kung kaya niyang itaguyod o suportahan ang asawa at pamilya sa kanyang suweldo. Paggunita ni Howard, "Nang sabihin ko sa kanya kung magkano ang kinikita ko, sinabi niya na kaya siya nag-alinlangan sa kakayahan kong itaguyod ang aking asawa ay dahil sa halaga ng ikapung ibinayad ko."

Hanggang sa oras na iyon, hindi nagbabayad ng buong ikapu si Howard dahil hindi niya naunawaan ang kahalagahan ng pagbabayad ng buong ikapu. Paliwanag niya, "Dahil hindi naging miyembro ng Simbahan ang aking ama noong nakatira ako sa bahay namin, kahit kailan ay hindi napag-usapan ang ikapu sa aming pamilya at hindi ko naisip ang kahalagahan nito."

Sinabi ni Howard na habang patuloy silang nag-uusap ng bishop, "sa kanyang magiliw na paraan . . . itinuro [ng bishop] sa akin ang kahalagahan ng batas at nang sabihin ko sa kanya na mula sa oras na iyon ay magbabayad na ako ng buong ikapu, patuloy niya akong ininterbyu at naglaho ang pag-aalala ko nang punan at pirmahan niya ang recommendation form."

Nang ikuwento ni Howard kay Claire ang karanasang ito, nalaman niya na lagi pala itong nagbabayad ng buong ikapu. "Napagkasunduan namin na ipamumuhay namin ang batas na ito sa aming pagsasama at uunahin namin ang ikapu," sabi niya.[1]



*"Ang pagbabayad ng ikapu ay nagpapalakas ng pananampalataya, nagdaragdag ng espirituwalidad at espirituwal na kakayahan, at nagpapatatag ng patotoo."*

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

**1**

### Simple lang ang pakahulugan ng Panginoon sa batas ng ikapu.

Ang batas [ng ikapu] sa madaling salita ay "ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang tinubo" (D at T 119: 4). Ang ibig sabihin ng tinubo ay kinita, suweldo, dagdag na kita. Ito ang sahod ng isang taong may trabaho, ang kinita mula sa pagpapalakad ng isang negosyo, ang dagdag na kita ng isang taong nagtatanim o gumagawa ng mga produkto, o ang kinita ng isang tao mula sa iba pang pinagmulan. Sinabi ng Panginoon na mananatili itong batas "magpakailanman" katulad noon.[2]

Tulad ng lahat ng utos at batas ng Panginoon, simple lang [ang batas ng ikapu] kung may katiting tayong pananampalataya. Ang ibig sabihin ng Panginoon, "Ilipat mo nang isang digit pakaliwa ang decimal point sa kinita mo." Iyan ang batas ng ikapu. Gayon lang iyon kasimple.[3]

**2**

### Mayroon nang batas ng ikapu sa simula pa lang at hanggang ngayon.

Unang binanggit nang malinaw ang katagang "ikapu" sa Biblia sa kauna-unahang aklat ng Lumang Tipan. Si Abram . . . ay sinalubong ni Melquisedec, hari ng Salem at saserdote ng Kataas-taasang Diyos. Binasbasan siya ni Melchizedek, at "binigyan siya ni Abram ng ikasangpung bahagi ng buong samsam." (Gen. 14:20.)

Ilang kabanata kalaunan sa aklat ding iyon, si Jacob, ay gumawa sa Betel ng isang panata sa mga salitang ito: . . . "Sa lahat ng ibigay mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasangpung bahagi ay ibibigay ko sa iyo." [Gen. 28:20–22.]

Ang ikatlong pagbanggit ay tungkol sa batas ng mga Levita. Nagsalita ang Panginoon sa pamamagitan ni Moises:

"At lahat na ikasangpung bahagi ng lupain, maging sa binhi ng lupain, o sa bunga ng punong kahoy ay sa Panginoon: magiging banal sa Panginoon." (Lev. 27: 30.)

Sa ilalim ng batas ng mga Levita ang mga ikapu ay ibinigay sa mga Levita para sa kanilang ikabubuhay, at pinagbabayad naman sila ng

ikapu sa natanggap nila tulad ng makikita sa salita ng Panginoon ayon sa tagubilin niya kay Moises:

"Bukod dito'y sasalitain mo sa mga Levita, at sasabihin mo sa kanila, Pagkuha ninyo sa mga anak ni Israel ng ikasangpung bahagi na aking ibinigay sa inyo mula sa kanila na inyong pinakamana, ay inyong ihahandog nga na pinakahandog na itinaas sa Panginoon, ang ikasangpung bahagi ng ikasangpung bahagi." (Blg. 18:26.)

Malinaw na ipinapahiwatig nito na ang batas ng ikapu ay bahagi ng batas ng mga Levita at binayaran ng lahat ng tao—maging ng mga Levita mismo na inutusang magbayad ng ikapu sa mga ikapung natanggap nila.

May ilan na nagdadahilan na ang batas ng ikapu ay tradisyon lamang ng mga Levita, ngunit pinagtitibay ng kasaysayan na ito ay isang batas para sa lahat noon pa man at hanggang sa ngayon. Mahalaga ito sa batas ni Moises. Umiiral na ito noong una pa man at matatagpuan sa sinaunang batas sa Egipto, sa Babilonia, at matutunton sa buong kasaysayan ng Biblia. Binanggit ito ni Propetang Amos [tingnan sa Amos 4:4] at ni Nehemias na inutusang muling itayo ang mga pader ng Jerusalem [tingnan sa Nehemias 10:37–38; 12:44; 13:5, 12]. Hindi nagtagal pagkatapos niyon ay sinimulan ni Malakias ang mas mahirap na gawaing muling magkaroon ng pananampalataya at sigla ang isang bansa. Sa kanyang sukdulang pagsisikap na hadlangan ang pag-iimbot ng mga taong relihiyoso lamang sa pangalan, pinaratangan niya sila ng krimen laban sa Diyos.

"Nanakawan baga ng tao ang Dios? Gayunma'y ninanakaw[an] ninyo ako. Nguni't inyong sinasabi: Sa ano ka namin ninakawan? Sa mga ikasangpung bahagi at sa mga handog.

Kayo'y nangagsumpa ng sumpa sapagka't inyo akong ninakawan, sa makatuwid baga'y nitong buong bansa.

"Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan." (Mal. 3:8–10.) . . .

Tinapos ng mga salita ni Malakias ang Lumang Tipan sa muling pagtutuon sa batas ng ikapu, na nagpapahiwatig na ang batas na ito na umiral sa simula pa lamang ay hindi pinawalang-bisa kailanman. Samakatwid, nagsimula ang dispensasyon ng Bagong Tipan sa payong ito. . . .

Di-nagtagal matapos ipanumbalik ang ebanghelyo sa dispensasyong ito, nagbigay ng paghahayag ang Panginoon sa kanyang mga tao sa pamamagitan ng isang propeta sa mga huling araw na nagpapaliwanag sa batas . . . :

"At pagkatapos nito, yaong mga hiningan ng ikapu ay magbabayad ng ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang tinubo taun-taon; at ito ay mananatiling batas sa kanila magpakailaman, para sa aking banal na pagkasaserdote, wika ng Panginoon." (D at T 119:4).[4]

3

## Tayo ay nagbibigay ng kaloob at nagbabayad din ng obligasyon sa ating mga ikapu.

Ang ikapu ay batas ng Diyos para sa kanyang mga anak, subalit ang pagbabayad ay lubos na boluntaryo. Sa aspetong ito ay hindi ito naiiba sa batas ng Sabbath o sa alinman sa iba pa niyang mga batas. Maaari tayong tumangging sundin ang anuman dito o lahat ng ito. Ang ating pagsunod ay boluntaryo, ngunit hindi nito ibig sabihin na kapag tumanggi tayong magbayad ay wala nang bisa o binabawi na ang batas.

Kung ang ikapu ay boluntaryo, kaloob ba iyon o pagbabayad ng obligasyon? Malaki ang kaibahan ng dalawa. Ang kaloob ay isang boluntaryong paglilipat ng pera o ari-arian nang walang hinihintay na kapalit. Kusa itong ibinibigay. Walang sinumang may obligasyon na magbigay ng kaloob. Kung ang ikapu ay isang kaloob, maaari nating ibigay ang anumang gusto natin, kahit kailan natin gusto, o hindi na tayo magbigay ng anuman. Ipapantay nito ang ating Ama sa Langit sa isang pulubi sa kalye na mahahagisan natin ng barya kapag naraanan natin.

Itinatag ng Panginoon ang batas ng ikapu, at dahil ito ay batas niya, nagiging obligasyon nating sundin ito kung mahal natin siya at nais nating sundin ang kanyang mga utos at tanggapin ang kanyang mga pagpapala. Sa ganitong paraan nagiging utang ito. Ang taong



*"Hindi isang pasanin ang magbayad ng ikapu, kundi isang malaking pribilehiyo."*

hindi nagbabayad ng kanyang ikapu dahil may utang siya ay dapat itanong sa kanyang sarili kung wala rin siyang utang sa Panginoon. Sabi ng Panginoon: "Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo." (Mat. 6:33.)

Hindi natin malalakaran nang sabay ang magkabilang direksyon. Hindi natin mapaglilingkuran kapwa ang Diyos at ang kayamanan. Ang taong ayaw tumanggap sa batas ng ikapu ay hindi pa ito talagang sinusubukan. Siyempre may kapalit ito. Kailangang pagtrabahuhan at pag-isipan at pagsikapang ipamuhay ang alinman sa mga batas ng ebanghelyo o alinman sa mga alituntunin nito. . . .

Maaaring nagbibigay tayo ng isang kaloob at nagbabayad din ng obligasyon sa ating mga ikapu. Ang pagbabayad ng obligasyon ay sa Panginoon. Ang kaloob na ito ay sa ating kapwa-tao para sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Kung taimtim na pagmamasdan ng isang tao ang pagtuturo ng mga missionary, ang programa ng Simbahan sa pagtuturo, ang magandang sistema ng edukasyon, at ang

programa ng pagtatayo ng mga bahay-sambahan, matatanto nila na hindi isang pasanin ang magbayad ng ikapu, kundi isang malaking pribilehiyo. Ang mga pagpapala ng ebanghelyo ay ibinabahagi sa marami sa pamamagitan ng ating ikapu.[5]

4

## Ang isang handog sa Panginoon ay dapat magkaroon ng halaga sa nagbibigay.

Sa II Samuel 24:18–25 mababasa natin na hindi maghahandog si David sa Panginoon ng isang bagay na walang halaga sa kanya. Walang dudang ikinatwiran niya na maliban kung may halaga ito sa nagbibigay, hindi ito akma o angkop na ihandog sa Panginoon.

Sinabi ni Cristo na mas mapalad ang magbigay kaysa tumanggap [tingnan sa Ang Mga Gawa 20:35], subalit may ilan na magbibigay lamang kung wala itong halaga sa kanila. Hindi ito ayon sa mga turo ng Panginoon na nagsabing: "Kung ang sinomang tao'y ibig sumunod sa akin ay [kalimutan ang] kaniyang sarili" (Mateo 16:24).

May ilan na ayaw ipamuhay ang batas ng ikapu dahil sa halaga nito. Salungat ito sa katwiran ni David na hindi maghahandog sa Panginoon maliban kung may halaga ito sa kanya. Ang mga dakilang alituntuning moral na nasa batas ng ikapu ay hindi napapansin ng mga taong hindi nagbabayad ng ikapu, at hindi nila maunawaan ang batas at mga dahilan para dito.[6]

5

## Ang pagbabayad ng ikapu ay naghahatid ng malalaking pagpapala.

Ibinigay ng Panginoon ang batas [ng ikapu]. Kung susundin natin ang kanyang batas, uunlad tayo, ngunit kapag inisip natin na mas mainam ang ating paraan, mabibigo tayo. Kapag naglalakbay ako para sa Simbahan at nakikita ko ang mga resulta ng pagbabayad ng ikapu, napagtitibay ko na hindi ito isang pasanin, kundi isang malaking pagpapala.[7]

Magbayad ng tapat na ikapu. Ang walang-hanggang batas na ito, na inihayag ng Panginoon at sinusunod ng matatapat na propeta mula noon hanggang ngayon, ay itinuturo sa atin na unahin ang Panginoon sa ating buhay. Maaaring hindi tayo hilingang isakripisyo

ang ating tahanan o ating buhay, na tulad ng nangyari sa mga naunang Banal. Hinahamon tayo ngayon na daigin ang ating kasakiman. Nagbabayad tayo ng ikapu dahil mahal natin ang Panginoon, hindi dahil may kakayahan tayong gawin ito. Maaasahan natin na bubuksan ng Panginoon "ang mga dungawan sa langit" (Malakias 3:10) at ibubuhos ang mga pagpapala sa matatapat.[8]

Sinusunod natin ang alituntunin ng pagbabalik sa Panginoon ng bahagi ng kanyang kabutihan sa atin, at ang bahaging ito ay tinatawag nating ikapu. Ang ikapu . . . ay lubos na boluntaryo. Maaari tayong magbayad o hindi magbayad ng ikapu. Ang mga nagbabayad, ay tumatanggap ng mga pagpapalang hindi alam ng iba.[9]

Si Mary Fielding Smith [ay isang] determinadong inang pioneer na asawa at balo ni Patriarch Hyrum Smith, na kapatid ng Propeta. . . . Isang tagsibol nang buksan ng pamilya ang taguan nila ng patatas, ipinahakot niya sa kanyang mga anak na lalaki ang pinakamagagandang patatas para dalhin sa tithing office.

Sinalubong siya ng isa sa mga clerk sa mga baitang ng hagdan paakyat sa opisina, na [tumutol] nang idiskarga ng mga bata ang mga patatas. "Widow Smith," sabi niya, na walang dudang naaalala ang mga pagsubok at sakripisyo nito, "nakakahiya namang magbayad ka pa ng ikapu." . . . Pinagsabihan niya ito sa pagbabayad ng kanyang ikapu, at ipinahiwatig dito na hindi siya matalino at hindi nag-iisip. . . .

Tumindig nang tuwid ang maliit na balo at nagsabing, "William, mahiya-hiya ka nga. Pagkakaitan mo ba ako ng pagpapala? Kung hindi ako magbabayad ng aking ikapu, dapat kong asahang ipagkakait sa akin ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala; nagbabayad ako ng ikapu, hindi lamang dahil ito ay batas ng Diyos kundi dahil umaasa akong pagpapalain ako sa paggawa nito. Sa pagsunod dito at sa iba pang mga batas, inaasahan kong uunlad ako at masusustentuhan ko ang pamilya ko." (Joseph Fielding Smith, *Life of Joseph F. Smith* [Salt Lake City, 1938], 158–59.)[10]

Ang alituntunin ng ikapu ay dapat higit pa sa pagsunod sa batas nang walang damdamin at hindi nag-iisip. Isinumpa ng Panginoon ang mga Fariseo dahil wala sa loob nila ang pagbabayad nila ng mga halamang ikapu at hindi iniisip na ito ay espirituwal [tingnan sa Mateo 23:23]. Kung nagbabayad tayo ng ating ikapu nang dahil

sa pagmamahal natin sa Panginoon, nang may lubos na kalayaan at pananampalataya, pinakikitid natin ang ating distansya sa kanya at nagiging mas personal ang ating kaugnayan sa kanya. Lumalaya tayo sa pagkaalipin sa legalidad ng batas, at naaantig tayo ng espiritu at nadarama natin na kaisa tayo ng Diyos.

Ang pagbabayad ng ikapu ay nagpapalakas ng pananampalataya, nagdaragdag ng espirituwalidad at espirituwal na kakayahan, at nagpapatatag ng patotoo. Nasisiyahan tayong malaman na sinusunod natin ang kalooban ng Panginoon. Naghahatid ito ng mga pagpapalang nagmumula sa pagbabahagi sa iba sa pamamagitan ng mga layunin na ginagamitan ng ikapu. Hindi natin maaatim na pagkaitan ang ating sarili ng mga pagpapalang ito. Hindi natin maaatim na hindi magbayad ng ating ikapu. May tiyak na epekto ito sa atin sa kasalukuyan gayundin sa hinaharap. Ang ibinibigay natin, at kung paano tayo nagbibigay, at ang paraan ng pagtupad natin sa ating mga obligasyon sa Panginoon ay walang hanggan ang kahalagahan.

Ang patotoo tungkol sa batas ng ikapu ay nagmumula sa pamumuhay nito.[11]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Suriin ang kahulugan ng batas ng ikapu sa bahagi 1. Ano ang ikapu? Ano ang matututuhan natin kay Pangulong Hunter tungkol sa kasimplihan ng batas ng ikapu?
- Anong mga kaalaman ang natamo ninyo mula sa mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa kasaysayan ng ikapu? (Tingnan sa bahagi 2.) Sa palagay ninyo bakit gusto ni Pangulong Hunter na maunawaan natin na ang batas ng ikapu ay "para sa lahat noon pa man at magpahanggang ngayon"?
- Paano tayo "nagbibigay ng isang kaloob at nagbabayad din ng obligasyon" sa ating ikapu? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano nakikita sa pagbabayad ng ikapu ang pagmamahal natin sa Panginoon? Paano natin madarama na ang pagbabayad ng ikapu ay isang pribilehiyo, hindi isang pasanin?

- Bakit kailangang magkaroon ng halaga sa nagbibigay ang isang handog sa Panginoon? (Tingnan sa bahagi 4.) Paano madaraig ang anumang hamon o pag-aatubiling magbayad ng ikapu?
- Suriin ang maraming pagpapalang sinabi ni Pangulong Hunter na nagmumula sa pagbabayad ng ikapu (tingnan sa bahagi 5). Paano ninyo nakita ang mga pagpapalang ito sa inyong buhay?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Alma 13:15; D at T 64:23; 104:14–18; 119; 120; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Ikapu"

*Tulong sa Pag-aaral*

Sa unang pagbabasa ninyo ng isang kabanata, maaari ninyo itong basahin nang mabilis o suriin ang mga heading para makuha ang buod ng nilalaman. Pagkatapos ay ilang beses pang basahin ang kabanata, nang mas mabagal at pag-aralan ito nang husto. Maaari din ninyong basahin ang bawat bahagi na nasa isip ang mga tanong sa pag-aaral. Kapag ginawa ninyo ito, maaari kayong makatuklas ng malalalim na kaalaman at pagsasabuhay ng mga alituntunin.

## *Mga Tala*

1. Sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 80–81.
2. *The Teachings of Howard W. Hunter,* inedit ni Clyde J. Williams (1997), 105; tingnan din sa Conference Report, Abr. 1964, 35.
3. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 105.
4. Sa Conference Report, Abr. 1964, 33–35.
5. Sa Conference Report, Abr. 1964, 35–36.
6. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 106; tingnan din sa Conference Report, Abr. 1964, 33.
7. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 105.
8. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 105.
9. "Dedication of Goteborg Chapel" (mensaheng ibinigay sa Goteborg, Sweden, noong Set. 10, 1967), 1, Church History Library, Salt Lake City.
10. Howard W. Hunter, *That We Might Have Joy* (1994), 136–37.
11. Sa Conference Report, Abr. 1964, 36.

# Mga Banal na Kasulatan— Ang May Pinakamalaking Pakinabang sa Lahat ng Pag-aaral

*"Nawa bawat isa sa atin . . . ay mas mapalapit sa ating Ama sa Langit at sa kanyang Pinakamamahal na Anak sa pamamagitan ng regular na pag-aaral ng mga banal na kasulatan."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Malaki ang pagmamahal ni Pangulong Howard W. Hunter para sa mga banal na kasulatan at masigasig niya itong pinag-aralan. Ang pagmamahal at pag-aaral na ito ay nabanaag sa kanyang mga turo, na puno ng mga kuwento at iba pang mga talata mula sa mga pamantayang aklat. Madalas sa pagtuturo ng isang alituntunin ng ebanghelyo, lalo na sa pangkalahatang kumperensya, pumipili siya ng isang kuwento man lang mula sa mga banal na kasulatan, isinasalaysay ito nang detalyado, at ipinaliliwanag kung paano ito ipamumuhay.

Halimbawa, nang ituro niya ang pagiging tapat sa Diyos, isinalaysay niya ang mga kuwento tungkol kay Josue; kina Sadrach, Mesach, at Abed-nego; at iba pa sa Lumang Tipan na nagpakita ng gayong katapatan (tingnan sa kabanata 19). Sa pagtuturo tungkol sa paglilingkod, gumamit siya ng mga halimbawa mula sa Aklat ni Mormon para ipakita na "hindi nakabababa ng kapakinabangan" ang ilang taong kakaunti ang natanggap na papuri kaysa sa iba na ang paglilingkod ay mas nakikita (tingnan sa kabanata 23). Sa pagtuturo kung paano magkaroon ng kapayapaan ng kalooban sa mga oras ng kaguluhan, muli siyang gumamit ng mahahabang talata mula sa mga banal na kasulatan, pati na ang kuwento tungkol sa paglakad



*"Sana'y binabasa at pinag-aaralan ninyo ang mga banal na kasulatan araw-araw nang mag-isa at bilang pamilya."*

ni Pedro sa tubig (tingnan sa kabanata 2). Sa pagtuturo tungkol sa sakramento, ipinaliwanag niya ang sitwasyon sa pamamagitan ng pagrerepaso ng kuwento tungkol sa mga anak ni Israel at ng Paskua (tingnan sa kabanata 15).

Batid ni Pangulong Hunter ang kahalagahan ng mga banal na kasulatan sa pagtulong sa isang tao na magkaroon ng patotoo kay Jesucristo. Dahil diyan, madalas siyang magturo mula sa mga kuwento sa banal na kasulatan tungkol sa ministeryo, pagpapako sa krus, at pagkabuhay na mag-uli ng Tagapagligtas. Sinabi niya:

"Nagpapasalamat ako sa mga aklat ng banal na kasulatan na nagtuturo ng higit na kaalaman tungkol kay Jesucristo sa pamamagitan ng masigasig na pag-aaral. Nagpapasalamat ako na bukod pa sa Luma at Bagong Tipan, nagdagdag ang Panginoon, sa pamamagitan ng mga propeta ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ng iba pang inihayag na banal na kasulatan bilang karagdagang mga saksi kay Cristo—ang Aklat ni Mormon, ang Doktrina at mga Tipan, at ang Mahalagang Perlas—na alam ko na pawang mga salita ng Diyos. Pinatototohanan ng mga ito na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos."[1]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Pag-aaral ng mga banal na kasulatan ang may pinakamalaking pakinabang sa lahat ng pag-aaral na magagawa natin.

Pinakamahalaga sa lahat ng katotohanan ang patotoo na si Jesus ng Nazaret ang Cristo, ang Dakilang Jehova, ang Tagapagligtas ng Sanlibutan, at ang Bugtong na Anak ng Buhay na Diyos. Ito ang mensahe ng mga banal na kasulatan. Sa bawat isa sa mga banal na aklat na ito may pagsamo na maniwala at manampalataya sa Diyos Amang Walang Hanggan at sa kanyang Anak na si Jesucristo; at mula sa una hanggang sa huling aklat ng mga banal na kasulatang ito ay may panawagang gawin ang kalooban ng Diyos at sundin ang kanyang mga utos.[2]

Kapag sinunod natin ang payo ng ating mga pinuno na basahin at pag-aralan ang mga banal na kasulatan, darating sa atin ang

maraming uri ng mga pakinabang at pagpapala. Ito ang may pinakamalaking pakinabang sa lahat ng pag-aaral na magagawa natin. . . .

Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng talaan ng paghahayag ng Diyos tungkol sa kanyang sarili, at sa pamamagitan nito ay nangungusap ang Diyos sa tao. Saan pa tayo higit na makikinabang sa paggamit ng oras kaysa sa pagbabasa mula sa mga aklat ng banal na kasulatan na nagtuturo sa atin na kilalanin ang Diyos at unawain ang ating kaugnayan sa kanya? Laging mahalaga ang oras sa mga taong abala, at ninanakaw sa atin ang halaga nito kapag nasayang ang oras sa pagbabasa o panonood ng anumang walang kabuluhan at di-gaanong mahalaga.[3]

Sana'y binabasa at pinag-aaralan ninyo ang mga banal na kasulatan araw-araw nang mag-isa at bilang pamilya. Huwag nating balewalain ang utos ng Panginoon, "Saliksikin ninyo ang mga kasulatan, sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin" (Juan 5:39). Ang Espiritu ay papasok sa inyong tahanan at sa inyong buhay habang binabasa ninyo ang inihayag na salita.[4]

Kailangan tayong magkaroon ng isang Simbahang puno ng mga babae at lalaking lubos na maalam sa mga banal na kasulatan, na nagko-cross-reference at minamarkahan ang mga ito, bumubuo ng mga lesson at mensahe mula sa Alpabetikong Talaan ng mga Paksa, at mahusay gumamit ng mga mapa, ng Gabay sa mga Banal na Kasulatan, at ng iba pang mga tulong na nasa napakagagandang pamantayang aklat na ito. Malinaw na mas maraming nakapaloob doon kaysa kaya nating magamit nang mahusay kaagad. Tiyak na ang buong banal na kasulatan ay "puti na upang anihin" [tingnan sa D at T 4:4]. . . .

Hindi sa dispensasyong ito, siguradong hindi sa anumang dispensasyon, naging napakadaling makakuha at napakaganda ng pagkabalangkas ng mga banal na kasulatan—ang walang kupas at nakapagpapaliwanag na salita ng Diyos—para magamit ng bawat lalaki, babae, at batang magsasaliksik nito. Ang nakasulat na salita ng Diyos ay binuo sa paraan na pinakamadaling basahin at makuha na inilaan sa karaniwang mga miyembro sa kasaysayan ng mundo. Tiyak na pananagutin tayo kung hindi natin ito babasahin.[5]

## 2

## Tinutulungan tayo ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan na malaman at sundin ang kalooban ng Diyos.

Para masunod ang batas ng ebanghelyo at mga turo ni Jesucristo, kailangan muna nating maunawaan ang batas at matiyak ang kalooban ng Panginoon. Naisasagawa ito nang husto sa pamamagitan ng pagsasaliksik at pag-aaral ng mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta. Sa ganitong paraan nagiging pamilyar tayo sa naihayag ng Diyos sa tao.

Isa [sa] Mga Saligan ng Pananampalataya ang nagsasaad na, "Naniniwala kami sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, sa lahat ng Kanyang ipinahahayag ngayon, at naniniwala rin kami na maghahayag pa Siya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9).

Inihayag na sa mga banal na kasulatan ang kalooban ng Diyos, kaya nga inutusan na tayo na basahin ito upang malaman ang katotohanan. Niliwanag ng Panginoon kay Oliver Cowdery kung paano tiyakin ang mga katotohanang ito. Sabi niya, "Masdan, binibigyan kita ng isang kautusan, na ikaw ay manalig sa mga bagay na nakasulat; sapagkat sa mga ito nakasulat ang lahat ng bagay hinggil sa pagtatatag ng aking simbahan, ng aking ebanghelyo, at ng aking bato" (D at T 18:3–4).

Sumulat si Pablo sa kanyang butihing kaibigang si Timoteo, na hinihimok siyang basahin ang mga banal na kasulatan, at sinabi niya sa kanyang liham, "Mula sa pagkasanggol ay iyong nalalaman ang mga banal na kasulatan na makapagpadunong sa iyo sa ikaliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus." Pagkatapos ay idinagdag niya, "Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran" (II Kay Timoteo 3:15–16). . . .

Lubos na binigyang-diin ng mga pinuno ng ating Simbahan ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan at mga salita ng sinauna at makabagong mga propeta. Hinilingan ang mga ama at ina na basahin ang mga banal na kasulatan para maturuan nila nang wasto ang kanilang mga anak. Binabasa ng ating mga anak ang mga banal na kasulatan dahil sa halimbawang ipinakita ng mga magulang. Pinag-aaralan natin ang mga banal na kasulatan sa ating mga family

home evening, at ang ilang pamilya ay sama-samang binabasa ang mga banal na kasulatan sa madaling-araw. . . . Sa ganitong paraan natututuhan nating alamin ang kalooban ng Panginoon, upang tayo'y maging masunurin.[6]

Isipin ang sunud-sunod na mga hakbang na inilahad sa banal na kasulatan na nagsisimula sa pakikinig na mabuti sa salita ng Diyos hanggang sa pangangako na kung gagawin natin ito, maaari tayong makarating sa kinaroroonan niya mismo:

"At binibigyan ko kayo ngayon ng isang kautusan . . . na makinig na mabuti sa mga salita ng buhay na walang hanggan.

"Sapagkat kayo ay mabubuhay sa bawat salita na magmumula sa bibig ng Diyos.

"Sapagkat ang salita ng Panginoon ay katotohanan, at anumang katotohanan ay liwanag, at anumang liwanag ay Espiritu, maging ang Espiritu ni Jesucristo. . . .

"At ang bawat isa na nakikinig sa tinig ng Espiritu ay lumalapit sa Diyos, maging sa Ama" (D at T 84:43–45, 47).

Napakagandang paglalakbay niyan na nagsimula sa salita ng Diyos at magwawakas sa kadakilaan. "Ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin" (2 Nephi 32:3).[7]

Iminumungkahi ko sa inyo na gawing pamantayan ang mga paghahayag ng Diyos kung saan dapat nating iayon ang ating pamumuhay at gawin itong sukatan sa bawat pasiya at gawain natin. Dahil diyan, kapag kayo ay may mga alalahanin at hamon, harapin ang mga ito sa pamamagitan ng pagbaling sa mga banal na kasulatan at mga propeta.[8]

3

## Para maunawaan ang mga banal na kasulatan, kailangan ng nakatuon, regular, at mapanalanging pag-aaral.

Hinihimok namin ang bawat isa sa inyo na isiping mabuti kung gaano katagal ninyo mapanalanging pinagbubulayan sa ngayon ang mga banal na kasulatan.

Bilang isa sa mga lingkod ng Panginoon, hinahamon ko kayong gawin ang mga sumusunod:



*Pag-aaral ng mga banal na kasulatan "ang may pinakamalaking pakinabang sa lahat ng pag-aaral na magagawa natin."*

1. Basahin, pagnilayan, at ipagdasal ang mga banal na kasulatan araw-araw bilang mga miyembro ng Simbahan.

2. Magdaos ng regular na pagbabasa ng mga banal na kasulatan ng pamilya. Pinupuri namin kayong mga gumagawa na nito at hinihimok namin ang mga hindi pa nakapagsisimula na simulan na itong gawin kaagad. . . .

Nawa'y humayo ang bawat isa sa atin na may matatag na pasiya na maging mas madasalin; hangaring mamuhay nang mas lubusan sa patnubay ng Espiritu; at mas mapalapit sa ating Ama sa Langit at sa kanyang Pinakamamahal na Anak sa pamamagitan ng regular na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.[9]

Lubhang magkakaiba ang mga nakaugaliang pagbabasa. May mabibilis magbasa at mababagal magbasa, may ilan na nagbabasa lamang ng pailan-ilang talata at may iba na hindi tumitigil hanggang sa matapos niyang basahin ang buong aklat. Gayunman, alam ng mga nagsasaliksik sa mga aklat ng banal na kasulatan na kailangan ng higit pa sa kaswal na pagbabasa para maunawaan ito—kailangang nakatuon tayo sa pag-aaral. Tiyak na ang isang taong nag-aaral ng

mga banal na kasulatan araw-araw ay mas maraming natututuhan kaysa isang taong naglalaan ng maraming oras sa isang araw at pagkatapos ay nagpapalipas ng maraming araw bago magpatuloy. Hindi lamang tayo dapat mag-aral bawat araw, kundi dapat ay may regular na oras tayong nakalaan na makapagtutuon tayo nang walang istorbo.

Wala nang mas makakatulong pa kaysa panalangin para mabuksan ang pang-unawa natin sa mga banal na kasulatan. Sa pamamagitan ng panalangin maiaayon natin ang ating isipan sa paghahanap ng mga sagot sa ating mga pagsasaliksik. Sabi ng Panginoon: "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan" (Lucas 11:9). Narito ang pagtiyak ni Cristo na kung tayo'y hihingi, maghahanap, at kakatok, gagabayan ng Banal na Espiritu ang ating pang-unawa kung tayo ay handa at sabik na tumanggap.

Nalalaman ng marami na ang pinakamainam na oras para mag-aral ay sa umaga matapos mapawi ng pahinga sa gabi ang maraming problema na gumagambala sa isipan. Ang iba ay mas gustong mag-aral sa mga oras na tahimik kapag tapos na ang trabaho at napawi na ang mga alalahanin ng maghapon sa ating isipan, sa gayon ay natatapos ang araw na may kapayapaan at katahimikan na dumarating sa pagkakaroon ng kaugnayan sa mga banal na kasulatan.

Marahil ang mas mahalaga kaysa sa oras sa loob ng maghapon ay ang magtakda ng regular na oras para sa pag-aaral. Maganda sana kung makapaglalaan ng isang oras bawat araw; ngunit kung hindi posible iyan, malaki ang magagawa ng kalahating oras basta't regular itong gagawin. Maikli ang 15 minuto, ngunit nakakagulat ang laki ng kalinawan at kaalamang matatamo sa isang paksang lubhang makabuluhan. Ang mahalaga ay huwag hayaang magambala tayo ng anuman sa ating pag-aaral.

Ang ilan ay mas gustong mag-aral mag-isa, ngunit maaaring makinabang ang dalawang tao kapag sabay silang nag-aaral. Ang mga pamilya ay labis na pinagpapala kapag tinitipon ng matatalinong ama at ina ang kanilang mga anak sa paligid nila, sama-sama silang nagbabasa mula sa mga pahina ng mga banal na kasulatan, at pagkatapos ay tinatalakay nang malaya ang magagandang kuwento at kaisipan ayon sa pagkaunawa ng lahat. Ang kabataan at ang mga

musmos ay madalas magkaroon ng kamangha-manghang ideya at pagpapahalaga sa mga pangunahing literatura ng relihiyon.

Hindi tayo dapat magmadali sa ating pagbabasa at sa halip ay bumuo tayo ng sistematikong plano sa pag-aaral. May ilan na nag-iiskedyul na magbasa ng ilang pahina o nagtatakda ng mga kabanatang babasahin bawat araw o linggo. Maaaring lubos na makatwiran at nakakatuwa kung nagbabasa ang isang tao para masiyahan, ngunit hindi makabuluhan ang ganitong pag-aaral. Mas makabubuting itakda ang oras na iuukol sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan bawat araw kaysa magtakda ng ilang kabanatang babasahin. Kung minsan natutuklasan natin na ang pag-aaral ng iisang talata ay uubos na sa buong panahong itinakda natin.[10]

4

## Ang pagninilay sa maikling salaysay sa Biblia tungkol kay Jairo ay naghahatid ng napakalalim na pagkaunawa at kahulugan.

Ang buhay, mga ginawa, at mga turo ni Jesus ay maaaring basahin nang mabilis. Ang mga kuwento ay simple sa karamihan ng mga sitwasyon at ikinuwento sa simpleng paraan. Ang Guro ay gumamit ng ilang salita sa kanyang mga turo, ngunit bawat isa ay maikli ngunit makahulugan kaya kapag pinagsama-sama ay malinaw ang inilalarawan sa mambabasa. Gayunman, kung minsan ay maraming oras ang magugugol sa pagninilay ng malalalim na kaisipang ipinahayag sa iilang simpleng salita.

May isang pangyayari sa buhay ng Tagapagligtas na binanggit nina Mateo, Marcos, at Lucas. Ikinuwento ni Marcos ang isang mahalagang bahagi ng pangyayari sa dalawang maiikling talata at apat na salita lamang sa kasunod na talata. . . .

"At lumapit ang isa sa mga pinuno sa sinagoga, na nagngangalang Jairo; at pagkakita sa kaniya [ibig sabihin, nang makita niya si Jesus], ay nagpatirapa siya sa kaniyang paanan,

"At ipinamamanhik na mainam sa kaniya, na sinasabi, Ang aking munting anak na babae ay naghihingalo: ipinamamanhik ko sa iyo, na ikaw ay pumaroon at ipatong mo ang iyong mga kamay sa kaniya, upang siya'y gumaling, at mabuhay.

"At [si Jesus ay] sumama sa kaniya" (Marcos 5:22–24).

Ang tagal ng pagbasa sa bahaging iyon ng kuwento ay mga tatlumpung segundo. Maikli iyon at hindi kumplikado. Malinaw ang paglalarawan at kahit ang isang bata ay makakaya itong ikuwentong muli nang walang hirap. Ngunit habang gumugugol tayo ng oras sa pag-iisip at pagninilay, mas nagkakaroon ito ng liwanag at kahulugan sa atin. . . .

. . . Katatawid pa lang ulit ni Jesus at ng mga kasama niya sa Dagat ng Galilea, at sinalubong siya ng napakaraming taong nangaghihintay sa pampang malapit sa Capernaum. "At lumapit ang isa sa mga pinuno sa sinagoga." Ang mas malalaking sinagoga noong panahong iyon ay pinamumunuan ng isang grupo ng mga elder sa ilalim ng pamamahala ng isang nangungulo o isang pinuno. Siya ay isang lalaking may katungkulan at kabantugan na lubhang iginagalang ng mga Judio.

Hindi ibinigay ni Mateo ang pangalan ng punong elder na ito, ngunit tinukoy ito ni Marcos sa pagdaragdag sa kanyang titulo ng mga salitang, "nagngangalang Jairo." Hindi lumabas sa buong banal na kasulatan ang lalaking ito o ang kanyang pangalan maliban sa pagkakataong ito, subalit namamayani ang kanyang alaala sa kasaysayan dahil sa maikling pakikipag-ugnayan niya kay Jesus. Napakaraming buhay ang hindi malilimutan na naglaho na sana sa kawalan kung hindi dahil sa dantay ng kamay ng Guro na gumawa ng malaking pagbabago ng isipan at kilos at ng isang bago at mas mabuting pamumuhay.

"At pagkakita sa kaniya [ibig sabihin, nang makita ni Jairo si Jesus], ay nagpatirapa siya sa kaniyang paanan."

Pambihirang pangyayari ito na ang isang lalaking may katungkulan at kabantugan, isang pinuno sa sinagoga, ay nagpatirapa sa paanan ni Jesus—sa paanan ng itinuring na isang gurong naglalakbay na may kakayahang magpagaling. Maraming iba pang may pinag-aralan at bantog na nakakita rin kay Jesus ngunit binalewala siya. Sarado ang kanilang isipan. Gayon din ngayon; maraming humahadlang sa marami para tanggapin siya.

"At ipinamamanhik na mainam sa kaniya [ni Jairo], na sinasabi, Ang aking munting anak na babae ay naghihingalo." Ito ang karaniwang nangyayaring madalas kapag lumapit ang isang tao kay Cristo, hindi dahil sa kanyang sariling pangangailangan, kundi dahil sa gipit na pangangailangan ng isang mahal sa buhay. Ang naririnig nating

panginginig ng boses ni Jario nang sabihin niyang "Ang aking munting anak na babae" ay umaantig sa ating kaluluwa sa pakikiramay kapag inisip natin ang lalaking ito na may mataas na katungkulan sa sinagoga na nakaluhod sa harapan ng Tagapagligtas.

Pagkatapos ay dumarating ang matinding pagkilala sa pananampalataya: "Ipinamamanhik ko sa iyo, na ikaw ay pumaroon at ipatong mo ang iyong mga kamay sa kaniya, upang siya'y gumaling, at mabuhay." Ito ay hindi lamang mga salita ng pananampalataya ng isang amang namimighati kundi isa ring paalala sa atin na anumang dantayan ng mga kamay ni Jesus ay nabubuhay. Kung ipapatong ni Jesus ang Kanyang mga kamay sa pagsasama ng isang mag-asawa, ito ay mabubuhay. Kung tutulutan siyang idantay ang kanyang mga kamay sa pamilya, ito ay mabubuhay.

Sumunod ang mga salitang, "at [si Jesus ay] sumama sa kaniya." Hindi natin ipapalagay na ang pangyayaring ito ay nasa plano para sa araw na iyon. Nagbalik ang Guro mula sa kabilang-dagat kung saan maraming tao ang naghihintay sa pampang para turuan niya. . . . Nagambala siya ng pagsamo ng isang ama. Maaari niyang balewalain ang hiling dahil marami pang ibang naghihintay. Maaari sana niyang sabihin kay Jairo na pupuntahan niya ang anak nito bukas, ngunit "[si Jesus ay] sumama sa kaniya." Kung susundin natin ang mga yapak ng Guro, magiging masyadong abala ba tayo para balewalain ang mga pangangailangan ng ating kapwa-tao?

Hindi na kailangang tapusing basahin ang kuwento. Pagdating nila sa bahay ng pinuno ng sinagoga, hinawakan ni Jesus sa kamay ang batang babae at ibinangon ito mula sa mga patay. Sa gayon ding pamamaraan, iaahon at ibabangon niya sa isang bago at mas magandang buhay ang bawat taong tutulutan ang Tagapagligtas na hawakan siya sa kamay.[11]

5

## Lalo tayong ilalapit ng Aklat ni Mormon at ng Doktrina at mga Tipan kay Cristo.

### *Ang Aklat ni Mormon*

Ang isa sa pinakamahahalagang bagay na ipinagkaloob ng Panginoon para tulungan tayong isagawa ang banal na gawaing ito ay ang Aklat ni Mormon, na may pangalawang pamagat na "Isa Pang

Tipan ni Jesucristo." Tahasan tayong pinagsabihan [ni Pangulong Ezra Taft Benson] na huwag kaligtaang basahin at sundin ang mga tuntunin sa sagradong aklat na ito ng banal na kasulatan. "Ang dakilang misyon nito," pagtuturo niya sa atin, "ay dalhin ang mga tao kay Cristo [at sa gayon ay sa Ama], at pumapangalawa lang ang lahat ng iba pang bagay." (*Ensign,* Mayo 1986, p. 105.) Umaasa kami mga kapatid na pinakakain ninyo ang inyong espiritu sa pamamagitan ng regular na pagbabasa ng Aklat ni Mormon at ng iba pang mga banal na kasulatan at ginagamit ang mga ito sa inyong ministeryo.[12]

Ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos. Inaanyayahan namin kayong basahin ang napakagandang talang ito. Ito ang pinakapambihirang aklat sa mundo ngayon. Mapanalangin itong basahing mabuti, at kapag ginawa ninyo ito, bibigyan kayo ng Diyos ng patotoo tungkol sa katotohanan nito tulad ng ipinangako ni Moroni (tingnan sa Moroni 10:4).[13]

Sa pamamagitan ng pagbabasa at pag-aaral ng Aklat ni Mormon, at mapanalanging paghahangad ng pagpapatibay ng mga nilalaman nito, natatanggap natin ang patotoo na si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos at na ang Simbahan ni Jesucristo ay ipinanumbalik na sa lupa.[14]

Ang pagbabasa [ng Aklat ni Mormon] ay magkakaroon ng malaking epekto sa inyong buhay. Palalawakin nito ang inyong kaalaman tungkol sa paraan ng pakikitungo ng Diyos sa tao at magbibigay sa inyo ng mas matinding hangaring mamuhay ayon sa mga turo ng kanyang ebanghelyo. Bibigyan din kayo nito ng napakalakas na patotoo tungkol kay Jesus.[15]

### *Ang Doktrina at mga Tipan*

Ang Doktrina at mga Tipan ay isang kakaibang aklat. Ito lamang ang aklat sa balat ng lupa na may paunang salita na ang Lumikha mismo ang sumulat. Bukod pa rito, ang aklat na ito ng banal na kasulatan ay naglalaman ng mas maraming tuwirang kasabihan mula sa Panginoon kaysa iba pang aklat ng banal na kasulatan.

Ito ay hindi pagsasalin ng isang sinaunang dokumento, kundi makabago ang pinagmulan nito. Ito ay isang aklat ng paghahayag para sa ating panahon. Ito ay isang kakaiba at may banal na inspirasyong salaysay ng mga paghahayag na ibinigay sa pamamagitan

ng mga propeta ng Diyos sa ating panahon bilang sagot sa mga katanungan, alalahanin, at hamon na nakaharap nila at ng iba. Ito ay naglalaman ng mga banal na kasagutan sa mga problema sa tunay na buhay ng mga tunay na tao. . . .

Natatanto ba ninyo na sa pagbabasa ng Doktrina at mga Tipan ay maririnig ninyo ang tinig ng Panginoon sa pamamagitan ng banal na kasulatan? [tingnan sa D at T 18:33–36]. . . . Ang tinig na iyon ng kaliwanagan ay kadalasang darating sa inyong isipan bilang "mga kaisipan" at sa inyong puso bilang "mga pakiramdam" (tingnan sa D at T 8:1–3). Ang pangako ng patotoong iyon ay . . . para sa bawat karapat-dapat na lalaki, babae, at bata na mapanalanging naghahangad ng gayong patotoo. Hindi ba nararapat ipasiya ng bawat isa sa atin na basahin, pag-aralan, pagnilayan, at ipagdasal ang mga sagradong paghahayag na ito?[16]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Anong mga karanasan ang nakatulong sa inyo na malaman na pag-aaral ng mga banal na kasulatan "ang may pinakamalaking pakinabang sa lahat ng pag-aaral"? (Tingnan sa bahagi 1.) Paano natin mapapatibay ang ating pangako na maging "mga babae at lalaking lubos na maalam sa mga banal na kasulatan"?
- Paano tayo tinutulungan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan na maging mas masunurin? (Tingnan sa bahagi 2.) Paano ninyo nakita na "ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin"? (2 Nephi 32:3).
- Anong mga aspeto ng payo ni Pangulong Hunter kung paano mag-aral ng mga banal na kasulatan ang makakatulong sa inyo? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano kayo nabiyayaan ng regular at mapanalanging pag-aaral ng mga banal na kasulatan?
- Anong mga kabatiran ang matatamo natin mula sa salaysay ni Pangulong Hunter tungkol sa pagpapagaling ng Tagapagligtas sa anak na babae ni Jairo? (Tingnan sa bahagi 4.) Paano mapagyayaman ng pagninilay ng iilang talata lamang na tulad nito ang inyong pag-aaral ng banal na kasulatan?

- Paano kayo natulungan ng Aklat ni Mormon at ng Doktrina at mga Tipan na mas mapalapit sa Tagapagligtas? (Tingnan sa bahagi 5.) Ano ang ilang iba pang paraan na nakaimpluwensya sa inyo ang mga sagradong aklat na ito? Isiping ibahagi ang inyong patotoo tungkol sa mga banal na kasulatang ito sa pamilya at iba pa.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Josue 1:8; Mga Kawikaan 30:5; 1 Nephi 15:23–24; 2 Nephi 3:12; Alma 31:5; 37:44; Helaman 3:29–30; D at T 98:11

*Tulong sa Pag-aaral*

"Ang pagbabasa, pag-aaral, at pagbubulay ay hindi magkakapareho. Nababasa natin ang mga salita at maaari tayong makakuha ng mga ideya. Nag-aaral tayo at maaari tayong makatuklas ng mga huwaran at pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya sa banal na kasulatan. Ngunit kapag nagbulay-bulay tayo, nag-aanyaya tayo ng paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu. Ang pagbubulay, para sa akin, ay ang pag-iisip at pagdarasal na ginagawa ko matapos basahin at pag-aralang mabuti ang mga banal na kasulatan" (Henry B. Eyring, "Maglingkod nang May Espiritu," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2010, 60).

## *Mga Tala*

1. "Reading the Scriptures," *Ensign,* Nob. 1979, 65.
2. *The Teachings of Howard W. Hunter,* inedit ni Clyde J. Williams (1997), 50.
3. "Reading the Scriptures," 64.
4. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 53–54.
5. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 51.
6. "Obedience" (mensaheng ibinigay sa Hawaii Area Conference, Hunyo 18, 1978), 3–5, Church History Library, Salt Lake City; ang huling parapo ay matatagpuan din sa *The Teachings of Howard W. Hunter,* 52.
7. "Eternal Investments" (mensahe sa CES religious educators, Peb. 10, 1989), 3; si.lds.org.
8. "Fear Not, Little Flock" (mensaheng ibinigay sa Brigham Young University, Mar. 14, 1989), 2; speeches.byu.edu.
9. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 51–52.
10. "Reading the Scriptures," 64.
11. "Reading the Scriptures," 64–65.
12. "The Mission of the Church" (mensaheng ibinigay sa regional representatives' seminar, Mar. 30, 1990), 2.
13. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 54.
14. "The Pillars of Our Faith," *Ensign,* Set. 1994, 54.
15. "Evidences of the Resurrection," *Ensign,* Mayo 1983, 16.
16. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 55–56.

# Tunay na Kadakilaan

*"Ang patuloy nating pagsisikap sa maliliit na bagay sa buhay araw-araw ay humahantong sa tunay na kadakilaan."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Itinuro ni Pangulong Howard W. Hunter na ang tunay na kadakilaan ay nagmumula hindi sa makamundong tagumpay kundi sa "libu-libong maliliit na bagay na ginagawa natin . . . sa paglilingkod at sakripisyo na bumubuo sa pagbibigay, o pagkawala, ng buhay ng isang tao para sa iba at para sa Panginoon."[1] Iniayon ni Pangulong Hunter ang kanyang buhay sa turong ito. Sa halip na hangarin ang pansin ng madla o ang papuri ng iba, nagsagawa siya ng paglilingkod at sakripisyo araw-araw na kadalasan ay hindi napapansin.

Ang isang halimbawa ng paglilingkod ni Pangulong Hunter na medyo hindi napansin ay ang pag-aalaga niya sa kanyang asawa nang mahigit isang dekada nang manghina ang katawan nito. Noong mga unang taon ng 1970s, nagsimulang dumanas si Claire Hunter ng pananakit ng ulo at pagkalimot. Kalaunan ay ilang beses siyang inatake, kaya nahirapan siyang magsalita o gamitin ang kanyang mga kamay. Nang kailanganin na nito ng patuloy na pag-aalaga, ginawa ni Pangulong Hunter ang makakaya niya habang ginagampanan din ang kanyang mga responsibilidad bilang Apostol. Pinabantayan niya sa iba si Claire sa araw, ngunit siya ang nag-alaga rito sa gabi.

Nagkaroon ng cerebral hemorrhage si Claire noong 1981 kaya hindi na siya makalakad o makapagsalita. Gayunpaman, tinulungan ito ni Pangulong Hunter na tumayo mula sa wheelchair at niyakap ito nang mahigpit para makapagsayaw sila na tulad noong mga unang taon nila.

Matapos ang ikalawang cerebral hemorrhage ni Claire, iginiit ng mga doktor na ilagay siya sa isang care center, at nanatili siya roon sa huling 18 buwan ng kanyang buhay. Noong panahong iyon,



*Howard at Claire Hunter*

pinupuntahan siya ni Pangulong Hunter bawat araw maliban lang sa mga panahong naatasan siyang maglakbay sa ibang lugar para sa Simbahan. Sa pag-uwi niya, dumidiretso siya mula sa airport para makasama siya. Kadalasan ay mahimbing ang tulog nito o hindi siya nakikilala, ngunit patuloy niyang ipinahayag dito ang kanyang pagmamahal at tiniyak na komportable ito.

Kalaunan ay sinabi ni Elder James E. Faust ng Korum ng Labindalawa na ang "magiliw at mapagmahal na pangangalaga [ni Pangulong Hunter] sa kanyang asawang si Claire nang mahigit sampung taon noong maysakit ito ang pinakamarangal na katapatan ng isang lalaki sa isang babae na nakita ng marami sa amin sa aming buhay."[2]

Pagkamatay ni Pangulong Hunter, sinipi sa isang talambuhay sa *Ensign* ang kanyang mga turo tungkol sa tunay na kadakilaan at ibinuod doon kung paano nito nagabayan ang kanyang buhay:

"Bagaman hindi niya ikukumpara ang kanyang sarili dahil sa labis na pagpapakumbaba, natagpuan ni Pangulong Hunter ang kanyang sariling pakahulugan sa kadakilaan. Ang kanyang kadakilaan ay lumitaw sa mga panahon ng kanyang buhay na hindi siya kilala ng madla nang gumawa siya ng mahahalagang pasiya na magsumigasig, na sumubok na muli matapos mabigo, at tulungan ang kanyang kapwa-tao. Ang mga katangiang iyon ay makikita sa kanyang kahanga-hangang kakayahang magtagumpay sa iba't ibang adhikaing tulad ng musika, batas, negosyo, international relations, pagkakarpintero, at, higit sa lahat, pagiging isang 'mabuti at tapat na alipin' ng Panginoon [Mateo 25:21]. . . .

"Para sa ikalabing-apat na Pangulo ng Simbahan, ang pagtupad sa mga layunin ng Panginoon ay dumating sa di-makasarili at likas na paraan na tulad ng kanyang mga pagsisikap noong bata pa siyang estudyante, bata pang ama, tapat na bishop, at walang-pagod na Apostol. Ang ubasan ng Panginoon, sa tingin ni Howard W. Hunter, ay nangangailangan ng palagiang pangangalaga, at ang tanging hiling sa kanya ng kanyang Panginoon ay maging isa siyang 'mabuti at tapat na alipin.' Tinupad ito ni Pangulong Hunter nang may tunay na kadakilaan, na palaging nakatuon sa halimbawa ng Tagapagligtas, na pinaglingkuran niya hanggang wakas."[3]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Ang pakahulugan ng mundo sa kadakilaan kadalasan ay nakalilinlang at maaaring maghikayat ng nakapipinsalang mga paghahambing.

Maraming Banal sa mga Huling Araw ang masaya at nasisiyahan sa mga pagkakataon sa buhay. Subalit nag-aalala ako na ang ilan sa atin ay hindi masaya. Nadarama ng ilan sa atin na nagkukulang tayo sa inaasahan nating mga uliran. Nag-aalala ako lalo na sa mga taong namuhay nang matwid ngunit nag-iisip—dahil hindi pa nila nakakamit sa mundo o sa Simbahan ang nakamit ng iba—na bigo sila. Bawat isa sa atin ay naghahangad na magkamit ng kadakilaan sa buhay na ito. At bakit naman hindi? Minsa'y may nagsabi, na may matinding damdamin sa kalooban ng bawat isa sa atin na nagnanasang makabalik sa ating tahanan sa langit. (Tingnan sa Heb. 11:13–16; D at T 45:11–14.)

Sa pagkatanto kung sino tayo at kung ano ang maaari nating kahinatnan ay natitiyak natin na wala talagang imposible sa Diyos. Mula nang malaman natin na nais ni Jesus na maging mga disipulo niya tayo hanggang sa malaman natin nang mas lubusan ang mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo, tinuturuan tayong magsikap na maging perpekto. Hindi na bago sa atin, kung gayon, na pag-usapan ang kahalagahan ng tagumpay. Nagsisimula ang hirap kapag nabago ang kahulugan ng kadakilaan ng malaking inaasam ng mundo.

Ano ang tunay na kadakilaan? Ano ang nagiging dahilan ng kadakilaan ng isang tao?

Nabubuhay tayo sa isang mundong tila sumasamba sa sarili nitong uri ng kadakilaan at lumilikha ng sarili nitong uri ng mga bayani. Inihayag kamakailan sa isang survey ng mga kabataan mula labingwalo hanggang dalawampu't apat na taong gulang na mas gusto ng mga kabataan ngayon ang mga taong "matatag, malaya, marunong lumaban" at malinaw na naghahangad na gawing huwaran sa buhay ang kaakit-akit at "napakayamang buhay." Noong 1950s, kabilang sa mga bayani sina Winston Churchill, Albert Schweitzer, President Harry Truman, Queen Elizabeth, at Helen Keller—ang bulag at binging manunulat at lecturer. Sila ang mga bantog na taong nakatulong




*"Ang tunay na kadakilaan [ay nagmumula sa] libu-libong maliliit na bagay na ginagawa natin at sa paglilingkod at sakripisyo na bumubuo sa pagbibigay, o pagkawala, ng buhay ng isang tao para sa iba at para sa Panginoon."*

sa paghubog ng kasaysayan o kaya'y kilala sa kanilang buhay na nagbibigay-inspirasyon. Ngayon, marami sa nangungunang sampung bayani [o idolo] ay mga artista sa pelikula at iba pang entertainers, na nagpapahiwatig ng pagbabago sa ating mga pag-uugali. (Tingnan sa *U.S. News & World Report,* 22 Abr. 1985, mga pahina 44–48.)

Totoo na ang mga bayani sa mundo ay di-gaanong nagtatagal sa isipan ng madla; ngunit, gayunman, kailanma'y hindi nawalan ng mga kampeon at nagtatagumpay. Halos araw-araw ay nakakarinig tayo ng mga atletang naka-break ng record; mga siyentipikong nakaimbento ng kagila-gilalas na mga bagong device, makina, at proseso; at mga doktor na nakapagligtas ng buhay sa mga bagong paraan. Palagi tayong nakalantad sa napakagaling na mga musician at entertainer at napakatalinong mga artist, arkitekto, at builder. Tinatambakan tayo ng mga magasin, billboard, at television commercial ng larawan ng mga taong perpekto ang mga ngipin at katawan, nakasuot ng mga damit na uso at gumagawa ng anumang ginagawa ng "tagumpay" na mga tao.

Dahil palagi tayong nakalantad sa pakahulugan ng mundo sa *kadakilaan,* malinaw na ikinukumpara natin kung ano tayo at ano ang iba—o kung ano sila sa tingin natin—at gayundin kung ano ang mayroon tayo at mayroon ang iba. Bagama't totoo na ang pagkukumpara ay maaaring makatulong at magbunsod sa atin na magsakatuparan ng maraming kabutihan at pagbutihin ang ating buhay, madalas nating tulutan ang di-makatwiran at maling mga pagkukumpara na sirain ang ating kaligayahan kapag nakadama tayo ng kabiguan o kakulangan dahil dito. Kung minsan, dahil sa damdaming ito, nakakagawa tayo ng mali at nagtutuon tayo sa ating mga kabiguan habang binabalewala natin ang mga aspeto ng ating buhay na maaaring may mga elemento ng tunay na kadakilaan.[4]

2

**Ang patuloy na pagsisikap sa maliliit na bagay na ginagawa natin araw-araw ay humahantong sa tunay na kadakilaan.**

Noong 1905, binanggit ni Pangulong Joseph F. Smith ang napakamakabuluhang pahayag na ito tungkol sa tunay na kadakilaan:

"Ang mga bagay na tinatawag nating pambihira, kahanga-hanga, o di-karaniwan ay maaaring maalaala sa kasaysayan, ngunit hindi ito nangyayari sa tunay na buhay.

"Gayon pa man, ang gawin nang mabuti ang mga bagay na yaon na itinakda ng Diyos na maging karaniwang palad ng buong sangkatauhan, ang siyang pinakatunay na kadakilaan. Ang maging matagumpay na ama o ina ay mas dakila pa sa matagumpay na heneral o estadista." (*Juvenile Instructor,* 15 Dis. 1905, p. 752.)

Ang pahayag na ito ay humahantong sa isang tanong: Ano ang mga bagay na itinakda ng Diyos na maging "karaniwang palad ng buong sangkatauhan"? Tiyak na kasama rito ang mga bagay na kailangang gawin para maging mabuting ama o ina, mabuting anak na lalaki o babae, mahusay na estudyante o mabuting roommate o kapitbahay.

. . . Ang patuloy nating pagsisikap sa maliliit na bagay sa buhay araw-araw ay humahantong sa tunay na kadakilaan. Maliwanag na libu-libong maliliit na bagay na ginagawa natin at paglilingkod at sakripisyo ang bumubuo sa pagbibigay, o pagkawala, ng buhay ng isang tao para sa iba at para sa Panginoon. Kabilang dito ang



*"Si Propetang Joseph ay isang Kristiyano sa lahat ng aspeto ng kanyang buhay. Pinagtuunan niya ng pansin ang maliliit na bagay, ang araw-araw na paglilingkod at pangangalaga sa iba."*

pagtatamo ng kaalaman tungkol sa ating Ama sa Langit at sa ebanghelyo. Kabilang din dito ang paghikayat sa iba na manampalataya at mapabilang sa kanyang kaharian. Ang mga bagay na ito ay hindi karaniwang pinapansin o pinupuri ng sanlibutan.[5]

**3**

## Pinagtuunan ng pansin ni Propetang Joseph ang araw-araw na paglilingkod at pangangalaga sa iba.

Si Joseph Smith ay hindi karaniwang ginugunita bilang heneral, meyor, arkitekto, editor, o kandidato sa pagkapangulo. Ginugunita natin siya bilang propeta ng Panunumbalik, isang lalaking tapat sa pag-ibig

ng Diyos at sa pagsusulong ng Kanyang gawain. Si Propetang Joseph ay isang Kristiyano sa lahat ng aspeto ng kanyang buhay. Pinagtuunan niya ng pansin ang maliliit na bagay, ang araw-araw na paglilingkod at pangangalaga sa iba. Noong labintatlong taong gulang si Lyman O. Littlefield, sumama siya sa kampo ng Sion, na nagpunta sa Missouri. Kalaunan ay isinalaysay niya ang isang pangyayari na nagpakita ng ginawang paglilingkod ng Propeta na maliit ngunit mahalaga sa kanya:

"Ang paglalakbay ay lubhang nakakapagod para sa lahat, at ang pisikal na pagdurusa, lakip ang kaalaman tungkol sa mga pang-uusig na tiniis ng aming mga kapatid na pupuntahan namin para tulungan, ang dahilan kaya ako nalungkot isang araw. Habang naghahandang magpatuloy ang grupo sa paglalakbay naupo akong pagod na pagod at malungkot sa tabing-daan. Ang Propeta ang pinakaabalang tao sa grupo; subalit nang makita niya ako, iniwan niya ang iba pa niyang ginagawa para panatagin ang isang bata. Ipinatong niya ang kanyang kamay sa ulo ko, at sinabi, 'Wala ka bang layon dito, iho? Kung wala, bibigyan kita.' Ang pangyayaring ito ay nakintal sa aking isipan at hindi ko na nalimutan sa kabila ng tagal ng panahon at mas mabibigat na problema." (Sa George Q. Cannon, *Life of Joseph Smith the Prophet,* Salt Lake City: Deseret Book Co., 1986, p. 344.)

Sa isa pang pagkakataon, nang ipadala ni Governor Carlin ng Illinois si Sheriff Thomas King ng Adams County at ilang iba pa bilang awtorisadong pulisya para dakpin ang Propeta at ibigay ito sa mga kamay ng mga emisaryo ni Governor Boggs ng Missouri, nagkasakit nang malubha si Sheriff King. Sa Nauvoo dinala ng Propeta ang sheriff sa bahay niya at inalagaan ito na parang kapatid sa loob ng apat na araw. (Ibid., p. 372.) Ang maliit, mabuti, subalit makabuluhang mga paglilingkod ng Propeta ay hindi lamang paminsan-minsan.

Nang sumulat siya tungkol sa pagbubukas ng tindahan [ni Propetang Joseph Smith] sa Nauvoo, itinala ni Elder George Q. Cannon:

"Ang Propeta mismo ay hindi nag-atubiling pumasok sa pangangalakal at industriya; ang ebanghelyong ipinangaral niya ay para sa temporal na kaligtasan gayundin sa espirituwal na kadakilaan; at handa siyang gampanan ang kanyang tungkulin sa gawain. Ginawa niya ito nang hindi nag-iisip ng personal na pakinabang." (Ibid., p. 385.)

At sa isang liham, isinulat ng Propeta:

"Punung-puno ang [Red Brick Store sa Nauvoo] at nakatayo ako sa despatso [counter] maghapon, nagbebenta ng mga paninda tulad ng sinumang klerk na nakita na ninyo, tinutulungan ang mga taong napilitang pumunta rito na walang karaniwang hapunan para sa Pasko at Bagong Taon, sapagkat kulang sila ng kaunting asukal, pulot, pasas, at kung anu-ano pa; at pinasasaya rin ang aking sarili, sapagkat gusto kong paglingkuran ang mga Banal, at maging taga-paglingkod ng lahat, umaasang madadakila ako sa takdang panahon ng Panginoon." (Ibid., p. 386.)

Tungkol sa tagpong ito, sinabi ni George Q. Cannon:

"Kahanga-hangang pagmasdan! Ang isang lalaking pinili ng Panginoon para ilatag ang pundasyon ng Kanyang Simbahan at maging Propeta at Pangulo nito, ay ikinagagalak at ipinagmamalaki ang maglingkod sa kanyang mga kapatid na parang isang alipin. . . . Walang araw na hindi nadama ni Joseph na naglilingkod siya sa Diyos at nagtatamo ng pagsang-ayon ni Jesucristo sa pagpapakita ng kabaitan at malasakit '[kahit] sa pinakamaliit sa mga ito.'" (Ibid., p. 386.)[6]

**4**

### Ang tunay na kadakilaan ay nagmumula sa pagsusumigasig sa mga kahirapan ng buhay at sa paglilingkod sa mga paraan na kadalasan ay hindi napapansin.

Pagiging matagumpay na elders quorum secretary o guro sa Relief Society o mapagmahal na kapitbahay o pakikinig sa kaibigan ang ibig sabihin ng tunay na kadakilaan. Paggawa ng pinakamainam sa harap ng karaniwang mga pakikibaka sa buhay—at marahil sa harap ng kabiguan—at patuloy na pagtitiis at pagsusumigasig sa dinaranas na mga kahirapan ng buhay kapag ang mga pakikibaka at tungkuling iyon ay nakakatulong sa pag-unlad at kaligayahan ng iba at sa walang-hanggang kaligtasan ng isang tao—ito ang tunay na kadakilaan.

Nais nating lahat na magkamit ng kadakilaan sa buhay na ito. Marami nang nagkamit ng mga dakilang bagay; ang iba ay nagsisikap na magkamit ng kadakilaan. Hinihikayat ko kayong kamtin ito at, kasabay nito, alalahanin kung sino kayo. Huwag padaig sa huwad at pansamantalang konsepto ng kadakilaan. Maraming taong isinusuko ang kanilang kaluluwa sa gayong mga tukso. Huwag ipagpalit ang

inyong reputasyon—sa anumang halaga. Ang tunay na kadakilaan ay ang manatiling tapat—"Sa katotohana'y may katapatan, Pananampalataya'y ipaglalaban." (*Mga Himno,* 2001, blg. 156.)

Tiwala ako na maraming dakila, di-napapansin, at nalimutan nang mga bayani sa ating kalipunan. Ang tinutukoy ko ay kayo na tahimik at palaging ginagawa ang mga bagay na dapat ninyong gawin. Ang binabanggit ko ay ang mga laging nariyan at laging handa. Tinutukoy ko ang pambihirang kagitingan ng ina na nananatili sa tabi at nag-aalaga sa isang anak na maysakit, oras-oras, araw-gabi, habang nasa trabaho o nasa paaralan ang kanyang asawa. Isinasama ko ang mga nagboboluntaryong magbigay ng dugo o tumutulong sa matatanda. Iniisip ko kayo na tapat na ginagampanan ang inyong mga responsibilidad sa priesthood at sa simbahan at ang mga estudyanteng regular na sumusulat sa mga magulang upang pasalamatan ang kanilang pagmamahal at suporta.

Tinutukoy ko rin ang mga tumutulong sa iba na magkaroon ng pananampalataya at hangaring ipamuhay ang ebanghelyo—ang mga aktibong nagsisikap na patatagin at hubugin ang buhay ng iba sa pisikal, sa pakikisama, at sa espirituwal. Tinutukoy ko ang mga tapat at mabait at masipag sa kanilang mga tungkulin araw-araw, ngunit mga lingkod din ng Panginoon at mga pastol ng kanyang mga tupa.

Ngayon, hindi ko binabalewala ang malalaking tagumpay ng mundo na nagbigay sa atin ng napakaraming oportunidad at naglalaan ng kultura at kaayusan at katuwaan sa ating buhay. Sinasabi ko lang na nagsisikap tayong magtuon nang mas malinaw sa mga bagay sa buhay na magiging pinakamahalaga. Maaalala ninyo na ang Tagapagligtas ang nagsabing, "Ang pinakadakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo." (Mat. 23:11.)[7]

5

**Ang tunay na kadakilaan ay nangangailangan ng patuloy, maliit, at kung minsan ay karaniwang mga hakbang sa loob ng mahabang panahon.**

Bawat isa sa atin ay nakakita na ng mga taong halos agad-agad na yumaman o nagtagumpay—halos sa loob lang ng buong magdamag. Ngunit naniniwala ako na kahit maaaring magtagumpay nang ganito ang ilan nang walang kahirap-hirap, walang makatatamo ng dagliang

kadakilaan. Ang pagkakamit ng tunay na kadakilaan ay mahabang proseso. Maaaring magkaroon ng mga problema paminsan-minsan. Ang bunga ay maaaring hindi laging malinaw, ngunit tila palagi itong nangangailangan ng regular, patuloy, maliit, at kung minsan ay ordinaryo at karaniwang mga hakbang sa loob ng mahabang panahon. Dapat nating tandaan na ang Panginoon ang nagsabing, "Sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila." (D at T 64:33.)

Ang tunay na kadakilaan ay hindi kailanman bunga ng isang pagkakataon o ng minsanang pagsisikap o tagumpay. Ang kadakilaan ay nangangailangan ng pag-unlad ng pagkatao. Nangangailangan ito ng maraming tamang desisyon sa araw-araw na pagpili sa pagitan ng mabuti at masama na binanggit ni Elder Boyd K. Packer nang sabihin niyang, "Sa paglipas ng mga taon ang maliliit na pagpili ay magsasama-sama at malinaw na ipapakita kung ano ang mahalaga sa atin." (*Ensign,* Nob. 1980, p. 21.) Malinaw ring ipapakita ng mga pagpiling iyon kung ano tayo.[8]

**6**

## Mga karaniwang tungkulin ang kadalasan may pinakamalaking positibong epekto sa iba.

Kapag sinuri natin ang ating buhay, mahalagang tingnan natin, hindi lamang ang ating mga nagawa kundi kung sa anong mga kundisyon natin napagsikapang makamit ito. Bawat isa sa atin ay kakaiba at natatangi; bawat isa sa atin ay nagkaroon ng ibang simulain sa takbo ng buhay; bawat isa sa atin ay may natatanging iba't ibang mga talento at galing; bawat isa sa atin ay may sariling mga hamon at limitasyong bubunuin. Kaya nga, ang paghatol natin sa ating sarili at sa ating mga tagumpay ay hindi lamang dapat kabilangan ng laki o lawak at dami ng ating mga nagawa; dapat din itong kabilangan ng mga kundisyong umiral at ng epekto ng ating mga pagsisikap sa iba.

Ang huling aspetong ito ng pagsusuri natin sa ating sarili—ang epekto ng ating buhay sa buhay ng iba—ang magpapaunawa sa atin kung bakit ang ilan sa mga karaniwan at ordinaryong gawain sa buhay ay dapat pahalagahan nang husto. Kadalasan ang karaniwang mga tungkuling ginagampanan natin ang may pinakamalaking positibong epekto sa buhay ng iba, kumpara sa mga bagay na napakadalas iugnay ng mundo sa kadakilaan.[9]

7

## Ang paggawa ng mga bagay na itinakda ng Diyos na mahalaga ay hahantong sa tunay na kadakilaan.

Sa tingin ko ang uri ng kadakilaang gusto ng ating Ama sa Langit na hangarin natin ay posibleng makamtan ng lahat ng taong ipinamumuhay ang ebanghelyo. Walang limitasyon ang mga pagkakataon nating gumawa ng maraming simple at maliliit na bagay na sa huli ay magpapadakila sa atin. Sa mga taong inilaan ang kanilang buhay sa paglilingkod at sakripisyo para sa kanilang pamilya, sa iba, at sa Panginoon, ang pinakamagandang payo ay ipagpatuloy lang ninyo ang ginagawa ninyo.

Sa mga taong nagsusulong sa gawain ng Panginoon sa napakaraming tahimik ngunit makabuluhang mga paraan, sa mga taong asin ng lupa at lakas ng mundo at pinagkukunan ng lakas ng bawat bansa—nais lang naming ipahayag sa inyo ang aming paghanga. Kung magtitiis kayo hanggang wakas, at matatag ang inyong patotoo kay Jesus, makakamtan ninyo ang tunay na kadakilaan at balang-araw ay mabubuhay kayo sa piling ng ating Ama sa Langit.

Tulad ng sabi ni Pangulong Joseph F. Smith, "Mamuhay tayo nang marangal at huwag tayong maging artipisyal." (*Juvenile Instructor,* 15 Dis. 1905, p. 753.) Alalahanin natin na ang paggawa ng mga bagay na itinakda ng Diyos na mahalaga at kinakailangan, kahit ang tingin ng mundo rito ay walang halaga at walang kabuluhan, ay hahantong kalaunan sa tunay na kadakilaan.

Dapat nating sikaping tandaan ang mga salita ni Apostol Pablo, lalo na kung hindi tayo masaya sa ating buhay at pakiramdam natin ay wala tayong nakamtan ni bahagyang kadakilaan. Isinulat niya:

"Sapagka't ang aming magaang kapighatian, na sa isang sangdali lamang, ay siyang gumagawa sa amin ng lalo't lalong bigat ng kaluwalhatiang walang hanggan;

Samantalang kami ay nagsisitingin hindi sa mga bagay na nangakikita, kundi sa mga bagay na hindi nangakikita: sapagka't ang mga bagay na nangakikita ay may katapusan; datapuwa't ang mga bagay na hindi nangakikita ay walang hanggan." (II Cor. 4:17–18.)

Ang maliliit na bagay ay makabuluhan. Naaalala natin hindi ang halagang ibinigay ng Fariseo kundi ang lepta ng balo, hindi ang

kapangyarihan at lakas ng hukbo ng mga Filisteo kundi ang lakas ng loob at katatagan ni David.

Nawa'y hindi tayo panghinaan ng loob kailanman sa paggawa araw-araw ng mga tungkuling iyon na itinakda ng Diyos na "karaniwang palad ng tao." [10]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Bakit tayo nalilito kung minsan kung ano ang tunay na kadakilaan? (Tingnan sa bahagi 1.) Bakit nagpapadama ng kabiguan at kalungkutan sa ilang tao ang pakahulugan ng mundo sa kadakilaan?
- Paano naiiba ang pakahulugan ni Pangulong Hunter sa tunay na kadakilaan sa pakahulugan ng mundo? (Tingnan sa bahagi 2.) Paano makakatulong sa buhay ninyo ang pakahulugang ito sa tunay na kadakilaan? Pagnilayan ang ilang partikular na "maliliit na bagay" na makabubuting bigyan ng mas maraming oras at pansin.
- Ano ang hinahangaan ninyo sa maliliit na paglilingkod ni Joseph Smith, na nakasaad sa bahagi 3? Ano ang ilang maliliit na paglilingkod na nagpala na sa inyo?
- Repasuhin ang mga halimbawa sa bahagi 4 kung ano ang bumubuo sa tunay na kadakilaan. Paano ninyo nakitang magpakita ang mga tao ng tunay na kadakilaan sa mga paraang ito?
- Ano ang matututuhan natin mula sa mga turo sa bahagi 5 kung paano magkamit ng tunay na kadakilaan?
- Ano ang ilang halimbawang nakita na ninyo na "karaniwang mga tungkuling ginagampanan natin [na] may pinakamalaking positibong epekto sa buhay ng iba"? (Tingnan sa bahagi 6.)
- Pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Benson sa bahagi 7. Paano humahantong sa tunay na kadakilaan ang paglilingkod at sakripisyo? Paano nakakatulong ang "matatag [na] patotoo kay Jesus" para makamit natin ang tunay na kadakilaan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

I Samuel 16:7; I Kay Timoteo 4:12; Mosias 2:17; Alma 17:24–25; 37:6; Moroni 10:32; D at T 12:8; 59:23; 76:5–6; 88:125

*Tulong sa Pagtuturo*

"Habang naghahanda kayo nang may panalangin upang magturo, maaari kayong magabayan na bigyang-diin ang ilang alituntunin. Maaaring magkaroon kayo ng pang-unawa kung paano pinakamabuting mailalahad ang ilang ideya. Maaaring makatuklas kayo ng mga halimbawa, bagay na gagamitin sa pagtuturo ng aralin, at nagbibigay-inspirasyong kuwento sa mga simpleng gawain sa buhay. Maaari kayong makadama ng impresyon na anyayahan ang isang partikular na tao upang tumulong sa aralin. Maaaring maipaalala sa inyo ang isang personal na karanasan na maibabahagi ninyo" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 58).

## *Mga Tala*

1. "What Is True Greatness?" *Ensign,* Set. 1987, 71.
2. James E. Faust, "Howard W. Hunter: Man of God," *Ensign,* Abr. 1995, 28.
3. "President Howard W. Hunter: The Lord's 'Good and Faithful Servant,'" *Ensign,* Abr. 1995, 9, 16.
4. "What Is True Greatness?" 70.
5. "What Is True Greatness?" 70–71.
6. "What Is True Greatness?" 71.
7. "What Is True Greatness?" 71–72.
8. "What Is True Greatness?" 72.
9. "What Is True Greatness?" 72.
10. "What Is True Greatness?" 72.

# Magsibalik Kayo at Magpakabusog sa Hapag ng Panginoon

*"Tumulong sa mga di-gaanong aktibo at damhin ang kagalakang mapapasainyo at sa mga tinutulungan ninyo."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Kinabukasan matapos maging Pangulo ng Simbahan si Howard W. Hunter, ipinarating niya ang magiliw na paanyayang ito sa mga miyembro ng Simbahan na di-aktibo sa pakikilahok:

"Sa mga nakagawa ng paglabag o nasugatan ang damdamin, sinasabi namin, magsibalik kayo. Sa mga nasasaktan at nahihirapan at natatakot, sinasabi namin, hayaan ninyong samahan namin kayo at pahirin ang inyong mga luha. Sa mga nalilito at pinahihirapan ng kamalian sa lahat ng panig, sinasabi namin, lumapit sa Diyos ng lahat ng katotohanan at sa Simbahang may patuloy na paghahayag. Magsibalik kayo. Samahan ninyo kami. Magpatuloy kayo. Maniwala. Maayos ang lahat, at maaayos ang lahat. Magpakabusog sa hapag na nakalatag sa inyong harapan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at sikaping sundin ang Mabuting Pastol na naglaan nito. Magkaroon ng pag-asa, manampalataya, tumanggap—at magbigay—ng pag-ibig sa kapwa, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo."[1]

Sa kanyang unang mensahe sa pangkalahatang kumperensya bilang Pangulo ng Simbahan makalipas ang ilang buwan, sinabi ni Pangulong Hunter na nadama niya na patuloy itong bigyang-diin. "Magsibalik kayo," pag-uulit niya. "Ituring ninyong literal ang paanyaya [ng Tagapagligtas] na 'pumarito ka, sumunod ka sa akin.' . . . Siya lamang ang tiyak na daan; siya ang ilaw ng sanlibutan."[2]



*"Dapat basahin ng bawat isa sa atin nang paulit-ulit ang talinghaga ng nawawalang tupa. . . . Sana'y matanim ang mensahe ng talinghagang iyon sa puso ng bawat isa sa atin."*

Sa buong buhay niya, maraming tinulungan si Pangulong Hunter na mga miyembro ng Simbahan na maging aktibong muli. Nang isalaysay niya ang isang gayong karanasan noong nagbibinata siya, sinabi niya:

"Inatasan ako ng aking ward bishop na maging ward teacher sa isang brother na nagmamayabang na siya ang pinakamatandang deacon sa Simbahan. Ward teaching ang dating tawag sa home teaching noong mga panahong iyon. Ang problema niya ay mahilig siyang maglaro ng golf sa araw ng Linggo. Nakakawala ng ganang makipagkita sa kanilang mag-asawa buwan-buwan at wala akong makitang pag-unlad sa kanila. Ngunit sa wakas, nasambit sa kanya ang tamang kataga at naapektuhan siya niyon. Ang kataga ay *tipan*. Itinanong namin sa kanya, 'Ano ang kabuluhan ng tipan sa binyag sa iyo?' Nagbago ang hitsura niya, at nakita namin sa unang pagkakataon na naging seryoso siya. Kalaunan ay nagpunta siya sa aming mga klase, tinigilan ang paglalaro ng golf, at dinala ang kanyang asawa sa templo."[3]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Ang talinghaga ng nawawalang tupa ay itinuturo sa atin na hanapin ang mga nawawala.

[Ipinaabot] ng Unang Panguluhan sa mga miyembro ng Simbahan ang isang mahalagang paanyaya . . . :

"Sa mga tumigil sa pagsisimba at sa mga naging mapagpuna, sinasabi namin, 'Magsibalik kayo. Magsibalik kayo at magpakabusog sa hapag ng Panginoon, at tikmang muli ang magiliw at kasiya-siyang mga bunga ng pakikisama sa mga Banal.'

"Nakatitiyak kami na marami ang nananabik na makabalik, ngunit naaasiwang gawin ito. Tinitiyak namin sa inyo na makasusumpong kayo ng mga bisig na nakaunat upang tanggapin kayo at mga kamay na nakahandang tulungan kayo." (*Ensign,* Marso 1986, p. 88.)

Palagay ko lahat tayo ay naantig sa dakilang panawagang ito na katumbas ng sinabi ng propetang si Alma sa Aklat ni Mormon hinggil sa paanyayang ipinaabot ng Panginoon. Sabi niya:

"Masdan, siya ay nagpadala ng paanyaya sa lahat ng tao, sapagkat ang mga bisig ng awa ay nakaunat sa kanila, at kanyang sinabi: Magsisi, at akin kayong tatanggapin.

"Oo, kanyang sinabi: Lumapit sa akin at kayo ay makababahagi sa bunga ng punungkahoy ng buhay; oo, kayo ay malayang makakakain at makaiinom ng tinapay at ng mga tubig ng buhay;

"Oo, lumapit sa akin at gumawa ng mga gawa ng kabutihan." (Alma 5:33–35.)

Dapat basahin nang paulit-ulit ng bawat isa sa atin ang talinghaga ng nawawalang tupa na matatagpuan sa ikalabinlimang kabanata ng Lucas, simula sa pang-apat na talata:

"Aling tao sa inyo, na kung mayroong isang daang tupa, at mawala ang isa sa mga yaon, ay hindi iiwan ang siyam na pu't siyam sa ilang, at hahanapin ang nawala, hanggang sa ito'y kaniyang masumpungan?

"At pagka nasumpungan niya, ay pinapasan niya sa kaniyang balikat, na natutuwa.

"At paguwi niya sa tahanan, ay titipunin niya ang kaniyang mga kaibigan at ang kaniyang mga kapitbahay, na sasabihin sa kanila, Makipagkatuwa kayo sa akin, sapagka't nasumpungan ko ang aking tupang nawala" [Lucas 15:4–6]. . . .

Mahalaga ang pagbabagong ginawa ni Propetang Joseph Smith sa isang talata sa Pagsasalin ni Joseph Smith. Mababasa natin doon, "Aling tao sa inyo, na kung mayroong isang daang tupa, at mawala ang isa sa mga yaon ay hindi iiwan ang siyam na pu't siyam, *at magpupunta sa ilang at hahanapin ang nawala,* hanggang sa ito'y kaniyang masumpungan?" (JST, Luke 15:4; idinagdag ang italics.)

Ipinahihiwatig sa pagsasaling iyan na iiwan ng pastol ang kanyang ligtas na kawan at pupunta sa ilang—ibig sabihin, pupunta sa mundo para hanapin ang nawawala. Nawawala mula saan? Nawawala sa kawan kung saan may proteksyon at seguridad. Sana'y matanim ang mensahe ng talinghagang iyon sa puso ng bawat isa sa atin.[4]

**2**

## Inaasahan ng Panginoon na maging mga pastol Niya tayo at ibalik natin ang mga nahihirapan o nawawala.

Ano ang dapat nating gawin upang matulungan ang mga naligaw ng landas sa ilang?

Dahil sa sinabi ng Panginoon tungkol sa pag-iwan sa siyamnapu't siyam at pagpunta sa ilang upang hanapin ang isang nawawala, at dahil sa paanyaya ng Unang Panguluhan sa mga tumigil sa pagsisimba o naging mapunahin na "magbalik" inaanyayahan namin kayong makilahok sa pagliligtas ng mga kaluluwa. Tumulong sa mga di-gaanong aktibo at damhin ang kagalakang mapapasainyo at sa mga tinutulungan ninyo kung kayo at sila ay makikibahagi sa pagpapaabot ng mga paanyaya na magsibalik at magpakabusog sa hapag ng Panginoon.

Inaasahan ng Panginoon, ang ating Mabuting Pastol, na maging mga pastol Niya tayo at ibalik natin ang mga nahihirapan o nawawala. Hindi namin masasabi sa inyo kung paano gawin iyon, ngunit kapag kayo ay nakilahok at humingi ng inspirasyon, magtatagumpay ang mga pagsisikap sa inyong lugar, . . . mga stake, at ward. Tumugon na ang ilang stake sa naunang mga pagsamo at nagkaroon ng pambihirang tagumpay.

Nasa mga titik ng isang pamilyar na himno ang panawagan ng Tagapagligtas sa atin:

*Sa 'tin S'ya ay tumatawag,*
*Dinggin, tinig ng Pastol,*
*"Tupang sa aki'y nawalay,*
*Sana'y inyong hanapin."*

At itinuturo ng himnong iyon, na madalas awitin, kung ano ang nararapat nating itugon:

*"Bilang pastol ay tutulong;*
*Pagmamahal ay nais.*
*Mga tupang nawawalay,*
*Ay aming hahanapin."*

(*Mga Himno,* 2001, blg. 134.)

Kung gagawin natin ito, magtatamo tayo ng mga walang-hanggang pagpapala.[5]

Ang paghahanap sa nawawala, suwail, at napawalay ay gawain ng Panginoon. . . . Ang mapanalanging pagsamo ni Alma ay magandang paalala ng kasagraduhan ng ating tungkulin:



*"O Panginoon, nawa'y ipagkaloob ninyo sa amin na ang tagumpay ay matamo namin sa muling pagdadala [ng mga kaluluwa] sa inyo sa pamamagitan ni Cristo. "Masdan, O Panginoon, ang kanilang mga kaluluwa ay mahahalaga" (Alma 31:34–35).*

"O Panginoon, nawa'y ipagkaloob ninyo sa amin na ang tagumpay ay matamo namin sa muling pagdadala [ng mga kaluluwa] sa inyo sa pamamagitan ni Cristo.

"Masdan, O Panginoon, ang kanilang mga kaluluwa ay mahahalaga." (Alma 31:34–35.)[6]

3

## Ang ating dakilang adhikain ay tulungan ang mga tao na makabalik sa piling ng Diyos.

Sa pagdaan ng mga taon nakagawa ang Simbahan ng ilang malalaking pagsisikap para ibalik ang mga di-gaanong aktibo. . . . At para saan ang lahat ng ito? Para iligtas ang kaluluwa ng ating mga kapatid at tiyakin na maisasagawa nila ang mga ordenansa ng kadakilaan.

Noong ako ang stake president sa Los Angeles area, hiniling namin ng aking mga counselor sa aming mga bishop na maingat na pumili ng apat o limang mag-asawang gustong ituloy ang kanilang pag-unlad sa Simbahan. Ang ilan ay di-gaanong aktibo, ang iba ay mga bagong binyag—ngunit naganyak silang paunlarin ang kanilang espirituwalidad. Pinulong namin sila sa isang stake class at itinuro sa kanila ang ebanghelyo. Sa halip na bigyang-diin ang

templo, binigyang-diin namin ang pagkakaroon ng mas magandang kaugnayan sa ating Ama sa Langit at sa kanyang Anak na si Jesucristo. Ang proseso ng aming maingat na pagpili ay tumiyak ng tagumpay, at karamihan sa mga mag-asawang ito ay naging aktibo nga at nagpunta sa templo.

Magkukuwento ako ng [isa pang] karanasan. . . . Nagkaroon kami ng isang brother sa isa sa mga ward na hindi dumalo sa anumang mga pulong. Hindi miyembro ang asawa niya. Medyo masungit ito, kaya hindi kami makapagpadala ng mga home teacher sa bahay nila. Nilapitan ng bishop ang brother na ito sa pagsasabi sa kanya na kailangan niyang pag-ibayuhin at palakasin ang kanyang kaugnayan sa Tagapagligtas. Ipinaliwanag ng brother sa bishop ang problema sa asawa niyang di-miyembro, kaya kinausap ito ng bishop, na iyon din ang binibigyang-diin—isang kaugnayan sa Panginoon na kailangang pag-ibayuhin. Hindi pa rin ito nakinig ngunit natuwa itong malaman na naniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw kay Cristo, kaya nabawasan ang kasungitan nito.

Hindi naging madali ang tagumpay, ngunit ang mga bumisita sa bahay ay patuloy na binigyang-diin ang kaugnayan ng mag-asawa sa Panginoon. Dumating ang oras na naging magiliw siya, at sa huli ay pumayag na sumama sa kanyang asawa sa stake class na tinuturuan ng mga miyembro ng high council. Binigyang-diin namin ang tipan na ginagawa ng isang tao sa binyag at ang iba pang mga tipan. Sa huli ay naging miyembro ito ng Simbahan at naging maunlad na priesthood leader ang lalaki. . . .

Naantig ako sa isang pahayag sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon na nagpapaliwanag sa isa sa mga layunin ng sagradong aklat na iyon: "Nang . . . malaman [ng Sambahayan ni Israel sa mga huling araw] *ang mga tipan ng Panginoon*." (Idinagdag ang italics.) Iyon ang naisip naming bigyang-diin bilang stake presidency sa mga di-gaanong aktibo. Sinubukan naming pakiusapan sila batay sa kahalagahan ng mga tipan na ginawa nila sa Panginoon; pagkatapos ay itinuro namin sa kanila ang kahalagahan ng tipan sa binyag at ng iba pang mga tipan na maaari nilang gawin na magbubuklod sa kanila bilang isang walang-hanggang pamilya.[7]

Ang buong layunin ng Simbahang napapamunuan nang maayos sa kani-kanilang yunit ay gawing karapat-dapat ang mga tao na

makabalik sa piling ng Diyos. Magagawa lamang iyon kung tatanggap sila ng mga ordenansa at gagawa ng mga tipan sa templo.[8]

Ang ating mga pagsisikap ay nakatuon sa paggawa ng nakapagliligtas na mga tipan at ordenansa ng ebanghelyo na nariyan para sa buong sangkatauhan: sa mga di-miyembro sa pamamagitan ng ating gawaing misyonero; sa mga di-gaanong aktibo sa pamamagitan ng pakikisama sa kanila at pagsisikap na mapaaktibo silang muli; sa mga aktibong miyembro sa pamamagitan ng paglahok at paglilingkod sa Simbahan, at sa mga sumakabilang-buhay na sa pamamagitan ng gawain ng pagtubos para sa mga patay.[9]

Sinisikap nating matupad ang isang adhikain para sa bawat miyembro ng Simbahan. Iyon ay ang makatanggap ang lahat ng mga ordenansa ng ebanghelyo at makipagtipan sa ating Ama sa Langit upang makabalik sila sa kanyang piling. Iyan ang ating dakilang adhikain. Ang pagtanggap ng mga ordenansa at paggawa ng mga tipan ang paraan para makamtan ang banal na katangiang iyan na muling magbabalik sa atin sa kanyang piling. . . .

Tandaan ang layunin: anyayahan ang lahat na lumapit kay Cristo. . . .

Pinatototohanan ko, mga kapatid, ang kanyang kabanalan at kapangyarihang iligtas ang mga lumalapit sa kanya nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu. Sa pamamagitan ng mga ordenansa at ng kanyang Banal na Espiritu, bawat tao ay maaaring maging malinis.[10]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Hinikayat ni Pangulong Hunter ang bawat miyembro ng Simbahan na basahin nang paulit-ulit ang talinghaga ng nawawalang tupa (tingnan sa bahagi 1; Lucas 15:4–7). Anong mga mensahe ang natanggap ninyo mula sa talinghagang iyon at sa iba pang mga turo sa unang bahagi? Isipin kung paano kayo magagabayan ng mga turong iyon sa paglilingkod ninyo sa Simbahan.

- Ano ang responsibilidad natin bilang mga pastol ng Panginoon? (Tingnan sa bahagi 2.) Paano natin matutulungan ang mga tao na maging aktibong muli sa Simbahan? Paano kayo napagpala (o ang isang taong kilala ninyo) ng isang taong tumulong sa inyo nang kayo ay "nahihirapan o nawawala"?

- Ano ang matututuhan natin sa mga karanasang ikinuwento ni Pangulong Hunter sa bahagi 3? Paano matutulungan ng pagbibigay-diin sa mga tipan ang mga miyembro ng Simbahan na magsimbang muli?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Ezekiel 34:1–16; Lucas 15:11–32; Juan 10:1–16, 26–28; 13:35; I Ni Juan 1:7; Mosias 18:8–10; Helaman 6:3; 3 Nephi 18:32; Moroni 6:4–6; D at T 38:24

*Tulong sa Pag-aaral*

Ang alituntunin ay isang katotohanang gumagabay sa mga desisyon at kilos. "Sa inyong pagbabasa, tanungin ang sarili, 'Anong alituntunin ng ebanghelyo ang itinuturo sa talatang ito? Paano ko ito maipamumuhay?' " (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 19).

## *Mga Tala*

1. Sa Jay M. Todd, "President Howard W. Hunter: Fourteenth President of the Church," *Ensign,* Hulyo 1994, 5.
2. "Exceeding Great and Precious Promises," *Ensign,* Nob. 1994, 8.
3. "Make Us Thy True Undershepherds," *Ensign,* Set. 1986, 9.
4. "Make Us Thy True Undershepherds," 7–8.
5. "Make Us Thy True Undershepherds," 9.
6. "The Mission of the Church" (mensaheng ibinigay sa regional representatives' seminar, Mar. 30, 1990), 4.
7. "Make Us Thy True Undershepherds," 8–9.
8. *The Teachings of Howard W. Hunter,* inedit ni Clyde J. Williams (1997), 218.
9. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 245–46.
10. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 218.



*Ang Mesa Arizona Temple, kung saan nabuklod si Pangulong Howard W. Hunter sa kanyang mga magulang noong 1953*

# Ang Templo—Ang Dakilang Simbolo ng Ating Pagiging Miyembro

*"Pinakamatinding hangarin ng puso ko na maging karapat-dapat ang bawat miyembro ng Simbahan na pumasok sa templo."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Ang ina ni Howard W. Hunter ay habambuhay na naging tapat na miyembro ng Simbahan, ngunit nabinyagan lamang ang kanyang ama nang maging 19 anyos na si Howard. Makalipas ang ilang taon, noong si Howard ang stake president sa California, naglakbay ang mga miyembro ng stake patungong Mesa Arizona Temple para sa gawain sa templo. Bago nagsimula ang isang session, hinilingan siya ng temple president na magsalita sa mga taong nakatipon sa chapel. Ika-46 na kaarawan ni Pangulong Hunter noon. Kalaunan ay isinulat niya ang karanasang iyon:

"Habang nagsasalita ako sa kongregasyon, . . . pumasok ang aking ama at ina sa chapel na nakasuot ng puting damit. Wala akong kamalay-malay na nakahanda ang aking ama para sa kanyang mga pagpapala sa templo, bagama't matagal-tagal na rin itong kinasabikan ni Inay. Labis ang katuwaan ko kaya hindi ako makapagpatuloy sa pagsasalita. Tinabihan ako ni President Pierce [ang temple president] at ipinaliwanag kung bakit sila nanggambala. Nang magpunta ang aking ama at ina sa templo noong umagang iyon hiniling nila sa president na huwag banggitin sa akin na naroon sila dahil gusto nilang maging sorpresa iyon sa kaarawan ko. Ito ang kaarawang hinding-hindi ko nalimutan dahil sa araw na iyon sila tumanggap ng endowment at nagkaroon ako ng pribilehiyong saksihan ang kanilang pagbubuklod, na sinundan ng pagkabuklod ko sa kanila."[1]

Makalipas ang mahigit 40 taon, nang gawin ni Howard W. Hunter ang una niyang pahayag sa publiko bilang Pangulo ng Simbahan, ang isa sa kanyang mga pangunahing mensahe ay ang hangarin nang mas taimtim ng mga miyembro ang mga pagpapala ng templo.[2] Patuloy niyang binigyang-diin ang mensaheng iyon sa buong paglilingkod niya bilang Pangulo. Nang magsalita siya sa pinagtayuan ng Nauvoo Temple noong Hunyo 1994, sinabi niya:

"Nitong mga unang araw ng buwang ito sinimulan ko ang aking ministeryo sa pagpapahayag ng matinding hangarin na mas maraming miyembro ng Simbahan ang maging karapat-dapat sa templo. Tulad noong panahon [ni Joseph Smith], mahalaga ang magkaroon ng karapat-dapat at na-endow na mga miyembro sa pagtatayo ng kaharian sa buong mundo. Tinitiyak ng pagiging marapat sa templo na nakaayon ang ating buhay sa kalooban ng Panginoon, at handa tayong tanggapin ang Kanyang patnubay sa ating buhay."[3]

Makalipas ang ilang buwan, noong Enero 1995, ang paglalaan ng Bountiful Utah Temple ang naging huling pagharap ni Pangulong Hunter sa publiko. Sa panalangin ng paglalaan, hiniling niya na mabasbasan ng mga pagpapala ng templo ang buhay ng mga pumasok dito:

"Mapagpakumbaba naming idinadalangin na tanggapin ninyo ang gusaling ito at ibuhos ang inyong mga pagpapala dito. Padaluhin ninyo ang inyong espiritu para gabayan ang lahat ng namumuno rito, nang manaig ang kabanalan sa bawat silid nito. Nawa'y magkaroon ng malilinis na kamay at dalisay na puso ang mga pumapasok dito. Nawa'y lumago ang kanilang pananampalataya at lumisan sila na payapa ang damdamin, na pinupuri ang inyong banal na pangalan. . . .

"Nawa'y maglaan ng diwa ng kapayapaan ang Bahay na ito sa lahat ng nagmamasid sa karingalan nito, at lalo na sa mga pumapasok dito para sa sarili nilang sagradong mga ordenansa at para isagawa ang gawain para sa kanilang mga mahal sa buhay na pumanaw na. Ipadama ninyo sa kanila ang inyong banal na pag-ibig at awa. Nawa'y maging pribilehiyo nilang sabihin, tulad ng Mang-aawit noong una, na 'Tayo ay maligayang nagpapayuhang magkasama, tayo'y lumalakad na magkakaakbay sa bahay ng Diyos.'

"Sa paglalaan namin ng sagradong gusaling ito, muli naming inilalaan ang aming buhay sa inyo at sa inyong gawain."[4]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

**1**

### Hinihikayat tayong itatag ang templo bilang dakilang simbolo ng ating pagiging miyembro.

Nang tawagin ako sa sagradong katungkulang ito [Pangulo ng Simbahan], isang paanyaya ang ipinarating sa lahat ng miyembro ng Simbahan na itatag ang templo ng Panginoon bilang dakilang simbolo ng kanilang pagiging miyembro at banal na kapaligiran para sa kanilang pinakasagradong mga tipan.

Kapag pinagninilayan ko ang templo, iniisip ko ang mga salitang ito:

"Ang templo ay isang lugar ng pagtuturo kung saan nabubunyag ang malalalim na katotohanang nauukol sa Kaharian ng Diyos. Ito ay isang lugar kung saan maisesentro ang mga isipan sa mga bagay ng espiritu at maisasantabi ang mga alalahanin ng mundo. Sa templo nakikipagtipan tayong sundin ang mga batas ng Diyos, at pinangangakuan tayo ng mga pagpapala, batay na rin palagi sa ating katapatan, hanggang sa kawalang-hanggan" (*The Priesthood and You,* Melchizedek Priesthood Lessons—1966, Salt Lake City: The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 1966, p. 293).

Ginawang dakilang simbolo ng Panginoon mismo ang templo, sa Kanyang mga paghahayag sa atin, para sa mga miyembro ng Simbahan. Isipin ang mga kilos at mabubuting pag-uugaling binanggit sa atin ng Panginoon sa payong ibinigay Niya sa mga Banal sa Kirtland sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith habang naghahanda silang magtayo ng templo. Ang payong ito ay angkop pa rin ngayon:

"Isaayos ang inyong sarili; ihanda ang bawat kinakailangang bagay; at magtayo ng isang bahay, maging isang bahay ng panalanginan, isang bahay ng pag-aayuno, isang bahay ng pananampalataya, isang bahay ng pagkakatuto, isang bahay ng kaluwalhatian, isang bahay ng kaayusan, isang bahay ng Diyos" (D at T 88:119). Ang mga kilos at pag-uugali bang ito ay tunay na kakikitaan ng nais at hangad marating ng bawat isa sa atin? . . .

. . . Upang maging tunay na simbolo sa atin ang templo, kailangan nating hangarin na maging gayon ito. Kailangan tayong mamuhay nang marapat upang makapasok sa templo. Kailangan nating sundin

ang mga utos ng ating Panginoon. Kung matutularan natin ang buhay ng Panginoon, at tatanggapin ang Kanyang turo at halimbawa bilang sukdulang huwaran ng ating buhay, hindi tayo mahihirapang maging karapat-dapat sa templo, maging matibay at matapat sa lahat ng aspeto ng buhay, dahil magiging tapat tayo sa iisang sagradong pamantayan ng pag-uugali at paniniwala. Sa tahanan man o sa palengke, sa eskuwelahan man o tapos na sa pag-aaral, lubos man tayong kumikilos nang mag-isa o kasama ng maraming tao, magiging malinaw ang ating landasin at makikita ang ating mga pamantayan.

Ang kakayahang manindigan sa mga prinsipyo ng isang tao, ang mamuhay nang may integridad at pananampalataya ayon sa paniniwala ng isang tao—iyan ang mahalaga. Ang katapatang iyon sa tunay na alituntunin—sa buhay ng bawat isa sa atin, sa ating mga tahanan at pamilya, at sa lahat ng lugar kung saan nagkikita-kita tayo at naiimpluwensyahan natin ang ibang mga tao—iyan ang katapatang hinihiling sa atin ng Diyos. Kailangan ang katapatan dito—buong kaluluwa, buong paninindigan, walang-hanggang pagpapahalaga sa mga alituntuning alam nating totoo sa mga utos na ibinigay ng Diyos. Kung magiging tunay at tapat tayo sa mga alituntunin ng Panginoon, lagi tayong magiging karapat-dapat sa templo, at ang Panginoon at ang Kanyang mga banal na templo ang magiging mga dakilang simbolo ng ating pagsunod sa Kanya.[5]

2

**Dapat magsikap ang bawat isa sa atin na maging karapat-dapat na tumanggap ng temple recommend.**

Pinakamatinding hangarin ng puso ko na maging karapat-dapat ang bawat miyembro ng Simbahan na pumasok sa templo. Malulugod ang Panginoon kung bawat miyembrong nasa hustong gulang ay magiging karapat-dapat sa—at magkaroon ng—current temple recommend. Ang mga bagay na kailangan nating gawin at hindi gawin para maging karapat-dapat sa temple recommend ang mismong mga bagay na tumitiyak na tayo ay magiging maligaya bilang mga indibiduwal at pamilya.[6]

Malinaw na binalangkas ng ating Ama sa Langit na ang mga pumapasok sa templo ay kailangang maging malinis at malaya sa mga kasalanan ng mundo. Sabi Niya, "At yayamang ang aking mga tao



*"Ang mga bishop at stake president . . . ay may ilang tanong sa inyo tungkol sa inyong pagkamarapat para sa temple recommend."*

ay magtatayo ng isang bahay sa akin sa pangalan ng Panginoon, at hindi pahihintulutan ang anumang maruming bagay na pumasok dito, upang ito ay hindi madungisan, ang aking kaluwalhatian ay mananatili rito; . . . Ngunit kung ito ay dudungisan hindi ako papasok doon, at ang aking kaluwalhatian ay hindi paroroon; dahil sa ako ay hindi paroroon sa mga hindi banal na templo" (D at T 97:15, 17).

Maaaring magkainteres kayong malaman na dati-rati ang Pangulo ng Simbahan ang lumalagda sa bawat temple recommend. Ganyan katindi ang kahalagahan ng pagkamarapat na pumasok sa templo para sa mga naunang pangulo. Noong 1891 napunta ang responsibilidad sa mga bishop at stake president, na may ilang tanong sa inyo tungkol sa inyong pagkamarapat para sa temple recommend. Dapat ninyong malaman ang inaasahan sa inyo para maging marapat sa temple recommend.

*Kailangan kayong maniwala sa Diyos Amang Walang Hanggan, sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo.* Kailangan kayong maniwala na ito ang kanilang sagrado at banal na gawain. Hinihikayat namin kayo na araw-araw na sikaping patatagin ang inyong patotoo sa ating Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo. Ang Espiritung nadarama ninyo ay ang Espiritu Santo na nagpapatotoo sa inyo sa kanilang katotohanan. Kalaunan, sa templo, mas marami kayong malalaman tungkol sa Panguluhang Diyos sa pamamagitan ng inihayag na tagubilin at mga ordenansa.

*Kailangan ninyong sang-ayunan ang mga General Authority at mga awtoridad ng Simbahan sa inyong lugar.* Kapag nagtataas kayo ng kamay kapag binabanggit ang pangalan ng mga lider na ito, ipinapakita ninyo na susuportahan ninyo sila sa kanilang mga responsibilidad at sa payo na ibinibigay nila sa inyo.

Hindi ito pagpapakita lamang ng paggalang sa mga tinawag ng Panginoon na mamuno. Bagkus, ito ay pagkilala sa katotohanan na ang Diyos ay tumawag ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag, at ng iba pa bilang mga General Authority. Ito ay isang tapat na pangako na susundin ninyo ang mga tagubilin ng namumunong mga opisyal ng Simbahan. Dapat din kayong makadama ng katapatan sa bishop at stake president at iba pang mga lider ng Simbahan. Ang kabiguang suportahan ang mga awtoridad ay salungat sa paglilingkod sa templo.

*Kailangan ay malinis ang inyong moralidad para makapasok sa banal na templo.* Hinihiling ng batas ng kalinisang-puri na huwag kayong magkaroon ng seksuwal na relasyon sa sinuman maliban sa inyong asawa. Hinihikayat namin kayong lalo na mag-ingat sa mga pang-aakit ni Satanas na dungisan ang inyong kalinisang moral.

*Kailangan ninyong tiyakin na walang anuman sa relasyon ninyo sa mga kapamilya na hindi naaayon sa mga turo ng Simbahan.* Hinihikayat namin lalo na [ang mga kabataan] na sundin ang [kanilang] mga magulang sa kabutihan. Kailangang maging maingat ang mga magulang para matiyak na ang mga relasyon nila sa mga kapamilya ay naaayon sa mga turo ng ebanghelyo at walang maabuso o mapabayaan kailanman.

*Para makapasok sa templo kailangan ninyong maging tapat sa lahat ng pakikitungo ninyo sa iba.* Bilang mga Banal sa mga Huling Araw may sagradong obligasyon tayong huwag manloko o mandaya kailanman. Nakataya ang ating buong karangalan kapag nilabag natin ang tipang ito.

*Para maging karapat-dapat sa temple recommend, dapat kayong magsikap na gawin ang inyong tungkulin sa Simbahan, dumalo sa inyong sacrament meeting, priesthood meeting, at iba pang mga miting.* Kailangan din ninyong sikaping sundin ang mga panuntunan, batas, at utos ng ebanghelyo. Matutong . . . tanggapin ang mga calling at iba pang mga responsibilidad na ibinibigay sa inyo.

Maging aktibong kalahok sa inyong ward at branch, at maging isang miyembro na maaasahan ng inyong mga lider.

*Para makapasok sa templo kailangang nagbabayad kayo ng buong ikapu at ipinamumuhay ninyo ang Word of Wisdom.* Ang dalawang kautusang ito, na simple ang tagubilin ngunit napakahalaga sa ating espirituwal na paglago, ay mahalaga sa pagtiyak ng ating personal na pagkamarapat. Naobserbahan sa paglipas ng maraming taon na ang mga tapat na nagbabayad ng kanilang ikapu at ipinamumuhay ang Word of Wisdom ay karaniwang tapat sa lahat ng iba pang bagay na nauugnay sa pagpasok sa banal na templo.

Hindi dapat balewalain ang mga bagay na ito. Kapag napatunayan na karapat-dapat tayong pumasok sa templo, nagsasagawa tayo ng mga ordenansang napakasagrado na isinasagawa sa lahat ng dako ng mundo. Ang mga ordenansang ito ay nauukol sa mga bagay na walang hanggan.[7]

**3**

**Ang paggawa ng gawain sa templo ay naghahatid ng mga dakilang pagpapala sa mga indibiduwal at pamilya.**

Malaking bagay para sa atin ang magkaroon ng pribilehiyong makapunta sa templo para sa sarili nating mga pagpapala. Matapos magpunta sa templo para sa sarili nating mga pagpapala, malaking pribilehiyo ang isagawa ang gawain para sa mga yumao. Ang aspetong ito ng gawain sa templo ay isang di-makasariling gawain. Subalit tuwing gumagawa tayo ng gawain sa templo para sa ibang tao, may pagpapalang bumabalik sa atin. Kaya't hindi tayo dapat magulat na talagang nais ng Panginoon na ang Kanyang mga tao ay maganyak sa templo. . . .

. . . Dapat tayong magpunta hindi lamang para sa ating mga kamag-anak na namatay kundi para din sa personal na pagpapala ng pagsamba sa templo, para sa kabanalan at kaligtasang nakapaloob sa pinabanal at inialay na mga dingding niyon. Sa pagdalo natin sa templo, mas natututuhan natin ang layunin ng buhay at ang kahalagahan ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Panginoong Jesucristo. Gawin nating pangunahing mithiin sa mundo at pinakadakilang karanasan natin sa buhay ang templo, kasama ang pagsamba at pakikipagtipan at pagpapakasal sa templo.[8]

Naisasagawa ang ilang bagay dahil sa ating pagdalo sa templo—nasusunod natin ang mga tagubilin ng Panginoon na isagawa ang sarili nating ordenansa, pinagpapala natin ang ating pamilya sa mga ordenansa ng pagbubuklod, at nababahaginan natin ng mga pagpapala ang iba sa pagsasagawa para sa kanila ng mga bagay na hindi nila kayang gawin para sa kanilang sarili. Bukod pa rito, inaangat natin ang ating sariling isipan, mas napapalapit tayo sa Panginoon, iginagalang natin [ang] priesthood, at ginagawa nating mas espirituwal ang ating buhay.[9]

Tumatanggap tayo ng personal na mga pagpapala kapag dumadalo tayo sa templo. Sa pagsasalita kung paano napagpapala ang ating buhay sa pagdalo sa templo sinabi ni Elder John A. Widtsoe:

"Ang gawain sa templo . . . ay nagbibigay ng magandang oportunidad na panatilihing buhay ang ating espirituwal na kaalaman at lakas. . . . Ang malawak na pananaw tungkol sa kawalang-hanggan ay nakalahad sa ating harapan sa mga banal na templo; nakikita natin ang panahon mula sa walang-hanggang simula nito hanggang sa walang-hanggang katapusan; at ang dula ng buhay na walang hanggan ay nakalahad sa ating harapan. Sa gayon ay mas malinaw kong nakikita ang aking lugar sa gitna ng mga bagay ng sansinukob, ang aking lugar sa mga layunin ng Diyos; mas nailalagay ko ang aking sarili sa lugar na dapat kong kalagyan, at mas napapahalagahan ko at natitimbang, naihihiwalay at naoorganisa ang karaniwan kong tungkulin sa buhay upang ang maliliit na bagay ay hindi makabigat sa akin o alisin ang tingin ko sa mas malalaking bagay na ibinigay sa atin ng Diyos" (sa Conference Report, Abr. 1922, mga pahina 97–98).[10]

Isipin ang mararangal na turo sa dakilang panalangin sa paglalaan ng Kirtland Temple, isang panalangin na ayon kay Propetang Joseph Smith ay inihayag sa kanya. Isang panalangin iyon na patuloy na sinasagot sa bawat isa sa atin, sa atin bilang pamilya, at sa atin bilang isang lahi dahil sa kapangyarihan ng priesthood na ibinigay ng Panginoon sa atin para gamitin sa Kanyang mga banal na templo.

"At ngayon, Banal na Ama," pagsamo ni Propetang Joseph Smith, "hinihiling namin sa inyo na tulungan ninyo kami, na inyong mga tao, sa pamamagitan ng inyong biyaya . . . sa paraang kami ay matagpuang karapat-dapat, sa inyong paningin, upang matamo ang

katuparan ng mga pangako na ginawa ninyo sa amin, na inyong mga tao, sa mga paghahayag na ibinigay sa amin;

"Nang ang inyong kaluwalhatian ay mapasainyong mga tao. . . .

"At hinihiling namin, Banal na Ama, na ang inyong mga tagapaglingkod ay makahayo mula sa bahay na ito na sakbit ang inyong kapangyarihan, at nang ang inyong pangalan ay mapasakanila, at ang inyong kaluwalhatian ay bumalot sa kanila, at ang inyong mga anghel ay mangalaga sa kanila" [D at T 109:10–12, 22].[11]

Lumilikha ng espirituwalidad ang pagdalo sa templo. Ito ay isa sa pinakamagagandang programa natin sa Simbahan sa pagkakaroon ng espirituwalidad. Ibinabaling nito ang mga puso ng mga anak sa kanilang mga ama at ang mga puso ng mga ama sa kanilang mga anak (Malakias 4:6). Nagtataguyod ito ng pagkakasundo at pagkakaisa sa pamilya.[12]

4

**Bilisan natin ang pagpunta sa templo.**

Ibahagi natin sa ating mga anak ang espirituwal na damdamin natin sa templo. At mas masigasig pa nating ituro sa kanila at sa mas komportableng paraan ang mga bagay na nararapat nating sabihin tungkol sa mga layunin ng bahay ng Panginoon. Maglagay ng larawan ng templo sa bahay ninyo nang makita ito ng inyong mga anak. Ituro sa kanila ang mga layunin ng bahay ng Panginoon. Pagplanuhin sila habang bata pa na magpunta roon at manatiling marapat sa pagpapalang iyon. Ihanda natin ang bawat missionary na magpunta sa templo nang karapat-dapat at gawin nating mas maganda pa ang karanasang iyon kaysa pagtanggap ng mission call. Magplano at magturo at magsumamo tayo sa ating mga anak na magpakasal sa bahay ng Panginoon. Pagtibayin nating muli nang mas matindi kaysa rati na talagang mahalaga kung saan ka ikakasal at kung ano ang awtoridad na magpapahayag na kayo ay mag-asawa na.[13]

Nalulugod ang Panginoon kapag nagpupunta nang karapat-dapat ang ating mga kabataan sa templo at nagsasagawa ng mga binyag para sa mga hindi nagkaroon ng pagkakataong mabinyagan sa buhay na ito. Nalulugod ang Panginoon kapag nagpupunta tayo nang karapat-dapat sa templo upang personal na makipagtipan sa Kanya at mabuklod bilang mga mag-asawa at pamilya. At nalulugod ang

Panginoon kapag nagpupunta tayo nang karapat-dapat sa templo upang isagawa ang nakapagliligtas na mga ordenansang ito para sa mga yumao, na ang marami sa kanila ay sabik na naghihintay na maisagawa ang mga ordenansang ito para sa kanila.[14]

Sa mga hindi pa nakatanggap ng kanilang mga pagpapala ng templo, o walang current temple recommend, nais ko kayong hikayatin nang may pagpapakumbaba at pagmamahal na sikapin ninyong makapasok sa bahay ng Panginoon balang-araw. Nangako Siya sa mga tapat sa kanilang mga tipan, "Kung ang aking mga tao ay makikinig sa aking tinig, at sa tinig ng aking mga tagapaglingkod na aking itinalagang aakay sa aking mga tao, masdan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, sila ay hindi mapaaalis mula sa kanilang lugar" (D at T 124:45). . . . Nangangako ako na ang inyong personal na espirituwalidad, relasyon ninyo sa inyong asawa, at mga relasyon sa pamilya ay pagpapalain at tatatag kapag regular kayong dumadalo sa templo.[15]

Maging mga tao tayong paladalo at mapagmahal sa templo. Humayo tayo sa templo nang madalas hangga't kaya ng ating oras at kakayanan at sitwasyon. Pumunta tayo hindi lamang para sa ating mga kamag-anak na namatay, kundi para din sa personal na pagpapala ng pagsamba sa templo, para sa kabanalan at kaligtasang nakapaloob sa mga pinabanal at inialay na mga dingding niyon. Ang templo ay isang lugar ng kagandahan, isang lugar ng paghahayag, isang lugar ng kapayapaan. Ito ang bahay ng Panginoon. Ito ay banal sa Panginoon. Dapat itong maging banal sa atin.[16]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Hunter sa bahagi 1. Paano natin maaaring "itatag ang templo ng Panginoon bilang dakilang simbolo ng [ating] pagiging miyembro"?
- Repasuhin ang mga kailangang gawin para makakuha ng temple recommend ayon sa nakabalangkas sa bahagi 2. Paano kayo at ang inyong pamilya napagpala sa paggawa ng mga bagay na ito? Bakit natin kailangang sikaping "maging malinis at malaya sa mga kasalanan ng mundo" kapag pumasok tayo sa templo?
- Repasuhin ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa mga pagpapala ng paggawa ng gawain sa templo (tingnan sa bahagi

3). Paano kayo at ang inyong pamilya napagpala sa pakikibahagi sa mga ordenansa sa templo? Paano kayo mas lubos na makikinabang mula sa mga pagpapala ng templo? May maikukuwento ba kayong isang pagkakataon na nakadama kayo ng espirituwal na lakas o patnubay sa templo? Kung hindi pa kayo nakapunta sa templo, pagnilayan kung paano kayo makapaghahanda para matanggap ang pagpapalang iyon.

- Ano ang ilang paraan na matutulungan natin ang mga bata at kabataan na matuto tungkol sa mga templo at matutuhang mahalin ang mga ito? (Tingnan sa bahagi 4.) Paano natin matutulungan ang mga bata at kabataan na naising makasal sa bahay ng Panginoon? Bakit mahalaga na humayo tayo sa templo "nang madalas hangga't kaya ng ating oras at kakayahan at sitwasyon"?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mga Awit 55:14; Isaias 2:2–3; D at T 97:12–17; 110:6–10; 124:39–41; 138:53–54; Bible Dictionary, "Temple, "

*Tulong sa Pagtuturo*

"Kadalasan ang isang aralin ay naglalaman ng mas maraming materyal kaysa maituturo ninyo sa ibinigay na oras sa inyo. Sa ganitong mga pangyayari, dapat ninyong piliin ang materyal na pinakamakatutulong sa inyong mga tinuturuan" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 128).

## *Mga Tala*


1. Sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 135.
2. Tingnan sa Jay M. Todd, "President Howard W. Hunter: Fourteenth President of the Church," *Ensign,* Hulyo 1994, 4–5.
3. "The Temple of Nauvoo," *Ensign,* Set. 1994, 62–63.
4. Teksto ng panalangin sa paglalaan ng Bountiful Utah Temple, sa "'Magnificent Edifice' Consecrated to [the] Lord," *Church News,* Ene. 14, 1995, 4.
5. "The Great Symbol of Our Membership," *Ensign,* Okt. 1994, 2, 5.
6. "Exceeding Great and Precious Promises," *Ensign,* Nob. 1994, 8.
7. "Your Temple Recommend," *New Era,* Abr. 1995, 6–9.
8. "A Temple-Motivated People," *Ensign,* Peb. 1995, 5.
9. *The Teachings of Howard W. Hunter,* inedit ni Clyde J. Williams (1997), 240.
10. "We Have a Work to Do," *Ensign,* Mar. 1995, 65.
11. "The Great Symbol of Our Membership," 4.
12. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 239–40.
13. "A Temple-Motivated People," 5.
14. "The Great Symbol of Our Membership," 5.
15. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 240–41.
16. "The Great Symbol of Our Membership," 5.



*Mga magulang ni Howard W. Hunter, sina John William (Will) Hunter at Nellie Marie Rasmussen Hunter*

# Pagpapabilis ng Gawain sa Family History at sa Templo

*"Tiyak na susuportahan tayo ng Panginoon kung sisikapin nating mabuti na sundin ang utos na magsaliksik ng family history at gumawa ng gawain sa templo."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Ang family history ay malapit na sa puso ni Pangulong Howard W. Hunter noon pa man. Mula pa sa pagkabata, wiling-wili na siyang makinig sa mga kuwento tungkol sa kanyang mga ninuno. Nang lumaki na siya, naglaan siya ng malaking oras sa pagsasaliksik ng kanyang family history.[1] Noong 1972, habang nasa Europe siya para sa isang tungkulin sa Simbahan, binisita nila ng kanyang asawang si Claire ang mga lugar sa Denmark na tinirhan ng kanyang mga ninuno. Sa isa sa mga baryo, natagpuan nila ang simbahan kung saan nabinyagan ang lolo-sa-tuhod ni Pangulong Hunter na si Rasmussen at kung saan nagsimba ang pamilya. Tumindi ang pagpapahalaga ni Pangulong Hunter sa mga ninuno sa panig ng kanyang ina dahil sa karanasang ito. Bumisita rin siya sa mga lugar sa Norway at Scotland na tinirhan ng iba pa niyang mga ninuno.[2]

Ginunita ng anak ni Pangulong Hunter na si Richard ang pagmamahal ng kanyang ama sa family history:

"Buong buhay siyang masigasig na nagsaliksik. Madalas siyang magpunta sa Los Angeles public library mula sa kanyang trabaho bilang abugado para magsaliksik sa malawak na genealogy section doon. Isinaayos niya ang kanyang nasaliksik, mga family group sheet, pedigree chart, at mga kuwentong personal niyang isinulat sa mga ledger book.

"Paminsan-minsan sumasama ako sa kanya sa iba't ibang conference assignment. Maglalagay siya ng ilang ledger sa likuran ng

kotse, at pagkatapos ng stake conference ay sasabihing, 'Punta tayo sa bahay ng pinsan kong [ito] sandali. May mga petsa akong gustong tiyakin kung tama.' Pupunta kami sa bahay ng pinsan niyang [ito]. Kukunin niya ang mga ledger sa likuran ng kotse, at maya-maya lang ay puno na ng mga family group sheet ang hapag-kainan.

"Kung gustong matiyak ng isa sa mga kapamilya na tama ang impormasyong hawak nila para sa sarili nilang pagsasaliksik, tatawagan o susulatan nila si Itay para matiyak kung tama iyon dahil alam nila na tama ang nasa kanya. Kahanga-hanga ang ginawa niya."[3]

Minsan noong naglilingkod si Pangulong Hunter sa Korum ng Labindalawa, bumisita ang kanyang mga home teacher at sabi nila, "Gusto po naming ipakita sa inyo ang mga family group sheet na inihanda namin. . . . Wala po kaming oras na tingnan ang sa inyo ngayong gabi, pero pagpunta po namin sa susunod gusto po naming makita iyon."

"Nakakatuwa iyon para sa akin," sabi ni Pangulong Hunter. "Pinaghandaan ko nang isang buwan ang sumunod na pagbisita ng mga home teacher."[4]

Mula 1964 hanggang 1972, pinamunuan ni Howard W. Hunter ang Genealogical Society of Utah (tingnan sa pahina 19). Noong 1994, sa isang pulong na nagparangal kay Pangulong Hunter at gumunita sa ika-100 anibersaryo ng Genealogical Society, sinabi niya:

"Sa gabi bago sumapit ang aking ikawalumpu't pitong kaarawan, ginugunita ko nang may pagkamangha ang halimbawa ng Panginoon sa pagsusulong ng gawain sa templo at sa family history. Noong ako ang pangulo ng Genealogical Society of Utah, may mga mithiin kami kung paano pabibilisin ang pagsulong nito. Ngayo'y namamasdan natin ang isang maluwalhating bagay na nangyayari sa buong mundo. Sumusulong ang ebanghelyo upang sakupin ang bawat bansa, lahi, wika, at tao. Ang mga templo ay nasa buong daigdig, at ang diwa ni Elijah ay umaantig sa puso ng maraming miyembro, na gumagawa ng family history at ordenansa sa templo sa pambihirang bilis."[5]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Ang mga templo ay itinatayo para sa pagsasagawa ng mga ordenansang mahalaga sa kaligtasan at kadakilaan ng mga anak ng Diyos.

Ang mga templo ay sagrado para sa pinakamalapit na pag-uugnayan ng Panginoon at ng mga tumatanggap ng pinakamataas at pinakasagradong mga ordenansa ng banal na priesthood. Sa templo napag-uugnay ang mga bagay ng daigdig at ang mga bagay ng langit. . . . Ang buong mag-anak ng Diyos ay magkakasama-sama sa pamamagitan ng nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo. Ang pagsasagawa ng gawain para sa mga patay at ng mga ordenansa para sa mga buhay ang mga layunin ng mga templo.[6]

Ang ebanghelyong ipinapahayag ng mga Banal sa mga Huling Araw sa mundo ay ang ebanghelyo ni Jesucristo ayon sa pagkapanumbalik nito sa daigdig sa dispensasyong ito at ito ay para matubos ang buong sangkatauhan. Inihayag ng Panginoon mismo kung ano ang mahalaga sa kaligtasan at kadakilaan ng kanyang mga anak. Ang isa sa mahahalagang bagay na ito ay na magtatayo ng mga templo para sa pagsasagawa ng mga ordenansang hindi maisasagawa sa iba pang lugar.

Kapag ipinaliliwanag ito sa mga tao mula sa lahat ng panig ng mundo na nagpupunta at tumitingin sa ating mga templo, ang madalas itanong ng mga taong ito ay, anong mga ordenansa ang isinasagawa sa mga templo?

*Pagbibinyag para sa mga patay*

Bilang sagot, madalas ay ipinaliliwanag muna natin ang ordenansang tinatawag na pagbibinyag para sa mga patay. Pansinin na maraming Kristiyanong naniniwala na kapag namatay tayo, ang kalagayan natin sa harap ng Panginoon ay ipinapasiya para sa buong kawalang-hanggan, sapagka't hindi ba sinabi ni Cristo kay Nicodemo, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios" (Juan 3:5)? Subalit alam natin na maraming taong namatay nang walang ordenansa ng binyag, kaya nga,

ayon sa pahayag ni Cristo kay Nicodemo, hindi sila makapapasok sa kaharian ng Dios. Narito ang tanong, makatarungan ba ang Diyos?

Ang sagot ay, talagang makatarungan ang Diyos. Malinaw na ipinahihiwatig ng pahayag ng Tagapagligtas kay Nicodemo na ang mga binyag ay maaaring gawin para sa mga namatay na hindi pa nabinyagan. Sinabi na sa atin ng mga propeta sa mga huling araw na ang binyag ay isang ordenansa sa lupa na maisasagawa lamang ng mga buhay. Kung gayon ay paano mabibinyagan ang mga patay kung mga buhay lamang ang makapagsasagawa ng ordenansa? Iyan ang tema ng sulat ni Apostol Pablo sa mga taga-Corinto nang itanong niya ito:

"Sa ibang paraan, anong gagawin ng mga binabautismuhan dahil sa mga patay? Kung ang mga patay ay tunay na hindi muling binubuhay, bakit nga sila'y binabautismuhan [para] sa kanila?" (I Mga Taga Corinto 15:29.)[7]

Makatwiran ba na ang mga taong nabuhay sa lupa at namatay nang hindi nabibinyagan ay dapat pagkaitan ng binyag sa buong kawalang-hanggan? Hindi ba makatwiran ang magpabinyag ang mga buhay para sa mga patay? Marahil ang pinakadakilang halimbawa ng paggawa ng gawain para sa mga patay ay ang Guro mismo. Ibinigay niya ang kanyang buhay bilang pagbabayad-sala para sa iba, nang ang lahat ng namatay ay mabuhay na muli at magkaroon ng buhay na walang hanggan. Ginawa niya para sa atin ang hindi natin magagawa para sa ating sarili. Sa kahalintulad na paraan makapagsasagawa tayo ng mga ordenansa para sa mga hindi nagkaroon ng pagkakataong gawin ito noong [sila] ay nabubuhay.[8]

### *Ang endowment*

Ang endowment ay isa pang ordenansang isinasagawa sa ating mga templo. Binubuo ito ng dalawang bahagi: una, sunud-sunod na mga tagubilin, at ikalawa, mga pangako o tipan na ginagawa ng taong tumatanggap ng endowment—mga pangakong mamuhay nang matwid at sumunod sa mga ipinagagawa ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang endowment ay isang ordenansa para sa dakilang pagpapala ng mga Banal—kapwa sa mga buhay at mga patay. Kaya ito ay isa ring ordenansang isinasagawa ng mga buhay alang-alang sa mga taong pumanaw na; ito ay isinasagawa para sa mga napabinyagan na.



*"Tunay ngang walang gawaing papantay sa ginagawa sa templo."*

### *Selestiyal na kasal*

Ang isa pang ordenansa sa templo ay ang selestiyal na kasal, kung saan ang babae ay ibinubuklod sa lalaki at ang lalaki ay ibinubuklod sa babae magpasawalang-hanggan. Siyempre pa, alam natin na ang mga kasal sa huwes ay nagwawakas sa kamatayan; ngunit ang mga walang-hanggang kasal na isinasagawa sa templo ay maaaring tumagal magpakailanman. Ang mga anak na isinilang sa isang lalaki at babaeng mag-asawa matapos makasal nang walang hanggan ay sadyang nabubuklod sa kanilang mga magulang magpasawalang-hanggan. Kung ang mga bata ay isinilang bago nabuklod ang ina sa kanyang asawa, may isang ordenansa ng pagbubuklod sa templo na maaaring mabuklod ang mga batang ito sa kanilang mga magulang magpasawalang-hanggan, kaya nga maaaring mapabuklod ng iba ang mga bata sa mga magulang na pumanaw na. . . .

"Lahat ng ordenansang ito ng priesthood ay mahalaga para sa kaligtasan at kadakilaan ng mga anak ng ating Ama sa Langit.[9]

## 2

## Ang adhikain ng gawain sa family history ay matanggap ng lahat ng tao ang mga pagpapala ng templo.

Tiyak na tayong nabubuhay ay may gagawing isang dakilang gawain. . . . Ang pagtatayo ng mga templo ay malaki ang kahalagahan para sa ating sarili at sa sangkatauhan, at nagiging malinaw ang ating mga responsibilidad. Kailangan nating isakatuparan ang mga ordenansa ng priesthood sa templo na mahalaga sa ating sariling kadakilaan; pagkatapos ay kailangan nating gawin ang mahalagang gawain para sa mga hindi nagkaroon ng pagkakataon na tanggapin ang ebanghelyo sa buhay na ito. Ang paggawa ng gawain para sa iba ay naisasagawa sa dalawang hakbang: una, sa pagsasaliksik ng family history para matukoy ang ating mga ninuno; at pangalawa, sa pagsasagawa ng mga ordenansa ng templo upang ibigay din sa kanila ang mga pagkakataong ibinibigay sa mga buhay.

Subalit maraming miyembro ng Simbahan ang limitado lamang ang pagpasok sa mga templo. Ginagawa nila ang lahat ng makakaya nila. Nagsasaliksik sila ng family history at ipinagagawa sa iba ang ordenansa sa templo. Sa kabilang banda, may ilang miyembrong gumagawa ng gawain sa templo ngunit hindi nasasaliksik ang family history ng sarili nilang mga ninuno. Bagama't nagsasagawa sila ng banal na paglilingkod sa pagtulong sa iba, nawawalan sila ng pagpapala sa hindi pagsasaliksik sa sarili nilang kamag-anak na namatay na tulad ng tagubilin ng mga propeta sa mga huling araw.

Naaalala ko ang isang karanasan ilang taon na ang nakararaan na kahalintulad ng kundisyong ito. Sa pagtatapos ng isang fast and testimony meeting, sinabi ng bishop, "Nagkaroon tayo ngayon ng espirituwal na karanasan sa pakikinig sa mga patotoo ng bawat isa. Ito ay dahil nag-ayuno tayo ayon sa batas ng Panginoon. Ngunit tandaan natin na ang batas ay may dalawang bahagi: na nag-aayuno tayo sa pamamagitan ng hindi pagkain at pag-inom at na iniaambag natin ang perang natipid natin sa bishop's storehouse para sa kapakanan ng mga di-gaanong mapalad." Pagkatapos ay idinagdag niya: "Sana'y walang lumisan sa atin ngayon na kalahati lamang ang natamong pagpapala."

Nalaman ko na ang mga nagsasaliksik ng family history at pagkatapos ay nagsasagawa ng mga ordenansa sa templo para sa mga

pangalang nahanap nila ay makadarama ng dagdag na kagalakan sa pagtanggap ng dalawang bahagi ng pagpapala.

Bukod pa rito, sabik na naghihintay ang mga patay na saliksikin ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang mga pangalan at pagkatapos ay magpunta sa mga templo upang isagawa ang mga ordenansa para sa kanila, nang sila ay mapalaya mula sa kanilang piitan sa daigdig ng mga espiritu. Lahat tayo ay dapat magalak sa maringal na gawaing ito ng pagmamahal.[10]

Ang adhikain ng gawain sa family history ay matanggap ng lahat ng tao, buhay man o patay, ang mga pagpapala ng templo. Sa pagdalo natin sa templo at pagsasagawa ng gawain para sa mga patay, nagkakaroon tayo ng malalim na pakikiisa sa Diyos at higit na pag-unawa sa kanyang plano para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Natututo tayong mahalin ang ating kapwa tulad sa ating sarili. Tunay ngang walang gawaing papantay sa ginagawa sa templo.[11]

3

## Nawa'y maging determinado tayo sa pagpapabilis ng ating gawain sa family history at sa templo.

Habang ginagawa natin ang gawain [sa] templo para sa mga sumakabilang-buhay na, maaalala natin ang inspiradong payo ni Pangulong Joseph F. Smith na nagsabi: "Sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap para sa kanila ay makakalag ang gapos ng kanilang pagkakaalipin, at maglalaho ang kadiliman na bumabalot sa kanila, upang sumikat ang liwanag sa kanila; at maririnig nila sa daigdig ng espiritu ang gawain na isinagawa para sa kanila ng kanilang mga anak dito sa lupa, at magagalak sila" [sa Conference Report, Oct. 1916, 6].[12]

Ang sagradong gawaing ito [sa family history at sa templo] ay nasasapuso't isipan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa. Nagsasalita ako para sa lahat ng Kapatid kapag nagpapasalamat ako sa mga nagbigay ng malaking kontribusyon sa paglalaan ng nakapagliligtas na mga ordenansa para sa mga nasa kabilang-buhay na. . . . Nagpapasalamat kami sa hukbo ng mga boluntaryong nagsusulong ng makapangyarihang gawaing ito sa buong mundo. Salamat sa inyong lahat sa napakagandang ginagawa ninyo.

Sabi ni Propetang Joseph Smith, "Ang pinakamalaking responsibilidad sa mundong ito na iniatang sa atin ng Diyos ay ang saliksikin

at kilalanin ang ating mga patay" [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 557]. Sinabi rin niya: . . . "Ang mga Banal na magbabalewala dito para sa kanilang namayapang mga kamag-anak, ay ginagawa ito sa ikapapahamak ng sarili nilang kaligtasan" [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith,* 553].

Dahil gayon din ang pagkaunawa sa mahalagang paghahayag na ito, sinabi ni Pangulong Brigham Young: "Mayroon tayong gawain na kasinghalaga ng gawain ng Tagapagligtas. Ang ating mga ninuno ay hindi magiging ganap kung wala tayo; hindi tayo magiging ganap kung wala sila. Nagawa na nila ang kanilang gawain at ngayon ay nakahimlay na. Tinatawagan tayo ngayon na gawin ang ating mga gawain; na siyang magiging pinakadakilang gawain na gagampanan ng tao sa daigdig kailanman" (*Discourses of Brigham Young,* sel. John A. Widtsoe, Salt Lake City: Deseret Book Co., 1941, p. 406).

Inulit na ng bawat propetang namuno sa simbahang ito mula noong panahon ni Joseph Smith hanggang ngayon ang dakilang katotohanang ito. Sa paggabay ng mga katotohanang ito, naging abala na ang Simbahan sa simula pa lamang ng dispensasyong ito sa gawain ng kaligtasan at kadakilaan para sa lahat ng anak na lalaki at anak na babae ng Diyos, kailan man sila nabuhay sa mundo.

Tayo na nabubuhay sa panahong ito ang hinirang ng Diyos bago tayo isinilang na maging kanyang mga kinatawan sa lupa sa dispensasyong ito. Bahagi tayo ng sambahayan ni Israel. Sa ating mga kamay nakasalalay ang mga sagradong kapangyarihan ng pagiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion sa mga huling araw [tingnan sa Obadias 1:21].

Patungkol sa gawain sa templo at sa family history, may isa akong napakahalagang mensahe: Kailangang pabilisin ang gawaing ito. Ang gawaing naghihintay ay napakalaki at hindi kayang unawain ng tao. Noong nakaraang taon [1993] nagsagawa kami ng mga proxy temple endowment para sa mga lima't kalahating milyong katao, ngunit noong taon na iyon ay mga limampung milyong tao ang namatay. Maaaring pahiwatig ito na walang saysay ang gawaing nasa ating harapan, ngunit hindi natin maaaring isipin na walang saysay ito. "Tiyak na susuportahan tayo ng Panginoon kung sisikapin nating mabuti na sundin ang utos na magsaliksik ng family history at gawin ang gawain sa templo. Ang dakilang gawain ng mga templo at lahat ng sumusuporta rito ay kailangang lumawak. Mahalagang gawin ito! . . .

Mahal kong mga kapatid, nawa'y maging determinado tayo sa pagpapabilis ng ating gawain sa family history at sa templo. Sabi ng Panginoon, "Ang gawain sa aking templo, at lahat ng gawain na aking itinakda sa inyo, ay ipagpatuloy at huwag itigil; at ang inyong pagsusumikap, at ang inyong pagtitiyaga, at pagtitiis, at ang inyong mga gawain ay papag-ibayuhin, at tiyakang hindi mawawala sa inyo ang inyong gantimpala, wika ng Panginoon ng mga Hukbo" (D at T 127:4).

Hinihikayat ko kayo sa inyong mga pagsisikap sa mga salitang ito ni Propetang Joseph Smith: "Mga kapatid, hindi ba tayo magpapatuloy sa isang napakadakilang adhikain? Sumulong at huwag umurong. Lakas-ng-loob, mga kapatid; at humayo, humayo sa pananagumpay! Magsaya sa inyong mga puso, at labis na magalak. Bumulalas ang mundo sa pag-awit. Magsalita ang mga patay ng mga awit ng walang hanggang papuri sa Haring Immanuel, na nag-orden, bago pa ang pagkakatatag ng daigdig, [sa] yaong makatutulong sa atin upang matubos sila mula sa kanilang bilangguan; sapagkat ang mga bilanggo ay makalalaya" (D at T 128:22).

Mahal ko ang gawaing ito. Alam ko na ilalaan ng Panginoon ang lahat ng kakailanganin upang maisakatuparan ito kapag tapat nating ginawa ang ating tungkulin. Nawa'y basbasan ng Panginoon ang bawat isa sa atin sa paggawa ng kontribusyon sa dakilang gawaing ito, na kailangan nating isagawa sa ating panahon.[13]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Pagnilayan ang pambungad na pangungusap sa bahagi 1. Paano kayo natulungan ng pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo na mapalapit sa Diyos? Anong impormasyon sa bahaging ito ang makakatulong para maipaliwanag ninyo ang mga layunin ng mga templo sa isang taong hindi nakauunawa sa mga ito?
- Paano napasainyo ang "dalawang bahagi ng pagpapala" na pagsasaliksik ng family history at gawain sa templo? (Tingnan sa bahagi 2.) Paano natin maisasali ang mga bata at iba pang mga kapamilya sa mahalagang gawaing ito?
- Habang nirerepaso ninyo ang mga turo ni Pangulong Hunter sa bahagi 3, isipin ang pagpapahalagang ipinakita ng Panginoon

sa gawain sa family history at sa templo. Paano bumibilis ang gawain sa family history at sa templo? Paano natin mapag-iibayo ang ating pakikibahagi sa gawing ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Isaias 42:6–7; Malakias 4:5–6; I Pedro 3:18–20; 4:6; D at T 2; 110:12–15; 124:28–30; 128:15–18; 138:57–59

*Tulong sa Pag-aaral*

Para maihalintulad ang mga salita ng isang propeta sa inyong sarili, pag-isipan kung paano nauugnay sa inyo ang kanyang mga turo (tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 225). Sa inyong pag-aaral, isiping tanungin ang inyong sarili kung paano makakatulong ang mga turong iyon sa inyong mga problema, tanong, at pagsubok sa buhay.

## ***Mga Tala***

1. Tingnan sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 186.
2. Tingnan sa Francis M. Gibbons, *Howard W. Hunter: Man of Thought and Independence, Prophet of God* (2011), 16–18.
3. Di-inilathalang manuskrito ni Richard A. Hunter.
4. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 192.
5. "We Have a Work to Do," *Ensign,* Mar. 1995, 64.
6. "The Great Symbol of Our Membership," *Ensign,* Okt. 1994, 2.
7. "A Temple-Motivated People," *Ensign,* Peb. 1995, 2.
8. "Elijah the Prophet," *Ensign,* Dis. 1971, 71.
9. "A Temple-Motivated People," 2, 4.
10. "A Temple-Motivated People," 4–5.
11. "We Have a Work to Do," 65.
12. Teksto ng panalangin sa paglalaan ng Bountiful Utah Temple, sa "'Magnificent Edifice' Consecrated to [the] Lord," *Church News,* Ene. 14, 1995, 4.
13. "We Have a Work to Do," 64–65.

# Ang Sakramento ng Hapunan ng Panginoon

*"Nang kunin [ni Jesus] ang tinapay at putul-putulin ito, at kunin ang saro at basbasan ito, nagpapakilala siya bilang ang Kordero ng Diyos na maglalaan ng espirituwal na pagkain at walang-hanggang kaligtasan."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Lumaki si Howard W. Hunter sa isang aktibong ina na Banal sa mga Huling Araw at isang butihing ama na hindi pa miyembro ng anumang simbahan noon. Hindi tumutol ang kanyang ama sa pakikilahok ng pamilya sa Simbahan—sumasama pa nga siya sa kanila sa mga sacrament meeting paminsan-minsan—ngunit ayaw niyang pabinyagan ang kanyang mga anak noong 8 taong gulang na sila. Nadama niya na dapat lang silang magdesisyon tungkol doon kapag mas matanda na sila. Nang mag-12 taong gulang si Howard, hindi siya puwedeng tumanggap ng Aaronic Priesthood at maorden bilang deacon dahil hindi pa siya nabinyagan. Kahit nakasali siya sa mga binatilyo sa iba pang mga aktibidad, lubos na nalungkot si Howard na hindi siya makapagpasa ng sakramento na kasama nila.

"Katabi ko sa mga sacrament meeting ang iba pang mga binatilyo," paggunita niya. "Kapag oras na para ipasa nila ang sakramento, nakaupo lang ako sa upuan ko. Pakiramdam ko hindi ako kabilang. Gusto kong magpasa ng sakramento, pero hindi puwede dahil hindi pa ako nabinyagan."[1]

Halos limang buwan pagkaraan ng kanyang ika-12 kaarawan, kinumbinsi ni Howard ang kanyang ama na payagan siyang mabinyagan. Hindi nagtagal pagkaraan niyon, naorden siyang deacon. "Naaalala ko noong una akong magpasa ng sakramento," sabi niya.



*"Gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin" (Lucas 22:19).*

"Kinabahan ako, pero natuwa ako sa pagkakaroon ng pribilehiyo. Matapos ang pulong pinuri ako ng bishop sa paraan ng pagdadala ko sa aking sarili."[2]

Nang tawagin si Howard W. Hunter bilang Apostol, regular siyang nakilahok sa ordenansa ng sakramento kasama ang iba pang mga General Authority sa Salt Lake Temple. Inilarawan ni Elder David B. Haight, na naglingkod na kasabay ni Elder Hunter sa Korum ng Labindalawa, ang karanasan na marinig siyang magbasbas ng sakramento:

"Sana magkaroon din ng oportunidad ang mga binatilyo sa Aaronic Priesthood sa buong Simbahan na marinig si Elder Howard W. Hunter na magbasbas ng sakramento tulad ng naranasan namin sa templo. Siya ay isang natatanging saksi ni Cristo. Nang mapakinggan ko ang paghiling niya sa ating Ama sa Langit na basbasan ang sakramento, nadama ko ang malalim na espirituwalidad sa kanyang kaluluwa. Bawat kataga ay malinaw at makahulugan. Hindi siya nagmadali, hindi nag-apura. Siya ang tagapagsalita para sa lahat ng Apostol sa pakikipag-usap sa ating Ama sa Langit."[3]

Inilalarawan ng mga kuwentong ito ang habambuhay na pagpipitagan ni Pangulong Hunter sa mga sagradong simbolo ng nagbabayad-salang sakripisyo ni Cristo.

Tulad ng ipinapakita ng mga turo sa kabanatang ito, ang isang paraan na hinangad ni Pangulong Hunter na ipaunawa sa mga miyembro ang kahalagahan ng sakramento ay sa pagpapaliwanag sa kaugnayan nito sa sinaunang pagdiriwang ng Paskua at pagrepaso sa pagpapasimula ng Tagapagligtas sa ordenansang ito sa hapunan ng Paskua kasama ang Kanyang mga disipulo.

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Ipinapahayag ng Paskua na ang kamatayan ay walang permanenteng kapangyarihan sa atin.

[Ang Paskua] ang pinakaluma sa mga pagdiriwang ng mga Judio, pagdiriwang ng isang kaganapang nangyari nang tanggapin ang tradisyonal na Batas ni Moises. Ipinapaalala nito sa bawat henerasyon ang pagbabalik ng mga anak ni Israel sa lupang pangako at ang mga

paghihirap nila sa Egipto bago iyon. Ginugunita nito ang pagdanas ng isang lahi ng pang-aapi at pagkaalipin tungo sa paglaya at pagkaligtas. Iyon ang pagdiriwang ng tagsibol sa Lumang Tipan kung kailan ang kalikasan ay napupukaw sa buhay, paglago, at pamumunga.

Ang Paskua ay nauugnay sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay ng mga Kristiyano. . . . Ang Paskua [at Pasko ng Pagkabuhay] ay nagpapatotoo sa dakilang kaloob na ibinigay ng Diyos at sa sakripisyong kaakibat ng pagkakaloob nito. Ipinapahayag ng malawakang paggunitang ito ng mga relihiyoso na "lalampasan" tayo ng kamatayan at hindi ito maaaring magkaroon ng permanenteng bisa sa atin, at na ang libingan ay hindi magtatagumpay.

Sa pagliligtas sa mga anak ni Israel palabas ng Egipto, kinausap mismo ni Jehova si Moises mula sa nagliliyab na palumpong sa Sinai at sinabing:

"Akin ngang nakita ang kadalamhatian ng aking bayan na nasa Egipto, at aking dininig ang kanilang daing dahil sa mga tagapagpaatag sa kanila; sapagka't talastas ko ang kanilang kapanglawan. . . .

"Halika nga ngayon, at ikaw ay aking susuguin kay Faraon, upang iyong ilabas sa Egipto ang aking bayan na mga anak ni Israel." (Ex. 3:7, 10.)

Dahil matigas ang ulo ni Faraon, maraming ipinadalang salot sa Egipto, ngunit sa kabila nito "ang puso ni Farao'y nagmatigas, at hindi niya pinayaon ang mga anak ni Israel." (Ex. 9:35.)

Bilang tugon sa pagtangging iyon ni Faraon, sinabi ng Panginoon, "At lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto ay mamamatay, mula sa panganay ni Faraon, na nakaluklok sa kaniyang luklukan, hanggang sa panganay ng aliping babaing nasa likuran ng gilingan; at ang lahat ng mga panganay sa mga hayop." (Ex. 11:5.)

Bilang proteksyon laban sa huli at napakalupit na parusang ipinataw sa mga taga-Egipto, inutusan ng Panginoon si Moises na pakuhanin ang bawat anak ni Israel ng isang korderong walang bahid-dungis.

"At kukuha sila ng dugo niyan, at ilalagay sa dalawang haligi ng pinto at sa itaas ng pintuan, sa mga bahay na kanilang kakainan.

"At kanilang kakanin ang laman sa gabing yaon, na inihaw sa apoy, at tinapay na walang lebadura, kakanin nilang kaulam ng mapapait na gulay. . . .

At ganito ninyo kakanin; may bigkis ang inyong baywang, ang inyong mga pangyapak ay nakasuot sa inyong mga paa, at ang inyong tungkod ay tangnan ninyo sa inyong kamay; at inyong kakaning dalidali; siyang paskua ng Panginoon. . . .

"At mangyayaring pagsasabi sa inyo ng inyong mga anak: Anong ibig ninyong sabihin sa paglilingkod na ito?

"Na inyong sasabihin: Siyang paghahain sa paskua ng Panginoon, na kaniyang nilampasan ang mga bahay ng mga anak ni Israel sa Egipto." (Ex. 12:7–8, 11, 26–27.)

Nang makatakas ang mga Israelita mula sa mga kamay ni Faraon at mamatay ang mga panganay ng mga taga-Egipto, tinawid ng mga Israelita ang Jordan sa wakas. Nakatala na "ang mga anak ni Israel ay humantong sa Gilgal; at kanilang ipinagdiwang ang paskua nang ikalabing apat na araw ng buwan sa kinahapunan sa mga kapatagan ng Jerico." (Jos. 5:10.) Kaya gayon ang ginawa ng mga pamilyang Judio taun-taon simula noon, pati na ng pamilya nina Jose at Maria at ng batang si Jesus.[4]

2

**Sa isang pagdiriwang ng paggunita sa Paskua, pinasimulan ng Tagapagligtas ang ordenansa ng sakramento.**

Tulad ng paliwanag sa Evangelio ni Juan, ang pagdiriwang ng Paskua ay tanda ng mahalagang pangyayari sa ministeryo ni Cristo sa lupa. Sa unang Paskua sa kanyang ministeryo, ipinaalam ni Jesus ang kanyang misyon nang linisin niya ang templo noong itaboy niya mula sa bakuran nito ang mga nagpapalit ng pera at nagbebenta ng mga hayop. Sa ikalawang Paskua ipinakita ni Jesus ang kanyang kapangyarihan sa himala ng tinapay at mga isda. Dito pinasimulan ni Cristo ang mga simbolo na kalaunan ay magkakaroon ng mas malaking kahulugan sa Silid sa Itaas. "Ako ang tinapay ng kabuhayan," wika niya. "Ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom, at ang sumasampalataya sa akin kailan ma'y hindi mauuhaw." (Juan 6:35.)



*"Nang kunin niya ang tinapay at putul-putulin ito, at kunin niya ang saro at basbasan ito, ipinakilala niya ang kanyang sarili bilang* ang *Kordero ng Diyos."*

Mangyari pa, ito ang magiging pagdiriwang ng kanyang huling Paskua na lubos na kakatawan sa sinaunang pagdiriwang na ito. Pagsapit ng huling linggo ng kanyang ministeryo sa lupa, naging malinaw kay Jesus kung ano ang magiging kahulugan ng partikular na Paskuang ito sa kanya. May kaguluhan na noon sa paligid. Itinala ni Mateo:

"Nang matapos ni Jesus ang lahat ng mga salitang ito, ay sinabi niya sa kaniyang mga alagad,

"Nalalaman ninyo na pagkaraan ng dalawang araw ay darating ang paskua, at ibibigay ang Anak ng tao upang ipako sa krus." (Mat. 26:1–2.)

Lubos na alam kung ano ang mangyayari sa kanya, inutusan ni Jesus sina Pedro at Juan na maghanda ng hapunan sa paskua. Sinabi

niya sa kanila na sabihin sa puno ng sambahayan, “Saan naroon ang tuluyang aking makakanan ng kordero ng paskua na kasalo ng aking mga alagad?” (Lucas 22:11.)

Ang kalumbayan ng kanyang pagsilang, sa isang banda, ay mauulit sa kalumbayan ng kanyang kamatayan. May mga lungga ang mga zorra at may mga pugad ang mga ibon, ngunit ang Anak ng Tao ay walang mahiligan ng kanyang ulo noong siya ay isilang o sa mga huling sandali ng kanyang buhay [tingnan sa Mateo 8:20].

Sa wakas, kumpleto na ang mga paghahanda para sa Paskua, bilang pagsunod sa halos labinlimang daang taon ng tradisyon. Naupo si Jesus sa tabi ng kanyang mga disipulo at, matapos kumain ng korderong isinakripisyo at ng tinapay at alak ng sinaunang pagdiriwang na ito, itinuro niya sa kanila ang mas bago at mas banal na kahulugan ng sinaunang pagpapalang iyon mula sa Diyos.

Kinuha niya ang isa sa makinis at bilog na tinapay na walang lebadura, binasbasan ito, at pinagputul-putol na ipinamahagi niya sa mga Apostol, na sinasabing: “Ito’y aking katawan, na ibinibigay dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.” (Lucas 22:19.)

Nang ibuhos ang laman ng saro, kinuha niya ito at inanyayahan sila, matapos magpasalamat, na inumin ito, na sinasabing, “Ito’y ang bagong tipan sa aking dugo, na nabubuhos nang dahil sa inyo.” (Lucas 22:20.) Sinabi ni Pablo tungkol dito: “Sapagka’t sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya.” (I Cor. 11:26.)

Ang tinapay at alak, sa halip na mga hayop at gulay, ay magiging mga sagisag ng dakilang katawan at dugo ng Kordero, mga sagisag na kakainin at iinumin nang mapitagan at bilang pag-alaala sa kanya magpakailanman.

Sa simple ngunit kahanga-hangang paraang ito pinasimulan ng Tagapagligtas ang ordenansang tinatawag ngayon na sakramento ng Hapunan ng Panginoon. Sa pagdurusa sa Getsemani, sakripisyo sa Kalbaryo, at pagkabuhay na mag-uli mula sa libingan sa halamanan, tinupad ni Jesus ang sinaunang batas at pinasimulan ang bagong dispensasyon batay sa mas mataas at mas banal na pag-unawa sa batas ng sakripisyo. Hindi na kailangan ng mga tao na mag-alay ng

panganay na kordero mula sa kanilang kawan, dahil pumarito ang Panganay ng Diyos upang ialay ang kanyang sarili bilang "walang katapusan at walang hanggang hain."

Ito ang karingalan ng Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli, na hindi lamang isang paglagpas sa kamatayan, kundi isang kaloob na buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng isang walang-katapusang sakripisyo.[5]

Angkop lamang bilang pagsunod sa sinaunang tipang ito ng proteksyon [ang hapunan sa Paskua] na dapat pasimulan ni Jesus ang mga sagisag ng bagong tipan ng kaligtasan—ang mga sagisag ng sarili niyang katawan at dugo. Nang kunin niya ang tinapay at putul-putulin ito, at kunin niya ang saro at basbasan ito, ipinakilala niya ang kanyang sarili bilang *ang* Kordero ng Diyos na maglalaan ng espirituwal na pagkain at walang-hanggang kaligtasan.[6]

3

**Ang ating pakikibahagi sa sakramento ay isang pagkakataon upang pag-aralan ang ating buhay at panibaguhin ang ating mga tipan.**

Hindi pa natatagalan ako ay . . . [nagkaroon] ng pribiliheyong dumalo sa sacrament service sa aming home ward. . . . Habang inihahanda ng mga priest ang sakramento, pinamunuan kami sa pagkanta ng:

*Ama namin, kami'y dinggin;*
*At ngayon ay pagpalain.*
*Sa pagtanggap ng sagisag,*
*Dama ang kay Cristong pagliyag.*

[*Mga Himno,* blg. 101]

Lumuhod ang isang priest para basbasan ang putul-putol na tinapay at nanalangin: "Nang sila ay makakain bilang pag-alaala sa katawan ng inyong Anak, at patunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila ay pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng inyong Anak, at lagi siyang alalahanin at susundin ang kanyang mga kautusan." (D at T 20:77.) Naghiwa-hiwalay ang mga deacon sa buong chapel para ipamahagi ang putul-putol na tinapay. Isa sa kanila ang lumapit sa hanay namin at hinawakan ang

silver tray habang nakikibahagi ako. Pagkatapos ay hinawakan ko ang tray para makabahagi si Sister Hunter, at hinawakan niya ito para sa katabi niya. Ipinasa ang tray sa hanay sa gayong paraan, na bawat isa ay nag-aabot at inaabutan.

Naalala ko ang mga pangyayaring naganap noong gabing iyon halos dalawang libong taon na ang nakararaan nang ipagkanulo si Jesus. . . . Ang sakramento ng Hapunan ng Panginoon [ay] pinasimulan upang halinhan ang pagsasakripisyo [ng hayop] at maging paalala sa lahat ng nakikibahagi na tunay ngang Siya ay nagsakripisyo para sa kanila; at upang maging dagdag na paalala ng mga tipang ginawa nila na sundin Siya, sundin ang Kanyang mga utos, at maging tapat hanggang wakas.

Habang nag-iisip [ako] tungkol dito, naisip ko ang paalala ni Pablo sa kanyang sulat sa simbahan sa Corinto. Sabi niya: "Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon, na di nararapat, ay magkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon.

"Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro.

"Sapagka't ang kumakain at umiinom, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, kung hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon." (I Cor. 11:27–29.)

Nag-alala ako. Itinanong ko ito sa aking sarili: "Inuuna ko ba ang Diyos sa lahat ng iba pang bagay at sinusunod ang lahat ng Kanyang utos?" Pagkatapos ay nagmuni-muni ako at nagpasiya. Ang makipagtipan sa Panginoon na laging sundin ang kanyang mga kautusan ay mabigat na obligasyon, at mabigat din ang pagpapanibago ng tipang iyon sa pakikibahagi ng sakramento. Ang mga taimtim na sandali ng pagninilay habang ipinapasa ang sakramento ay may malaking kahalagahan. Ito ang mga sandali ng pagsusuri sa sarili, pagsisiyasat sa sarili, pagkilala sa sarili—isang panahon ng pagninilay at pagpapasiya.

Sa pagkakataong ito isa pang priest ang nakaluhod sa harap ng mesa, na nananalangin na lahat ng iinom ay "magawa [ito] bilang pag-alaala sa dugo ng inyong Anak, na nabuhos alang-alang sa kanila; . . . na sila sa tuwina ay alalahanin siya, nang mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila." (D at T 20:79.)

May tahimik na pagninilay, ang katahimikan ay binasag lamang ng tinig ng isang munting sanggol na mabilis na niyakap ng ina. Anumang bumabasag sa katahimikan sa oras ng sagradong ordenansang ito ay tila wala sa lugar; ngunit tiyak na hindi magagalit ang Panginoon sa tinig ng isang munting sanggol. Siya man ay idinuyan ng isang mapagmahal na ina nang magsimula ang kanyang buhay sa mundo sa Betlehem at magwakas sa krus sa Kalbaryo.

Tinapos ng mga binatilyo ang pagpapasa ng sakramento. Pagkatapos ay sumunod ang mga kataga ng panghihikayat at tagubilin, isang pangwakas na himno at panalangin; at nagwakas ang sagradong mga sandali na "malaya sa hapis" [tingnan sa "Dalanging Taimtim," *Mga Himno,* blg. 86]. Sa daan pauwi . . . pumasok ito sa aking isipan: Napakaganda sana kung nauunawaan ng lahat ng tao ang layunin ng binyag at handang tanggapin ito; hinahangad na tuparin ang mga tipang ginawa sa ordenansang iyon na paglingkuran ang Panginoon at sundin ang Kanyang mga kautusan; at, bukod pa rito, hinahangad na makibahagi ng sakramento sa araw ng Sabbath upang panibaguhin ang mga tipang iyon na paglingkuran Siya at maging tapat hanggang wakas. . . .

Naging mas makabuluhan ang araw dahil nakadalo ako sa sacrament meeting at nakibahagi ng sakramento, at nadama ko na mas naunawaan ko ang dahilan kaya sinabi ng Panginoon na, "At upang lalo pa ninyong mapag-ingatan ang inyong sariling walang bahid-dungis mula sa sanlibutan, kayo ay magtungo sa panalanginan at ihandog ang inyong sakramento sa aking banal na araw;

"Sapagkat katotohanang ito ay araw na itinakda sa inyo upang magpahinga mula sa inyong mga gawain, at iukol ang inyong mga pananalangin sa Kataas-taasan." (D at T 59:9–10.)[7]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Repasuhin ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa mga Paskua sa sinaunang Israel (tingnan sa bahagi 1). Ano ang matututuhan natin mula sa Paskua? Paano nauugnay ang Paskua sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay?
- Repasuhin ang salaysay ni Pangulong Hunter tungkol sa pagpapasimula ng Tagapagligtas sa sakramento (tingnan sa bahagi 2). Bakit mahalaga ang kaganapang ito sa inyo? Sa anong mga paraan naging isang "tipan ng kaligtasan" ang sakramento para sa atin?
- Ano ang hinahangaan ninyo sa salaysay ni Pangulong Hunter tungkol sa pakikibahagi ng sakramento sa bahagi 3? Ano ang matututuhan natin mula sa salaysay na ito para magawa nating mas makabuluhan ang sakramento? Paano naging isang pagpapala sa inyo ang pakikibahagi ng sakramento?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

1 Mga Taga Corinto 5:7–8; 11:23–29; 3 Nephi 18:3–14; 20:8–9; Moroni 6:5–6; D at T 20:75–79; 27:1–2

*Tulong sa Pagtuturo*

"Habang nagtuturo tayo ng ebanghelyo, dapat nating kilalanin nang may pagpapakumbaba na ang Espiritu Santo ang totoong guro. Ang ating pribilehiyo ay magsilbing mga instrumento kung saan ang Espiritu Santo ay makapagtuturo, makapagpapatotoo, makapagbibigay-kapanatagan, at inspirasyon" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 51).

### *Mga Tala*

1. Sa Gerry Avant, "Elder Hunter—Packed Away Musician's Career for Marriage," *Church News,* Mayo 19, 1985, 4.
2. Sa J M. Heslop, "He Found Pleasure in Work," *Church News,* Nob. 16, 1974, 4.
3. David B. Haight, "The Sacrament," *Ensign,* Mayo 1983, 13.
4. "Christ, Our Passover," *Ensign,* Mayo 1985, 17–18.
5. "Christ, Our Passover," 18–19.
6. "His Final Hours," *Ensign,* Mayo 1974, 18.
7. "Thoughts on the Sacrament," *Ensign,* Mayo 1977, 24–25.



*“Sa templo tumatanggap tayo ng pinakamataas na ordenansa para sa kalalakihan at kababaihan, ang pagbubuklod ng mag-asawa para sa kawalang-hanggan.”*

# Pag-aasawa—Isang Walang-Hanggang Pagsasamahan

*"Ang pinakadakilang pagsasamahan sa buhay na ito ay sa mag-asawa—ang ugnayang tumatagal at walang-hanggan ang kahalagahan."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Noong 20 anyos si Howard W. Hunter, nakilala niya si Claire Jeffs sa sayawan sa Simbahan sa Los Angeles, California, nang dumalo ito kasama ang isa sa kanyang mga kaibigan. Matapos ang sayawan, ilan sa mga dalaga't binata ang nagtampisaw sa tabing-dagat. Nawala ang kurbata ni Howard, at nagboluntaryo si Claire na tulungan siyang hanapin ito sa dalampasigan. Sabi ni Howard kalaunan, "Nang sumunod na lumabas kami, si Claire na ang kasama ko, at iba naman ang kasama ng [kaibigan ko]." [1]

Nang sumunod na taon naging seryoso na ang pagdedeyt nila, at isang gabi ng tagsibol halos tatlong taon mula nang magkakilala sila, dinala ni Howard si Claire sa isang magandang lugar kung saan tanaw ang karagatan. "[Minasdan] namin ang pagdaluyong ng mga alon mula sa Pasipiko at paghampas sa mga bato sa ilalim ng liwanag ng bilog na buwan," isinulat niya. Nang gabing iyon inalok ni Howard ng kasal si Claire, at tinanggap naman nito. "Pinag-usapan namin ang aming mga plano," sabi niya, "[at] pinagpasiyahan ang maraming bagay, lalo na ang tungkol sa aming buhay." [2]

Sina Howard at Claire ay ikinasal sa Salt Lake Temple noong Hunyo 10, 1931. Sa sumunod na 52 taon, lumalim ang kanilang pagmamahalan habang nagpapalaki sila ng kanilang mga anak na lalaki, naglilingkod sa Simbahan, at tiwalang humaharap sa mga hamon ng buhay.

Kitang-kita sa kanilang pamilya ang masaya nilang pagsasama bilang mag-asawa. Si Robert Hunter, ang kanilang panganay na apong lalaki, ay nagsabi: "Kapag iniisip ko si Grandpa Hunter, wala akong ibang mas naiisip kundi ang halimbawa ng isang mapagmahal na asawa. . . . Makikita mo talagang nabibigkis sila ng pagmamahal."[3]

Ang pagmamahal ni Pangulong Hunter sa kanyang asawa ay lalong napatunayan nang magkasakit ito nang malubha at alagaan niya ito sa huling dekada ng buhay nito. Ang pagpanaw ni Claire noong Oktubre 9, 1983, ay "matinding dagok" kay Pangulong Hunter.[4] Isinulat niya na sa pag-uwi niya ng bahay noong araw na mamatay ito, "parang napakapanglaw ng bahay, at habang naglalakad-lakad ako, lahat ng bagay ay nagpapaalala sa akin sa kanya."[5]

Pagkaraan ng halos pitong taon na nag-iisa, pinakasalan ni Pangulong Hunter si Inis Stanton noong Abril 1990. Si Pangulong Gordon B. Hinckley ang nagkasal sa kanila sa Salt Lake Temple. Si Inis ang pinagkuhanan ni Pangulong Hunter ng kapanatagan at lakas habang naglilingkod siya bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at bilang Pangulo ng Simbahan. Sinamahan niya siya sa halos lahat ng kanyang paglalakbay para makahalubilo ang mga Banal sa buong mundo.

Sinabi ni Elder James E. Faust ng Korum ng Labindalawa ang pagpapalang naibigay ni Inis kay Pangulong Hunter: "Nang pumanaw si [Claire], napakalungkot na panahon iyon na tumagal nang maraming taon hanggang sa pakasalan niya si Inis. Marami silang pinagsamahan na napakasasayang alaala at karanasan." Pagkatapos, patungkol kay Sister Hunter, sinabi niya, "Hindi kayang maipahayag ng mga salita ang pasasalamat namin sa iyo, Inis, dahil lagi kang nariyan sa kanyang tabi at inalaagan mo siya nang buong pagmamahal at katapatan. Nagdulot ka ng ningning sa kanyang mata at galak sa pinakahuling mga taon ng kanyang buhay at ministeryo."

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

**1**

### Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay inorden ng Diyos at nilayong maging walang hanggan.

Ipinaliwanag sa atin ng Panginoon ang kasal. Sinabi Niya "Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa; at ang dalawa ay magiging isang laman" (Mateo 19:5).[7]

Ang pinakadakilang pagsasama sa buhay na ito ay sa mag-asawa— ang ugnayang tumatagal at walang-hanggan ang kahalagahan.[8]

Nalalaman ang tungkol sa plano ng kaligtasan bilang isang pundasyon, itinuturing ng isang lalaking maytaglay ng priesthood ang kasal bilang sagradong pribilehiyo at obligasyon. Hindi makabubuti para sa lalaki o sa babae na mag-isa. Ang lalaki ay hindi ganap kung walang katuwang na babae. Ni hindi nila ganap na magagampanan ang layunin ng paglikha sa kanila kung wala ang isa (tingnan sa I Cor. 11:11; Moises 3:18). Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay inorden ng Diyos (tingnan sa D at T 49:15–17 Tanging sa pamamagitan lamang ng bago at walang hanggang tipan ng kasal nila matatamo ang kabuuan ng walang hanggang mga pagpapala (tingnan sa D at T 131:1–4; 132:15–19).[9]

Ang kasal ay kadalasang tinutukoy na pakikipagtuwang sa Diyos. Hindi lamang ito matalinghagang salita. Kapag ang pakikipagtuwang na ito ay pananatilihing matibay at masigla, mamahalin ng lalaki at babae ang isa't isa gaya ng pagmamahal nila sa Diyos, at darating sa kanilang tahanan ang kagiliwan at pagmamahal na magdudulot ng walang hanggang tagumpay.[10]

Ang unang kasal ay isinagawa ng Panginoon. Ito ay kasal na pangwalang-hanggan dahil hindi saklaw ng panahon ang naganap na seremonyang iyan. Isinagawa ang seremonya para sa mag-asawa na noon ay hindi saklaw ng kamatayan; kaya, sa gayong kalagayan ang ugnayan ay hindi kailanman magwawakas. Matapos ang pagkahulog, ang una nating mga magulang ay itinaboy mula sa Halamanan. Dahil dito ay saklaw na sila ng kamatayan, ngunit ipinangako sa kanila ang pagkabuhay na mag-uli. Hindi kailanman sinabi sa kanila na ang kanilang walang-hanggang kasal ay dapat nang magwakas.[11]

Sa templo tumatanggap tayo ng pinakamataas na ordenansa para sa kalalakihan at kababaihan, ang pagbubuklod ng mga mag-asawa para sa kawalang-hanggan. Umaasa kami na ang ating mga kabataan ay mimithiing sa templo lang maikasal.[12]

Tulad ng binyag na isang utos ng Panginoon, gayundin ang kasal sa templo. Tulad ng binyag na mahalaga para mapabilang sa simbahan, gayundin ang kasal sa templo ay mahalaga sa ating kadakilaan sa piling ng Diyos. Bahagi iyan ng ating tadhana. Hindi natin

maisasakatuparan ang ating pinakadakilang hangarin kung wala ito. Huwag hayaang hindi ito ang matamo.

Hindi ninyo tatanggapin na kayo ay mabinyagan ayon sa gusto ng mundo, 'di ba? Ang Diyos ay may paraan ng pagbibinyag—sa pamamagitan ng paglulubog ng isang maytaglay na awtoridad. Kung gayon tatanggapin ba ninyo ang uri ng kasal na iniaalok ng mundo? Mayroon din siyang paraan para sa kasal: Ito ay kasal sa templo.[13]

Dalangin ko na pagpapalain tayo ng Panginoon na maunawaan ang dahilan kung bakit tayo nabubuhay at ano ang dapat nating gawin para mahanap ang daan tungo sa ating kadakilaan at buhay na walang hanggan. Bahagi ng walang hanggang plano ang kasal na itinuturing nating sagrado. Kung handa tayong sumunod, ang mga ordenansa ay mananatili magpakailanman. Napakadakilang bagay na magkaroon ng ganitong pag-unawa at mahayagan ng mga katotohanang ito.[14]

2

## Kapag nagpapasiya kung sino ang pakakasalan, magtiyaga, manalig, at manatiling karapat-dapat sa pagtanggap ng tulong ng langit.

Palagay ko ang pinakamalaking desisyong dapat ninyong gawin . . . ay ang desisyon na huhubog sa inyong buhay sa kawalang-hanggan, at iyan ay ang inyong kasal. Tiyak ko na sasang-ayon kayo sa akin na ito ay magiging higit na mahalaga kaysa anumang bagay na ginagawa ninyo sa buhay, dahil ang inyong gawain at inyong propesyon o anumang gagawin ninyo ay hindi kasinghalaga ng walang hanggang pinahahalagahang ito. . . . [Ang desisyon tungkol sa kasal ay] makakaapekto sa inyo sa kawalang-hanggan; makakaapekto din ito sa inyo habang kayo ay nabubuhay dito sa mundo.[15]

Huwag . . . kayong magmadaling makipagrelasyon nang walang wastong pagsasaalang-alang at inspirasyon. Mapanalanging hangarin ang patnubay ng Panginoon sa bagay na ito. Manatiling karapat-dapat sa pagtanggap ng tulong ng langit.[16]

Marami sa inyo . . . ang nag-aalala tungkol sa pagligaw, pag-aasawa, at pagbuo ng pamilya. Marahil hindi ninyo makikita ang pangalan ng inyong mapapangasawa sa pangitain ni Nephi o sa aklat ng Apocalipsis; at malamang hindi ito sasabihin sa inyo ng isang anghel o maging ng bishop ninyo. May ilang bagay na dapat



*"Habang naghihintay sa ipinangakong mga pagpapala, . . . maging sabik sa paggawa ng mabuti, kabilang na ang para sa inyong sarili."*

pagsikapan ninyo mismo. Manampalataya at sumunod, at darating ang mga pagpapala. Maging matiyaga. Huwag ninyong hayaan ang bagay na wala kayo na hadlangan kayong makita ang bagay na mayroon kayo. Kung labis ninyong inaalala ang tungkol sa pag-aasawa, baka mawala ang mismong posibilidad na makapag-asawa kayo. Mamuhay nang lubos at tapat nang nag-iisa bago ninyo problemahin kung paano mamuhay nang may asawa.[17]

Habang naghihintay sa ipinangakong mga pagpapala, huwag magpalipas ng oras, dahil ang hindi pagsulong ay para na ring pag-urong na umunlad. Maging sabik sa paggawa ng mabuti, kabilang na ang para sa inyong sarili.[18]

3

## Walang mga pagpapalang ipagkakait sa mga karapat-dapat na taong walang asawa.

Ito ay simbahan ni Jesucristo, hindi simbahan ng mga may-asawa o walang asawa o iba pa mang grupo o tao. Ang ebanghelyong itinuturo natin ay ang ebanghelyo ni Jesucristo, na kinapapalooban ng lahat ng nakapagliligtas na ordenansa at tipan na kailangan para iligtas at dakilain ang bawat tao na handang tanggapin si Cristo at sundin ang mga utos na ibinigay niya at ng ating Ama sa Langit.

Walang mga pagpapala, pati na ang walang hanggang kasal at walang hanggang pamilya, ang ipagkakait sa sinumang karapat-dapat na tao. Bagama't maaaring magtagal nang kaunti—marahil maging lampas pa sa buhay na ito—bago makamit ng ilang tao ang pagpapalang ito, hindi ito ipagkakait. . . .

Ngayon, maaari bang bigyan ko kayo ng kaunting payo at mga salita ng pagmamahal.

Sa inyong *mga binata:* Huwag ninyong ipagpaliban ang pag-aasawa dahil lang sa hindi pa matatag ang trabaho ninyo at pananalapi. . . . Alalahanin na bilang maytaglay ng priesthood ay obligasyon ninyo na manguna sa paghahanap ng makakasama nang walang hanggan.

Sa inyong *mga dalaga:* Ipinangako ng mga propeta ng Diyos noon pa man na kayo ay laging inaalala ng Panginoon; kung kayo ay tapat, *lahat* ng pagpapala ay mapapasainyo. Ang hindi pagkakaroon ng asawa at pamilya sa buhay na ito ay pansamantala lamang, at ang kawalang-hanggan ay walang katapusan. Ipinaalala sa atin ni Pangulong Benson na "sa tao lang bilang ang panahon. Iniisip ng Diyos ang inyong pananaw na pangwalang-hanggan." (*Ensign,* Nob. 1988, p. 97.) Punuin ng mga kapaki-pakinabang at makabuluhang gawain ang inyong buhay.

Kayong nakaranas ng *diborsyo:* Huwag ninyong hayaang baguhin ng inyong kalungkutan o kabiguan ang paniniwala ninyo sa kasal o sa buhay. Huwag mawalan ng paniniwala sa kasal o huwag hayaang pahinain ng inyong dalamhati ang inyong kaluluwa at wasakin kayo o ang inyong mga minamahal o minahal.

4

### Ang matagumpay na pag-aasawa ay nangangailangan ng matinding pagsisikap na ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Ang [pag-aasawa] . . . ay pag-uugali na natututunan. Ang ating pagpupunyagi, hindi likas na ugali, ang magdudulot ng tagumpay. Lubos na makakatulong ang kabaitan, tunay na pagmamahal, at pagsasaalang-alang para sa kaligayahan at kapakanan ng isa't isa.

Bago tayo mag-asawa tinitingnan natin ang buhay ayon sa sariling pananaw, ngunit kapag pinasok na natin ang pag-aasawa,

isinasaalang-alang na rin natin dito ang pananaw ng iba. Kailangan ang pagsasakripisyo at pakikibagay upang maipakita ang pagtitiwala at pagmamahal.

Madalas na sinasabi na ang maligaya at matagumpay na pag-aasawa ay karaniwang hindi tungkol sa pagpapakasal sa tamang tao kundi *ikaw dapat ang tamang tao.* Maaaring makita sa estadistika na ang malaking dahilan ng diborsyo ay maling pagpili ng mapapangasawa. Kung ibang tao ang pinakasalan nila, maaaring hindi mangyari ang partikular na problema, ngunit tiyak na may ibang problemang papalit. Ang tamang pagpili ng mapapangasawa ay malaking tulong sa matagumpay na pag-aasawa, subalit ang pagsisikap ng bawat isa na gawin nang lubos ang bahagi nila ay ang pinakamalaking bagay na makakatulong sa tagumpay nito.[21]

Bagama't totoong makakamit ng mabubuting mag-asawa ang kadakilaan sa selestiyal na kaharian, ang bawat lalaki at babae na ibinuklod sa walang hanggang ugnayan ay dapat na parehong karapat-dapat sa pagpapalang iyan.

Ang kasal na pangwalang-hanggan ay binubuo ng marapat na lalaki at marapat na babae, na kapwa nabinyagan sa tubig at Espiritu; kapwa nakatanggap ng kani-kanyang endowment sa templo; kapwa nangakong magiging matapat sa Diyos at sa isa't isa sa kanilang tipan sa kasal; at kapwa tumutupad sa kanilang mga tipan, ginagawa ang lahat ng inaasahan sa kanila ng Diyos.[22]

Ang pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay nagdudulot ng masayang pagsasama ng mag-asawa. . . . Kapag naipapamuhay ng dalawang tao ang mga alituntunin ng ebanghelyo, magiging matamis at maligaya ang buhay nilang mag-asawa.[23]

5

## Ang mag-asawa ay dapat magtulungang palakasin ang kasal na nagbubuklod sa kanila.

### *Pag-unawa at pagtitiyaga sa mga kahinaan*

Karamihan sa mag-asawa ay may mga kahinaan. . . . Minsan ay sinabi ni Richard L. Evans, "Marahil sinuman sa atin ay mapapakitunguhang mabuti ang mga perpektong tao, ngunit ang tungkulin natin ay pakitunguhan ang mga di-perpektong tao" [*Richard Evans'*



*Kapag ang mag-asawa ay "mamahalin . . . ang isa't isa gaya ng pagmamahal nila sa Diyos, . . . madarama sa kanilang tahanan ang kagiliwan at pagmamahal na magdudulot ng walang hanggang tagumpay."*

*Quote Book* (1971), 165]. Nauunawaan natin na sa mag-asawa hindi perpekto ang bawat isa; naghahangad tayo ng perpeksyon at tumatahak tayo sa landas na umaasang makahahanap tayo ng perpeksyon, ngunit dapat ay maunawain tayo, ibinibigay ang pinakamainam nating magagawa, at pinagaganda ang buhay. . . .

. . . Sabi sa atin ng Biblia: "Ang pagibig ay mapagpahinuhod, at magandang-loob" (tingnan sa I Mga Taga Corinto 13:4). Ang ganyang pagmamahal, ang uri ng pagmamahal na hindi binabalewala, hindi winawakasan kung kailan gustuhin at itinatapon na parang plastik kapag hindi na kailangan, kundi hinaharap ang lahat ng hamon ng buhay nang magkasama at magkabuklod ang kalooban, ang pangunahing nagpapaligaya sa tao.[24]

### *Pagkakaisa ng puso*

Tunay nga na ang pinakamasasayang pagsasama ay kapag ang sakit na dinaramdam mo ay ramdam ko rin, pasakit ko ay pasakit mo rin, tagumpay ko ay tagumpay mo, ang alalahanin ko ay alalahanin mo rin. Ang pagkakaisa ng puso, ng kaluluwa, ng laman ay tila isang pagsubok lalo na ngayon sa mundo na ang tila itinatanong ay: "Ano ang pakinabang ko rito?" Maraming tao ang itinuturing ang kanilang asawa na isang pag-aari lang na ipagmamalaki sa halip na tunay na mamahalin.[25]

### *Katapatan sa isip, salita, at gawa*

Ang isang lalaking maytaglay ng priesthood ay nagpapakita ng lubos na katapatan sa kanyang asawa at hindi ito binibigyan ng dahilan na pagdudahan ang kanyang katapatan. Ang isang lalaki ay dapat mahalin ang kanyang asawa nang buong puso at pumisan sa kanya at wala nang iba (tingnan sa D at T 42:22–26). Ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Ang mga salitang *wala nang iba* ay nag-aalis sa sinuman at anuman. Ang asawa kung gayon ang pinakamahalaga sa buhay ng lalaki o babae at anupamang pakikisalamuha o pagtatrabaho o buhay-politika o anupamang hilig o tao o bagay ay hindi dapat humigit sa kanyang asawa" (*The Miracle of Forgiveness,* Salt Lake City: Bookcraft, 1969, p. 250).

Ipinagbabawal ng Panginoon at ng kanyang simbahan ang kahit anong matalik na ugnayan nang hindi kasal. Nasasaktan sa pagtataksil ng lalaki ang puso ng kanyang asawa at nawawala ang tiwala niya at tiwala ng kanilang mga anak sa kanya (tingnan sa Jacob 2:35).

Maging tapat sa inyong mga tipan sa kasal sa isip, salita, at gawa. Ang pornograpiya, pakikipagharutan, at mahahalay na pag-iisip ay sumisira ng pagkatao at pinahihina ang pundasyon ng masayang pagsasama ng mag-asawa. Bunga nito ang pagkakaisa at tiwala ng mag-asawa ay nasisira. Ang isang taong hindi kinokontrol ang pag-iisip at sa gayo'y nagkakasala ng pakikiapid sa kanyang puso, kung hindi siya magsisisi, ay hindi mapapasakanya ang Espiritu, kundi itatatwa ang pananampalataya at matatakot (tingnan sa D at T 42:23; 63:16).[26]

### *Paggiliw at paggalang sa matalik na ugnayan*

Huwag ipalit ang pagdodomina o masamang pag-uugali sa magiliw at matalik na ugnayan ninyong mag-asawa. Dahil ang kasal ay inorden ng Diyos, ang matalik na ugnayan ng mag-asawa ay mabuti at marangal sa paningin ng Diyos. Iniutos niya na sila ay maging isang laman at magpakarami at kalatan ang lupa (tingnan sa Moises 2:28; 3:24). Dapat ninyong mahalin ang inyong asawa tulad ng pagmamahal ni Cristo sa Simbahan at pagbibigay ng kanyang sarili para dito (tingnan sa Ef. 5:25–31.)

Ang pagiging magiliw at paggalang—hindi kailanman pagkamakasarili—ang dapat maging gabay na alituntunin sa matalik na ugnayan ng mag-asawa. Ang bawat isa ay dapat na may pang-unawa at madaling makaramdam ng pangangailangan at naisin ng isa't isa. Ang anumang pagdodomina, mahalay, o di-masupil na pag-uugali sa matalik na ugnayan ng mag-asawa ay kasumpa-sumpa sa Panginoon.

Sinumang lalaki na inaabuso o nilalait ang kanyang asawa sa pisikal o espirituwal ay nakakagawa ng mabigat na kasalanan at kailangang magsisi nang tapat at lubusan. Ang di-pagkakaunawaan ay dapat ayusin nang may pagmamahal at kabaitan at may kapwa pagnanais na magkasundo. Ang lalaki ay dapat kausapin ang kanyang asawa nang may pagmamahal at kabaitan sa tuwina, tinatrato siya nang may lubos na paggalang. Ang pagsasama ng mag-asawa ay parang malambot na bulaklak. . . at dapat palaging inaalagaan ng magiliw na pananalita at pagmamahal.[27]

### *Pakikinig na Mabuti*

Maraming problema ang mabilis na malulutas, at maraming mahirap na sitwasyon ang malulunasan, kung uunawain natin na may mga pagkakataong kailangan nating makinig. Sa paaralan natututuhan natin ang aralin kapag nakinig tayo, ngunit hindi tayo natututo kapag hindi tayo nagtuon ng pansin. Sa pag-aasawa hindi tayo lubos na magkakaunawaan maliban na lang kung handa tayong makinig. . . . Mangyari pa, kailangan nating mag-usap, ngunit dapat nating pakinggan ang pananaw ng isa't isa upang mas makaunawa tayo nang sapat at matalinong makapagpasiya. Ang pakikinig ay madalas nakakagawa ng kaibhan.[28]

### *Pagiging di-makasarili*

Ang pagkakaibigan ay hindi magtatagal kung puno ito ng pagkamakasarili. Ang pagsasama ng mag-asawa ay hindi magtatagal kung nakabatay lamang ito sa pisikal na atraksyon, at walang pundasyon ng mas malalim na pagmamahalan at katapatan.[29]

Nawa kayong mga mag-asawa ay laging alalahanin ang nadama ninyong pag-ibig na humantong sa altar sa bahay ng Panginoon. Nalulungkot ang aming mga puso sa pagkaalam na marami ang nanlamig na ang pag-ibig sa isa't isa o dahil sa pagkamakasarili o pagkakasala ay nalimutan o binalewala ang mga tipan ng kasal na ginawa nila sa

templo. Nakikiusap kami sa mga mag-asawa na mahalin at igalang ang isa't isa. Tunay nga na lubos kaming umaasa na bawat pamilya ay bibiyayaan ng ina at ama na nagmamahalan, na iginagalang ang isa't isa, at magkatulong na pinalalakas ang bigkis ng kasal.[30]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Sa bahagi 1, binigyang-diin ni Pangulong Hunter na ang kasal ay inorden ng Diyos at nilayong maging walang hanggan. Paano nakaapekto ang kaalamang ito sa relasyon ninyo ng inyong asawa? Ano ang ibig sabihin sa inyo ng kasal bilang "pakikipagtuwang sa Diyos"? Paano natin matutulungan ang mga bata at kabataan na maghandang makasal sa templo?
- Ano ang naiisip at nadarama ninyo habang pinag-aaralan ninyo ang payo ni Pangulong Hunter tungkol sa pagpili ng mapapangasawa? (Tingnan sa bahagi 2.)
- Paano makakatulong ang mga pangako at payo ni Pangulong Hunter sa bahagi 3 sa mga taong walang asawa? Paano natin maiaangkop ang mensahe ni Pangulong Hunter na "ito ang simbahan ni Jesucristo, hindi simbahan ng mga may-asawa o walang asawa"?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Pangulong Hunter sa pagsasabi na ang pag-aasawa "ay pag-uugali na natututunan"? (Tingnan sa bahagi 4.) Kailan ninyo nasaksihan na nagdulot ng kaligayahan sa mag-asawa ang pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo? Kung kayo ay may-asawa, isipin ang magagawa ninyo para mas lubos na maipadama ang pagmamahal ninyo sa inyong asawa.
- Pagnilayan ang payo ni Pangulong Hunter sa bahagi 5. Paano higit na mapagtitiyagaan ng mag-asawa ang kahinaan ng isa't isa? Paano higit na magkakaroon ang mag-asawa ng "pagkakaisa ng puso"? Paano makapagpapakita ng katapatan ang mag-asawa sa isa't isa sa isip, salita, at gawa?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Genesis 2:18, 21–24; Jacob 2:27, 31–33; 4 Nephi 1:11; D at T 42:22; Moises 3:19–24; tingnan din sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign,* Nob. 2010, 129

*Tulong sa Pag-aaral*

"Ang pag-aaral mo ng ebanghelyo ay napakaepektibo kapag tinuturuan ka sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Palaging simulan ang pag-aaral mo ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pananalangin na tulungan ka ng Espiritu Santo na matuto" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 20).

## *Mga Tala*

1. Sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 72.
2. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 79–80.
3. Sa Don L. Searle, "President Howard W. Hunter, Acting President of the Quorum of the Twelve Apostles," *Ensign,* Abr. 1986, 24–25.
4. Gordon B. Hinckley, "A Prophet Polished and Refined," *Ensign,* Abr. 1995, 34.
5. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 270; tingnan din sa 264, 267, 269.
6. James E. Faust, "Howard W. Hunter: Man of God," *Ensign,* Abr. 1995, 28.
7. *The Teachings of Howard W. Hunter,* ed. ni Clyde J. Williams (1997), 137.
8. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 130.
9. "Being a Righteous Husband and Father," *Ensign,* Nob. 1994, 49.
10. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 130.
11. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 132.
12. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 130.
13. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 131–32.
14. "Divine Creation of Women" (mensaheng ibinigay sa Australia Area Conference, Adelaide, Australia, Nob. 30, 1979), 7, Church History Library, Salt Lake City.
15. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 141–42.
16. "The Church Is for All People," *Ensign,* Hunyo 1989, 77.
17. "Fear Not, Little Flock" (mensaheng ibinigay sa Brigham Young University, Mar. 14, 1989), 4; speeches.byu.edu.
18. "The Church Is for All People," 77.
19. "The Church Is for All People," 76.
20. "The Church Is for All People," 76–77.
21. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 129-30.
22. "The Church Is for All People," 76.
23. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 137.
24. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 135–36.
25. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 137.
26. "Being a Righteous Husband and Father," 50.
27. "Being a Righteous Husband and Father," 51.
28. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 129.
29. Sa Conference Report, Okt. 1967, 12.
30. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 130–31.

# Pangalagaan at Protektahan ang Pamilya

*"Ang tahanan ay tila pangkaraniwan kung minsan dahil sa mga karaniwang ginagawa rito, gayon pa man ang tagumpay nito ang dapat nating pakahangarin sa buhay."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Si Howard W. Hunter ay lumaki sa mapagmahal at masikap na pamilya, kung saan natutuhan niya sa kanyang mga magulang na ang pagbubuo ng masayang pamilya ay kadalasang nangangailangan ng sakripisyo. Ilang taon bago siya nag-asawa, may isinakripisyo siya na alam niyang kailangan para sa kapakanan ng kanyang magiging pamilya.

Naging mahilig na sa musika si Howard noong bata pa siya. Una niyang natutuhang tumugtog ng piyano at biyolin at pagkatapos ay tinuruan niya ang sarili na tumugtog ng marami pang instrumento. Noong tinedyer siya, bumuo siya ng sariling banda, ang Hunter's Croonaders, na tumutugtog sa mga sayawan at iba pang okasyon sa iba't ibang lugar sa Boise, Idaho. Noong siya ay 19 anyos na, ang banda nila ang napiling tumugtog sa dalawang-buwang paglalakbay-dagat sa Asia.[1]

Isang taon pagkauwi ni Howard mula sa paglalakbay, lumipat siya sa Southern California, kung saan patuloy siyang tumugtog kasama ang iba't ibang banda. Sa California nakilala niya rin si Claire Jeffs, na niyaya niyang pakasal noong tagsibol ng 1931. Apat na araw bago sila ikinasal, tumugtog si Howard kasama ng banda niya at pagkatapos ay iniligpit na ang kanyang mga instrumento at hindi na muling tumugtog. Ang pagtugtog sa mga sayawan at party "ay mapanghalina sa ilang aspeto," sabi niya, "at malaki ang kinikita ko," ngunit dama niya na may mga bahagi ito na hindi akma sa klase ng buhay na nakikinita niya para sa kanyang pamilya. "Nawala sa akin



*Ang pamilya ay "nakahihigit kaysa anupamang interes sa buhay."*

ang isang bagay na nagpapasaya sa akin, [ngunit] hindi ko kailanman pinagsisihan ang desisyon ko," sabi niya ilang taon pagkaraan.[2]

Sina Howard at Claire ay biniyayaan ng tatlong anak na lalaki, sina Howard William (Billy), John, at Richard. Namatay si Billy noong sanggol pa lang, na labis nilang ikinalungkot. Nang lumaki na sina John at Richard, naging mas malapit sa isa't isa ang pamilya Hunter. Puno ang iskedyul ni Howard sa kanyang trabaho bilang abugado at sa mga tungkulin sa Simbahan, ngunit inuna nila ni Claire ang kanilang pamilya. Hindi pa man itinatakda ng Simbahan ang Lunes ng gabi para sa family home evening, inilaan na ng mga Hunter ang gabing iyan para sa pagtuturo ng ebanghelyo, pagkukuwentuhan, paglalaro, at pamamasyal nang sama-sama. Ang mga anak ay kadalasang binibigyan ng kani-kanyang tungkulin sa mga lesson.

Si Howard at ang kanyang mga anak ay pareho ng mga hilig, gaya ng mga model train. Bumuo sila ng mga tren gamit ang mga pira-pirasong materyal at gumawa ng mabusising mga riles na nakakabit sa tabla. Paggunita niya, "Isa sa mga paborito naming libangan ang pumunta sa mga daang-bakal . . . malapit sa Alhambra station ng Southern Pacific Railroad para makakuha ng mga ideya sa gagawin naming mga switchyard at kagamitan."[3]

Kalaunan ay naragdagan pa ng 18 apo ang pamilya nina Pangulo at Sister Hunter. Bukod pa sa matagalang pagbisita sa kanyang mga anak at apo, marami sa mga pagbisita ni Pangulong Hunter ang "saglit lang," habang hinihintay ang susunod na biyahe kapag napaparaan siya sa California sa mga tungkulin niya sa Simbahan. Dahil madalas isama ni John ang kanyang mga anak sa airport para makita ang kanilang lolo sa mga paghihintay na ito, kung minsan ay tinatawag nila itong "lolo na nakatira sa airport."[4]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

**1**

### Ang pamilya ang pinakamahalagang yunit sa lipunan, sa Simbahan, at sa kawalang-hanggan.

Ang pamilya ang pinakamahalagang yunit sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan at, dahil doon, nakahihigit ito sa anupamang interes sa buhay.[5]



*Si Pangulong Hunter kasama ang kanyang mga anak, apo, at kanilang mga pamilya noong Oktubre 2, 1994, ang araw na sinang-ayunan siya bilang Pangulo ng Simbahan*

Ang Simbahan ay may responsibilidad—at awtoridad—na pangalagaan at protektahan ang pamilya bilang pundasyon ng lipunan. Ang huwaran para sa buhay-pamilya, na pinasimulan bago pa itinatag ang daigdig, ay naglalaan ng pagkakataon na maisilang ang mga bata at maaruga ng isang ama at ina na mag-asawa, na legal na kasal. Ang pagiging magulang ay isang sagradong obligasyon at pribilehiyo, na ang mga anak ay tinatanggap bilang isang "mana na mula sa Panginoon" (Mga Awit 127:3).

Napagtatanto na ngayon ng isang balisang lipunan na pagkakawatak-watak ng pamilya ang sanhi ng mga kapahamakan sa mundo na ipinropesiya ng mga propeta. Ang mga pagpupulong at talakayan ng mundo ay magtatagumpay lamang kapag binigyang-kahulugan nila ang pamilya ayon sa pagkahayag ng Panginoon dito. "Malibang itayo ng Panginoon ang bahay, walang kabuluhang nagsisigawa ang nagtatayo" (Mga Awit 127:1).[6]

Kapag nagmamalasakit tayo sa kapakanan ng mga indibiduwal at pamilya, mahalagang alalahanin na ang pangunahing yunit ng Simbahan ay ang pamilya. Gayunman, sa pagtutuon sa pamilya, dapat nating alalahanin na sa mundong ating tinitirhan ang mga pamilya ay hindi lamang limitado sa tradisyonal na pagsasama ng ama, ina, at mga anak. Ang mga pamilya sa Simbahan ngayon ay binubuo rin ng [mga mag-asawang lalaki at babae] na walang anak, nag-iisang mga

magulang na may mga anak, at mga nag-iisa sa buhay. . . . Bawat isa sa mga pamilyang ito ay kailangang mapangalagaan ng priesthood. Kadalasan ang mga maaaring nangangailangan ng pinakamaingat na pangangalaga ay yaong mga pamilyang hindi tradisyonal. Kailangan ang mapagmahal at dedikadong mga home teacher sa bawat tahanan. Walang dapat kaligtaan.[7]

**2**

### Ang mga magulang ay magkatuwang sa pamumuno sa tahanan at may mahigpit na obligasyong protektahan at mahalin ang kanilang mga anak.

Ang mga responsibilidad ng mga magulang ay napakahalaga. Ang mga bunga ng ating mga pagsisikap ay magkakaroon ng walang-hanggang epekto sa atin at sa mga batang lalaki at babaeng pinalalaki natin. Sinumang nagiging magulang ay may mahigpit na obligasyong protektahan at mahalin ang [kanilang] mga anak at tulungan silang makabalik sa kanilang Ama sa Langit. Dapat maunawaan ng lahat ng magulang na ang Panginoon ay hindi pawawalan ng kasalanan ang mga nagpapabaya sa mga responsibilidad na ito.[8]

Ang mga ama at ina ay may malaking responsibilidad sa mga anak na ipinagkatiwala sa kanilang pangangalaga. . . . Sa Aklat ng Mga Kawikaan makikita natin ang payong ito sa mga magulang:

"Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." (Mga Kawikaan 22:6.)

Ang pinakaepektibong pagtuturong maibibigay sa isang bata ay ang halimbawa ng mga magulang. Kailangang magpakita ng halimbawa ang mga magulang na tutularan ng mga kabataan. Matinding lakas ang nagmumula sa tahanan kung saan itinuturo ang mabubuting alituntunin, may pagmamahal at paggalang sa isa't isa, naging impluwensya ang panalangin sa buhay ng pamilya, at may paggalang sa mga bagay na nauukol sa Diyos.[9]

Ang epektibong pamumuno sa pamilya ay . . . nangangailangan ng maraming panahon at atensyon. Ang pagtuturo at pamamahala sa pamilya ay hindi dapat ipaubaya . . . sa lipunan, sa paaralan, o maging sa Simbahan.[10]

Ang isang taong mayhawak ng priesthood ay itinuturing ang pamilya bilang inorden ng Diyos. Ang inyong pamumuno sa pamilya ang pinakamahalaga at pinakasagrado ninyong responsibilidad. . . .

Ang lalaking nagtataglay ng priesthood ay nangunguna sa kanyang pamilya sa pakikibahagi sa Simbahan upang malaman nila ang ebanghelyo at maprotektahan sila ng mga tipan at ordinansa. Kung nais ninyong matamasa ang mga pagpapala ng Panginoon, kailangan ninyong ilagay sa ayos ang inyong sariling pamamahay. Katuwang ang inyong asawa, tinitiyak ninyo ang espirituwal na kapaligiran ng inyong tahanan. Ang unang obligasyon ninyo ay isaayos ang inyong sariling espirituwal na buhay sa pamamagitan ng regular na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at araw-araw na panalangin. Ingatan at igalang ang inyong priesthood at mga tipan sa templo; hikayatin ang inyong pamilya na gawin din iyon.[11]

Ang lalaking nagtataglay ng priesthood ay mapitagan sa mga ina. Ang mga ina ay binigyan ng isang sagradong pribilehiyo na "magsilang ng mga kaluluwa ng tao; sapagkat dito ang gawain ng . . . Ama ay nagpatuloy, upang siya ay luwalhatiin" (D at T 132:63).

. . . Hindi maisasagawa ng priesthood ang tadhana nito, ni maisasakatuparan ang mga layunin ng Diyos, nang wala ang ating mga kabiyak. Ang mga ina ay may gawaing hindi magagawa ng priesthood. Para sa kaloob na ito ng buhay, dapat mahalin nang walang hanggan ng priesthood ang ina ng kanilang mga anak.

[Mga Kapatid,] pahalagahan ang natatangi at itinalaga ng Diyos na tungkulin ng inyong asawa bilang ina sa Israel at ang kanyang pambihirang kakayahang magsilang at mag-aruga ng mga anak. Inutusan tayo ng Panginoon na magpakarami at kalatan ang lupa at palakihin ang ating mga anak at apo sa liwanag at katotohanan (tingnan sa Moises 2:28; D at T 93:40). Kahati kayo, bilang mapagmahal na asawa, sa pag-aalaga sa mga anak. Tulungan siyang ayusin at panatilihing malinis ang inyong tahanan. Tumulong sa pagtuturo, pagsasanay, at pagdisiplina ng inyong mga anak.

Dapat ninyong ipakita palagi sa inyong asawa't mga anak ang inyong pagpipitagan at paggalang sa kanya. Tunay ngang ang isa sa pinakamagagandang bagay na magagawa ng isang ama sa kanyang mga anak ay ang mahalin ang kanilang ina.[12]

Ang lalaking mayhawak ng priesthood ay tinatanggap ang kanyang asawa bilang katuwang sa pamununo sa tahanan at pamilya nang may lubos na kaalaman at pakikibahagi sa lahat ng desisyong kaugnay nito. Kailangan ay may isang namumuno sa Simbahan at sa tahanan (tingnan sa D at T 107:21). Sa banal na pagtatalaga, ang responsibilidad na mamuno sa tahanan ay nakaatang sa mayhawak ng priesthood (tingnan sa Moises 4:22). Layon ng Panginoon na ang babae ay maging katuwang ng lalaki (ang ibig sabihin ng *katuwang* ay kapantay)—ibig sabihin, isang asawang may pantay na karapatan at mahalaga sa lubos na pagsasamahan. Ang matwid na pamumuno ay nangangailangan ng magkatuwang na responsibilidad sa pagitan ng lalaki at babaeng mag-asawa; magkasama kayong kumikilos nang may kaalaman at pakikibahagi sa lahat ng bagay na nauukol sa pamilya. Kapag sinarili ng lalaki ang pamamahala sa pamilya o hindi niya inalintana ang damdamin at payo ng kanyang asawa, hind siya makatwirang mamuno.[13]

Hinihikayat namin kayo, mga kapatid, na alalahanin na ang priesthood ay isang awtoridad na ginagamit lamang sa kabutihan. Kamtin ang paggalang at tiwala ng inyong mga anak sa pamamagitan ng inyong mapagmahal na ugnayan sa kanila. Ang isang mabuting ama ay pinoprotektahan ang kanyang mga anak sa pag-uukol ng kanyang panahon at presensya sa mga aktibidad at responsibilidad nila sa lipunan, sa kanilang pag-aaral, at sa espirituwal. Ang magiliw na pagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit sa mga anak ay responsibilidad din ng ama na katulad ng ina. Sabihin sa mga anak ninyo na mahal ninyo sila.[14]

3

## Ang ating tahanan ay dapat maging isang lugar na may pagmamahalan, panalangin, at pagtuturo ng ebanghelyo.

Kailangan talaga nating magkaroon ng pagmamahalan at integridad at matatag na mga tuntunin sa ating tahanan. Kailangan nating magkaroon ng walang-maliw na katapatan sa ating asawa at mga anak at ng moralidad. Kailangan tayong magtagumpay sa mga bagay na pinakamahalaga sa susunod na henerasyon.

Walang alinlangan na ang tahanang iyon ay napakatatag at napakaganda kung saan matatagpuan natin na bawat taong naroon ay sensitibo sa damdamin ng iba, nagsisikap na maglingkod sa iba,

nagsisikap na ipamuhay sa tahanan ang mga tuntuning ipinapakita natin sa mga pampublikong lugar. Kailangan nating pagsikapan pang lalo na ipamuhay ang ebanghelyo sa ating pamilya. Marapat ibigay sa ating tahanan ang ating lubos na katapatan. May karapatan ang isang anak na madama na siya ay ligtas sa kanyang tahanan, na doon ay protektado siya laban sa mga panganib at kasamaan ng mundo. Ang pagkakaisa at integridad ng pamilya ay mahalaga upang matugunan ang pangangailangang ito. Kailangan ng isang anak ng mga magulang na masaya sa ugnayan nila sa isa't isa, na masayang nagpupunyaging magkaroon ng huwarang pamilya, na nagmamahal sa kanilang mga anak nang tapat at hindi makasarili, at nakatuon sa tagumpay ng pamilya.[15]

Nang unang ipabatid ang mga family home evening bilang isang opisyal na programa ng Simbahan, sinabi ng Unang Panguluhan, "Kung susundin ng mga Banal ang payong ito [na magdaos ng family home evening], nangangako kami na malalaking pagpapala ang darating. Ang pagmamahalan sa tahanan at pagsunod sa mga magulang ay mag-iibayo. Lalakas ang pananampalataya sa puso ng mga kabataan ng Israel, at magtatamo sila ng lakas na labanan ang masasamang impluwensya at tukso sa kanilang paligid." Pinagtitibay naming muli ang mga ipinangakong pagpapala sa mga taong tapat na nagdaraos ng mga family home evening.

Dapat ilaan ang mga Lunes ng gabi para sa family home evening. Dapat siguruhin ng mga lokal na lider na sarado ang mga gusali at pasilidad ng Simbahan, na walang aktibidad na nakaplano ang ward o stake sa mga Lunes ng gabi, at na dapat iwasan ang iba pang gambala sa mga family home evening.

Ang dapat maging pangunahing tuon ng family home evening ay ang magkasama-sama ang mga pamilya para pag-aralan ang ebanghelyo. Ipinapaalala namin sa lahat na pinayuhan na ng Panginoon ang mga magulang na ituro sa kanilang mga anak ang ebanghelyo, pagdarasal, at paggalang sa Araw ng Sabbath. Ang mga banal na kasulatan ang pinakamahalagang sanggunian sa pagtuturo ng ebanghelyo.[16]

Manalangin kasama ang pamilya tuwing gabi at umaga. Napakalaking pagpapala para sa mga anak na mapakinggan ang kanilang mga magulang na nagdarasal sa Panginoon para sa kanilang kapakanan. Walang dudang ang mga anak na naimpluwensiyahan ng



*"Kailangan tayong maging madasalin at . . . hayaan nating madama ng ating mga anak ang ating pagmamahal at malasakit."*

ganitong mabubuting magulang ay mas mapoprotektahan laban sa mga impluwensya ng kaaway.[17]

Para mas maunawaan ng mga magulang at mga anak ang isa't isa, isang plano ang ginawa ng Simbahan na kilala bilang "Pagpupulong ng Pamilya." Ang pulong na ito ay idinaraos at pinangangasiwaan ng mga magulang at dinadaluhan ng lahat ng miyembro ng pamilya. Pinatitibay nito ang ugnayan ng pamilya, tinitiyak sa mga anak na sila ay "kabilang," at ipinadarama sa kanila na interesado ang mga magulang sa kanilang mga problema. Ang pulong na ito ng pamilya ay nagtuturo ng paggalang sa isa't isa, nag-aalis ng pagkamakasarili, at nagbibigay-diin sa Golden Rule [tingnan sa Mateo 7:12] sa tahanan at sa pamumuhay nang marangal. Ang pagsamba at panalangin ng pamilya ay itinuturo, kasabay ng mga aral tungkol sa kabaitan at katapatan. Ang problema ng pamilya ay karaniwang halos pamilyar na kaya ang tunay na bigat at kahulugan nito ay hindi napagtutuunan kaagad, ngunit kapag ang pamilya ay matatag at nagkakaisa sa pagsisikap na maglingkod sa Diyos at sundin ang Kanyang mga kautusan, marami sa ating mga problema sa panahong ito ang maglalaho.[18]

[Mga kapatid,] seryosohin ang responsibilidad ninyong ituro ang ebanghelyo sa inyong pamilya sa pamamagitan ng regular na

pagdaraos ng family home evening, panalangin ng pamilya, oras ng debosyonal at pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at iba pang mga pagkakataong makapagturo. Mas bigyang-diin ang paghahandang maglingkod sa misyon at makasal sa templo. Bilang patriarch sa tahanan, gamitin ang inyong priesthood sa pagsasagawa ng angkop na mga ordenansa para sa inyong pamilya at sa pagbabasbas sa inyong asawa at mga anak. Maliban sa sarili ninyong kaligtasan, mga kapatid, wala nang ibang mas mahalaga sa inyo kaysa sa kaligtasan ng inyong asawa at mga anak.[19]

4

**Ang matagumpay na magulang ay yaong nagmahal, nagsakripisyo, nagmalasakit, nagturo, at tumugon sa mga pangangailangan ng anak.**

Ang mga General Authority ay may pribilehiyong makausap at makilala ang mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo na patuloy na namuhay nang mabuti at pinalaki ang kanilang pamilya sa impluwensya ng ebanghelyo. Ang mga Banal na ito ay nagtamasa ng malalaking pagpapala at kapanatagan na maaaring nagmula sa paglingon, bilang mga magulang, lolo't lola, at kanunununuan, sa maraming taon at matagumpay na pagpapalaki sa mga anak. Tiyak na gugustuhin din ito ng bawat isa sa atin.

Gayunman, marami sa Simbahan at sa mundo na nababagabag at nag-iisip na nagkamali sila dahil ang ilan sa kanilang mga anak na lalaki at babae ay nalihis ng landas o lumayo mula sa kawan. . . .

. . . Nauunawaan namin na ginagawang lahat ng matatapat na magulang ang lahat ng kanilang makakaya, subalit halos lahat ay nakagawa ng mga pagkakamali. Hindi pumapasok ang isang tao sa pagiging magulang nang hindi natatanto kapagdaka na maraming pagkakamaling mangyayari habang isinasakatuparan ito. Walang alinlangang alam ng ating Ama sa Langit, kapag ipinagkakatiwala niya ang kanyang mga espiritung anak sa pangangalaga ng mga bata pa at walang karanasang mga magulang, na magkakamali sila sa pagpapasiya. . . .

. . . Magkakaiba ang bawat isa sa atin. Magkakaiba ang bawat anak. Tulad ng ang bawat isa sa atin ay nagsisimula sa iba't ibang yugto sa takbo ng buhay, at iba't iba ang ating mga kalakasan at kahinaan at talento, bawat anak ay biniyayaan din ng sarili niyang

mga katangian. Huwag nating ipalagay na hahatulan ng Panginoon ang tagumpay ng isang tao na katulad ng paghatol Niya sa iba. Bilang mga magulang madalas nating akalain na, kung ang ating anak ay hindi naging lubos na mahusay sa lahat ng paraan, bigo na tayo. Mag-ingat tayo sa paghusga. . . .

Ang matagumpay na magulang ay yaong nagmahal, nagsakripisyo, nagmalasakit, nagturo, at tumugon sa mga pangangailangan ng anak. Kung nagawa na ninyo ang lahat ng ito at suwail o matigas ang ulo o makamundo pa rin ang inyong anak, magkagayunman, nagampanan pa rin ninyo ang inyong tungkulin bilang magulang. Maaaring may mga anak na isinilang sa mundo na magiging malaking hamon sa sinumang magulang sa anumang kalagayan. Gayundin, marahil ay mayroon ding iba na magpapala sa buhay, at magiging kagalakan, ng sinumang ama o ina.

Ang inaalala ko ngayon ay na may mga magulang na maaaring malupit na hinuhusgahan ang kanilang sarili at hinahayaan itong wasakin ang kanilang buhay, samantalang ang totoo ay nagawa na nila ang kanilang makakaya at dapat silang patuloy na manampalataya.[20]

Ang isang ama o ina [na ang anak ay naligaw ng landas] ay hindi nag-iisa. Alam ng una nating mga magulang ang sakit at pagdurusa na makitang tinatanggihan ng ilan sa kanilang mga anak ang mga turo ng buhay na walang hanggan. (Tingnan sa Moises 5:27.) Pagkaraan ng ilang siglo nalaman ni Jacob ang inggit at hinanakit ng kanyang nakatatandang mga anak sa pinakamamahal niyang si Joseph. (Tingnan sa Gen. 37:1–8.) Ang dakilang propetang si Alma, na may anak na nagngangalang Alma, ay taimtim na nanalangin sa Panginoon dahil sa mapaghimagsik na anak at walang dudang lubhang nag-alala at nabalisa sa pagtatalu-talo at kasamaang dulot ng kanyang anak sa mga nasa Simbahan. (Tingnan sa Mosias 27:14.) Ang ating Ama sa Langit ay nawalan din ng marami sa Kanyang mga espiritung anak; alam niya ang nadarama ng puso ninyo. . . .

. . . Huwag mawalan ng pag-asa sa isang batang lalaki o babae na naligaw ng landas. Maraming tila lubusan nang naligaw ang bumalik. Dapat tayong maging madasalin at, kung maaari, ipaalam sa ating mga anak ang ating pagmamahal at pag-aalala. . . .

. . . Dapat ninyong malaman na kikilalanin ng ating Ama sa Langit ang pagmamahal at sakripisyo, ang pagkabahala at pag-aalala, kahit hindi nagtagumpay ang ating matinding pagsisikap. Ang puso ng mga magulang ay kadalasang nababagbag, subalit kailangan nilang matanto na sa huli ay nakaatang ang responsibilidad sa mga anak matapos silang maturuan ng mga magulang ng mga tamang alituntunin.

. . . Anuman ang kalungkutan, anuman ang pag-aalala, anuman ang sakit at dalamhati, maghanap ng paraan para maging kapakipakinabang ito—marahil sa pagtulong sa iba na maiwasan ang gayon ding mga problema, o marahil sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mas malawak na pang-unawa sa damdamin ng iba na nahihirapan sa gayunding paraan. Tiyak na magkakaroon tayo ng mas malalim na pang-unawa sa pagmamahal ng ating Ama sa Langit kapag nalaman natin sa wakas, sa pamamagitan ng panalangin, na nauunawaan niya tayo at nais niyang harapin natin ang hinaharap. . . .

Hindi natin dapat hayaang linlangin tayo ni Satanas sa pagpapaisip sa atin na wala nang pag-asa. Pahalagahan natin ang mga nagawa nating maganda at mabuti; talikuran at iwaksi sa ating buhay ang mga bagay na mali; umasa sa Panginoon para sa kapatawaran, lakas, at kapanatagan; at pagkatapos ay sumulong.[21]

**5**

## Ang ating tahanan ay dapat maging banal na lugar kung saan maaaring ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo at makakatahan ang Espiritu ng Panginoon.

Sana'y huwag kayong panghinaan ng loob sa hangarin ninyong palakihin ang inyong pamilya sa kabutihan. Alalahanin na iniutos ito ng Panginoon, "Subalit ang aking mga disipulo ay tatayo sa mga banal na lugar, at hindi matitinag" (D at T 45:32).

Bagama't ang pakahulugan dito ng ilan ay ang templo, na totoo naman, ito ay sumasagisag din sa ating tahanan. Kung masigasig ninyong inaakay ang inyong pamilya sa kabutihan, hinihikayat silang makibahagi sa araw-araw na pagdarasal ng pamilya, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, family home evening, at pagmamahal at suporta sa isa't isa sa pagsunod sa mga turo ng ebanghelyo, matatanggap ninyo ang ipinangakong mga pagpapala ng Panginoon sa pagpapalaki ng isang mabuting angkan.

Sa patuloy na pagsama ng mundo, napakahalaga na bawat isa sa atin ay "[tumayo] sa mga banal na lugar" at mangako na maging tunay at tapat sa mga turo ng ebanghelyo ni Jesucristo.[22]

Para magkaroon ng kaligayahan sa pamilya, kailangang igalang at mahalin ng mga magulang ang isa't isa. Ang mga lalaki, na siyang maytaglay ng priesthood, ay dapat igalang nang husto ang kanilang kabiyak sa harap ng kanilang mga anak, at ang mga babae ay dapat mahalin at suportahan ang kanilang asawa. Bunga nito, mamahalin ng mga anak ang kanilang mga magulang at ang isa't isa. Ang tahanan kung gayon ay magiging banal na lugar kung saan higit na maipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo at makatatahan ang Espiritu ng Panginoon. Ang magtagumpay bilang isang ama o ina ay higit pa sa pagtaas ng katungkulan sa pamumuno, sa negosyo, sa pamahalaan, o sa mga gawain sa mundo. Ang tahanan ay tila pangkaraniwan kung minsan dahil sa mga karaniwang ginagawa rito, subalit ang tagumpay nito ang dapat nating pakahangarin sa buhay.[23]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Kapag nirepaso ninyo ang mga turo ni Pangulong Hunter sa bahagi 1, isipin ang kahalagahan ng pamilya. Ano ang responsibilidad ng Simbahan sa pamilya? Paano natin mapapangalagaan at mapapatatag ang ating mga pamilya?
- Pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa pagtutuwang ng mga magulang sa pamumuno sa tahanan (tingnan sa bahagi 2). Paano matutulungan ng mga turong ito ang mga ama at ina? Paano magkakaisa ang mga magulang sa pagpapalaki sa kanilang mga anak? Isipin kung paano ninyo mapag-iibayo ang "espirituwal na kapaligiran" ng inyong tahanan.
- Sa bahagi 3, nagpayo si Pangulong Hunter tungkol sa pagbubuo ng isang matatag na pamilya. Paano tayo magkakaroon ng higit na "pagkakaisa at integridad sa pamilya"? Paano napagpala ng family home evening ang inyong pamilya? Paano napagpala ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagdarasal bilang pamilya ang inyong pamilya?
- Paano makakatulong ang mga turo ni Pangulong Hunter sa bahagi 4 sa mga magulang ng isang anak na naligaw ng landas?

Paano ito magagawang kapaki-pakinabang ng mga magulang na nagdurusa at nalulungkot? Ano ang magagawa ng mga magulang, lolo't lola, lider ng mga kabataan, at ng iba pa para matulungan ang mga anak na naliligaw ng landas?

- Matapos basahin ang bahagi 5, pag-isipan ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa pagsisikap nating gawing "banal na lugar" ang ating tahanan. Ano ang ilang hamon na kinakaharap natin sa paggawa nito? Paano natin pagsisikapang gawing banal na lugar ang ating mga tahanan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Exodo 20:12; Deuteronomio 6:4–7; Mga Awit 127:3–5; Mga Taga Efeso 6:1–4; Enos 1:1–3; Mosias 4:14–15; Alma 56:45–48; 3 Nephi 18:21; D at T 68:25–28; 93:40; 121:41–46

*Tulong sa Pagtuturo*

Pagtambal-tambalin ang mga miyembro ng klase at pagplanuhin sila kung paano nila ituturo ang isang bahagi ng kabanata sa isang family home evening. Paano natin maiaangkop ang mga turo sa mga bata at kabataan? Anyayahan ang ilan sa magkakatambal na ibahagi ang kanilang mga plano sa klase.

## *Mga Tala*

1. Tingnan sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994),46–48.
2. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 81.
3. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 109.
4. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 252; tingnan din sa 251.
5. "Being a Righteous Husband and Father," *Ensign,* Nob. 1994, 50.
6. "Exceeding Great and Precious Promises," *Ensign,* Nob. 1994, 9.
7. *The Teachings of Howard W. Hunter,* inedit ni Clyde J. Williams (1997), 144.
8. "Parents' Concern for Children," *Ensign,* Nob. 1983, 65.
9. Sa Conference Report, Abr. 1960, 125.
10. "Being a Righteous Husband and Father," 50.
11. "Being a Righteous Husband and Father," 50, 51.
12. "Being a Righteous Husband and Father," 50.
13. "Being a Righteous Husband and Father," 50–51.
14. "Being a Righteous Husband and Father," 51.
15. "Standing As Witnesses of God," *Ensign,* Mayo 1990, 61–62.
16. Liham ng Unang Panguluhan, Ago. 30, 1994 (Howard W. Hunter, Gordon B. Hinckley, at Thomas S. Monson).
17. Sa Mike Cannon, "'Be More Fully Converted,' Prophet Says," *Church News,* Set. 24, 1994, 4; tingnan din sa *The Teachings of Howard W. Hunter,* 37.
18. Sa Conference Report, Abr. 1960, 125-26.
19. "Being a Righteous Husband and Father," 51.
20. "Parents' Concern for Children," 63, 64–65.
21. "Parents' Concern for Children," 64, 65.
22. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 155.
23. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 156.

# Naniniwala Kami sa Pagiging Matapat

*"Kung nais nating makasama ang Panginoon at ang Diwa ng Espiritu Santo, dapat tayong maging tapat sa ating sarili, tapat sa Diyos, at sa ating kapwa."*


## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Habang naghihintay na makapaglibot sa Hearst Castle sa California, nagpunta muna sakay ng kotse sina Pangulo at Sister Hunter at ang isa pang mag-asawa sa isang maliit na tindahan. Habang naglilibot sila sa tindahan, "Nagpunta si Elder Hunter sa counter, kumuha ng kendi at binilang iyon, [at] nagbayad sa kahera ng 10 sentimos." Bumalik na ang dalawang mag-asawa sa sasakyan at nagpunta nang muli sa kastilyo para maglibot. Habang daan, "Ipinasa ni Elder Hunter ang mga kendi nang isang beses, at ipinasa itong muli, at natanto niyang nagkamali siya ng pagbilang, dahil 11 pirasong kendi ang naroon sa halip na 10 na binayaran niya.

"Pwede namang palampasin na lang niya ang pagkakamaling iyon. Tutal, isang sentimo lang iyon, at medyo nagmamadali na kaming simulan ang paglilibot. Sino ang makakaalam o papansin doon? Pero ni hindi siya nagdalawang-isip tungkol dito. Ibinuwelta niya ang kotse at bumalik sa tindahan. . . . Ipinaliwanag niya ang sitwasyon sa ibang tindero doon, humingi ng paumanhin sa pagkakamali, at binayaran ang kulang na isang sentimo sa nagtakang kahera."[1]

Para kay Howard W. Hunter, mahalagang maging tapat sa maliliit na bagay gayundin sa malalaking bagay.

Tinuruan Niya ang Kanyang mga anak ng integridad sa kanyang halimbawa. "Ang kaalaman ko tungkol sa katapatan at integridad ay halos mula sa mga taong nagkuwento sa akin tungkol sa aking ama," sabi ni Richard Hunter. Isang araw sumama si Richard sa kanyang



*Kasama sa Sampung Utos ang kautusang ito: "Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa" (Exodo 20:16).*

ama sa isang business meeting kung saan isang kumplikadong proyekto ang pinag-uusapan. Habang nasa labas para mag-break, isa sa mga lalaki ang nagsalita tungkol sa pulong. Sinabi ni Richard na malamang na matatagalan bago masimulan ang proyekto dahil maraming dapat asikasuhing papeles. Itinama ng lalaki si Richard, sinabi sa kanya na masisimulan ang proyekto bago pa man matapos ang mga papeles dahil alam ng mga tao na gagawin ni Howard W. Hunter ang anumang sinabi niyang gagawin niya.[2]

Noong 1962, nagsalita si Pangulong Hunter sa mga kabataan ng Simbahan at ipinahayag ang kanyang matibay na paniniwala tungkol sa kahalagahan ng pagiging tapat:

"Magiging maligaya ang bawat isa sa atin kung tayo ay magiging tapat—tapat sa ating ama at ina, ito man ay may kinalaman sa ating pakikipagdeyt, gawain sa paaralan, mga kahalubilo, o pagpunta sa simbahan; tapat sa ating mga bishop—pinakikinggan ang kanilang payo, sinasabi sa kanila ang katotohanan tungkol sa ating sarili, nagbabayad ng tamang ikapu, namumuhay nang malinis at dalisay; tapat sa ating mga paaralan—hindi nandadaya kahit kailan sa mga aktibidad, sa klase man o sa kampus, tapat sa pagbabayad ng gastusin, sa paglalaro man o panonood ng sine, sa paggawa sa responsibilidad na ibinigay sa atin sa party; tapat sa ating mga kasintahan—hindi sila kailanman sinasamantala, hindi nililinlang, hindi kailanman dinadala sa tukso; tapat sa Panginoon mismo."[3]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Pinapayuhan tayo ng Panginoon na maging matapat.

Ang banal na kasulatan ay puno ng mga payo na maging tapat, at napakaraming utos ang nagsasabing dapat tayong maging matapat. Naiisip natin ang mga ito na nakasulat sa malalaking letra: HUWAG KANG—huwag kang magnanakaw; huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa; huwag [kang mag-iimbot] [tingnan sa Exodo 20:15–17]. . . .

Ang ilan sa mas karaniwang halimbawa ng pagiging hindi matapat ay ito:

1. *Pagnanakaw.* Bihira akong makabasa ng pahayagan na walang inuulat na panloloob, pagnanakaw, pang-aagaw ng bag, pang-uumit, pagnanakaw ng sasakyan, at napakaraming iba pa. Kahit sa loob ng ating mga chapel may mga nababalita ring pandurukot.

2. *Pandaraya.* Naglalathala rin ang mga pahayagan ng mga pandaraya sa mga pagbebenta ng ari-arian, transaksyon sa negosyo, pandaraya sa investment, at iba pang mga bagay na ipinababatid sa publiko. May ilang nandadaya makapag-aral lang sa isang paaralan at may ilang nangongopya sa oras ng pagsusulit.

3. *Mga paglabag sa mga pamantayan ng Word of Wisdom.* Ang mga ito ay pamantayan ng Simbahan. Hindi ito mga paglabag sa mga pamantayan ng mundo. Ngunit ibinigay na sa inyo ang salita ng Panginoon tungkol sa bagay na ito.

4. *Paglabag sa mga batas-trapiko.* Hindi maituturing na tapat ang isang tao kapag lumabag siya sa batas ng lipunan at pamahalaan para sa kapakanan ng ibang tao.[4]

"Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa" [Exodo 20:16]. Ang pangunahing pinatutungkulan ng utos na ito ay may kaugnayan sa maling testimonya sa korte, ngunit saklaw din nito ang lahat ng maling salaysay. Anumang kasinungalingan na makapipinsala sa ari-arian, pagkatao, o ugali ng ibang tao ay laban sa diwa at titik ng batas na ito. Ang pagtatago ng katotohanan na nagbubunga ng gayunding pinsala ay isa ring paglabag sa utos na ito.

"Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa, huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa, ni ang kaniyang aliping lalake o babae, ni ang kaniyang baka, ni ang kaniyang asno, ni anomang bagay ng iyong kapuwa" [Exodo 20:17]. Ang ibig sabihin ng mag-imbot ay magnasa, asamin, o hangarin nang labis ang pag-aari ng ibang tao. Ang pagnanais na magtamo ng magagandang bagay ay hindi paglabag, ngunit ang hangaring agawin ang mga ito sa iba ay labag sa batas. Hinggil dito mabuting maunawaan natin na ang mabuti o masama ay hindi nagsisimula kapag nagawa na ang isang bagay, kundi sa sandaling nasain na ito ng tao sa kanyang puso.[5]

Nasusuklam ang Panginoon sa palalong tingin, sinungaling na dila, puso na kumakatha ng mga masamang akala, mga paa na matulin sa pagtakbo sa kasamaan, sinungaling na saksi na nagsasalita

ng kabulaanan, [at] ang naghahasik ng pagtatalo [tingnan sa Mga Kawikaan 6:16–19]. Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, magagawa ba natin ang anumang bagay na kinasusuklaman ng Panginoon? Siya ay madalas mangusap laban sa pagsisinungaling![6]

2

## Nalilinang natin ang katapatan sa maliliit at simpleng bagay sa buhay.

Kung tayo ay sensitibo sa ating pakikipag-ugnayan sa Tagapagligtas, dapat tayong maging matapat kapwa sa maliliit at malalaking bagay.[7]

Kapag sinisikap nating magtagumpay, higit nating pinag-uukulan ng panahon ang pag-iisip at pag-aaral ng masasalimuot na bagay kaya bihira tayong mag-ukol ng panahon sa mga pangkaraniwan—mga simpleng bagay, maliliit na bagay na sa katunayan ay siyang ating saligan at kung wala ito ay hindi tayo makapagtatatag ng matibay na pundasyon. Ang isang gusali ay maaaring tumaas sa langit, at namamanghang mamasdan natin ito dahil sa laki at labis na taas nito; ngunit hindi ito makatatayo maliban kung ang pundasyon nito ay matibay na nakabaon sa bato o sa bakal at semento.

Ang pagkatao ay dapat na may ganyang pundasyon. Itutuon ko ang inyong pansin sa alituntunin ng katapatan. Bakit kaya maraming naniniwala sa mataas at dakilang mga alituntunin ng katapatan, subalit kakaunti ang gustong maging lubos na matapat?

[Maraming] taon na ang nakararaan may mga poster sa mga pasukan ng mga chapel natin na may pamagat na, “Maging Matapat sa Sarili.” Karamihan sa mga ito ay tungkol sa maliliit at simpleng bagay sa buhay. Dito nalilinang ang alituntunin ng katapatan.

May ilang nagsasabi na masama ang hindi tapat sa malalaking bagay pero naniniwala na palalampasin ito kung hindi naman ganong mahalaga ang bagay na iyon. . . .

Naaalala ko ang isang binata sa aming stake nang maglingkod ako bilang stake president. Naglakbay siya kasama ang mga taong nag-aakalang katalinuhan ang gumawa ng mali. Sa ilang pagkakataon siya ay nahuli dahil sa ilang maliliit na paglabag. Isang araw nakatanggap ako ng tawag mula sa istasyon ng pulis at sinabihan ako na naaresto siya dahil sa paglabag sa batas-trapiko. Nahuli siyang

humaharurot sa pagmamaneho, na dati na niyang ginagawa bago pa man ang pangyayaring iyon. Dahil alam niyang maaaring hindi siya makapagmisyon dahil sa mga ginagawa niya, nagpakatino siya, at noong siya ay 19 na taong gulang, natanggap niya ang kanyang tawag na magmisyon.

Hindi ko kailanman malilimutan ang napag-usapan namin nang bumalik siya. Sinabi niya sa akin na habang siya ay nasa misyon madalas niyang maisip ang problemang naidulot niya sa pag-aakalang hindi mahalaga kung lumabag man sa maliliit na bagay. Ngunit dumating ang malaking pagbabago sa kanyang buhay. Napagtanto niya na walang kaligayahan o kasiyahan sa paglabag sa batas, maging ito man ay batas ng Diyos o mga batas na ipinapatupad ng lipunan sa atin.[8]

3

**Mapaglilingkuran natin ang Diyos sa pagiging matapat at patas na pakikitungo natin sa sarili at sa negosyo.**

Ang relihiyon ay maaaring maging bahagi ng ating araw-araw na gawain, negosyo, pamimili at pagtitinda, pagtatayo, transportasyon, pangangalakal o propesyon, o ng anumang gawain natin. Mapaglilingkuran natin ang Diyos sa pamamagitan ng matapat at patas na pakikitungo sa mga transaksyon sa negosyo tulad ng ginagawa natin kapag nagsisimba tuwing Linggo. Ang tunay na mga alituntunin ng Kristiyanismo ay nakaugnay at hindi mahihiwalay sa ating pakikipagkalakalan at araw-araw na mga gawain.[9]

Kung mahalaga sa atin ang relihiyon, dapat na makahikayat ito nang mabuti sa ating buhay. Hindi ako naniniwala na ang relihiyon ay pakikinig lamang ng isang oras na sermon ng ministro tuwing Linggo at may anumang kahulugan ito sa ating buhay. Kung hindi ito magiging bahagi ng kani-kanya nating buhay—ng ating buhay-pamilya—ng ating pakikipagkalakalan—at ng lahat ng bagay na ginagawa natin, kung gayon walang kahulugan ang relihiyon sa atin at nagiging parang diyus-diyusan lang na inilalagay sa mataas na lugar at sinasamba paminsan-minsan.[10]

Malaking pagbabago ang darating sa mundo kung maasahan natin ang isa't isa kapag katapatan ang pag-uusapan. Ganap na magtitiwala sa isa't isa ang mga tao sa pakikitungo sa sarili at sa



*Ipinahayag ni Job, "Hindi ko aalisin sa akin ang aking pagtatapat [integridad]" (Job 27:5).*

negosyo. Mawawala ang . . . pagdududa sa pagitan ng trabahador at tagapangasiwa. Magkakaroon ng integridad sa mga nanunungkulan sa gobyerno at mga gawain sa pamahalaan, at iiral sa mga bansa ang kapayapaan sa halip na kaguluhan na nararanasan natin ngayon sa mundo. . . .

Sa negosyo may mga nagsasamantala kapag nakakita o nabigyan ng pagkakataon. Pangangatwiranan nila ang kanilang ginawa sa pagsasabing sa negosyo natural lang sa tao na samantalahin ang bawat ialok sa kanya. Ang gayong mga transaksyon ay maaaring umabot sa malaking halaga, ngunit ang prinsipyong nakapaloob diyan ay walang ipinagkaiba sa hindi pagbabalik ng isang sentimong sobrang isinukli ng kahera gayong alam ng taong sinuklian ang pagkakamali. Ito ay isang uri ng pandaraya.[11]

Magbibigay ako ng kahulugan ng "marangal na trabaho." Ang marangal na trabaho ay matapat na trabaho. Patas ang pagpapahalagang ibinibigay rito at walang pandaraya, panlilinlang, o panloloko. Ang produkto o serbisyo nito ay mataas ang kalidad, at ang amo, suki, kliyente, o pasyente, ay nakatatanggap nang higit pa sa inaasahan niya. Ang marangal na trabaho ay mabuti. Wala itong anumang

gagawin na makapipinsala sa kapakanan o moralidad ng mga tao. Halimbawa, hindi ito sangkot sa pagbebenta ng alak, droga, o pagsusugal. Ang marangal na trabaho ay kapaki-pakinabang. Nagbibigay ito ng kalakal o serbisyo na ginagawang mas mainam na lugar na tirahan ang mundo.[12]

4

**Pinoprotektahan tayo ng integridad laban sa kasamaan, tumutulong sa atin na maging matagumpay, at ililigtas ang ating mga kaluluwa.**

Ang masasamang tukso ay nakapaligid sa atin. Kung wala ang proteksyon ng integridad, tayo ay matatangay ng lahat ng uri ng kasalanan at pagkakamali.

Si Job ay hindi nahirapan sa mga bagay na ito. Siya ay naprotektahan ng kanyang sariling integridad. Ito ang kanyang nadama:

"Ang aking buhay ay buo pa sa akin, at ang espiritu ng Dios ay nasa mga butas ng aking ilong;

"Ang aking mga labi ay hindi magsasalita ng kalikuan, ni ang aking dila man ay magsasaysay ng karayaan. . . .

"Ang aking katuwiran ay aking pinanghahawakan at hindi ko bibitiwan: hindi ako aalipustain ng aking puso habang ako'y buhay" (Job 27:3–4, 6).

Ito ay lubos na nagbibigay-inspirasyon. Dahil sa kanyang lakas, naiiwasan niya ang maliliit na tuksong madaling makatangay sa karamihan. Pinag-ibayo ni Job sa kanyang sariling buhay ang lakas at kapanatagang hindi kayang buwagin kahit pa ni Satanas. Nakakatuwa ring makita kung gaano nalulugod sa kanya ang Panginoon: "Walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuwid na lalake, na natatakot sa Dios, at humihiwalay sa kasamaan[,] at siya'y namamalagi sa kaniyang pagtatapat" (Job 2:3).

Ang ganito kadakilang uri ng integridad ay maaari din nating matamo. Kung epektibong magagamit, lulutasin nito ang lahat ng ating problema sa pamahalaan, relihiyon, industriya, at sa ating sariling buhay. Papalisin nito ang mga nakapanlulumong pahirap na dulot ng krimen, diborsyo, karukhaan, at kalungkutan. Gagawin

tayong matagumpay nito sa buhay na ito at ililigtas ang ating mga kaluluwa sa kabilang buhay.

Ang isa sa pinakamagagandang matatamo natin sa buhay ay ang pag-ibayuhin ang katapatan at matinding integridad sa ating sarili. Nangangahulugan ito na tayo ay nagiging espirituwal na matatag, tapat sa ating pag-iisip, may tunay na moralidad, at sa tuwina ay personal na nananagot sa Diyos. Ang integridad ay ang ginintuang susi na magbubukas ng pintuan sa halos lahat ng tagumpay.[13]

5

## Ang tunay na kagalakan ay nagmumula sa pagiging tapat sa ating sarili, sa iba, at sa Diyos.

Madalas nating binabanggit ang talatang ito sa banal na kasulatan na, "Ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan" [2 Nephi 2:25]. May kagalakang nagmumula sa pagiging matapat. Sasabihin ko sa inyo kung paano. Sa pamamagitan nito makakasama ninyo ang Panginoon at ang Diwa ng Espiritu Santo. Ang mga paglabag sa batas ng katapatan ay pagkakaitan kayo ng dalawang malaking pagpapalang ito. Maniniwala ba kayo na ang isang taong nagsinungaling o nandaya . . . ay magkakaroon ng patnubay ng Panginoon o ng Diwa ng Espiritu Santo?

. . . Dapat nating laging alalahanin na hindi tayo nag-iisa kailanman. Walang gawa na hindi napapansin; walang salitang sinambit na hindi narinig; walang ideyang nabuo sa isipan ng tao na hindi alam ng Diyos. Walang kadiliman na maaaring magtago ng mga bagay na ginagawa natin. Dapat tayong mag-isip muna bago kumilos.

Palagay ba ninyo nag-iisa lang kayo kapag nandadaya kayo? Sa palagay ba ninyo walang makakapansin sa inyo kapag nandaya kayo sa pagsusulit, kahit nag-iisa lang kayo sa silid? Dapat tayong maging matapat sa ating sarili. Kung nais nating makasama ang Panginoon at ang Diwa ng Espiritu Santo, dapat tayong maging matapat sa ating sarili, sa Diyos, at sa ating kapwa. Magbubunga ito ng tunay na galak.[14]

Alam ng Panginoon ang ating mga saloobin [tingnan sa D at T 6:16]. Alam Niya ang bawat ginagawa natin. Haharap tayo sa kanya balang-araw, at personal Siyang makikita. Maipagmamalaki ba natin ang talaan ng ating buhay?

Nagtatala tayo riyan araw-araw. Bawat gawa, bawat pag-iisip ay bahagi nito. Maipagmamalaki ba natin ito? Maipagmamalaki natin kung ginawa natin ang lahat ng ating makakaya—kung nanatili tayong tapat sa ating sarili, sa ating mga mahal sa buhay, sa ating mga kaibigan, sa buong sangkatauhan. . . .

Pinagpapala ang mga yaong tapat. . . .

Pinagpapala sila na masunurin sa Panginoon.

Sila yaong malalaya—masasaya—mga nakapaglalakad nang nakataas-noo. May paggalang sila sa sarili. Iginagalang sila ng mga nakakakilala sa kanila nang lubos.

At higit sa lahat, nasa kanila ang paggalang at pagpapala ng ating Ama sa Langit. Inaanyayahan tayo ni Jesucristo na sumunod sa kanya. Ang kanyang mga landas ay tuwid at malinis at matwid at tapat. Sundan natin siya sa kasaganaan ng buhay na puno ng kaligayahan. Ito lang ang tanging daan.[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Repasuhin ang mga halimbawa ng kawalang-katapatan na tinukoy ni Pangulong Hunter sa bahagi 1. Ano ang ilang ibinubunga ng kawalang-katapatang iyon? Ano ang maituturo sa atin ng mga ibinungang iyon tungkol sa dahilan kung bakit binibigyang-diin ng Panginoon ang pagiging tapat?
- Pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa pagiging matapat sa maliliit na bagay at pagiging tapat sa ating sarili (tingnan sa bahagi 2). Bakit kailangan nating maging matapat sa "maliliit na bagay"? Ano ang ibig sabihin ng maging matapat sa ating sarili? Paano natin maiiwasan ang tuksong palampasin ang kahit tila pinakamaliit na bagay na nagpapakita ng kawalang-katapatan?
- Binigyang-diin ni Pangulong Hunter na kailangang maging bahagi ang relihiyon sa lahat ng ginagawa natin araw-araw (tingnan sa bahagi 3). Paano natin higit na maipamumuhay ang mga turo sa bahaging ito? Paano natin epektibong maituturo ang katapatan sa ating mga tahanan?

- Sa bahagi 4, binanggit ni Pangulong Hunter ang ilang pagpapalang dumarating sa pamumuhay nang may integridad. Paano nagkakaroon ng integridad ang isang tao? Paano kayo napagpala nang ipamuhay ninyo nang tapat ang mga pamantayan ng Panginoon?
- Paano tayo napapasaya ng pagiging matapat? (Tingnan sa bahagi 5.) Bakit kailangan nating maging matapat para mapatnubayan ng Espiritu Santo? Paano tayo napapalaya ng pagiging matapat?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Job 27:5; 31:5–6; Awit 15; Mga Kawikaan 20:7; Alma 53:20–21; D at T 10:25–28; 42:20–21, 27; 51:9; 124:15; 136:20, 25–26; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13

*Tulong sa Pag-aaral*

Habang nagbabasa, "guhitan at markahan ang mga salita o parirala para matukoy mo ang mga ideya sa isang [talata]. . . . Sa mga margin isulat ang mga sangguniang banal na kasulatan na naglilinaw sa mga talata na iyong pinag-aaralan" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 25).

## *Mga Tala*

1. Doug Brinley, "President Hunter Taught Value of a Penny's Worth of Integrity," *Church News,* Dis. 3, 1994, 11; tingnan din sa "Loved by All Who Knew Him: Stories from Members," *Ensign,* Abr. 1995, 19–20.
2. Tingnan sa Don L. Searle, "President Howard W. Hunter, Acting President of the Quorum of the Twelve Apostles," *Ensign,* Abr. 1986, 24.
3. "We Believe in Being Honest" (transkripsyon ng mensaheng ibinigay sa Youth Fireside Series, Abr. 10, 1962), 8–9, Church History Library, Salt Lake City; iniangkop ang pagbabantas.
4. "Basic Concepts of Honesty," *New Era,* Peb. 1978, 4–5.
5. Sa Conference Report, Abr. 1965, 57–58; tingnan din sa "And God Spake All These Words," *Improvement Era,* Hunyo 1965, 511–12.
6. "We Believe in Being Honest," 8.
7. "Basic Concepts of Honesty," 5.
8. "Basic Concepts of Honesty," 4–5.
9. Sa Conference Report, Okt. 1961, 108.
10. *The Teachings of Howard W. Hunter,* ed. Clyde J. Williams (1997), 261–62.
11. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 90–91.
12. "Prepare for Honorable Employment," *Ensign,* Nob. 1975, 122–23.
13. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 92.
14. "Basic Concepts of Honesty," 5.
15. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 88.



*Ang isang paraan na maipapakita natin ang ating "lubos na katapatan" at "buong dedikasyon" ay ang paglingkuran ang mga nangangailangan.*

# Ang Ating Lubos na Katapatan sa Diyos

*"Ang matagumpay na buhay . . . ay nangangailangan ng katapatan—buong kaluluwa, matibay na pinaninindigan, patuloy na pinahahalagahang katapatan sa mga alituntuning alam nating totoo sa mga utos na ibinigay ng Diyos."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Nang tawagin si Howard W. Hunter na maging miyembro ng Korum ng Labindalawa, sinabi niya, "Tinatanggap ko, nang walang pag-aalinlangan, ang tawag . . . sa akin, at handa akong ilaan ang buhay ko at ang lahat ng mayroon ako sa paglilingkod na ito."[1]

Si Elder Hunter ay naging tapat sa kanyang pangako. Matapos siyang maorden bilang Apostol, bumalik siya sa California upang tapusin ang mga obligasyon sa Simbahan at sa negosyo at simulan ang paghahandang lumipat sa Salt Lake City. Mahirap para kina Elder at Sister Hunter na lisanin ang kanilang mga pamilya at kaibigan sa California—at iwanan ni Elder Hunter ang kanyang pagiging abugado. Nang tapusin niya ang kanyang propesyon bilang abugado, isinulat niya:

"Ngayon ay natapos ko na ang karamihan sa trabaho ko sa opisina. Halos lahat ng nakabinbin na trabaho ay tapos na. Nag-iisa ako sa opisina ngayon na nababatid na ang aking pagiging abugado ay magwawakas na. Nagsulat ako sa ilang file at iniwan ang mga ito sa ibabaw ng mesa. . . . Parang kinabahan ako na hindi mawari nang lisanin ko ang opisina. Naging masaya ako sa pag-aabugado at ito na ang buhay ko sa nakalipas na maraming taon, ngunit sa kabila nito ay natutuwa at masaya akong tumugon sa dakilang tungkuling ibinigay sa akin sa Simbahan."[2]

Alam ni Elder Hunter mula sa personal na karanasan na "ang pagpapasakop sa kalooban ng ating Ama ay hindi laging madali."[3]

Gayunpaman, alam niya ang kahalagahan ng pagiging lubos na tapat sa Diyos. Hinggil sa katapatang iyan, isinulat niya: "Karamihan sa mga tao ay hindi nauunawaan kung bakit ang mga miyembro ng ating relihiyon ay tumutugon sa tawag na maglingkod o nakahandang ibigay ang lahat-lahat. Labis kong ikinasiya ang pag-aabugado, ngunit ang tungkuling ito na dumating sa akin ay higit pa sa pagmamahal sa propesyon o perang kikitain."[4]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Hinihingi ng ating Ama sa Langit ang ating lubos na katapatan, hindi lamang ang maiaambag natin.

Kapag iniisip ko ang mga pagpapalang ibinigay sa atin ng Diyos at ang magagandang katangian ng ebanghelyo ni Jesucristo, alam ko na kaakibat nito ang pangangailangang mag-ambag tayo ng panahon o salapi o iba pang tulong. Lahat ng ito ay mahalaga at kailangan, ngunit hindi ito ang buong maihahandog natin sa Diyos. Sa huli, hihingan tayo ng Ama sa Langit ng higit pa sa isang ambag; ito ay ang lubos na katapatan, buong dedikasyon, buong pagkatao at lahat ng maaari nating marating.

Unawain sana ninyo na hindi lamang katapatan sa Simbahan at mga aktibidad nito ang tinutukoy ko, bagaman kailangang lagi iyang patibayin. Hindi, ang mas partikular na tinutukoy ko ay ang katapatang nakikita sa kani-kanya nating pag-uugali, sa ating personal na integridad, sa dedikasyon natin sa tahanan at pamilya at komunidad, gayundin sa Simbahan. . . .

Hayaan ninyong isalaysay ko ang isa sa magagandang halimbawa mula sa banal na kasulatan kung saan tatlong kabataan ang nanindigan sa kanilang mga panuntunan at nanatiling may integridad kahit pa malinaw na ang paggawa niyon ay kapalit ng kanilang buhay.

Tinatayang 586 na taon bago isilang si Cristo, nilusob ni Nabucodonosor, hari ng Babilonia, ang lungsod ng Jerusalem at sinakop ito. Dahil sa labis na paghanga niya sa mga katangian at kaalaman ng mga anak ni Israel, dinala niya ang ilan sa mga ito sa hukuman ng hari [sa Babilonia].

Naligalig ang mga Israelita nang gumawa si Nabucodonosor ng diyus-diyusang ginto at inutusan ang lahat ng nasa lalawigan ng Babilonia na sambahin ito, isang utos na tinanggihan ng tatlong kabataang Israelita—sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego—nang may paggalang. Napuspos ng "poot at pusok" ang hari at iniutos na dalhin sila sa kanyang harapan. (Dan. 3:13.) Ipinaalam niya sa kanila na kung sila ay hindi magsisiluhod sa harap ng gintong imahe sa itinakdang oras, "kayo'y ihahagis sa oras ding yaon sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas." Pagkatapos ay itinanong niya nang may kasiyahan, "At sinong dios ang magliligtas sa inyo sa aking kamay?" [Dan. 3:15.]

Magalang ngunit walang pag-aatubiling sumagot ang tatlong kabataan:

"Narito," sabi nila, "[kung kami ay pagbantaan ninyong patayin] ang aming Dios na aming pinaglilingkuran ay makapagliligtas sa amin sa mabangis na hurnong nagniningas; at ililigtas niya kami sa iyong kamay, Oh hari.

"Ngunit kung hindi [kung sa anumang kadahilanan ay ipapasiya niyang hindi kami iligtas mula sa apoy], talastasin mo, Oh hari, na hindi kami mangaglilingkod sa iyong mga dios, ni magsisisamba man sa larawang ginto na iyong itinayo." [Dan. 3:17–18.]

Mangyari pa lalong nagalit si Nabucodonosor at iniutos na painitin ang hurno nang makapitong beses kaysa sa normal na temperatura nito. Pagkatapos ay iniutos niya na ang tatlong magigiting na kabataang lalaking ito ay itapon nang nakadamit sa gitna ng apoy. Talagang mapilit ang utos ng hari at napakainit ng hurno, kaya namatay ang mga kawal na nagdala kina Sadrach, Mesach, at Abed-nego sa lagablab ng hurnong nagniningas nang ihagis nila ang kanilang mga bihag.

Sa gayo'y naganap ang isa sa matitinding himala na marapat maranasan ng matatapat alinsunod sa kalooban ng Diyos. Ang tatlong lalaking ito ay tumayo at lumakad nang payapa sa gitna ng nagniningas na hurno at hindi nasunog. Katunayan, nang palabasin sila ng nanggilalas na hari mismo mula sa hurno, walang mantsa ng sunog ang kanilang suot na damit, walang paso ang kanilang balat, wala ni isang hibla ng buhok nila ang nadilaan ng apoy. Ni hindi nag-amoy-usok ang matatapang at matatapat na lalaking ito.

"Purihin ang Dios ni Sadrach, ni Mesach, at ni Abed-nego," sabi ng hari, "na . . . nagligtas sa kaniyang mga lingkod na nagsitiwala sa kaniya, . . . [na] ibinigay ang kanilang mga katawan, upang sila'y hindi maglingkod ni sumamba sa kanino mang dios, liban sa kanilang sariling Dios.

". . . Nang magkagayo'y pinaginhawa ng hari si Sadrach, si Mesach, at si Abed-nego, sa lalawigan ng Babilonia." (Dan. 3:28, 30.)

Ang kakayahang manindigan sa mga prinsipyo ng isang tao, mamuhay nang may integridad at pananampalataya ayon sa paniniwala ng isang tao—iyan ang mahalaga, iyan ang kaibhan sa pagitan ng isang ambag at ng katapatan. Ang katapatang iyon sa tunay na prinsipyo—sa kani-kanya nating buhay, sa ating tahanan at pamilya, at sa lahat ng lugar kung saan tayo nagkikita-kita at naiimpluwensyahan natin ang ibang tao—ang debosyong iyan ang hinihingi sa atin ng Diyos sa huli. . . .

Ang matagumpay na buhay, ang magandang buhay, ang matwid na buhay-Kristiyano ay nangangailangan ng isang bagay na higit pa sa isang ambag, bagama't bawat ambag ay mahalaga. Sa huli kailangan dito ang lubos na katapatan—buong kaluluwa, matibay na paninindigan, patuloy na nagpapahalagahang katapatan sa mga prinsipyo na alam nating totoo sa mga utos na ibinigay ng Diyos. . . .

Kung tayo ay magiging tapat sa ating mga prinsipyo, na determinadong mamuhay nang matapat at may integridad, walang hari o banta o nagniningas na hurnong makatitinag sa atin. Para sa tagumpay ng kaharian ng Diyos sa lupa, nawa'y tumayo tayo bilang mga saksi para sa kanya "sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan [tayo] ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan." (Mosias 18:9.)[5]

**2**

## Maging tapat sa pagsunod sa Panginoon anuman ang ipasiyang gawin ng iba.

Nang atasan si Josue na wasakin ang lungsod ng Jerico na nasa harapan [ng mga lipi ni Israel], ang matataas na kuta ng lungsod ay napakatibay at imposibleng mapasok ng Israel—o mukhang imposible lang. Hindi alam ang paraan, ngunit alam ang dahilan at kahihinatnan, isinagawa ni Josue ang utos na ibinigay ng sugo ng Panginoon.

Ang katapatan niya ay nasa lubos na pagsunod. Ang tungkulin niya ay gawin ang eksaktong ipinagagawa sa kanya, upang matupad ang pangako ng Panginoon. Walang dudang imposibleng magawa ang iniutos, ngunit ang pananalig niya sa kalalabasan nito ay naghikayat sa kanyang magpatuloy. Ang resulta, mangyari pa, ay isa lang sa napakaraming himalang naranasan ng mga Israelita nang akayin sila nang maraming taon ni Moises, ni Josue, at ng marami pang ibang propeta na tapat na nangakong sundin ang mga utos at tagubilin ng Panginoon.

Nang malapit na si Josue at ang kanyang mga tao sa Jerico, sinunod nila nang husto ang mga tagubilin ng Panginoon, at ayon sa salaysay sa banal na kasulatan, "ang kuta ay gumuho, na ano pa't ang bayan ay sumampang nasok sa siyudad, na bawa't isa'y matuwid na nagpatuloy, at kanilang sinakop ang bayan." (Jos. 6:20.)

Nakasaad sa talaan na matapos magpahinga sa pakikidigma ang Israel laban sa kanilang mga kaaway, tinipon ni Josue, na napakatanda na noon, ang buong Israel. Sa kanyang mensahe ng pamamaalam ipinaalala niya sa kanila na nagtagumpay sila dahil nakipaglaban ang Diyos para sa kanila, ngunit kung tumigil na silang maglingkod sa Panginoon at sumunod sa kanyang batas sila ay malilipol. . . .

Pagkatapos ay hinimok ng magiting at espirituwal na pinunong ito na maging tapat, at siya mismo ay nangakong magiging tapat para sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya: "Piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran; . . . ngunit sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa Panginoon." (Jos. 24:15.)

Narito ang isang dakilang pagpapahayag ng buong katapatan ng isang tao sa Diyos; ng isang propeta sa mga hangarin ng Panginoon; ng lalaking si Josue sa kanyang Diyos, na maraming beses nang pinagpala dahil sa kanyang pagsunod. Sinabi niya noon sa mga Israelita na anuman ang kanilang desisyon, gagawin niya ang alam niyang tama. Sinabi niya na ang desisyon niyang paglingkuran ang Panginoon ay walang kinalaman sa kanilang desisyon; na ang kanilang mga kilos ay hindi makakaapekto sa kanya; na ang kanyang katapatang gawin ang kalooban ng Panginoon ay hindi mababago ng anumang gawin nila o ninuman. Kontrolado ni Josue ang kanyang mga kilos at nakatuon ang kanyang mga mata sa mga utos ng Panginoon. Tapat siya sa pagsunod.[6]



*"Labis sigurong nalugod ang Panginoon nang gawin ni Abraham . . . ang iniutos sa kanya, nang walang pagdududa at walang alinlangan."*

3

## Magpasiya ngayon na piliin ang landas ng mahigpit na pagsunod.

Matapos maunawaan ang batas ng ebanghelyo at ang kalooban ng Panginoon sa pagbabasa at pag-aaral ng mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta, higit na mauunawaan ang dahilan kung bakit madalas tukuyin ang pagsunod bilang unang batas ng langit at bakit kailangan ang pagsunod para maligtas. Dadalhin tayo nito sa pinakamatinding pagsubok. Handa ba tayong maging lubos na masunurin sa batas ng Diyos? Dumarating sa buhay natin ang pagkakataon na kailangang gumawa ng tiyak na pagpapasiya.[7]

Siguradong gusto ng Panginoon, nang higit kaysa anupaman, ang matibay na determinasyong sundin ang kanyang payo. Siguradong naitala ang mga karanasan ng mga dakilang propeta ng Lumang Tipan upang tulungan tayong maunawaan ang kahalagahan ng

pagpili sa landas ng mahigpit na pagsunod. Labis sigurong nalugod ang Panginoon nang gawin ni Abraham, matapos matanggap ang tagubiling ialay ang kanyang nag-iisang anak na si Isaac, ang iniutos sa kanya nang walang pagdududa at walang alinlangan. Nakasaad sa talaan na sinabi ng Diyos kay Abraham:

"Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumaroon ka sa lupain ng Moria; at ihain mo siya roong handog na susunugin sa ibabaw ng isa sa mga bundok na aking sasabihin sa iyo." (Gen. 22:2.)

Mababasa sa kasunod na talata:

"At si Abraham ay bumangong maaga . . . at ipinagsama . . . si Isaac na kaniyang anak . . . at naparoon sa dakong sinabi sa kaniya ng Dios." (Gen. 22:3.)

Ilang taon kalaunan, nang tanungin si Rebeca kung sasama siya sa katiwala ni Abraham upang maging asawa ni Isaac, at walang dudang nalalaman na ang misyon ng katiwala ay may basbas ng Panginoon, sinabi lang niya na, "Sasama ako." (Gen. 24:58.)

Isang henerasyon mula noon, nang pagbilinan si Jacob na bumalik sa lupain ng Canaan, na ibig sabihin ay iiwan niya ang lahat ng kanyang pinaghirapan nang maraming taon, tinawag niya sina Raquel at Lea sa bukid kung saan naroon ang kanyang kawan at ipinaliwanag ang sinabi ng Panginoon. Ang sagot nina Raquel [at Lea] ay simple at tuwiran at nagpapahiwatig ng [kanilang] katapatan: "Gawin mo ang lahat ng sinabi sa iyo ng Dios." (Gen. 31:16.)

Sa gayon, may mga halimbawa tayo mula sa mga banal na kasulatan kung paano natin dapat isaalang-alang at pahalagahan ang mga utos ng Panginoon. Kung ipasiya nating tumugon na tulad nina Josue, at Abraham, at Rebeca, at Raquel [at Lea], ang gagawin lang natin ay humayo at gawin ang iniutos ng Panginoon.

May magandang dahilan para magpasiya na tayo *ngayon* na maglingkod sa Panginoon. Sa umagang ito ng Linggo [ng pangkalahatang kumperensya], na ang mga kaguluhan at tukso ng buhay ay halos wala na, at kung kailan may panahon at higit na pagnanais tayong magtuon sa kawalang-hanggan, mas malinaw nating masusuri kung ano ang magdudulot sa atin ng pinakamalaking kaligayahan sa

buhay. Dapat na tayong magpasiya ngayon, habang payapa ang paligid, kung paano tayo kikilos pagdating ng mga pagsubok at tukso.

Dalangin ko na magkaroon tayo ng lakas na magpasiya na ngayon na gawin ang dapat nating gawin. Dalangin ko na magpasiya na tayo ngayon na maglingkod sa Panginoon.[8]

4

**Hindi sapat na maniwala lang; kailangan din nating gawin ang kalooban ng Ama sa Langit.**

Nang mangusap siya sa maraming tao, sinabi ng Panginoon: "Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit." (Mat. 7:21.)

Habang pinakikinggan ko ang mga salitang ito, tila sinasabi sa akin ng Panginoon, "Hindi komo kinikilala ng isang tao ang aking awtoridad o naniniwala siya sa aking likas na kabanalan, o nagpapahayag lamang ng kanyang pananampalataya sa aking mga turo o sa nagbabayad-salang sakripisyo na aking ginawa, ay makakapasok na siya sa kaharian ng langit o magtatamo ng mas mataas na antas ng kadakilaan." Ang ipinahihiwatig niya ay, "Hindi sapat na maniwala lang." Pagkatapos ay partikular niyang idinagdag, ". . . kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama," ibig sabihin, siya na gumagawa at nagpupungos ng olibohan para maging matamis ang bunga nito. . . .

Ang buong kalikasan, na nasasakupan ng Diyos, ay tila nagpapahayag ng gayunding prinsipyo. Ang bubuyog na walang "silbi" ay palalayasin sa bahay-pukyutan. Habang pinagmamasdan ko ang mga langgam na abalang gumagapang sa isang linya at sa paligid ng bahay-langgam, humanga ako na totoong sila ay nagsisigawa at hindi lang naniniwala. Ang pagtilaok ay hindi nagbubunga ng anumang butil para sa inahin; kailangan siyang kumahig. Ang mabahong sapa, na namemerde na sa lumot at hindi pag-agos, ay pinamumugaran ng mga sakit na nakukuha sa maruming tubig, ngunit ang malinaw na tubig sa batis na nagmumula sa bundok at bumabagsak sa mga bato ay ligtas inumin.

Ipinauunawa sa akin ng mga salita ng Panginoon tungkol sa bahay na walang pundasyon na ang isang tao ay hindi maaaring mag-isip nang mababaw at walang-pakundangan na kaya niya ang kanyang sarili at kaya niyang mabuhay mag-isa batay sa anumang bagay na sadyang

madali at kasiya-siya [tingnan sa Mateo 7:26–27]. Kapag payapa ang paligid, maaaring hindi makita ang kanyang kahangalan; ngunit isang araw ay darating ang mga pagbaha, ang maputik na tubig ng bugso ng pagnanasa, ang rumaragasang alon ng tuksong di-sukat akalain. Kung ang kanyang pagkatao ay walang matibay na pundasyon kundi puro salita lamang, ang kanyang buong moralidad ay maaaring mawasak.[9]

Sabi ni Santiago, "Ang dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at Ama ay ito, dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian, at pag-ingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan" (Santiago 1:27).

Sa madaling salita, ang relihiyon ay hindi lamang isang kaalaman tungkol sa Diyos o isang pagpapahayag ng pananampalataya, at higit pa ito sa teolohiya. Ang relihiyon ay pagsunod sa salita ng Diyos. Ito ay pagbabantay sa ating kapwa, bukod pa sa iba. . . .

Maaari tayong maging matapat sa pagsamba tuwing araw ng Sabbath, at maaari tayong maging matapat sa iba nating tungkulin sa nalalabing anim na araw ng buong linggo. . . . [Napaka]halaga siguro na lahat ng ating iniisip, salitang ating sinasambit, ating mga kilos, inaasal, pakikitungo sa kapwa, pakikipagkalakalan, at lahat ng gawain natin sa araw-araw ay nakaayon sa ating mga pinaniniwalaan sa ating relihiyon. Sa mga salita ni Pablo, "Anoman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Dios" (I Mga Taga Corinto 10:31). Kung gayon maisasantabi ba natin ang relihiyon sa ating mga gawain sa buong linggo at isipin na lang ito sa araw ng Sabbath? Tiyak na hindi, kung susundin natin ang payo ni Pablo.[10]

**5**

## Ang "buhay na mga miyembro" ay nagsisikap na maging lubos na tapat.

Inihayag ng Panginoon sa paunang salita sa Doktrina at mga Tipan na ito ang "tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo." Pagkatapos ay idinagdag niya, "na kung saan ako, ang Panginoon, ay labis na nalulugod, nangungusap sa buong simbahan at hindi sa bawat isa lamang" (D at T 1:30). Mabubuo sa ating isipan ang isang tanong na walang-hanggan ang kahalagahan: Alam natin na ito ang tanging tunay at buhay na simbahan bilang

isang institusyon, ngunit ako ba ay isang tunay at buhay na miyembro nito bilang isang indibiduwal?

. . . Kapag nagtanong ako ng, "Ako ba ay isang tunay at buhay na miyembro?" ang itinatanong ko ay, ako ba ay taos-puso at lubos na matapat sa pagtupad ng mga tipang ginawa ko sa Panginoon? Ako ba ay lubos na handang ipamuhay ang ebanghelyo at maging tagatupad ng salita at hindi isang tagapakinig lamang? Ipinamumuhay ko ba ang aking relihiyon? Ako ba ay mananatiling tapat? Ako ba ay nananatiling matatag laban sa mga tukso ni Satanas? . . .

Ang pagsagot ng oo sa tanong na, "Ako ba ay isang buhay na miyembro?" ay nagpapatunay ng ating katapatan. Ibig sabihin nito ay mamahalin natin ang Diyos at ang ating kapwa tulad sa ating sarili ngayon at magpakailanman. Ibig sabihin nito makikita sa ating mga kilos kung sino tayo at ano ang pinaniniwalaan natin. Ibig sabihin nito ay ipinakikita natin na tayo ay mga Kristiyano araw-araw, na namumuhay ayon sa nais ni Cristo.

Ang buhay na mga miyembro ay yaong mga nagsisikap na maging lubos na tapat. . . .

Alam ng buhay na mga miyembro na tungkulin nilang patuloy na magsikap. Nagpapabinyag sila bilang unang hakbang sa kanilang paglalakbay sa buhay. Ito ay isang palatandaan sa Diyos, sa mga anghel, at sa langit na susundin nila ang kalooban ng Diyos. . . .

Ang buhay na mga miyembro ay sumusunod sa Espiritu, na nagpapasigla sa kanilang espirituwalidad. Lagi nilang hinahangad ang patnubay nito. Nananalangin silang mabigyan ng lakas at makayanan ang mga paghihirap. Ang kanilang puso ay hindi nakatuon sa mga bagay ng mundong ito kundi sa mga bagay na walang hanggan. Ang espirituwal na pagpapanibago ay hindi isinasakripisyo para masiyahan ang katawan.

Ang buhay na mga miyembro ay inuuna si Cristo sa kanilang buhay, batid kung kanino nagmumula ang kanilang buhay at pag-unlad. Ugali ng tao na ilagay ang kanyang sarili sa gitna ng sansinukob at asahan ang iba na sumang-ayon sa kanyang mga pagnanais at pangangailangan at hangarin. Subalit hindi tinatanggap ng kalikasan ang maling konseptong iyon. Ang pinakamahalagang papel sa buhay ay sa Diyos. Sa halip na hilingin sa kanya na gawin ang gusto natin,

dapat nating hangaring iayon ang ating sarili sa kanyang kalooban, at sa gayo'y patuloy tayong uunlad bilang isang buhay na miyembro. . . .

Ang buhay na mga miyembro, kapag nagbalik-loob, ay sumusunod sa utos na palakasin ang kanilang mga kapatid [tingnan sa Lucas 22:32]. Sabik silang ibahagi ang kanilang galak sa iba, at hindi kailanman nawawala ang pagnanais na ito. . . .

Nauunawaan ng buhay na mga miyembro ang pangangailangang ipamuhay ang kanilang mga paniniwala. Ang mga Banal na ito ay sabik na gumagawa sa pagsasakatuparan ng maraming mabubuti at mararangal na gawain sa sarili nilang kalooban at pagsang-ayon [tingnan sa D at T 58:27]. . . .

Ang buhay na mga miyembro ay nagmamahalan. Dinadalaw nila ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang mga kapighatian. Pinananatili nilang walang dungis ang kanilang sarili mula sa sanglibutan [tingnan sa Santiago 1:27]. . . .

Matibay ang paniniwala natin sa pahayag na ito ang tunay at buhay na simbahan ng tunay at buhay na Diyos. Ang tanong na kailangan pa nating sagutin ay: Ako ba ay dedikado at tapat, isang tunay at buhay na miyembro?

Nawa'y manatili tayong matatag at tunay at buhay na mga miyembro ng Simbahan at tanggapin natin ang ipinangakong gantimpala na mapabilang sa mga yaong binanggit sa Doktrina at mga Tipan na "tutungo sa Bundok ng Sion, at sa bayan ng buhay na Diyos, ang makalangit na lugar, ang pinakabanal sa lahat" (D at T 76:66).[11]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Repasuhin ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa kaibhan sa pagitan ng isang "ambag" at ng "lubos na katapatan" (bahagi 1). Ano ang kaibhang nagagawa sa ating buhay ng pagiging lubos na tapat sa Diyos? Paano maiaangkop sa atin ang kuwento nina Sadrach, Mesach at Abed-nego?
- Repasuhin ang salaysay ni Pangulong Hunter tungkol kay Josue sa bahagi 2. Ano ang matututuhan ninyo sa mula sa salaysay na ito tungkol sa pagiging lubos na tapat sa Diyos? Paano tayo lubos

na makasusunod sa Diyos anuman ang gawin ng iba? Paano natin matutulungan ang mga bata at kabataan na magkaroon ng ganitong katapatan?

- Ano ang mga pakiramdam ninyo nang repasuhin ninyo ang mga kuwento sa banal na kasulatan sa bahagi 3? Ano ang iba pang mga halimbawa ng pagsunod sa mga banal na kasulatan na nakaimpluwensiya sa inyo? Sa palagay ninyo bakit "gusto ng Panginoon . . . ang matibay na determinasyong sundin ang kanyang payo"?
- Pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Hunter sa bahagi 4. Bakit "hindi sapat" na maniwala lang? Paano makakatulong ang pagsunod sa kalooban ng Ama sa Langit sa paghahanda natin para sa mga panahon ng pagsubok? Paano natin maisasagawa ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa pamumuhay ng ating relihiyon?
- Repasuhin ang mga paglalarawan ni Pangulong Hunter sa isang "buhay na miyembro" sa bahagi 5. Paano tayo magkakaroon ng mga katangiang ito ng "buhay na mga miyembro"? Isipin kung paano kayo magiging mas "tunay at buhay na miyembro" ng Simbahan.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

I Samuel 15:22–23; Awit 1:1–3; Santiago 2:14–26; 2 Nephi 32:9; Omni 1:26; Mosias 2:41; Alma 37:35–37; 3 Nephi 18:15, 18–20; D at T 58:26–29; 97:8; Abraham 3:24–26

*Tulong sa Pagtuturo*

Sama-samang basahin ang ilang sipi mula sa kabanata. Matapos basahin ang bawat sipi, magpabahagi sa mga miyembro ng klase ng mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan at mula sa sarili nilang karanasan na nauugnay sa mga turo sa sipi.

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Okt. 1959, 121.
2. Sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 153.
3. "The Opening and Closing of Doors," *Ensign,* Nob. 1987, 54.
4. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 151.
5. "Standing As Witnesses of God," *Ensign,* Mayo 1990, 60–62.
6. "Commitment to God," *Ensign,* Nob. 1982, 57–58.
7. "Obedience" (mensaheng ibinigay sa Hawaii Area Conference, Hunyo 18, 1978), 5, Church History Library, Salt Lake City.
8. "Commitment to God," 58.
9. Sa Conference Report, Okt. 1967, 11, 12–13.
10. *The Teachings of Howard W. Hunter,* ed. Clyde J. Williams (1997), 111–12.
11. "Am I a 'Living' Member?" *Ensign,* Mayo 1987, 16–18.

# Pagtulad sa Halimbawa ng Pag-ibig sa Kapwa-Tao ng Tagapagligtas

*"Ang pamantayan sa pagkamahahabagin ay sukatan ng ating pagkadisipulo; ito ay sukatan ng ating pagmamahal sa Diyos at sa isa't isa."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Itinuro ni Pangulong Howard W. Hunter na ang Tagapagligtas ay "nagbigay ng Kanyang pagmamahal, Kanyang paglilingkod, at Kanyang buhay. . . . Dapat nating sikaping magbigay tulad ng Kanyang pagbibigay."[1] Higit sa lahat, hinikayat ni Pangulong Hunter ang mga miyembro ng Simbahan na tularan ang halimbawa ng pag-ibig sa kapwa-tao ng Tagapagligtas sa kanilang buhay sa araw-araw.

Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay malinaw na naipakita sa propesyon ni Howard W. Hunter bilang abugado. Ipinaliwanag ng isang kapwa niya abugado:

"Nag-ukol siya ng maraming oras sa [libreng] pagseserbisyo bilang abugado . . . dahil hindi niya maatim na maningil. . . . Nakilala siya bilang kaibigan, gabay, tagapayo, at isang propesyonal na mas inaalala pa ang makitang natatanggap ng mga tao ang tulong na kailangan nila kaysa sa bayad na makukuha niya rito."[2]

Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay makikita rin sa paglilingkod ni Pangulong Hunter sa Simbahan. Isang babae na itinuring si Pangulong Hunter bilang guro na may malaking impluwensya sa kanya ang nagpaliwanag ng ilan sa mga dahilan:

"Naoobserbahan ko palagi na mahal ng taong ito ang iba dahil binibigyan niya sila ng prayoridad, pinakikinggan sila para maunawaan sila, at binabahaginan sila ng kanyang mga karanasan, na isa



*Itinuro ni Jesucristo "ang mga aral tungkol sa pagmamahal at paulit-ulit na naglingkod sa kapwa nang walang pag-iimbot. Lahat ay nakadama ng kanyang pagmamahal."*

mga bagay na nakasisiya sa kanya. Tinuruan niya ako na maunawaan ang kahalagahan ng magagandang katangiang ito at madama ang kagalakan sa pagsasagawa nito."[3]

Isa pang babae mula sa stake ni Pangulong Hunter sa California ang nagbigay ng papuring ito:

"Si Pangulong Howard W. Hunter ang aming stake president maraming taon na ang nakararaan noong nakatira pa ang aming pamilya sa lugar na sakop ng Pasadena Stake. Namatay ang tatay ko, at ang nanay ko na lang ang nagpalaki sa amin ng ate ko. Bagama't hindi kami kilalang pamilya sa stake, na malaki ang nasasakupan, personal kaming kilala ni Pangulong Hunter.

"Ang pinakamahalagang alaala ko tungkol sa kanya ay yaong nakaragdag sa pagpapahalaga ko sa aking sarili. Matapos ang bawat kumperensya ng stake, pumipila kami para makamayan siya. Lagi niyang hinahawakan ang kamay ng aking ina at sinasabing, 'Kumusta ka na, Sister Sessions, at kumusta na sina Betty at Carolyn?' Natutuwa ako kapag naririnig kong tinatawag niya kami sa pangalan. Alam kong kilala niya kami at nagmamalasakit sa aming kapakanan. Sumasaya pa rin ako sa alaalang iyon."[4]

Sinabi minsan ni Pangulong Hunter, "Nadarama ko na ang ating misyon ay maglingkod at magligtas, magpatatag at magpadakila."[5] Ang mga sinabi ng kanyang mga Kapatid sa Labindalawa ay nagpapakita kung gaano kahusay niyang tinupad ang misyong iyan. "Alam niya kung paano panatagin ang tao," wika ng isa; "hindi niya sila dinodomina. Pinapakinggan niya silang mabuti." Sabi pa ng isa, "Kapag naglalakbay kang kasama niya, lagi niyang sinisiguro na naasikaso ang bawat isa at walang sinumang nahihirapan o di-komportable." Sabi ng isa pa, "Siya ay mapagmalasakit at sensitibo sa pangangailangan ng iba. Mapagmahal siya sa kapwa at mapagpatawad. Siya ay maalam sa ebanghelyo, sa sanglibutan, sa likas na ugali ng tao."[6]

# Mga Turo ni Howard W. Hunter

## 1

### Ang dalawang dakilang utos ang pamantayan ng Panginoon para sa ating pagiging disipulo.

Noong unang panahon, ang isang paraan para masuri kung lantay ang ginto ay ang paggamit ng makinis, kulay itim, at batong-silica na tinatawag na touchstone. Kapag ikinaskas ito sa touchstone, naglalabas ng guhit o marka ang ginto sa ibabaw nito. Itinutugma ng platero ang markang ito sa mga kulay sa tsart na minarkahan. Mas mapula ang marka kapag tumataas ang halo ng tanso o ibang metal at mas dilaw naman kapag tumataas ang porsiyento ng ginto. Mas nakikita sa prosesong ito ang kalantayan ng ginto.

Ang paggamit ng touchstone sa pagsusuri ng kalantayan ng ginto ay mas mabilis at mas praktikal gamitin. Ngunit ang platerong hindi pa kumbinsido sa kalantayan ng ginto ay gumagamit ng mas tumpak na proseso na ginagamitan ng apoy.

Gusto kong sabihin sa inyo na ang Panginoon ay naghanda ng isang touchstone para sa inyo at sa akin, isang panlabas na sukatan ng pagkadisipulong tinataglay sa kalooban na nagpapatunay ng ating katapatan at kakayahang matiis ang mga pagsubok na darating.

Minsan habang nagtuturo si Jesus sa mga tao, isang tagapagtanggol [abugado] ang lumapit sa kanya at itinanong ito: "Guro, anong aking gagawin upang magmana ng walang hanggang buhay?"

Sinagot ni Jesus, ang dalubhasang guro, ang lalaki, na kitang-kitang maalam sa batas, sa pamamagitan din ng isang tanong, "Ano ang nasusulat sa kautusan? ano ang nababasa mo?"

Buong tatag na isinagot ng lalaki ang buod ng dalawang dakilang utos: "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong lakas mo, at ng buong pagiisip mo; at ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili."

Sumasang-ayong sumagot si Cristo, "Gawin mo ito, at mabubuhay ka" (Lucas 10:25–28).

Ang buhay na walang hanggan, ang buhay ng Diyos, ang buhay na hinahangad natin, ay nakabatay sa dalawang utos. Sinasabi sa mga banal na kasulatan na "sa dalawang utos na ito'y nauuwi ang buong

kautusan, at ang mga propeta" (Mateo 22:40). Ibigin ang Diyos at ibigin ang iyong kapwa. Magkaugnay ang dalawang ito; hindi sila mapaghihiwalay. Sa pinakamataas na kahulugan maituturing na magkatulad ang mga ito. At ito ay mga utos na maipamumuhay ng bawat isa sa atin.

Ang sagot ni Jesus sa abugado ay maaaring ituring na touchstone ng Panginoon. Sinabi Niya sa isa pang pagkakataon, "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa" (Mateo 25:40). Susukatin Niya ang katapatan natin sa kanya kung paano natin minamahal at pinaglilingkuran ang ating kapwa. Anong klaseng marka ang iniiwan natin sa touchstone ng Panginoon? Tayo ba ay tunay na mabubuting kapitbahay? Nakikita ba sa pagkilatis na tayo ay 24-karat na ginto, o makikilatis na hindi tayo purong ginto?[7]

2

**Itinuro sa atin ng Tagapagligtas na mahalin ang lahat, kahit na yaong mga mahirap mahalin.**

Para bang binibigyang-katwiran ang kanyang sarili sa simpleng tanong na iyon ng Panginoon, hinangad ng abugado na pangatwiranan ang kanyang sarili sa isa pang tanong, "At sino ang aking kapuwa tao?" (Lucas 10:29).

Dapat nating ipagpasalamat ang tanong na iyon, dahil sa sagot ng Tagapagligtas nagmula ang isa sa pinakamakahulugan at lubhang pinahahalagahang mga talinghaga, na paulit-ulit na nating nabasa o narinig:

"Isang tao'y bumababa sa Jerico na mula sa Jerusalem; at siya'y nahulog sa kamay ng mga tulisan, na sa kaniya'y sumamsam at sa kaniya'y humampas, at nagsialis na siya'y iniwang halos patay na.

"At nagkataong bumababa sa daang yaon ang isang saserdote; at nang makita siya ay dumaan sa kabilang tabi.

"At sa gayon ding paraan ang isang Levita naman, nang dumating siya sa dakong yaon, at makita siya, ay dumaan sa kabilang tabi.

"Datapuwa't ang isang Samaritano, sa kaniyang paglalakbay, ay dumating sa kinaroroonan niya: at nang siya'y makita niya, ay nagdalang habag,

"At lumapit sa kaniya, at tinalian ang kaniyang mga sugat, na binuhusan ng langis at alak; at siya'y isinakay sa kaniyang sariling hayop, at dinala siya sa bahay-tuluyan, at siya'y inalagaan.

"At nang kinabukasa'y dumukot siya ng dalawang denario, at ibinigay sa katiwala ng bahay-tuluyan, at sinabi, Alagaan mo siya, at ang anomang magugol mong higit, ay aking pagbabayaran sa iyo pagbabalik ko" (Lucas 10:30–35).

Pagkatapos ay tinanong ni Jesus ang abugado, "Sino sa tatlong ito, sa akala mo, ang nagpakilalang kapuwa tao sa nahulog sa kamay ng mga tulisan?" (Lucas 10:36). Sa oras na iyon ay ibinigay ng Panginoon ang touchstone ng Kristiyanismo. Iniutos Niya na sukatin ang ating marka roon.

Dapat ay naalala ng saserdote at ng Levita sa talinghaga ni Cristo ang mga hinihingi ng batas: "Huwag mong makikitang napahiga sa daan ang asno ng iyong kapatid o ang kaniyang baka at ikaw ay magkukubli sa mga yaon; iyo ngang tutulungan siya upang itindig siya uli" (Deuteronomio 22:4). At kung gayon ang dapat gawin sa isang baka, gaano pa kaya tayo dapat maging handang tumulong sa isang kapatid na nangangailangan. Ngunit tulad ng isinulat ni Elder James E. Talmage, "Napakadaling maghanap ng mga idadahilan [na hindi ito gawin]; sumisibol ito nang kusa at sagana tulad ng mga damong ligaw sa tabing-daan" (*Jesus the Christ,* ika-3 ed., Salt Lake City: The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 1916, p. 431).

Binigyan tayo ng Samaritano ng isang halimbawa ng dalisay na pagmamahal ng isang Kristiyano. Siya ay may habag; pinuntahan niya ang lalaking sinaktan ng mga tulisan at tinalian ang kanyang mga sugat. Dinala niya ito sa bahay-tuluyan, inalagaan, binayaran ang kanyang mga gastusin, at nagbilin na babayaran ang dagdag na gastusin sa pag-aalaga rito. Ito ay kuwento ng pagmamahal ng isang tao sa kanyang kapwa.

Ayon sa lumang kasabihan, "ang taong sarili lang ang iniintindi ay walang gaanong silbi." Ang pagmamahal ay may subok na paraan para mapalaki ang silbi sa tao. Ang susi ay mahalin ang ating kapwa, kahit na yaong mahirap mahalin. Kailangan nating alalahanin na bagama't makakapili tayo ng mga kaibigan, ang Diyos ang pumipili ng mga taong ilalapit sa atin—saan man. Ang pagmamahal ay hindi dapat limitahan; hindi lang mga taong gusto nating pakisamahan




*"Susukatin [ng Panginoon] ang katapatan natin sa kanya ayon sa pagmamahal at paglilingkod natin sa ating kapwa."*

ang dapat nating pakisamahan. Sabi ni Cristo "Sapagka't kung kayo'y iibig sa nangagsisiibig lamang sa inyo, ano ang ganti na inyong kakamtin? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis?" (Mateo 5:46).[8]

3

## Dapat nating mahalin at paglingkuran ang iba sa kanilang pagdurusa.

Sumulat si Joseph Smith sa mga Banal, na inilathala sa *Messenger and Advocate [Sugo at Tagapamagitan],* tungkol sa paksang pagmamahal sa isa't isa upang mabigyang-katwiran sa harapan ng Diyos. Isinulat niya:

"Mahal kong mga Kapatid:—Tungkulin ng bawat Banal na magbigay nang sagana sa kanyang mga kapatid—lagi silang mahalin, at tulungan sila sa tuwina. Upang mabigyang-katwiran sa harapan ng Diyos kailangan nating mahalin ang isa't isa: dapat nating daigin ang kasamaan; bisitahin ang mga ulila at balo sa kanilang kapighatian, at dapat tayong manatiling walang dungis mula sa mundo: dahil ang gayong mga katangian ay dumadaloy mula sa bukal ng dalisay na relihiyon. Sa pagpapalakas ng ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagdaragdag ng bawat mabuting katangiang

nagpapaganda sa mga anak ng pinagpalang si Jesus, maaari tayong manalangin sa oras ng panalangin; maaari nating mahalin ang ating kapwa tulad sa ating sarili, at maging matapat sa kapighatian, batid na ang gantimpala sa gayon ay mas dakila sa kaharian ng langit. Kaylaking pagpapala! Kaylaking kagalakan! Hayaan ninyong ipamuhay ko ang buhay ng mga matwid, at magantimpalaan ng ganito!" (*History of the Church,* 2:229.)

Ang dalawang magagandang katangiang ito, pagmamahal at paglilingkod, ay hinihingi sa atin kung gusto nating maging mabuti sa kapwa at magkaroon ng kapayapaan sa ating buhay. Tiyak na ang mga ito ay nasa puso ni Elder Willard Richards. Habang nasa Piitan ng Carthage noong hapon na paslangin sina Joseph at Hyrum, iminungkahi ng bantay sa piitan na mas magiging ligtas sila sa selda. Bumaling si Joseph kay Elder Richards at nagtanong, "Kung papasok kami sa selda, sasama ka ba?"

Ang isinagot ni Elder Richards ay puno ng pagmamahal: "Brother Joseph, hindi mo hiniling na samahan kita sa pagtawid sa ilog—hindi mo hiniling na magpunta ako sa Carthage—hindi mo hiniling na samahan kita sa piitan—at sa palagay mo ba tatalikuran kita ngayon? Ngunit sasabihin ko sa iyo kung ano ang gagawin ko; kung ikaw ay bibitayin dahil sa 'pagtataksil,' ako ang magpapabitay para sa iyo, at ikaw ay lalaya."

Tiyak na nabagbag ang damdamin ni Joseph nang sumagot ito ng, "Ngunit hindi mo magagawa."

Na mariing sinagot ni Elder Richards ng "Gagawin ko" (tingnan sa B. H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church,* 2:283).

Ang pagsubok ni Elder Richards ay higit pa marahil sa mararanasan ng karamihan sa atin: ang pagsubok sa apoy sa halip na sa touchstone. Ngunit kung ipagawa sa atin iyon, kaya ba nating magbuwis ng buhay para sa ating pamilya? sa ating mga kaibigan? sa ating kapwa?

Ang touchstone ng pagkahabag ay isang sukatan ng ating pagkadisipulo; ito ay isang sukatan ng ating pagmamahal sa Diyos at sa isa't isa. Mag-iiwan ba tayo ng marka ng lantay na ginto o, gaya ng saserdote at ng Levita, dadaan tayo sa kabilang tabi?[9]

4

## Kailangan ay mas determinado tayong tahakin ang landas ng pag-ibig sa kapwa-tao na ipinakita ni Jesus.

Sa isang mahalagang mensahe sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Nauvoo isang taon lang bago maganap ang kanyang kalunus-lunos at maagang pagkamatay bilang martir, sinabi ni Propetang Joseph Smith:

"Kung nanaisin at payayabungin natin ang pagmamahal sa iba, kailangan natin silang mahalin, maging ang ating mga kaaway at kaibigan. . . . Dapat tigilan ng mga Kristiyano ang pag-aaway at pakikipagtalo sa isa't isa, at pag-ibayuhin ang mga alituntunin ng pagkakaisa at pagkakaibigan sa kanilang kalipunan." (*History of the Church,* 5:498–99.)

Napakagandang payo niyan ngayon, katulad [noon]. Ang mundong ginagalawan natin, malapit o malayo man sa tahanan, ay nangangailangan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Inilalaan nito ang tanging daan para magkaroon ng kapayapaan sa mundo. Dapat tayong maging mas mabait sa isa't isa, mas magiliw at mas mapagpatawad. Dapat ay hindi tayo madaling magalit at mas maagap tayong tumulong. Kailangan tayong makipagkaibigan at huwag tayong mapaghiganti. Sa madaling salita, kailangan nating mahalin ang isa't isa nang may dalisay na pag-ibig ni Cristo, na may tunay na pagmamahal sa kapwa-tao at pagkahabag at, kung kinakailangan, makiramay sa pagdurusa, sapagkat ganyan ang pagmamahal sa atin ng Diyos.

Sa ating pagsamba, madalas nating kantahin ang isang magandang himno na isinulat ni Susan Evans McCloud. Maaari ko bang sambitin ang ilang taludtod sa himnong iyan para sa inyo?

*Diyos, nawa Kayo'y ibigin,*
*Sundan ang Inyong landas,*
*Aking kapwa ay tulungan*
*Sa gawad Ninyong lakas. . . .*

*Kapwa ko'y ba't hahatulan*
*Kung may sala rin ako?*
*May lumbay na 'di makita*
*Nakakubli sa puso. . . .*

*Kapatid ko'y iingatan*

*At magbibigay-lakas.*
*Sa nalulumbay kong kapwa,*
*Ang hatid ko ay lunas.*
*O, aking Panginoon,*
*Kayo'y laging susundin.*

(*Mga Himno,* 2001, blg. 164.)

Kailangan nating tahakin nang mas determinado at mas mapagmahal sa kapwa-tao ang landas na ipinakita ni Jesus. Kailangan nating "tulungan" at pasiglahin ang isa't isa at siguradong matatagpuan natin ang lakas na hindi lang sa atin nagmula kundi "sa gawad [Niyang] lakas." Kung magsisikap pa tayong malaman ang paraan ng Tagapagpagaling na "magbibigay-lakas," magkakaroon ng di-mabilang na pagkakataong magamit ito, upang maantig ang "nalulumbay [nating] kapwa" at maipakita sa lahat ang magiliw na puso na "ang hatid . . . ay lunas." Opo, Panginoon, dapat namin kayong sundin.[10]

**5**

## Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo at hindi nagkukulang.

"Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko," sabi [ni Jesus], "Na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: . . . Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa." (Juan 13:34–35.) Ang pagmamahal na dapat ay mayroon tayo para sa ating mga kapatid sa sangkatauhan, at ang pagmamahal na mayroon si Cristo para sa bawat isa sa atin, ay tinatawag na pag-ibig sa kapwa-tao o ang "dalisay na pag-ibig ni Cristo." (Moro. 7:47.) Ang pag-ibig na ito ang dahilan kaya nangyari ang pagdurusa at sakripisyo ng pagbabayad-sala ni Cristo. Ito ang pinakadakilang damdaming madarama ng kaluluwa ng tao at ang pinakamalalim na pagpapahayag ng niloloob ng tao.

. . . Saklaw ng pag-ibig sa kapwa-tao ang lahat ng makadiyos na katangian. Inilalarawan nitong mabuti ang simula at katapusan ng plano ng kaligtasan. Kapag lahat ng iba pa ay nagkulang, ang pag-ibig sa kapwa-tao—ang pag-ibig ni Cristo—ay *hindi* magkukulang. Ito ang pinakadakila sa lahat ng banal na katangian.

Mula sa kanyang puso na puno ng pagmamahal, nagsalita si Jesus sa mga maralita, api, balo, musmos; sa mga magsasaka at mangingisda,

at sa mga nag-aalaga ng mga kambing at tupa; sa mga dayuhan at taga-ibang bayan, sa mayayaman, sa makapangyarihan sa pulitika, gayundin sa masusungit na Fariseo at eskriba. Naglingkod siya sa mga maralita, nagugutom, hikahos, at maysakit. Binasbasan niya ang mga lumpo, bulag, bingi, at iba pang mga taong may kapansanan. Pinalayas niya ang mga demonyo at masasamang espiritu na naging dahilan ng sakit sa isip o damdamin. Dinalisay niya yaong mga may kasalanan. Nagturo Siya ng mga aral ng pagmamahal at paulit-ulit na naglingkod sa kapwa nang walang pag-iimbot. Lahat ay nakadama ng kanyang pagmamahal. Lahat ay "may pribilehiyo, ang isa tulad ng iba, at walang pinagbabawalan." (2 Ne. 26:28.) Lahat ng ito ay pagpapahayag at halimbawa ng kanyang pag-ibig na walang hanggan.

Ang mundong ginagalawan natin ay makikinabang nang malaki kung ang kalalakihan at kababaihan sa lahat ng dako ay magpapakita ng dalisay na pag-ibig ni Cristo, na mabait, maamo, at mapagpakumbaba. Hindi ito naiinggit o nagmamalaki. Hindi ito makasarili dahil hindi ito naghahangad ng kapalit. Hindi nito kinukunsinti ang masama o galit, ni nagagalak sa kalikuan; walang puwang dito para sa pagkapanatiko, pagkamuhi, o karahasan. Hindi nito pinapalagpas ang pangungutya, kahalayan, pang-aabuso, o ostrasismo. Hinihikayat nito ang iba't ibang tao na mamuhay nang sama-sama taglay ang pagmamahal bilang Kristiyano anuman ang paniniwala sa relihiyon, lahi, nasyonalidad, katayuan sa buhay, edukasyon, o kultura.

Iniutos sa atin ng Tagapagligtas na mahalin ang isa't isa gaya ng pagmamahal niya sa atin; damitan ang ating sarili ng "bigkis ng pag-ibig sa kapwa-tao" (D at T 88:125), tulad niya na dinamitan nang gayon ang sarili. Inuutusan tayong padalisayin ang kalooban, baguhin ang ating puso, iayon ang ating kilos at anyo sa sinasabi nating pinaniniwalaan at nadarama natin. Dapat tayong maging tunay na mga disipulo ni Cristo.[11]

6

**Ang magmahal sa iba ay "higit na mabuting paraan."**

Noong binata pa si Brother Vern Crowley, sinabi niya na may natutuhan siyang napakahalagang aral na itinuro ni Propetang Joseph sa unang mga Banal sa Nauvoo nang sabihin nito sa kanila na "kailangan nating . . . mahalin [ang iba], maging ang ating mga kaaway at kaibigan." Iyan ay mabuting aral para sa bawat isa sa atin.

Matapos magkasakit ang kanyang ama, napunta kay Vern Crowley ang responsibilidad na magpatakbo ng kanilang wrecking yard kahit siya ay labinlimang taong gulang lamang. May ilang parukyano na paminsan-minsa'y nananamantala sa binata, at madalas magkawalaan ng mga piyesa ng makina sa lote kapag gabi na. Galit na galit si Vern at isinumpa niya na pipilitin niyang may mahuli siya at ipakita sa iba ang gagawin niya rito. Maghihiganti siya.

Noong papagaling na sa sakit ang kanyang ama, nag-ikut-ikot si Vern sa bakuran isang gabi sa oras ng pagsasara. Papadilim na noon. Sa isang malayong sulok ng bakuran, napansin niya ang isang tao na may dalang malaking piyesa ng makina papunta sa bakod sa likuran. Tumakbo siya na parang atletang kampeon at hinuli ang binatilyong magnanakaw. Ang una niyang naisip ay ibuhos ang kanyang inis sa pagsuntok sa binata at kaladkarin ito sa harapan ng opisina at tumawag ng pulis. Punung-puno ng galit at paghihiganti ang kanyang puso. Nahuli na niya ang magnanakaw, at gusto niyang gantihan ito.

Biglang sumulpot ang ama ni Vern, ipinatong ang nanghihina pa nitong kamay sa balikat ng anak at sinabi "Alam kong galit ka, Vern. Puwede bang ako na ang bahala rito?" Pagkatapos ay nilapitan niya ang binatilyong nagtangkang magnakaw at inakbayan ito, sandaling tiningnan ito sa mata, at sinabi, "Iho, sabihin mo sa akin, bakit mo ginagawa ito? Bakit gusto mong nakawin ang transmission na iyan?" Pagkatapos ay sinimulan ni Mr. Crowley ang paglakad papunta sa opisina habang nakaakbay sa binata at nagtatanong tungkol sa problema ng sasakyan nito habang naglalakad sila. Nang makarating na sila sa opisina, sinabi ng ama, "Ah, palagay ko sira na ang clutch mo kaya ka nagkaproblema."

Samantala, nanggagalaiti na sa galit si Vern. "Ano ang pakialam ko sa clutch niya?" naisip niya. "Tumawag na po tayo ng pulis para matapos na ito." Ngunit patuloy pa rin sa pagsasalita ang kanyang ama. "Vern, ikuha mo siya ng clutch. Ikuha mo rin siya ng throwout bearing. At saka pressure plate. Maaayos na niyan ang kotse." Iniabot ng ama ang lahat ng piyesa sa binata na nagtangkang magnakaw at sinabi, "Kunin mo ang mga ito. At heto pa ang transmission. "Hindi mo kailangang magnakaw, iho. Humingi ka lang. May solusyon sa bawat problema. Handang tumulong ang mga tao."

Ayon kay Brother Vern Crowley natutuhan niya ang isang di-malilimutang aral tungkol sa pagmamahal nang araw na iyon. Madalas nang nagpabalik-balik sa lote ang binata mula noon. Buwan-buwan, kusa niyang binayaran ang lahat ng piyesang ibinigay sa kanya ni Vic Crowley, pati na ang transmission. Sa mga pagpuntang iyon, tinanong niya si Vern kung bakit ganoon ang ugali ng kanyang ama at bakit niya ginawa iyon. Sinabi ni Vern ang ilan sa mga paniniwala ng mga Banal sa mga Huling Araw at kung gaano kamahal ng kanyang ama ang Panginoon at ang mga tao. Kalaunan ay nabinyagan ang muntik nang maging magnanakaw. Sinabi ni Vern kalaunan, "Mahirap na ngayong ilarawan ang nadama ko at ang pinagdaanan ko sa karanasang iyon. Bata pa rin ako noon. Nahuli ko ang magnanakaw. Ipapataw ko na dapat ang pinakamatinding parusa. Ngunit ibang paraan ang itinuro sa akin ng aking ama."

Ibang paraan? Mas mainam na paraan? Mas mataas na paraan? Higit na mabuting paraan? Makikinabang nang lubos ang mundo sa napakagandang aral na ito sa buhay. Tulad ng ipinahayag ni Moroni:

"Kaya nga, sinuman ang maniniwala sa Diyos ay maaaring umasa nang may katiyakan para sa isang daigdig na higit na mainam. . . .

"Subalit sa paghahandog ng kanyang Anak, ang Diyos ay naghanda ng higit na mabuting paraan." (Eter 12:4, 11.)[12]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Ano ang ibig sabihin ni Pangulong Hunter nang tukuyin niya ang dalawang dakilang utos bilang "touchstone ng Panginoon"? (Tingnan sa bahagi 1.) Pag-isipan kung paano ninyo sasagutin ang mga tanong ni Pangulong Hunter sa pagtatapos ng bahagi 1.
- Repasuhin ang salaysay ni Pangulong Hunter tungkol sa mabuting Samaritano (tingnan sa bahagi 2). Ano ang matututuhan natin mula sa mga turong ito tungkol sa pagmamahal sa ating kapwa? Paano natin mapag-iibayo ang pagmamahal natin sa mga yaong "mahirap mahalin"?
- Sa bahagi 3, itinuturo ni Pangulong Hunter na dapat nating mahalin at paglingkuran ang iba sa mga oras ng kanilang mga

pagdurusa. Paano kayo napagpala ng isang taong nagmahal at naglingkod sa inyo sa oras ng pangangailangan?

- Pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa pagtulad sa halimbawa ng pag-ibig sa kapwa-tao ng Tagapagligtas (tingnan sa bahagi 4). Paano tayo magkakaroon ng ibayong pagmamahal sa iba? Paano tayo higit na makapagpapakita ng pagmamahal?
- Sa bahagi 5, nirepaso ni Pangulong Hunter ang ilang paraan na naipakita ni Cristo ang Kanyang pagmamahal. Kailan ninyo nadama ang pagmamahal ng Tagapagligtas sa inyong buhay? Anong mga pagpapala ang dumating sa inyo nang "[magpakita] kayo ng dalisay na pag-ibig ni Cristo"?
- Ano ang matututuhan natin mula sa kuwento ni Pangulong Hunter tungkol kay Vern Crowley? (Tingnan sa bahagi 6.) Paano natin mapapalitan ng pagmamahal sa kapwa ang nararamdaman nating "galit at paghihiganti"? Anong mga karanasan ang nakatulong sa inyo na matutuhan na ang pag-ibig sa kapwa-tao ay isang "higit na mabuting paraan"?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mateo 25:31–46; I Mga Taga Corinto 13; Mga Taga Efeso 4:29–32; I Ni Juan 4:20; Mosias 4:13–27; Alma 34:28–29; Eter 12:33–34; Moroni 7:45–48; D at T 121:45–46

*Tulong sa Pag-aaral*

"Ang paggawa ayon sa iyong natutuhan ay magdudulot ng karagdagan at matatag na kaalaman (tingnan sa Juan 7:17)" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo* [2004], 21). Isiping itanong sa inyong sarili kung paano ninyo maipamumuhay ang mga turo ng ebanghelyo sa tahanan, sa trabaho, at sa inyong mga responsibilidad sa Simbahan.

## Mga Tala

1. "The Gifts of Christmas," *Ensign,* Dis. 2002, 18.
2. John S. Welch, sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 119.
3. Betty C. McEwan, "My Most Influential Teacher," *Church News,* Hunyo 21, 1980, 2.
4. Carolyn Sessions Allen, sa "Loved by All Who Knew Him: Stories from Members," *Ensign,* Abr. 1995, 20.
5. Sa Thomas S. Monson, "President Howard W. Hunter: A Man for All Seasons," 33.
6. Sa Knowles, *Howard W. Hunter,* 185.
7. "The Lord's Touchstone," *Ensign,* Nob. 1986, 34.
8. "The Lord's Touchstone," 34–35.
9. "The Lord's Touchstone," 35.
10. "A More Excellent Way," *Ensign,* Mayo 1992, 61.
11. "A More Excellent Way," 61–62.
12. "A More Excellent Way," 62.

# Pananampalataya at Patotoo


*"Ang pinakadakilang tagumpay sa buhay ay ang mahanap ang Diyos at malaman na Siya ay buhay."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Nagsimulang magkaroon ng patotoo si Howard W. Hunter noong siya ay bata pa sa Boise, Idaho. Bagama't ang kanyang ama noon ay hindi miyembro ng Simbahan, pinalaki siya ng kanyang ina sa ebanghelyo. "Sa kanya kami natutong magdasal," paggunita niya. "Nakatanggap ako ng patotoo nang tinuruan ako ng aking ina noong bata pa ako."[1]

Lumakas ang patotoo ni Howard sa pagdaan ng mga taon. Noong nasa 20s ang edad niya at nakatira siya sa Los Angeles, California, naunawaan niya ang kahalagahan ng seryosong pag-aaral ng ebanghelyo. Isinulat niya: "Bagama't halos buong buhay akong dumalo sa mga klase sa Simbahan, ang talagang nakapukaw sa akin sa ebanghelyo ay ang isang klase sa Sunday School sa Adams Ward na tinuturuan ni Brother Peter A .Clayton. Napakarami niyang alam at kaya niyang bigyang-inspirasyon ang mga kabataan. Pinag-aralan ko ang mga lesson, binasa ang mga assignment na ibinigay niya sa amin, at nakibahagi sa pagtalakay sa nakaatas na mga paksa. . . . Itinuturing ko ang panahong ito ng buhay ko na panahon na nagsimulang mahayag sa akin ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Noon pa man ay may patotoo na ako sa ebanghelyo, ngunit noon ko lamang naunawaan ito."[2]

Maraming taon kalaunan, ipinaliwanag ni Pangulong Hunter: "Dumarating ang panahon na nauunawaan natin ang mga alituntunin ng paglikha sa atin at kung sino tayo. Biglang nagiging maliwanag sa atin ang mga bagay na ito at naaantig ang ating puso. Ito ang panahon na nakatatanggap tayo ng patotoo at alam natin nang walang pagdududa na ang Diyos ang ating ama—na siya ay buhay, na siya ay totoo, na tayo ay literal niyang mga anak."[3]



*"Ang pinakamahalagang paghahanap ay ang paghahanap sa Diyos—alamin kung siya ay totoo at buhay, kung ano ang kanyang personal na mga katangian, at magtamo ng kaalaman sa ebanghelyo ng kanyang Anak na si Jesucristo."*

Hinggil sa pananampalataya at patotoo ni Pangulong Hunter, sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Para kay Pangulong Hunter . . . naroon ang malaking kapangyarihan ng pananampalataya. Naroon ang tiyak na kaalaman tungkol sa mga bagay na banal at ng mga bagay na walang hanggan. . . . [Siya] ay may tunay at tiyak na patotoo na buhay ang Diyos, ang ating Amang Walang Hanggan. Ipinahayag niya nang may matinding pananalig ang kanyang patotoo sa kabanalan ng Panginoong Jesucristo, ang Manunubos ng sangkatauhan."[4]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

**1**

### Sa pamamagitan ng pananampalataya, mahahanap natin ang Diyos at malalaman na Siya ay buhay.

Ang pinakamalaking tagumpay sa buhay ay ang mahanap ang Diyos at malaman na Siya ay buhay. Tulad ng anupamang ibang nararapat na tagumpay, matatamo lamang ito ng mga naniniwala at sumasampalataya sa bagay na sa una ay maaaring hindi malinaw.[5]

Sa pagbaling ng isipan ng tao sa Diyos at sa mga bagay na nauukol sa Diyos, dumaranas ng espirituwal na pagbabago ang tao. Iniaangat siya nito mula sa pangkaraniwan at nagbibigay sa kanya ng isang marangal at maka-Diyos na pagkatao. Kung may pananampalataya tayo sa Diyos, ginagamit natin ang isa sa mga dakilang batas ng buhay. Ang pinakamakapangyarihang puwersa sa likas na tao ay ang espirituwal na kapangyarihan ng pananampalataya.[6]

Ang pinakamahalagang paghahanap ay ang paghahanap sa Diyos—alamin kung siya ay totoo at buhay, kung ano ang kanyang personal na mga katangian, at magtamo ng kaalaman sa ebanghelyo ng kanyang Anak na si Jesucristo. Hindi madaling magtamo ng ganap na pang-unawa tungkol sa Diyos. Ang paghahanap ay nangangailangan ng masigasig na pagsisikap, at may ilan na kailanma'y hindi kumikilos para matamo ang kaalamang ito. . . .

Naghahanap man ng kaalaman sa siyensya o nagnanais na tuklasin ang Diyos, kailangan ay may pananampalataya ang isang tao. Ito ang nagiging simula. Ang pananampalataya ay binigyang-kahulugan sa maraming paraan, ngunit ang pinaka-klasikong kahulugan ay

ibinigay ng may-akda ng liham sa mga Hebreo sa makahulugang mga katagang ito: "Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita." (Heb. 11:1.) Sa madaling salita, ang pananampalataya ay nagbibigay sa atin ng pag-asa sa inaasam natin at tiwala sa mga bagay na hindi natin nakikita. . . . Ang mga taong taimtim na naghahanap sa Diyos ay hindi siya nakikita, ngunit alam nila na siya ay totoo at buhay sa pamamagitan ng pananampalataya. Higit pa ito sa pag-asa. Dahil sa pananampalataya ito ay nagiging pananalig—ang katibayan ng mga bagay na hindi nakikita.

Ang may-akda ng sulat sa mga Hebreo [na si Apostol Pablo] ay nagpatuloy: "Sa pananampalataya ay natatalastas natin na ang sanglibutan ay natatag sa pamamagitan ng salita ng Dios, ano pa't ang nakikita ay hindi ginawa sa mga bagay na nakikita." (Heb. 11:3.) Inilarawan dito ang pananampalataya bilang paniniwala o pananalig na ang mundo ay nilikha sa salita ng Diyos. Walang mga saksing mailalabas upang patunayan ang katotohanang ito, ngunit dahil sa pananampalataya, nagkakaroon tayo ng kaalaman na ang nakikita natin sa mga kababalaghan ng mundo at sa buong kalikasan ay likha ng Diyos. . . .

Matibay ang pananalig ko na totoong mayroong Diyos—na siya ay buhay. Siya ang ating Ama sa Langit, at tayo ang kanyang mga anak sa espiritu. Nilikha niya ang langit at lupa at lahat ng bagay sa lupa at ang may-akda ng mga walang-hanggang batas na namamahala sa sansinukob. Natutuklasan ang mga batas na ito nang paunti-unti habang patuloy na nagsasaliksik ang tao, ngunit ang mga ito ay umiiral lagi at mananatili nang hindi nagbabago magpakailanman.[7]

2

## Upang malaman na mayroong Diyos, kailangan tayong sumampalataya, gawin natin ang Kanyang kalooban, at ipagdasal natin na makaunawa tayo.

Upang malaman kung mayroong Diyos, kailangan nating sundan ang landas na tinukoy niya para sa paghahanap. Ang landas na ito ay mahirap; kailangan dito ang pananampalataya at pagsisikap, at hindi madali ang landas na tatahakin. Dahil dito maraming tao ang hindi itutuon ang sarili sa napakahirap na gawaing patunayan sa

kanilang sarili na mayroong Diyos. Sa kabilang banda, may ilang tumatahak sa madaling landas at itinatatwa na may Diyos o sinusundan na lang ang landas ng kawalang-katiyakan. . . .

. . . Kung minsan ang pananampalataya ay paniniwala na totoo ang isang bagay kahit hindi sapat ang katibayan para malamang totoo ito. Dapat ay patuloy tayong maghanap ng kaalaman at sumunod sa payo na: "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan: Sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan." (Mat. 7:7–8.) . . .

Naniniwala ang lahat na hindi natin makukuha ang mga bagay na mahalaga kung hindi tayo handang magsikap. Hindi magiging maalam ang isang iskolar kung hindi siya nag-aral at nagpunyagi para magtagumpay. Kung hindi siya handang gawin ito, maaari ba niyang sabihin na walang tinatawag na scholarship? . . . Isang kahangalang sabihin ng tao na walang Diyos dahil lang sa wala siyang hangad na hanapin siya.

. . . Para magkaroon ng matibay na kaalaman ang tao na mayroong Diyos, kailangan niyang sundin ang mga utos at doktrinang ipinaalam ng Tagapagligtas noong personal siyang magministeryo. . . . Yaong mga handang maghanap, nagsisikap, at ginagawa ang kalooban ng Diyos, ay malalaman na totoong may Diyos.

Kapag nahanap ng isang tao ang Diyos at nauunawaan ang kanyang mga paraan, nalalaman niya na walang anumang bagay sa sansinukob na nagkataon lamang na umiiral, kundi lahat ng bagay ay bunga ng banal na planong ginawa ng Diyos noon pa man. Nagkaroon ng napakagandang kahulugan ang kanyang buhay! Nagkaroon siya ng kaalaman na higit pa sa kaalaman ng mundo. Ang kariktan ng mundo ay lalo pang gumanda, ang kaayusan ng sansinukob ay lalong naging makabuluhan, at lahat ng likha ng Diyos ay lalong nauunawaan habang nasasaksihan niya ang mga araw na likha ng Diyos na dumarating at lumilipas at ang mga panahon ay maayos ang pagkakasunod-sunod.[8]

Ipinaliwanag ni Cristo, noong kanyang ministeryo, ang paraan na malalaman ng isang tao ang katotohanan tungkol sa Diyos. Sabi niya, "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili." (Juan 7:17.) Ipinaliwanag

din ng Panginoon ang kalooban ng Ama at ang dakilang utos sa ganitong paraan, "Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo." (Mat. 22:37.) Yaong mga magsisikap na gawin ang kalooban ng Diyos at sundin ang kanyang mga kautusan ay tatanggap ng personal na paghahayag tungkol sa kabanalan ng gawain ng Panginoon sa pagpapatotoo ng Ama.

Sa mga naghahangad na makaunawa, sinabi ni Santiago kung paano ito matatamo: "Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya." (Santiago 1:5.) Tila hindi naman tinutukoy ni Santiago ang isang kaalamang kaugnay ng siyensya, kundi ang paghahayag na nagmumula sa kaitaasan na sumasagot sa tanong ng tao dahil sa pagsunod sa payong ito na magdasal. . . .

Kung gayon ay may pormula tayo sa paghahanap sa Diyos at mga kagamitan upang maisakatuparan ang paghahanap—pananampalataya, pagmamahal, at panalangin. Ang siyensya ay nakagawa ng kagila-gilalas na bagay para sa tao, ngunit hindi nito magagawa ang mga bagay na dapat niyang gawin para sa kanyang sarili, na ang pinakadakila ay ang malaman na totoong mayroong Diyos. Ang gawain ay hindi madali; ang trabaho ay hindi magaan; ngunit tulad ng sabi ng Panginoon, "Dakila ang kanilang gantimpala at walang hanggan ang kanilang kaluwalhatian." (D at T 76:6.)[9]

3

**Dapat tayong maniwala upang makakita.**

*Gusto ni Tomas na makakita muna bago siya maniwala.*

Noong gabi ng araw ng pagkabuhay na mag-uli, nagpakita si Jesus at tumayo sa gitna ng kanyang mga disipulo sa nakapinid na silid. Ipinakita niya sa kanila ang kanyang mga kamay na ipinako at ang kanyang tagiliran na tinusok ng sibat. Si Tomas, na isa sa labindalawa, ay wala roon nang mangyari ito, ngunit sinabi sa kanya ng iba na nakita nila ang Panginoon at na nangusap siya sa kanila. . . . Nagduda si Tomas, at sinabi sa mga disipulo:

". . . Malibang aking makita sa kaniyang mga kamay ang butas ng mga pako, at maisuot ko ang aking daliri sa butas ng mga pako,

at maisuot ko ang aking kamay sa kaniyang tagiliran, ay hindi ako sasampalataya." (Juan 20:25.)

. . . Kahit paano, kinakitaan si Tomas ng pag-uugali ng mga tao sa ating panahon. Hindi siya makukumbinsi sa anumang bagay na hindi niya nakikita, kahit nakasama niya ang Panginoon at alam ang kanyang mga turo hinggil sa pananampalataya at pag-aalinlangan. . . . Hindi mapapalitan ng pananampalataya ang pag-aalinlangan kapag nais munang may madama o makita ang isang tao bago maniwala.

Ayaw umasa ni Tomas sa pananampalataya. Gusto niya ng malinaw na katibayan ng mga bagay-bagay. Gusto niya ng kaalaman, hindi pananampalataya. Ang kaalaman ay may kaugnayan sa nakaraan dahil ang ating nakaraang mga karanasan ang nagbibigay sa atin ng kaalaman, ngunit ang pananampalataya ay may kaugnayan sa hinaharap—sa kawalang-katiyakan na hindi pa natin naranasan.

Iniisip natin na si Tomas ay isang taong nakasama at nakausap ng Panginoon, at isa sa mga napili niya. Sa ating kalooban iniisip natin na sana ay nagtuon si Tomas sa hinaharap nang may tiwala sa mga bagay na hindi pa nakikita noon, sa halip na sabihing, "Kailangan ko munang makita bago ako maniwala." . . .

*Pananampalataya ang nagbibigay sa atin ng tiwala sa mga bagay na hindi nakikita.*

Isang linggo pagkaraan, nagkasamang muli ang mga disipulo sa bahay ring iyon sa Jerusalem. Sa pagkakataong ito ay kasama na nila si Tomas. Nakapinid ang pinto, ngunit dumating si Jesus at tumayo sa gitna nila at sinabing, "Kapayapaan ang sumainyo.

"Nang magkagayo'y sinabi niya kay Tomas, Idaiti mo rito ang iyong daliri, at tingnan mo ang aking mga kamay; at idaiti mo rito ang iyong kamay, at isuot mo siya sa aking tagiliran: at huwag kang di mapanampalatayahin, kundi mapanampalatayahin." (Juan 20:26–27.) . . .

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, [Tomas,] Sapagka't ako'y nakita mo ay sumampalataya ka: mapapalad yaong hindi nangakakita, at gayon ma'y nagsisampalataya." ([Juan] 20:29.)

Ang pangyayaring ito ay itinuturing na isa sa dakilang mga aral sa lahat ng panahon. Sinabi ni Tomas, "Kailangan ko munang makita

bago ako maniwala," ngunit sumagot si Cristo: "Kailangan mo munang maniwala bago mo makita." . . .

Ang klasikong halimbawa ng pananampalataya ay inilarawan ni Apostol Pablo sa kanyang Sulat sa mga Hebreo: "Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita." (Heb. 11:1.)

Ang pahayag na ito ay hindi nangangahulugan ng ganap na kaalaman, kundi inilalarawan ang pananampalataya bilang siyang nagbibigay ng kapanatagan o tiwala sa mga bagay na magaganap pa lang. Ang mga bagay na ito ay maaaring umiiral na, ngunit sa pamamagitan lamang ng pananampalataya mauunawaan ang mga ito. Ang pananampalataya ay nagbibigay sa atin ng tiwala sa mga bagay na hindi nakikita o may tiyak na katibayang maibibigay.

Tila nawalan ng tiwala si Tomas sa hinaharap. Umasa siya sa nakaraan. Gusto niya ng katibayan sa bagay na hindi pa nakikita noon. Ang mga taong wala o kulang sa pananampalataya, ay nabubuhay sa nakaraan—nawawalan ng pag-asa sa hinaharap. Napakalaking pagbabago ang nagaganap sa buhay ng isang tao na napagtanto na ang matibay na pananampalataya ay nagbibigay ng katiyakan at tiwala.

*Ang lalaking isinilang na bulag ay hindi nag-alinlangan; naniwala siya sa Tagapagligtas.*

Kung babalikan natin ang ikasiyam na kabanata ng Juan, mababasa natin ang isa pang pangyayari na naganap sa Jerusalem kung saan ang isang lalaking ipinanganak na bulag ay nakakita. Araw ng Sabbath iyon, at si Jesus ay nasa paligid ng templo nang makita niya ang bulag na lalaki, at tinanong siya ng kanyang mga disipulo:

". . . Rabi, sino ang nagkasala, ang taong ito, o ang kaniyang mga magulang, upang siya'y ipanganak na bulag?

"Sumagot si Jesus, Hindi dahil sa ang taong ito'y nagkasala, ni ang kaniyang mga magulang man: kundi upang mahayag sa kaniya ang mga gawa ng Dios.

"Kinakailangan nating gawin ang mga gawa niyaong nagsugo sa akin, samantalang araw: dumarating ang gabi, na walang taong makagagawa.

"Samantalang ako'y nasa sanglibutan, ako ang ilaw ng sanglibutan." (Juan 9:2–5.)

Pagkatapos ay lumura si Jesus sa lupa at pinapagputik ang lura. Pinahiran niya ng putik ang mga mata ng lalaking bulag at sinabi rito na maghugas sa tangke ng Siloe. Kung siya si Tomas, hahayo kaya siya gaya ng iniutos sa kanya o itatanong niya ito: "Ano ang buting idudulot ng paghuhugas sa maruming tubig ng mabahong lawang iyon?" o "Anong sangkap na gamot ang mayroon sa lurang inihalo sa lupa?" Tila makatwiran naman ang mga tanong na ito, ngunit kung ang bulag na lalaki ay nag-alinlangan at nagduda, bulag pa rin sana siya. Dahil may pananampalataya, naniwala siya at ginawa niya ang sinabi sa kanya. Siya'y humayo at naghugas sa tangke at nagbalik na nakakakita. Maniwala upang makakita. . . .

*"Mapapalad yaong hindi nangakakita, at gayon ma'y nagsisampalataya."*

Ang lalaking bulag ay naniwala at tinulutang makakita. Hindi naniwala si Tomas hangga't hindi niya nakikita. Ang mundo ay puno ng mga Tomas, pero marami ang gaya ng lalaking bulag sa Jerusalem. Nakikilala ng mga missionary ng Simbahan ang dalawang klase ng taong ito araw-araw habang inihahatid nila ang kanilang mensahe sa mundo, ang mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. . . . Ang ilan ay naniniwala, sumasampalataya, at nabibinyagan. Ang ilan ay hindi ito tatanggapin dahil hindi nila ito nadarama o nakikita.

Walang positibo, kongkreto, at nahahawakang katibayan na ang Diyos ay buhay, ngunit milyun-milyong tao ang nakakaalam na siya ay buhay sa pamamagitan ng pananampalataya na bumubuo ng katibayan ng lahat ng bagay na hindi nakikita. Marami ang nagsasabi sa mga missionary, "Magpapabinyag ako kung mapapaniwalaan ko na si Joseph Smith ay dinalaw ng Ama at ng Anak." Para sa katotohanang ito walang positibo, kongkreto, at nahahawakang katibayan, ngunit para sa mga naaantig ng Espiritu, pananampalataya ang magsisilbing katibayan ng lahat ng bagay na hindi nakikita. Alalahanin ang mga salita ng ipinakong Panginoon nang tumayo siya sa harapan ni Tomas:

"Mapapalad yaong hindi nangakakita, at gayon ma'y nagsisampalataya." ([Juan] 20:29.)



*"Ang lalaking bulag ay naniwala at tinulutang makakita."*

## *Ang mga naniniwala sa pamamagitan ng pananampalataya ay makakakita.*

Idaragdag ko ang aking patotoo sa patotoo ng libu-libong missionary na ang Diyos ay buhay, na si Jesus ang Tagapagligtas ng sanlibutan, na yaong mga maniniwala sa pamamagitan ng pananampalataya ay makakakita.[10]

4

## Ang pagkilos ayon sa ating pananampalataya ay humahantong sa personal na patotoo.

Bilang mga anak tinatanggap natin na totoo ang mga bagay na sinasabi sa atin ng ating mga magulang o guro dahil sa tiwala natin sa kanila. Ang isang batang lalaki ay tatalon mula sa mataas na lugar nang walang takot kapag sinabi sa kanya ng kanyang ama na sasaluhin siya nito. Naniniwala ang musmos na hindi siya hahayaang bumagsak ng kanyang ama. Habang lumalaki ang mga bata, nagsisimula na silang mag-isip para sa kanilang sarili, magduda at mag-alinlangan sa

mga bagay na hindi nakikita o walang mapanghawakang katibayan. Nahahabag ako sa mga kabataang lalaki at babae na nagkakaroon na ng mga pag-aalinlangan sa kanilang isipan at nalilito kung paano lulutasin ang mga pagdududang iyon. Ang mga pag-aalinlangang ito ay maaaring malutas, kung sila ay may tapat na hangaring malaman ang katotohanan, sa paggamit ng kanilang moralidad, espirituwalidad, at mentalidad. Malalampasan nila ang alalahaning ito at magtataglay ng mas matatag, mas malakas, at mas malaking pananampalataya dahil sa pagpupunyagi. Mula sa simpleng pananampalataya, sa gitna ng pag-aalinlangan at pagtatalo ng isipan, magkakaroon sila ng matibay na pananampalataya na hahantong sa patotoo.[11]

Gumugugol ng ilang oras sa pag-eeksperimento sa mga laboratoryo ang mga estudyante upang mahanap ang katotohanan. Kung gagawin din nila iyon sa pananampalataya, panalangin, pagpapatawad, pagpapakumbaba at pagmamahal, magkakaroon sila ng patotoo tungkol kay Jesucristo, ang tagapagbigay ng mga alituntuning ito.[12]

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay hindi lamang ebanghelyo ng paniniwala: ito ay planong isinasagawa. . . . Hindi niya sinabing "obserbahan" mo ang aking ebanghelyo; ang sabi niya'y "ipamuhay" ito! Hindi niya sinabing, "Tingnan mo ang magandang kaayusan at simbolismo nito"; ang sinabi niya ay, "Humayo, gawin, tingnan, damhin, magbigay, maniwala!" . . .

Ang pagkilos ay isa sa pinakamahahalagang pundasyon ng personal na patotoo. Ang pinakamatibay na patotoo ay nagmumula mismo sa sariling karanasan. Nang pagdudahan ng mga Judio ang doktrinang itinuro ni Jesus sa templo, ang sagot niya, ". . . ang turo ko ay hindi akin, kundi doon sa nagsugo sa akin." Pagkatapos ay idinagdag niya ang susi sa pagkakaroon ng personal na patotoo, "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili." (Juan 7:16–17.)

Naririnig ba natin ang kailangang gawin sa pahayag na ito ng Tagapagligtas? "Kung ang sinomang tao ay . . . *[gagawa]* . . . ay *[makakikilala!]*" Naunawaan ni Juan ang kahalagahan nito at binigyang-diin ang kahulugan nito sa kanyang [sulat]. Sabi niya, "Ang nagsasabing siya'y nananahan sa kaniya ay nararapat din namang lumakad na gaya ng inilakad niya." (I Ni Juan 2:6.)

Ang pagsasabi, pagtanggap, at paniniwala lamang ay hindi sapat. Hindi kumpleto ang mga ito hangga't hindi nakikita sa kanilang araw-araw na pamumuhay ang mga paniniwala nilang iyon. Ito, kung gayon, ang pinakamainam na mapagkunan ng personal na patotoo. Alam ito ng tao dahil naranasan niya. Hindi niya sasabihing "Sabi ni Brother Jones totoo raw ito, at naniniwala ako sa kanya." Masasabi niyang, "Naipamuhay ko ang alituntuning ito, at alam ko na nakakatulong ito dahil naranasan ko ito mismo. Naramdaman ko ang impluwensya nito, nasubok ang kapakinabangan nito, at alam ko na ito ay mabuti. Mapapatotohanan ko sa sarili kong kaalaman na ito ay isang tunay na alituntunin."

Maraming tao ang may gayong patotoo sa sarili nilang buhay ngunit hindi nauunawaan ang kahalagahan nito. Kamakailan ay sinabi ng isang dalaga, "Wala akong patotoo sa ebanghelyo. Sana nga mayroon. Tinatanggap ko ang mga turo nito. Alam kong nakakatulong ito sa buhay ko. Nakikita kong nakakatulong ito sa buhay ng ibang tao. Kung sasagutin lang sana ng Panginoon ang mga panalangin ko at bibigyan ako ng patotoo, ako na ang isa sa pinakamasasayang taong nabubuhay sa mundo!" Ang gusto ng dalagang ito ay pakitaan siya ng isang mahimalang pangyayari; subalit nasaksihan na niya ang himala ng ebanghelyo na nagpapaibayo at nagpapasigla sa kanyang buhay. Sinagot *na* ng Panginoon ang kanyang mga dalangin. Siya *ay* may patotoo, ngunit hindi niya natukoy ito nang ganoon.[13]

Bilang isang inorden na Apostol at natatanging saksi ni Cristo, ibinibigay ko sa inyo ang aking taimtim na patotoo na si Jesucristo ay tunay na Anak ng Diyos. . . . Nagpapatotoo ako sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Alam ko na totoong may Cristo na parang nakita mismo ng aking mga mata at narinig ng aking mga tainga. Alam ko rin na pagtitibayin ng Espiritu Santo ang katotohanan ng aking patotoo sa puso ng lahat ng nakikinig nang may pananampalataya.[14]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Itinuro ni Pangulong Hunter na "ang pinakadakilang tagumpay sa buhay ay ang mahanap ang Diyos at malaman na Siya ay buhay" (bahagi 1). Ano ang papel na ginagampanan ng pananampalataya sa paghahanap na iyan? Ano ang mga karanasang nakatulong sa inyo na mahanap ang Diyos at malaman na Siya ay buhay?

- Sabi ni Pangulong Hunter "ang gawain ay hindi madali" at "ang trabaho ay hindi magaan" para malaman na totoong mayroong Diyos. Sa palagay ninyo bakit kailangan ang determinadong pagsisikap para matamo natin ang kaalamang iyan? Bakit mahalaga ang pagsunod sa mga utos upang makilala ang Diyos?
- Sa bahagi 3, ikinumpara ni Pangulong Hunter si Tomas sa lalaking bulag para ituro sa atin na kung tayo ay maniniwala, tayo ay makakakita. Paano ninyo maiaangkop sa inyong buhay ang mga kabatiran ni Pangulong Hunter sa mga kuwentong ito? Paano ginawang posible ng pagsampalataya na makakita kayo?
- Repasuhin ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa pagkilos ayon sa ating pananampalataya bilang susi sa pagtatamo ng patotoo (tingnan sa bahagi 4). Ano ang ilang paraan na makakakilos kayo ayon sa inyong pananampalataya? Paano maaalis ng pananampalataya ang takot? Paano mas napalakas ng pagkilos ayon sa inyong pananampalataya ang inyong patotoo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Juan 17:3; Sa Mga Hebreo 11:1–6; Alma 5:45–48; 30:40–41; 32:26–43; Eter 12:4, 6–22; Moroni 10:4–5; D at T 42:61

*Tulong sa Pagtuturo*

"Magtanong ng mga katanungan na humihingi sa mga mag-aaral na hanapin ang mga kasagutan sa mga banal na kasulatan at sa mga turo ng mga propeta sa mga huling araw" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 76).

## *Mga Tala*

1. Sa J M. Heslop, "He Found Pleasure in Work," *Church News,* Nob. 16, 1974, 4, 12.
2. Sa Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 70–71.
3. *The Teachings of Howard W. Hunter,* ed. Clyde J. Williams (1997), 48.
4. Gordon B. Hinckley, "A Prophet Polished and Refined," *Ensign,* Abr. 1995, 35.
5. "Faith as the Foundation of Accomplishment," *Instructor,* Peb. 1960, 43.
6. Sa Conference Report, Abr. 1960, 124–25.
7. "To Know God," *Ensign,* Nob. 1974, 96–97.
8. Sa Conference Report, Abr. 1970, 7–10.
9. "To Know God," 97.
10. Sa Conference Report, Okt. 1962, 22–24.
11. "Secretly a Disciple?" *Improvement Era,* Dis. 1960, 948.
12. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 48.
13. Sa Conference Report, Abr. 1967, 115–16.
14. "An Apostle's Witness of Christ," *Ensign,* Ene. 1984, 70.



*Ang pagtuturo sa mga anak sa simbahan ay sumusuporta sa mga turo ng mga magulang sa tahanan.*

# Pagtuturo ng Ebanghelyo

*"Ang layunin ng pagtuturo . . . [ay] maging kasangkapan tayo sa mga kamay ng Panginoon sa pagbabago ng puso ng isang tao."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Noong pangkalahatang kumperensya ng Abril 1972, si Elder Howard W. Hunter, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay isa sa mga huling tagapagsalita sa isa sa mga sesyon. May inihanda siyang mensahe, ngunit kulang na ang natitirang oras sa sesyon para maibigay niya ito. "Nang tingnan ko ang orasan at natantong kulang na ang oras," sabi ni Elder Hunter, "itiniklop ko ang mensaheng inihanda ko at ibinulsa ito. Gayunpaman, hayaan ninyong ikuwento ko sandali ang isang maliit na pangyayaring nakintal sa isipan ko noong bata pa ako. Naalala ko ito nang mabanggit na kasama natin ngayong hapon ang isang malaking grupo ng matatapat na tao na nagtuturo sa ating mga kabataan.

"Nangyari ito noong isang umaga ng panahon ng tag-init. Nakatayo ako malapit sa bintana. Naharangan ako ng mga kurtina sa pagtanaw ko sa dalawang maliliit na nilalang na nasa damuhan. Ang isa ay malaking ibon at ang isa ay maliit na ibon, na halatang kaaalis lang sa pugad. Nakita kong lumukso ang malaking ibon sa damuhan, pagkatapos ay ikinahig ang paa nito at itinaas ang kanyang ulo. Nakakuha siya ng malaki at matabang uod sa damuhan at paluksu-luksong bumalik. Ibinuka nang malaki ng maliit na ibon ang kanyang tuka, ngunit nilulon ng malaking ibon ang uod.

"Pagkatapos ay nakita ko na lumipad ang malaking ibon sa isang puno. Tinuka-tuka nito ang puno nang ilang sandali at bumalik na may malaking kulisap sa kanyang bibig. Ibinuka nang malaki ng maliit na ibon ang kanyang tuka, ngunit nilulon ng malaking ibon ang kulisap. Sumisiyap-siyap na nagreklamo ang munting ibon.

"Ang malaking ibon ay lumipad palayo, at hindi ko na nakitang muli, ngunit minasdan ko ang maliit na ibon. Maya-maya pa, ang maliit na ibon ay lumukso sa damuhan, ikinahig ang kanyang paa sa lupa, itinaas ang kanyang ulo, at nakakuha ng isang malaking uod sa damuhan.

"Pinagpapala ng Diyos ang mabubuting tao na nagtuturo sa ating mga anak at kabataan."

Ang maikling mensahe ni Elder Hunter ay nailathala kalaunan at may pamagat na "A Teacher."[1]

Madalas bigyang-diin ni Howard W. Hunter ang kahalagahan ng mahusay na pagtuturo sa Simbahan. Inilahad niya ang mga alituntunin—tulad ng kahalagahan ng pagtuturo sa pamamagitan ng halimbawa, na inilarawan ng kuwento tungkol sa mga ibon—na makatutulong sa mga guro na maging mas epektibo sa pagpapala sa buhay ng kanilang mga tinuturuan. Madalas siyang magsalita sa mga guro ng mga bata at kabataan, tinutulungan sila na maunawaan ang kanilang sagradong responsibilidad sa bagong henerasyon. Sa isa sa gayong pagsasalita, sinabi niya:

"Sa harapan ko ngayon ay nakikita ko ang ilang piling espiritu ng mundo. . . . Sinisikap kong ilarawan sa isipan ko ang bawat isa [sa inyong mga guro] na ginagawa ang inyong sariling tungkulin. Iniisip ko kung anong uri ng bunga ang magiging resulta ng inyong gawain. Masisira ba ang ilan sa mga bungang iyon dahil hindi ninyo binungkal o nilinang ang lupa na ipinagkatiwala sa inyong pangangalaga; o lilinangin ba ninyo ang lupa upang ito ay magbunga ng maraming mabubuting bunga?

"Sa inyu-inyong ward at stake . . . naroon ang maraming anak ng ating Ama sa Langit. Tulad ninyo, sila ay hinirang sa kanyang harapan; ngunit, hindi tulad ninyo, marami sa kanila ang wala pang alam at marami ang bago pa sa ebanghelyo. Talagang napakalaki ng responsibilidad ninyo sa kanila. Ang kanilang buhay ay madaling maimpluwensiyahan, madaling mabaluktot, madaling mahubog, madaling maakay, kung inyong makukuha ang kanilang tiwala at kanilang puso. Kayo ang kanilang 'pastol.' Dapat ninyo silang akayin sa 'sariwang pastulan.' . . .

"Isang malaking hamon, isang masayang gawain, isang sagradong responsibilidad ang nasa inyo ngayon! . . . Kayo ay kailangang maging maalalahanin, maunawain, mabait, magiliw, may dalisay na puso, nagtataglay ng di-makasariling pagmamahal tulad ng taglay ng ating Panginoon, mapagpakumbaba, madasalin sa pagtupad sa inyong gawain na pakainin ang mga kordero na siyang ipinagagawa sa inyo ng Panginoon!"[2]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Tulungan ang iba na magkaroon ng tiwala sa mga banal na kasulatan.

Hinihikayat ko kayong gamitin ang mga banal na kasulatan sa inyong pagtuturo at gawin ang lahat sa abot ng inyong makakaya na tulungan ang mga estudyante na gamitin at makasanayan ang mga ito. Nais kong magkaroon ng tiwala ang ating mga kabataan sa mga banal na kasulatan, at gusto kong maunawaan ninyo ang mga katagang iyan sa dalawang paraan.

Una, nais naming magkaroon ng tiwala ang mga estudyante sa lakas at katotohanan ng mga banal na kasulatan, tiwala na ang kanilang Ama sa Langit ay talagang nangungusap sa kanila sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, at tiwala na maaari silang bumaling sa mga banal na kasulatan at mahanap ang mga sagot sa kanilang mga problema at mga panalangin. Iyan ay isang uri ng tiwala na umaasa akong maibibigay ninyo sa inyong mga estudyante, at maibibigay ninyo ito sa kanila kung ipapakita ninyo sa kanila sa araw-araw, oras-oras, na nagtitiwala kayo sa mga banal na kasulatan sa gayong tumpak na paraan. Ipakita sa kanila na kayo mismo ay nagtitiwala na ang mga banal na kasulatan ay may mga sagot sa marami—sa katunayan sa halos lahat—ng mga problema sa buhay. Kaya kapag nagturo kayo, magturo mula sa mga banal na kasulatan.

[Ang pangalawang] kahulugan na ipinapahiwatig sa mga katagang "tiwala sa mga banal na kasulatan" ay ang ituro nang lubusan sa mga estudyante ang mga pamantayang aklat ng mga banal na kasulatan nang sa gayon ay tiwala nilang babasahin ito, natututuhan ang mahahalagang talata at mga sermon at teksto na nakapaloob sa

mga ito. Umaasa kami na walang sinuman sa inyong mga estudyante ang lalabas ng klase nang takot o napahiya o nahihiya na hindi nila mahanap ang tulong na kailangan nila dahil hindi sapat ang kaalaman nila sa mga banal na kasulatan para makita ang angkop na mga talata. Bigyan ang mga kabataang ito ng sapat na kaalaman sa Biblia, sa Aklat ni Mormon, sa Doktrina at mga Tipan, at sa Mahalagang Perlas upang magkaroon sila ng dalawang uri ng tiwala na kababanggit ko pa lamang.

Madalas kong maisip na ang ating mga kabataan sa Simbahan ay halos magiging katulad lang ng mga kabataan sa labas ng Simbahan kung hindi sila magtataglay ng sapat na kasanayan at kahusayan sa paggamit ng mga pamantayang aklat ng mga banal na kasulatan. Naaalala nating lahat ang mga talatang isinulat ni Propetang Joseph noong nakakulong siya sa Liberty Jail. Kabilang sa mga isinulat niya, "Sapagkat marami pa sa mundo sa lahat ng pangkat, grupo, at sekta, na binubulag ng pandaraya ng mga tao, kung saan sila ay naghihintay upang manlinlang, at *na napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan"* (D at T 123:12; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Malaki ang responsibilidad natin bilang [mga guro] sa Simbahan na tiyakin na ang ating sariling mga miyembro at sariling mga kabataan, ay hindi mapabilang sa di-magandang kategoryang iyon ng pagiging bulag, ng pagiging mabubuti, mahuhusay, at mararapat na mga kabataang lalaki at babae na napagkaitan ng mga katotohanan ng mga banal na kasulatan dahil hindi nila alam kung saan matatagpuan ang mga katotohanang iyon at dahil wala silang tiwala [na gamitin] ang kanilang mga pamantayang aklat ng mga banal na kasulatan.[3]

**2**

## Magturo sa pamamagitan ng Espiritu.

Maghanda at mamuhay sa paraang mapapasainyo ang Espiritu ng Panginoon sa inyong pagtuturo. Napakaraming bagay sa ating mundo ang sumisira sa damdaming dulot ng Espiritu at napakaraming hadlang para mapasaatin ang Espiritu. Kailangan nating gawin ang lahat para sa mga kabataang ito na patuloy na nalalantad sa kamunduhang nakapaligid sa kanila. Kailangan nating gawin ang

lahat para madama nila ang magiliw, at pumapanatag na presensya ng Espiritu ng Panginoon. . . .

Sa isa sa pinakamahahalagang paghahayag sa dispensasyong ito, sinabi ng Panginoon, "At ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo" (D at T 42:14).

Naunawaan ko na ang ibig sabihin ng talatang ito ay hindi lamang tayo *hindi* magtuturo nang walang Espiritu, kundi talagang *hindi* tayo maaaring magturo nang wala ito. Ang pag-aaral lamang ng mga espirituwal na bagay ay hindi mangyayari kung wala ang nagtuturo at nagpapatibay na presensya ng Espiritu ng Panginoon. Tila sang-ayon dito si Joseph Smith: "Dapat ipangaral ng lahat ang Ebanghelyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan at impluwenisya ng Espiritu Santo; at hindi maipangangaral ninuman ang Ebanghelyo kung wala ang Espiritu Santo" [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith,* (2007), 389).

. . . Nababahala ako kapag ang matinding damdamin o pagdaloy ng luha ay itinuturing na presensya ng Espiritu. Totoong ang Espiritu ng Panginoon ay maaaring magdulot ng matitinding damdamin, kasama na ang pagluha, ngunit hindi dapat ipagkamali ang panlabas na manipestasyong iyon sa presensya mismo ng Espiritu.

Namasdan ko ang marami sa aking mga kapatid sa nakalipas na mga taon at magkasama naming naranasan ang ilang pambihira at hindi mailarawang espirituwal na karanasan. Ang mga karanasang iyon ay iba-iba, bawat isa ay namumukod-tangi sa sarili nitong paraan, at ang gayong mga sagradong sandali kung minsan ay may pagluha o kung minsan ay wala. Madalas na ganoon, ngunit kung minsan ang mga ito ay lubos na katahimikan lamang. Kung minsan naman may kasamang kagalakan ang mga ito. Palaging kasama ng mga ito ang dakilang pagpapakita ng katotohanan, ng paghahayag sa puso.

Ibigay sa inyong mga estudyante ang katotohanan ng ebanghelyo na mahusay na naituro; iyan ang paraan para mabigyan sila ng espirituwal na karanasan. Hayaan itong kusang dumating, marahil nang may pagluha, ngunit marahil ay hindi rin. Kung ang sinasabi ninyo ay katotohanan, at sinasabi ninyo ito nang dalisay at nang may matibay na pananalig, madarama ng mga estudyanteng iyon

ang katotohanan na itinuro sa kanila at makikilala ang inspirasyon at paghahayag na iyon na dumating sa kanilang mga puso. Ganyan tayo nagpapalakas ng pananampalataya. Ganyan tayo nagpapalakas ng mga patotoo—sa pamamagitan ng kapangyarihan ng salita ng Diyos na itinuro sa kadalisayan at nang may pananalig.

Makinig sa katotohanan, pakinggan ang doktrina, at hayaang dumating ang patunay ng Espiritu sa marami at iba't ibang uri nito. Manatili sa totoong mga alituntunin; magturo mula sa dalisay na puso. Sa gayon ang Espiritu ay papasok sa inyong isipan at puso at sa bawat isipan at puso ng inyong mga estudyante.[4]

3

**Anyayahan ang mga estudyante na tuwirang hanapin ang Diyos Ama at si Jesucristo.**

Tiyak ko na natatanto ninyo ang maaaring panganib ng . . . katapatan sa inyo ng inyong mga estudyante sa halip na sa ebanghelyo. . . . Kaya kailangang anyayahan ninyo ang inyong mga estudyante na saliksikin mismo ang mga banal na kasulatan, hindi lamang ipaliwanag at ilahad ang mga ito sa kanila. Kaya kailangang anyayahan ninyo ang inyong mga estudyante na damhin ang Espiritu ng Panginoon, hindi lamang ibigay sa kanila ang inyong sariling pagkaunawa rito. Kaya, ang pinakamahalaga, kailangang anyayahan ninyo ang inyong mga estudyante na lumapit kay Cristo, hindi lamang sa nagtuturo ng kanyang mga doktrina, gaano man siya kahusay. Hindi kayo palaging nariyan para sa mga estudyanteng ito. . . .

Ang ating malaking tungkulin ay bigyan ang mga estudyanteng ito ng kaalaman na *maaaring* magamit nila sa buong buhay nila, na maghahatid sa kanila sa kanya na nagmamahal sa kanila at gagabay sa kanila sa mga lugar na walang sinuman sa atin ang makapupunta. Mangyaring tiyakin na ang katapatan ng mga estudyanteng ito ay sa mga banal na kasulatan at sa Panginoon at sa mga doktrina ng ipinanumbalik na Simbahan. Ilapit sila sa Diyos Ama at sa Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo, at sa pamunuan ng totoong Simbahan. . . . Bigyan sila ng mga kaloob na magpapatatag sa kanila kapag kailangan nilang manindigang mag-isa. Kapag ginawa ninyo ito, ang buong Simbahan ay pagpapalain sa mga henerasyong darating.[5]



*"Sikapin sa abot ng makakaya ninyo na isa-isang isipin [ang mga estudyante], nang sa gayon ay may madama silang personal at espesyal sa pagmamalasakit ninyo, na kanilang guro."*

4

**Sikaping matulungan ang indibiduwal.**

Namamangha ako sa tuwina na ang Panginoon ay nakikipag-ugnayan sa atin nang personal at indibiduwal. Marami tayong ginagawa sa Simbahan bilang mga grupo, at kailangan natin ng sapat na organisasyon upang mapangasiwaan natin nang mabuti ang Simbahan, ngunit sa napakaraming mahahalagang bagay na ito—ang *pinakamahahalagang* bagay—ay ginagawa nang paisa-isa. Binabasbasan natin ang mga sanggol nang paisa-isa, sila man ay kambal o triplet. Binibinyagan at kinukumpirma natin ang mga bata nang paisa-isa. Nakikibahagi tayo ng sakramento, inoorden sa priesthood, o tumatanggap ng mga ordenansa sa templo bilang mga indibiduwal—bilang isang tao na nagkakaroon ng ugnayan sa ating Ama sa Langit. Maaaring nangyari na ito sa iba na malapit sa atin, tulad ng iba pa sa inyong klase, ngunit ang langit ay nakatuon sa bawat indibiduwal, sa bawat tao.

Nang magpakita si Cristo sa mga Nephita, sinabi Niya:

"Bumangon at lumapit sa akin, upang inyong maihipo ang inyong mga kamay sa aking tagiliran, at upang inyo ring masalat ang bakas ng pako sa aking mga kamay at aking mga paa. . . .

"At ito ay nangyari na, na ang maraming tao ay lumapit, at inihipo ang kanilang mga kamay sa kanyang tagiliran, at sinalat ang bakas ng pako sa kanyang mga kamay at kanyang mga paa; at ito ay ginawa nila, *isa-isang nagsilapit* hanggang sa ang lahat ay makalapit, *at nakita ng kanilang mga mata at nadama ng kanilang mga kamay,* at nalaman nang may katiyakan at nagpatotoo" (3 Nephi 11:14–15; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Mahabang panahon ang hinintay para sa karanasang iyon, ngunit ang mahalaga ay naranasan iyon ng bawat isa, na ang mga mata at kamay ng bawat isa ay nagkaroon ng matibay, at *sariling* patotoo. Kalaunan gayon din ang ginawa ni Cristo sa mga bata. "Kinuha ang kanilang maliliit na anak, *isa-isa,* at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila" (3 Nephi 17:21; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Magiging mahirap para sa inyo na ibigay ang lahat ng inyong personal na atensyon na kinakailangan ng ilan sa inyong mga estudyante, ngunit gawin ninyo ang lahat ng inyong makakaya na isa-isang isipin sila, na ipadama sa kanila ang personal at espesyal na pagmamalasakit ninyo, na kanilang guro. Manalangin na malaman kung sinong estudyante ang nangangailangan ng tulong, at manatiling madaling makahiwatig sa mga paramdam na iyon kapag dumating ang mga iyon. . . . Alalahanin na ang pinakamahusay na pagtuturo ay nagagawa nang paisa-isa at kadalasang nangyayari sa labas ng silid-aralan. . . .

Sa inyong paghahangad na maturuan ang bawat estudyante, tiyak na matutuklasan ninyo na ang ilan ay hindi kasinghusay ng iba at ang ilan ay hindi kailanman pumapasok sa klase. Personal na pagtuunan ng pansin ang ganitong mga estudyante; dagdagan ang pagsisikap na anyayahan at tulungan ang mga nawawalang tupa pabalik sa kawan. "Tandaan na ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos" (D at T 18:10). Hindi matutumbasan ang ginawa ng ating Tagapagligtas para sa bawat isa sa atin, at tungkulin natin na gawin ang lahat para tulungan Siya sa kanyang

gawain. Tungkulin nating tiyakin na ang kaloob na Pagbabayad-sala ay naipapaabot sa bawat kabataang lalaki o babae na responsibilidad natin. Sa sitwasyon ninyo, ang ibig sabihin nito ay mapanatili silang aktibo at laging dumadalo sa inyong klase.

Pagtuunan ng pansin lalo na ang mga maaaring nahihirapan, at humayo kung kinakailangan para hanapin ang nawawalang tupa. Ang isang sinulatang postcard, isang tawag sa telepono, o, hangga't maaari, ay personal na pagbisita sa bahay ay magbubunga ng maganda sa maraming sitwasyon. Ang personal na pagtutuon ng pansin sa isang kabataan na nagsisimula pa lamang malihis ay makababawas sa maraming oras—sa katunayan, sa maraming taon—ng pagsisikap nating ibalik sa pagiging aktibo ang taong iyon. Gawin ang lahat ng makakaya ninyo para patatagin pa ang malalakas na at matulungang lumakas ang mga nalilihis sa panahong ito.[6]

5

## Magturo sa pamamagitan ng halimbawa.

Talagang kinakailangan natin [bilang mga guro] na magpakita ng mabuting halimbawa, maging masigasig at maingat sa ating sariling buhay, panatilihing banal ang Araw ng Sabbath, igalang ang mga lider ng ward, stake, at ang Simbahan. Kailangang walang anumang masamang salita ang mamutawi sa ating labi na magbibigay sa sinumang bata ng karapatan o pribilehiyo na gumawa ng mali. Kung may mali tayong nasabi o nagawa, tiyak na ang mga bata ay magkakaroon ng karapatang gawin din ang gayon.

Ang pagpapakita ng mabuting halimbawa ay may mas matinding impluwensya kaysa sa pagtuturo lamang. Siya na maghihikayat sa iba na gawin ang tama ay dapat ding gawin niya mismo ang tama. Talagang totoo na siya na gumagawa ng mabuti dahil ang mga ito ay mabuti at hindi nagpapaimpluwensiya sa masasamang pag-uugali ng iba ay higit na gagantimpalaan kaysa sa isang taong nagtuturo nito ngunit hindi ito ginagawa. . . . Ginagaya ng mga bata ang mga taong pinagkakatiwalaan nila. Kung higit silang nagtitiwala, mas madali silang naiimpluwensiyahan sa kabutihan o kasamaan. Iginagalang ng lahat ng mabubuting Banal ang tunay na kabutihan saanman ito makita at sisikaping tularan ang lahat ng mabubuting halimbawa.[7]



*Ang mahusay na pagtuturo ng ebanghelyo ay humahantong sa "pagbabago ng kaluluwa ng tao."*

Ang pormula para sa isang mahusay na guro ay hindi lamang pagsunod at pagtataguyod sa mga kautusan ng Panginoon, kundi pagtatamo ng espiritu sa pagtuturo sa pamamagitan ng panalangin. Kapag nasa atin ang espiritung iyan at sinusunod natin ang mga kautusan ng Panginoon, at sumunod tayo sa Kanya, sa gayon ang buhay ng mga taong naimpluwensiyahan natin ay magbabago at sila ay mahihikayat na mamuhay nang matuwid.[8]

Kailangang magkaroon ang lahat ng guro ng personal na patotoo na ang Diyos ay buhay, ng patotoo sa banal na misyon ni Jesucristo, at na ang pagpapakita kay Joseph Smith ng Ama at Anak ay totoo. Hindi lamang siya kailangang magkaroon ng kaalaman at patotoo, kundi dapat din siyang maging masigasig sa pagpapahayag ng kanyang paniniwala nang walang pag-aatubili sa mga taong nagnanais matuto.[9]

6

## Maging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon sa pagtulong sa mga estudyante na maranasan ang mahimalang pagbabago ng puso.

Kapag nagturo ang guro ayon sa layon ng Panginoon, isang malaking himala ang nagaganap. Ang himala ng Simbahan ngayon ay

hindi ang pagpapagaling na napakarami na, hindi ang pagpapalakad ng pilay, pagbibigay ng paningin sa mga bulag, ng pandinig sa mga bingi, o pagpapagaling sa mga maysakit. Ang pinakamalaking himala ng Simbahan at kaharian ng Diyos sa ating mga araw at panahon ay ang pagbabago ng kaluluwa ng tao. Sa pagpunta namin sa mga stake at mission ng Simbahan, ito ang nakikita namin—ang pagbabago ng kaluluwa ng tao dahil may taong nagturo ng mga alituntunin ng katotohanan.

Tulad ito ng ipinahayag ni Alma, sa kanyang kapanahunan sa pagtuturo sa mga tao, nang sabihin niya: "At ngayon masdan, itinatanong ko sa inyo, aking mga kapatid [na lalaki at babae] sa simbahan, kayo ba ay espirituwal na isinilang sa Diyos? Inyo bang tinanggap ang kanyang larawan sa inyong mga mukha? Inyo bang naranasan ang malaking pagbabagong ito sa inyong mga puso?" (Alma 5:14.) Ito ang layunin ng pagtuturo. Ito ang dahilan kung bakit tayo masigasig na gumagawa, naghahangad ng Espiritu, at inihahanda ang ating isipan sa mabubuting bagay gaya ng iniutos ng Panginoon, upang tayo ay maging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon sa pagbabago ng puso ng isang tao. Ang ating mithiin ay maitimo sa puso ng mga bata ang hangaring maging mabuti, ang hangaring maging matuwid, ang hangaring sundin ang mga utos ng Panginoon, ang hangaring lumakad nang may pagpapakumbaba sa harapan Niya. Kung magiging kasangkapan tayo sa mga kamay ng Panginoon sa pagsasakatuparan ng malaking pagbabagong ito sa puso ng mga bata, kung gayon nakagawa na tayo ng malaking himala bilang guro. At talagang isang himala ito. Hindi natin nauunawaan kung paano binabago ng Panginoon ang puso ng tao, ngunit Siya lamang ang nakakaalam nito. . . .

Pinatototohanan ko sa inyo ang nagpapabagong kapangyarihan ng Espiritu sa buhay ng mga miyembro ng Simbahan. Hinihiling ko sa inyo . . . na patuloy na gumawa nang may kabutihan at kabanalan sa harapan ng Panginoon sa pagsasakatuparan ng gawaing iniatas niya sa inyo."[10]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

*Paalala: Maaari ninyong talakayin ang ilan sa mga sumusunod na tanong mula sa pananaw ng mga magulang na nagtuturo sa kanilang mga anak.*

- Hinihikayat ni Pangulong Hunter ang mga guro na tulungan ang mga estudyante na magkaroon ng "tiwala sa mga banal na kasulatan" (bahagi 1). Kailan nakatulong sa inyong sariling buhay ang mga banal na kasulatan? Kailan kayo nakahanap ng mga sagot sa mga tanong ninyo sa mga banal na kasulatan? Paano natin matutulungan ang iba, kabilang na ang mga kasama natin sa ating tahanan, na matutuhang mahalin ang mga banal na kasulatan at makinabang sa kapangyarihan ng mga ito?
- Ano ang matututuhan natin mula sa bahagi 2 tungkol sa pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu? Ano ang mga karanasan ninyo sa pagtuturo at pagkatuto sa pamamagitan ng Espiritu? Ano ang ilang bagay na magagawa ninyo para matulungan kayo na magturo sa pamamagitan ng Espiritu?
- Paano matutulungan ng isang guro ang mga estudyante na maging tapat sa mga banal na kasulatan at ebanghelyo, at hindi sa kanyang sarili? (Tingnan sa bahagi 3.) Paano makakatulong ang guro na mailapit ang mga estudyante sa Ama sa Langit at kay Jesucristo? Paano matutulungan ng isang guro ang mga estudyante na maging maalam sa ebanghelyo para manatili silang matatag "kapag kailangan nilang manindigang mag-isa"?
- Pagnilayan ang mga turo ni Pangulong Hunter tungkol sa kahalagahan ng bawat tao (tingnan sa bahagi 4). Paano ninyo matutulungan ang inyong mga tinuturuan na magkaroon ng patotoo na kilala at mahal ng Diyos ang bawat isa sa kanila? Isipin kung ano ang magagawa ninyo, bilang guro, para matulungan ang bawat isa sa tinuturuan ninyo.
- Binigyang-diin ni Pangulong Hunter ang kahalagahan ng pagtuturo sa pamamagitan ng mabuting halimbawa (tingnan sa bahagi 5). Bakit mas nakakaimpluwensya ang ating halimbawa kaysa sa ating salita? Paano nakatulong sa inyo ang mabuting halimbawa

ng isang guro? Paano nagtuturo ang halimbawa ng mga magulang sa kanilang mga anak?

- Kailan ninyo naranasan ang "malaking himala" na inilarawan ni Pangulong Hunter sa bahagi 6, bilang guro o mag-aaral man? Isipin ang ilang guro na naging mabuting impluwensya sa inyong buhay. Paano sila naging mabuting impluwensya? Paano natin maituturo ang ebanghelyo nang mas mabisa—maging sa tahanan man, sa silid-aralan, o sa ibang lugar?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Juan 21:15–17; I Mga Taga Corinto 12:28; II Kay Timoteo 3:14–17; 2 Nephi 33:1; Alma 17:2–3; 31:5; D at T 11:21–22; 50:17–22; 88:77–80

*Tulong sa Pagtuturo*

Sa mga piraso ng papel, isulat ang mga tanong na nasa hulihan ng kabanata o iba pang mga tanong na may kaugnayan sa kabanata. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na pumili ng isang tanong at hanapin sa kabanata ang mga turo na tutulong para masagot ito. Ipabahagi sa kanila ang kanilang natutuhan.

## *Mga Tala*


1. "A Teacher," *Ensign,* Hulyo 1972, 85.
2. *The Teachings of Howard W. Hunter,* ed. Clyde J. Williams (1997), 210–11.
3. "Eternal Investments" (mensahe sa CES religious educators, Peb. 10, 1989), 2; si.lds.org.
4. "Eternal Investments," 3–4.
5. "Eternal Investments," 2-3.
6. "Eternal Investments," 4-5.
7. "Formula for a Great Teacher" (mensaheng ibinigay sa Primary conference, Abr. 1965), 3–4, Church History Library, Salt Lake City.
8. "Formula for a Great Teacher," 1.
9. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 188.
10. "Formula for a Great Teacher," 4–6.



*Ang paglilingkod na nagpapabago ng buhay ay ginagawa ng maraming tao "na hindi nabibigyan ng pansin, at hindi nakatatanggap ng pagkilala ng daigdig."*

# “Hindi Nakabababa ng Kapakinabangan”

*“Karamihan sa atin ay tahimik, hindi gaanong kilala na . . . gumagawa ng ating gawain nang hindi tumatanggap ng anumang pagkilala. Para sa inyo na itinuturing iyan na . . . hindi kahanga-hanga, sinasabi ko, ‘hindi nababawasan ang [inyong] kapakinabangan’ kumpara sa pinakatanyag sa inyong mga kasamahan.”*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Si Pangulong Howard W. Hunter ay hindi lamang kilala bilang masigasig na lider at mapagmahal na propeta, kundi sa tahimik na paraan din ng kanyang paglilingkod. Alam niya na ang paglilingkod mismo ay mahalaga, tumanggap man siya o hindi ng anumang pagkilala. Minsan ay sinabi ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawa tungkol sa kanya, “Si Pangulong Howard W. Hunter ay mapagpakumbabang tao. . . . Siya pa rin iyong taong mapagpakumbaba, nang magising ako matapos ang isang nakakapagod at maalikabok na araw na kasama siya sa isang gawain sa Egipto, na tahimik na nililinis ang aking sapatos, isang gawaing inasam niyang matapos nang hindi nakikita.”[1]

Unang napansin ni Pangulong Thomas S. Monson ang mapagpakumbabang paraan ng paglilingkod ni Pangulong Hunter nang ilaan ang Los Angeles California Temple noong 1956, ilang taon bago tinawag bilang Apostol ang isa sa kanila. Paggunita niya:

“Nakilala ko . . . si Pangulong Hunter noong siya ay naglilingkod bilang pangulo ng Pasadena California Stake at may responsibilidad na isaayos ang paghahanda sa lugar para sa paglalaan ng Los Angeles (California) Temple. Natuwa ako sa pribilehiyong mag-print ng mga tiket. Ang responsibilidad niya ay napakalaki. Ang nakita ko lamang noon ay ang bahaging iyon na may kinalaman sa mga

tiket, na color coded, na may napakagandang label, at may numero na napakaayos ng pagkakasunud-sunod na noon ko lamang nakita. Buong puso niyang ibinigay ang karangalan sa iba at tiniyak na di-gaanong maitampok ang kanyang pangalan, bagama't siya ang namahala sa pag-oorganisa ng napakahalagang kaganapang ito."[2]

Sinabi pa ni Elder James E. Faust ng Korum ng Labindalawa, "Hindi niya kailangan ng papuri. Sa taglay niyang karunungan, siya ay mauupo kasama ang mga kapatid at kaunti lang ang sasabihin. Kuntento siya sa kanyang sarili."[3]

Naunawaan ni Pangulong Hunter na ang bawat paglilingkod ay mahalaga sa paningin ng Diyos, hindi man ito kinikilala o hindi tanyag. Ilang linggo bago pumanaw si Pangulong Hunter, isang kaibigan ang nagtanong, "Mahal kong Pangulo, ano ang pinakadakilang posisyon o katungkulan—iyon bang sa isang minamahal at pinagkakatiwalaang kaibigan, o iyong sa isang propeta ng Diyos?" Matapos marinig ang tanong, "tahimik na nag-isip ang Pangulo na tila sa loob ng ilang minuto; pagkatapos ay marahang hinawakan ang kamay ng kanyang kaibigan at bumaling rito, nang may mga luhang dumadaloy sa kanyang maputlang pisngi, sinabi niya, 'ang mga iyon ay *parehong* sagradong tungkulin na ipinagkatiwala.'"[4]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Ang mga naglilingkod nang tahimik at hindi nagpapahalata ay "hindi kulang sa kapakinabangan" kumpara sa mga taong tumatanggap ng papuri ng sanlibutan.

Ganito ang sinabi tungkol sa bata at magiting na si Kapitan Moroni: "Kung ang lahat ng tao ay naging, at matutulad, at maaaring maging katulad ni Moroni, masdan, ang yaon ding kapangyarihan ng impiyerno ay mayayanig magpakailanman; oo, ang diyablo ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan sa mga puso ng mga anak ng tao." (Alma 48:17.)

Iyan ay isang napakagandang papuri sa isang kilala at makapangyarihang tao! Wala na akong maisip pa na mas magandang papuri na ibinigay sa isang tao. Pagkatapos ng dalawang talata na kasunod

nito ay mababasa ang pahayag tungkol kay Helaman at sa kanyang mga kapatid, na gumanap ng tungkulin na di-gaanong pansin tulad ng kay Moroni: "Ngayon masdan, si Helaman at ang kanyang mga kapatid ay hindi nakabababa ng kapakinabangan sa mga tao kaysa kay Moroni." (Alma 48:19.)

Sa madaling salita, bagama't hindi gaanong kilala at napapansin si Helaman tulad ni Moroni, siya ay kapaki-pakinabang; ibig sabihin, siya ay nakakatulong o kapaki-pakinabang na tulad ni Moroni.

Talagang makikinabang tayo nang husto sa pag-aaral sa buhay ni Kapitan Moroni. Siya ay huwaran ng pananampalataya, paglilingkod, dedikasyon, katapatan, at marami pang ibang banal na katangian. Gayunpaman, sa halip na magtuon ng pansin sa kahanga-hangang lalaking ito, nagpasiya akong tingnan ang mga taong hindi napapansin, na hindi nakatatanggap ng papuri ng sanlibutan, ngunit "hindi nakabababa ng kapakinabangan," tulad ng nakasaad sa mga banal na kasulatan.

Hindi lahat sa atin ay magiging katulad ni Moroni, na pinupuri ng ating mga kasamahan sa buong maghapon sa araw-araw. Karamihan sa atin ay tahimik, hindi gaanong kilala na gumagawa ng ating gawain nang hindi naghihintay na mapuna. Para sa inyo na itinuturing [ang ideyang] iyan na nakakalungkot o nakakatakot o hindi kahanga-hanga, sinasabi ko, kayo ay 'hindi nakabababa ng kapakinabangan' kaysa sa pinakatanyag sa inyong mga kasamahan. Kayo rin ay bahagi ng hukbo ng Diyos.

Isipin, halimbawa, ang matinding paglilingkod ng isang ina o ama sa hindi kilalang tahanan ng matuwid na mga Banal sa mga Huling Araw. Isipin ang mga guro sa Gospel Doctrine at mga Primary chorister at mga Scoutmaster at Relief Society visiting teacher na naglilingkod at nagpapala sa milyun-milyon ngunit ang mga pangalan ay hindi kailanman kinikilala ng publiko o itinatampok sa media ng bansa.

Libu-libong mga tao, na hindi nagpapakilala, ang ginagawang posible ang ating mga oportunidad at kaligayahan sa araw-araw. Tulad ng nakasaad sa mga banal na kasulatan, sila ay "hindi nakabababa ng kapakinabangan" kaysa sa mga taong ang buhay ay nasa mga unang pahina ng diyaryo.

Madalas na nakatuon ang kasaysayan at kasalukuyang panahon sa *isa* sa halip na sa *marami*. Ang mga indibiduwal ay madalas na

pinagtutuunan ng pansin ng kanilang mga kaedad at itinuturing na mga idolo. Inaamin ko na ang ganitong uri ng pagtutuon ng pansin ay isang paraan upang matukoy ang hinahangaan o itinatangi ng mga tao. Ngunit kung minsan ang pagkilalang iyan ay hindi nararapat, o maaaring magtaguyod pa ng mga maling pagpapahalaga.

Dapat nating piliin nang matalino ang ating mga iniidolo at huwaran, habang nagpapasalamat din para sa napakaraming kaibigan at mamamayan na hindi gaanong kilala ngunit "hindi nakabababa ng kapakinabangan" kaysa sa mga taong katulad ni Moroni sa ating buhay.[5]

2

## Sa mga banal na kasulatan, maraming tao, kasama ng ibang kilalang mga tao, ang gumawa ng mahahalagang kontribusyon.

Marahil maiisip din ninyo gaya ko ang ilang mabubuting tao mula sa mga banal na kasulatan na hindi gaanong tumanggap ng papuri ngunit, kapag sinuri natin ang kasaysayan, ay mapapatunayang sila ay tunay na mga dakila.

Maraming nagbasa ng tala tungkol sa dakilang propetang si Nephi ang halos nakakaligtaan ang isa pang magiting na anak ni Lehi na nagngangalang Sam. Si Nephi ay isa sa mga pinakakilalang tao sa buong Aklat ni Mormon. Pero si Sam? Ang pangalang Sam ay binanggit lamang doon nang sampung beses. Nang payuhan at basbasan ni Lehi ang kanyang mga inapo, sinabi niya kay Sam:

"Pinagpala ka, at ang iyong mga binhi; sapagkat mamanahin mo ang lupain na katulad ng iyong kapatid na si Nephi. At ang iyong mga binhi ay mapapabilang sa kanyang mga binhi; at ikaw ay matutulad din sa iyong kapatid, at ang iyong mga binhi ay matutulad sa kanyang mga binhi; at ikaw ay pagpapalain sa lahat ng iyong mga araw." (2 Ne. 4:11.)

Ang ginampanan ni Sam ay pagsuporta at pagtulong sa kanyang mas hinahangaang nakababatang kapatid, at sa huli ay natanggap niya ang mga pagpapala ring iyon na ipinangako kay Nephi at sa kanyang mga inapo. Walang ipinangako kay Nephi na hindi ibinigay sa matapat na si Sam, subalit kakaunti lamang ang alam natin tungkol sa mga detalye ng paglilingkod at kontribusyon ni Sam. Siya ay isang halos di-kilalang tao sa buhay na ito, ngunit malinaw na siya ay isang mahusay na lider at bayani sa mga talaan ng kawalang-hanggan.



*Matapos hawakan ni Abis (kaliwa) ang kamay ng reyna ng mga Lamanita, ang reyna ay tumayo (tingnan sa Alma 19:15–29).*

Marami ang tumutulong sa tahimik na paraan. Si Ismael ay naglakbay kasama ang pamilya ni Nephi nang may malaking pagsasakripisyo, dumanas ng "labis na paghihirap, gutom, uhaw, at pagod." (1 Ne. 16:35.) Pagkatapos sa gitna ng lahat ng paghihirap na ito, siya ay nasawi sa ilang. Maaaring ilan lang sa atin ang makaunawa sa sakripisyo ng taong iyon sa sinaunang panahon at kalagayang iyon. Marahil kung tayo ay higit na makakaunawa, tayo rin ay magdadalamhati, tulad ng kanyang mga anak na babae sa ilang, dahil sa ibinigay ng taong ito—at isinakripisyo!—upang mapasaatin ngayon ang Aklat ni Mormon.

Ang mga pangalan at alaala ng gayong kalalakihan at kababaihan na "hindi nakabababa ng kapakinabangan" ay marami sa Aklat ni Mormon. Maging ito man ay si Inang Saria o ang katulong na si Abis, na tagapaglingkod sa reyna ng mga Lamanita, ang bawat isa ay nakagawa ng kontribusyon na hindi kinilala ng mga tao ngunit kinilala ng Diyos.

Mayroon lamang tayong labindalawang talata sa mga banal na kasulatan na naglalahad ng tungkol sa buhay ni Mosias, na hari sa buong lupain ng Zarahemla at ama ng bantog na si Haring Benjamin. Gayon pa man ang kanyang paglilingkod sa mga tao ay mahalaga. Inakay niya ang mga tao "sa pamamagitan ng maraming pangangaral at pagpopropesiya" at "patuloy silang pinaaalalahanan sa pamamagitan ng salita ng Diyos." (Omni 1:13.) Sina Limhi, Amulek, at Pahoran—ang huli sa kanila na nagtaglay ng kadakilaan ng kaluluwa na huwag maghinanakit bagama't di-makatwirang naparatangan—ay mga halimbawa pa ng mga tao na di-makasariling naglingkod kasama ng mga taong higit na kilala.

Ang kawal na si Tiankum, na nagbuwis ng kanyang sariling buhay, o si Laconeo, ang punong hukom na nagturo sa mga tao na magsisi sa panahong lulusubin sila ng mga Gadianton, o ang halos di-mabanggit na mga misyonero na sina Omner at Himni, ay pawang "hindi nakabababa ng kapakinabangan" kaysa sa kanilang mga kasamahan, gayunman kaunti lamang ang naisulat tungkol sa kanila.

Wala tayong gaanong alam tungkol kay Shiblon, ang matapat na anak ni Alma na ang salaysay tungkol sa kanya ay makikita sa pagitan ng salaysay tungkol kay Helaman, ang magiging pinuno sa hinaharap, at tungkol kay Corianton, ang suwail; gayunpaman, mahalaga na nailarawan siya bilang isang "makatarungang tao [na] lumakad nang matwid sa harapan ng Diyos." (Alma 63:2.) Ang dakilang propetang si Nephi, na binanggit sa aklat ni Helaman, ay may kapatid na nagngangalang Lehi, na tila saglit lang binanggit ngunit naitalang "hindi bahagya mang nalalayo [kay Nephi] sa mga bagay na nauukol sa kabutihan." [Helaman 11:19; tingnan din sa talata 18.][6]

3

## Bagama't maaaring hindi tayo maging tanyag, makakapagbigay tayo ng malaking paglilingkod sa kaharian.

Mangyari pa, may mga halimbawa rin ng ganitong mga tao na kapaki-pakinabang na naglingkod sa ating dispensasyon. Si Oliver Granger ay tahimik at matulunging tao sa mga huling araw na kinilala ng Panginoon sa bahagi 117 ng Doktrina at mga Tipan. Ang pangalang Oliver ay maaaring hindi pamilyar sa marami, kaya ikukuwento ko ang tungkol sa matapat na taong ito.

Si Oliver Granger ay matanda ng labing-isang taon kay Joseph Smith at, tulad ng Propeta, ay nagmula sa itaas na bahagi ng New York. Dahil sa matinding lamig at pagkalantad noong siya ay tatlumpung-tatlong taong gulang, halos mawalan ng paningin si Oliver. Sa kabila ng kanyang limitadong paningin, tatlong beses siyang nakapaglingkod sa full-time mission. Nagtrabaho rin siya sa Kirtland Temple at naglingkod sa Kirtland high council.

Nang paalisin sa Kirtland, Ohio, ang karamihan sa mga Banal, may naiwan pang utang ang Simbahan. Si Oliver ay hinirang na maging kinatawan ni Joseph Smith at ng Unang Panguluhan at bumalik sa Kirtland para asikasuhin ang gawain ng Simbahan. Sa gawaing ito, nakasaad sa Doktrina at mga Tipan: "Samakatwid, masigasig siyang makipaglaban sa pagtubos ng Unang Panguluhan ng aking Simbahan, wika ng Panginoon." (D at T 117:13.)

Isinagawa niya ang tungkuling ito na ikinasiya ng mga pinagkakautangan nila kaya naisulat ng isa sa kanila: "Ang pag-aasikaso ni Oliver Granger sa pagbabayad ng mga utang ng mga taong lumipat sa Far West, sa pagtupad sa kanilang mga pangako at sa gayon ay naipakita ang kanilang integridad, ay tunay na kapuri-puri, at marapat sa aking mataas na paghanga, at pasasalamat." (Horace Kingsbury, binanggit sa Joseph Smith, *History of the Church,* 3:174.)

Noong nasa Kirtland si Oliver, nagtangka ang ilang tao, pati na ang mga naghinanakit na miyembro ng Simbahan, na siraan ang Unang Panguluhan at nagpakalat ng maling paratang para pagdudahan ang kanilang integridad. Si Oliver Granger, dahil sa mga ginawa niya, ay "tinubos ang Unang Panguluhan" sa pamamagitan ng kanyang tapat na paglilingkod. . . . Ganito ang sinabi ng Panginoon tungkol kay Oliver Granger: "Ang kanyang pangalan ay mapapasama sa banal na pag-aalaala sa bawat sali't salinlahi, magpakailanman at walang katapusan." (D at T 117:12.) "Itataas ko ang aking tagapaglingkod na si Oliver, at lilikha para sa kanya ng isang dakilang pangalan sa lupa, at sa aking mga tao, dahil sa katapatan ng kanyang kaluluwa." (*History of the Church,* 3:350.)

Nang pumanaw siya noong 1841, bagama't kakaunti lamang ang mga Banal na nanatili sa Kirtland at mas kakaunti ang mga kaibigan ng mga Banal, ang libing ni Oliver Granger ay dinaluhan ng napakaraming tao mula sa kalapit na mga bayan.

Bagama't si Oliver Granger ay hindi gaanong kilala ngayon gaya ng iba pang mga lider ng Simbahan, siya gayon pa man ay isang dakila at mahalagang tao sa paglilingkod na ibinigay niya sa kaharian. At kahit walang makaalala sa kanyang pangalan maliban sa Panginoon, iyan ay sapat nang pagpapala para sa kanya—o para sa sinuman sa atin.[7]

4

## Si Nephi ay halimbawa ng pag-alaala sa Diyos bilang pinagmumulan ng kanyang lakas at mga pagpapala.

Palagay ko kailangang maging alisto tayo sa maaaring nakaambang espirituwal na panganib sa mga taong mali ang pagkaunawa sa palaging pagtanggap ng papuri. Maaaring mas asamin nila ang katanyagan at dahil dito ay malimutan ang kahalagahan ng paglilingkod na ibinigay.

Hindi natin dapat hayaan ang ating sarili na magtuon sa panandaliang popularidad o hangarin ang atensyong iyon kapalit ng tapat ngunit madalas na di-kinikilalang paglilingkod na kinikilala naman ng Diyos, kahit hindi ito naitatampok sa mga pangunahing balita. Sa katunayan, ang papuri at atensyon ay maaaring maging espirituwal na kahinaan maging ng taong pinakamahusay sa atin.

Kung maging popular kayo balang-araw sa inyong buhay, makabubuti para sa inyo na tularan ang halimbawa ng mga tao na naging tanyag sa mga banal na kasulatan. Isa si Nephi sa mabubuting halimbawa. Matapos maglakbay sa ilang kasama ang kanyang pamilya, ang kanyang pag-uugali ay nakatuon pa rin sa mga bagay na pinakamahalaga. Sabi niya:

"At kapag nais kong magsaya, ang aking puso ay dumaraing dahil sa aking mga kasalanan; gayunpaman, alam ko kung kanino ako nagtiwala.

"Ang aking Diyos ang aking naging tagapagtaguyod; pinatnubayan niya ako sa aking mga kahirapan sa ilang; at pinangalagaan niya ako sa ibabaw ng tubig ng malawak na dagat.

"Pinuspos niya ako ng kanyang pag-ibig, maging hanggang sa madaig ang aking laman.

"Kanyang nilito ang aking mga kaaway, hanggang sa papangyarihin na sila ay mayanig sa harapan ko." (2 Ne. 4:19–22.)

Hindi kailanman nabulag ng katanyagan si Nephi para malimutan ang pinagmumulan ng kanyang lakas at mga pagpapala.[8]

## 5

**Kapag naunawaan natin kung bakit tayo naglilingkod, hindi natin aalalahanin kung saan tayo maglilingkod.**

Kapag dumating ang papuri at katanyagan, makabubuti rin para sa atin na sagutin ang tanong na, Bakit tayo naglilingkod? Kapag naunawaan natin kung bakit tayo naglilingkod, hindi natin aalalahanin kung saan tayo maglilingkod.

Itinuro ni Pangulong J. Reuben Clark, Jr., ang mahalagang alituntuning ito sa kanyang sariling buhay. Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1951, si Pangulong David O. McKay ay sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan nang pumanaw si Pangulong George Albert Smith. Hanggang sa panahong iyan, si Pangulong Clark ay naglingkod bilang Unang Tagapayo kay Pangulong Heber J. Grant at pagkatapos kay Pangulong George Albert Smith. Si Pangulong McKay ang Pangalawang Tagapayo sa dalawang Pangulo.

Sa huling sesyon ng kumperensya nang mapangasiwaan na ang gawain ng Simbahan, si Brother Stephen L Richards ay tinawag sa Unang Panguluhan at sinang-ayunan bilang Unang Tagapayo. Si Pangulong J. Reuben Clark, Jr., ay sinang-ayunan naman bilang Pangalawang Tagapayo. Matapos ang pagsang-ayon ng mga pinuno ng Simbahan, ipinaliwanag ni Pangulong McKay kung bakit niya pinili ang kanyang mga tagapayo sa ganoong pagkakaayos. Sabi niya:

"Nadama ko na ang isang gabay na alituntunin sa pasiyang ito ay ang sundin ang seniority sa Kapulungan [ng Labindalawa]. Ang dalawang lalaking ito ay nahirang sa kani-kanyang posisyon sa panguluhang iyan ng Simbahan, at nabigyan ako ng inspirasyon na makabubuting ipagpatuloy ang gayon ding seniority sa bagong korum ng Unang Panguluhan." (Sa Conference Report, 9 Abril 1951, p. 151.)

Pagkatapos si Pangulong Clark ay inanyayahang magsalita kasunod ni Pangulong McKay. Ang kanyang mensahe sa kaganapang ito ay maikli ngunit nagtuturo ng matinding aral: "Sa paglilingkod sa Panginoon, hindi mahalaga kung saan ka naglilingkod kundi kung paano. Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ginagampanan ng isang tao ang tungkuling iniatas sa kanya, tungkuling hindi niya dapat hangarin o tanggihan. Ipinapangako ko kina Pangulong McKay at Pangulong Richards ang lubos na



*Tayo ang "pinakamasaya at pinakamatagumpay sa buhay" kapag ang ating "mga hangarin ay nilakipan ng pagbibigay ng tulong sa iba at pagtulong sa kanila na mahanap ang daan."*

katapatan sa paglilingkod sa mga gawain na maaaring dumating sa akin sa abot ng aking lakas at kakayahan, at hangga't pinahihintulutan nila ako na gawin ang mga ito, hindi man sapat ang kakayahan ko." (Ibid., p. 154.)

Ang aral na itinuro ni Pangulong Clark ay naipahayag sa ibang paraan sa tulang ito ni Meade McGuire, na binanggit nang maraming beses:

*"Ama, saan po ang aking gawain?"*
*At napuspos ako ng mapagmahal na damdamin.*
*At isang munting lugar ang Kanyang itinuro*
*At sinabing, "Pangalagaan mo iyon para sa akin."*
*Agad akong sumagot, "Hindi; huwag po iyan!*
*Hindi iyan makikita ng iba,*
*Husayan ko man ang paggawa;*
*Huwag po iyan ang inyong ipagawa."*
*At nagsalita Siya nang mahinahon;*
*Magiliw Niya akong tinugon:*

*"Ah, anak ko, iyong puso ay suriin.*
*Ikaw ba'y gumagawa para sa kanila o para sa akin?*
*Ang Nazaret ay isang munting bayan,*
*Na katulad ng Galilea din naman."*

[Tingnan sa *Best-Loved Poems of the LDS People,* tinipon ni Jack M. Lyon at ng iba pa (1996), 152.]

Sinabi ni Haring Benjamin: "Masdan, sinasabi ko sa inyo na dahil sa sinabi ko sa inyo na ginugol ko ang aking panahon sa paglilingkod sa inyo, hindi ko ninanais na magmalaki, sapagkat ako ay nasa paglilingkod lamang ng Diyos. At masdan, sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang inyong matamo ang karunungan; upang inyong malaman na kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos." (Mosias 2:16–17.)[9]

6

## Dapat tayong maglingkod nang tapat at tahimik, nag-iingat sa papuri ng iba.

Pinakamasaya at pinakamatagumpay sa buhay ang isang tao na ang mga hangarin ay nilakipan ng pagbibigay ng tulong sa iba at pagtulong sa kanila na mahanap ang daan.

Ang karatula sa pagtawid sa riles ng tren na nagbibigay ng babala na tayo ay tumigil, tumingin, at makinig ay maaaring maging gabay natin. Tumigil kung masyado na tayong abala sa buhay. Tumingin sa mga bagay na maaari nating magawa nang magiliw, nang may pagmamalasakit, may paggalang, at lahat ng mumunting pangangailangan ng tao na maaari nating matugunan. Makinig sa iba at alamin ang kanilang mga inaasam at problema upang makatulong tayo sa maliit na paraan sa kanilang tagumpay at kaligayahan.[10]

Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson . . . : "Ang paglilingkod na katulad ng kay Cristo ay nagpapadakila. . . . Ipinangako ng Panginoon na ang mga taong mawawalan ng buhay sa paglilingkod sa iba ay masusumpungan yaon. Sinabi sa atin ni Propetang Joseph Smith na dapat nating "ilaan ang ating buhay" sa pagsasakatuparan ng Kanyang mga layunin. (D at T 123:13.)" (*Ensign,* Nob. 1989, p. 5–6.)

Kung nadarama ninyo na karamihan sa ginagawa ninyo ay hindi napapansin, huwag panghinaan ng loob. Karamihan sa mga

pinakamahusay na tao na nabuhay ay hindi rin gaanong kilala. Maglingkod at umunlad, nang tapat at tahimik. Mag-ingat sa papuri ng mga tao. Sinabi ni Jesus sa Sermon sa Bundok:

"Mangagingat kayo na huwag magsigawa ng katuwiran sa harap ng mga tao, upang kanilang makita: sa ibang paraan ay wala kayong ganti ng inyong Ama na nasa langit.

"Kaya nga pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag kang tutugtog ng pakakak sa harap mo, na gaya ng ginagawa ng mga mapagpaimbabaw sa mga sinagoga at sa mga daan, upang sila'y mangagkapuri sa mga tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila'y ganti.

"Datapuwa't pagka ikaw ay naglilimos, ay huwag maalaman ng iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay:

"Upang ang iyong paglilimos ay malihim: at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka." (Mat. 6:1-4.)

Nawa ay gantimpalaan kayo tuwina ng ating Ama sa Langit.[11]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Ano ang sinisikap na ipaunawa sa atin ni Pangulong Hunter sa pagbibigay-diin na si Helaman at ang kanyang mga kapatid ay "hindi nakabababa ng kapakinabangan" kaysa kay Kapitan Moroni? (Tingnan sa bahagi 1.) Paano makatutulong ang pagkaunawang ito sa inyo?
- Ano ang itinuturo sa atin ng mga halimbawa sa mga banal na kasulatan sa bahagi 2? Paano nakakaimpluwensya ang mga halimbawang ito sa damdamin natin habang naglilingkod tayo? Paano kayo napagpala ng tahimik at walang hinihintay na kapalit na paglilingkod ng iba?
- Ano ang matututuhan natin sa ikinuwento ni Pangulong Hunter tungkol kay Oliver Granger? (Tingnan sa bahagi 3.) Bakit hindi natin dapat isipin ang pagtanggap ng pagkilala kapag naglilingkod tayo?
- Paano nagiging mapanganib "ang popularidad" o katanyagan? (Tingnan sa bahagi 4.) Ano ang maituturo sa inyo ng halimbawa

ni Nephi tungkol sa pananatiling "nakatuon sa mga bagay na pinakamahalaga"?

- Repasuhin ang nakasaad tungkol kay Pangulong J. Reuben Clark Jr. sa bahagi 5. Ano ang hinangaan ninyo sa ugali at mga salita ni Pangulong Clark? Isipin ang sagot ninyo sa tanong na "Bakit ako naglilingkod?" Paano tayo magkakaroon ng ugaling ibigay ang lahat ng ating makakaya saanman tayo maglingkod?
- Sa bahagi 6, binanggit ni Pangulong Hunter ang pangako ng Panginoon na "ang mawalan ng buhay dahil [sa paglilingkod sa iba] ay makasusumpong niyaon" (tingnan sa Mateo 10:39; 16:25). Ano ang ibig sabihin nito? Paano ninyo nalaman na totoo ito? Paano kayo napasaya ng paglilingkod?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mateo 6:2–7, 24; 20:25–28; Santiago 1:27; D at T 76:5–7; 121:34–37

*Tulong sa Pag-aaral*

"Ibahagi ang natutuhan ninyo. Kapag ginagawa ninyo ito, ang inyong kaisipan ay magiging mas malinaw at madaragdagan ang inyong kakayahang mapanatili ang inyong natutuhan" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 19).

## *Mga Tala*


1. Neal A. Maxwell, "Meek and Lowly" (Brigham Young University devotional, Okt. 21, 1986), 8; speeches.byu.edu.
2. Thomas S. Monson, "President Howard W. Hunter: A Man for All Seasons," *Ensign,* Abr. 1995, 31.
3. James E. Faust, "Howard W. Hunter: Man of God," *Ensign,* Abr. 1995, 27.
4. Jon M. Huntsman Sr., "A Remarkable and Selfless Life," *Ensign,* Abr. 1995, 24.
5. "No Less Serviceable," *Ensign,* Abr. 1992, 64–65.
6. "No Less Serviceable," 65.
7. "No Less Serviceable," 65–66.
8. "No Less Serviceable," 66.
9. "No Less Serviceable," 66-67.
10. *The Teachings of Howard W. Hunter,* ed. Clyde J. Williams (1997), 267.
11. "No Less Serviceable," 67.



*"Kung tutularan natin ang halimbawa ni Cristo at susundan ang kanyang mga yapak, kailangang sikapin nating gawin ang gayon ding mga bagay ayon sa huwarang ipinakita niya."*

# Pagtulad sa Halimbawa ni Jesucristo

*"Dapat nating itanong sa ating sarili sa lahat ng pagkakataon, 'Ano ang gagawin ni Jesus?' at maging mas matapang na kumilos ayon sa sagot."*

## Mula sa Buhay ni Howard W. Hunter

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson, na naglingkod bilang pangalawang tagapayo kay Pangulong Hunter, na "ipinamuhay niya ang kanyang itinuro, ayon sa halimbawa ng Tagapagligtas na pinaglilingkuran niya."[1]

Napansin ng isang malapit na kaibigan na "ang mga katangiang taglay ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, ay kalugud-lugod na naipakita sa kahanga-hanga at di-makasariling buhay ni Pangulong Hunter. Lahat ng tao ay kanyang kaibigan."[2]

Isa pang kasamahan na nakatrabaho ni Pangulong Hunter nang mahigit tatlong dekada ang nagsabi, "Alam [niya] agad ang landas na tatahakin niya. Ang landas na iyon ay ang tularan ang katangian ng kanyang Tagapagligtas na si Jesucristo."[3]

Sa kanyang buong ministeryo, magiliw na hinikayat ni Pangulong Hunter ang mga miyembro ng Simbahan na tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas. Sa kanyang unang pahayag bilang Pangulo ng Simbahan, sinabi niya:

"Inaanyayahan ko ang lahat ng miyembro ng Simbahan na mamuhay nang higit na nakatuon ang pansin sa buhay at halimbawa ng Panginoong Jesucristo, lalo na sa pagmamahal, pag-asa at at awa na Kanyang ipinakita.

"Dalangin ko na nawa'y pakitunguhan natin ang isa't isa nang may higit na kabaitan, paggalang, kababaang-loob at pagpapasensya at pagpapatawad. Mataas ang inaasahan natin sa isa't isa, at lahat ay

maaaring maging mas mabuti. Ang ating mundo ay nangangailangan ng mas disiplinadong pagsunod sa mga kautusan ng Diyos. Ngunit ang paraan para makahikayat tayo na gawin iyan, tulad ng sinabi ng Panginoon kay Propetang Joseph sa malamig na kulungan sa Liberty Jail, ay sa 'pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig; . . . walang pagkukunwari, at walang pandaraya' (D at T 121:41–42)."[4]

## Mga Turo ni Howard W. Hunter

1

### Si Jesucristo ay nagpakita ng perpektong halimbawa para sa atin.

Ang maging isang liwanag ay maging isang huwaran—isang taong nagpapakita ng mabuting halimbawa at isang uliran na tutularan ng iba. . . . [Nakipagtipan tayo] na susundin si Cristo, ang dakilang huwaran. Tayo ay may tungkuling matuto sa kanya, sa mga bagay na itinuro at ginawa niya noong kanyang ministeryo sa lupa. At dahil natutuhan natin ang mga aral na ito, tayo ay inutusang tularan ang kanyang halimbawa, at narito ang ilan sa mga halimbawa na ipinakita niya sa atin:

1. Si Cristo ay masunurin at magiting sa premortal na buhay, dahil dito nagkaroon siya ng pribilehiyong isilang sa mundo at magkaroon ng katawang may laman at mga buto.

2. Nabinyagan siya upang mabuksan ang pintuan patungo sa kahariang selestiyal.

3. Hawak niya ang priesthood at natanggap ang lahat ng nakapagliligtas at nagpapadakilang mga ordenansa ng ebanghelyo.

4. Si Jesus ay naglingkod ng mga tatlong taon sa pagtuturo ng ebanghelyo, pagpapatotoo sa katotohanan, at pagtuturo sa mga tao kung ano ang dapat nilang gawin para matamo ang kagalakan at kaligayahan sa buhay na ito at walang hanggang kaluwalhatian sa daigdig na darating.

5. Isinagawa niya ang mga ordenansa kabilang na ang mga pagbabasbas sa mga bata, pagbibinyag, pangangasiwa sa maysakit, at mga pag-oorden sa priesthood.

6. Siya ay nagsagawa ng mga himala. Sa kanyang utos, ang bulag ay nakakita, ang bingi ay nakarinig, ang lumpo ay nakalakad, at ang patay ay nabuhay.

7. Sa pakikiisa sa isipan at kalooban ng Ama, si Jesus ay namuhay nang perpekto at walang kasalanan at nakamtan ang lahat ng katangian ng Kabanalan.

8. Nadaig niya ang mundo; napigil niya ang lahat ng silakbo ng damdamin at nadaig ang kamunduhan at kahalayan at dahil diyan namuhay at lumakad siya ayon sa patnubay ng Espiritu.

9. Isinakatuparan niya ang Pagbabayad-sala, at sa gayon ay natubos ang mga tao mula sa [espirituwal at pisikal na] kamatayan na dulot ng pagkahulog ni Adan.

10. Ngayon, nabuhay na mag-uli at niluwalhati, natamo niya ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa, tumanggap ng kaganapan at kaisa ng Ama.

Kung nais nating tularan ang halimbawa ni Cristo at sundan ang kanyang mga yapak, kailangang sikapin nating gawin ang gayon ding mga bagay ayon sa huwarang ipinakita niya.[5]

Mahalagang alalahanin na si Jesus ay maaaring magkasala, na maaari sana siyang sumuko, na maaari sanang mabigo ang plano ng buhay at kaligtasan, ngunit siya ay nanatiling tapat. Kung walang posibilidad na maaari siyang matukso ni Satanas, wala sanang magiging tunay na pagsubok, wala sanang tunay na tagumpay bilang resulta nito. Kung siya ay inalisan ng posibilidad na magkasala, maaaring inalisan na rin sana siya ng kalayaang pumili. Siya yaong nanindigan para protektahan at tiyakin ang kalayaan ng tao. Hindi niya tinulutan na alisan siya ng kapasidad at kakayahang magkasala kung gustuhin niya.[6]

Hanggang sa katapusan ng kanyang mortal na buhay, ipinakita ni Jesus ang kadakilaan ng kanyang espiritu at ang katindihan ng kanyang katatagan. Kahit sa pinakahuling sandali ng kanyang buhay, hindi niya inisip ang kanyang sariling kalungkutan o ang mararanasang sakit. Masigasig niyang inasikaso ang mga pangangailangan sa kasalukuyan at hinaharap ng kanyang minamahal na mga tagasunod. Alam niya na ang kanilang kaligtasan, ng bawat isa at ng buong simbahan, ay matatagpuan lamang sa kanilang lubos na pagmamahal sa

isa't isa. Tila ang kanyang buong lakas ay nakatuon sa kanilang mga pangangailangan, kaya ang mga tuntuning itinuro niya ay itinuro niya rin sa pamamagitan ng halimbawa. Siya ay nangusap sa kanila ng kapanatagan at nagbigay ng kautusan at babala.[7]

Sa kanyang mortal na ministeryo sa kanyang kawan sa Banal na Lupain at sa kanyang ministeryo sa kanyang nakalat na tupa sa Kanlurang bahagi ng daigdig nang siya ay mabuhay na muli, ipinakita ng Panginoon ang kanyang pagmamahal at malasakit sa bawat tao.

Sa kalipunan ng maraming tao, naramdaman niya ang paghipo sa kanyang damit ng isang babae na nagnais na mapagaling sa karamdamang tiniis niya sa loob ng mga labindalawang taon. (Tingnan sa Lucas 8:43–48.) Sa isa pang pagkakataon, nakita niya ang taong mapanghusga at ang kasalanan ng babae na pinararatangan. Marahil naramdaman ang kahandaang magsisi ng babae, pinili ni Cristo na tingnan ang kahalagahan ng isang tao at pinahayo siya at sinabing huwag na siyang magkasala pa. (Tingnan sa Juan 8:1–11.) Sa isa pang pagkakataon, "[kanyang] kinuha ang kanilang maliliit na anak, *isa-isa,* at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila." (3 Ne. 17:21; idinagdag ang pagkakahilig ng salita.)

Habang papalapit na ang paghihirap sa Getsemani at Calvario, at maraming bagay na iniisip, napansin pa rin ng Tagapagligtas ang balo na naghulog ng kanyang lepta sa kabang-bayan. (Tingnan sa Marcos 12:41–44.) Gayon din, natanaw niya ang maliit na si Zaqueo na, dahil hindi makakita dahil sa maraming nakapalibot sa Tagapagligtas, ay umakyat sa isang puno ng sikomoro para makita ang Anak ng Diyos. (Tingnan sa Lucas 19:1–5.) Habang nakapako sa krus at dumaranas ng matinding sakit, hindi niya inalintana ang sarili niyang paghihirap at inalala ang tumatangis na babae na nagbigay sa kanya ng buhay. (Tingnan sa Juan 19:25–27.)

Ito ay napakagandang halimbawa na dapat nating tularan! Maging sa gitna ng kanyang matinding kalungkutan at pasakit, ang ating Huwaran ay nagmalasakit upang pagpalain ang iba. . . . Ang kanyang buhay ay hindi nakatuon sa mga bagay na wala sa kanya. Ang buhay niya ay puno ng paglilingkod sa iba.[8]

## 2

## Sundin natin ang Anak ng Diyos sa lahat ng bagay at aspeto ng ating buhay.

Isa sa mga pinakamahalagang tanong sa mga tao ay itinanong mismo ng Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas ng sanlibutan. Sa isang grupo ng mga disipulo sa Bagong Daigdig, isang grupo na sabik na maturuan niya at lalo pang nasabik dahil di-magtatagal lilisanin niya sila, ay itinanong niya, "Anong uri ng mga tao ba nararapat kayo?" At sa pagkakataon ding iyon ay ganito ang isinagot niya: "Maging katulad ko" (3 Ne. 27:27).

Ang mundo ay puno ng mga taong handang magsabi sa atin ng, "Gawin mo ang sinasabi ko." Hindi tayo nagkukulang ng mga taong nagpapayo tungkol sa lahat ng paksa. Ngunit iilan lang ang handang magsabi ng, "Gawin mo ang ginagawa ko." At, mangyari pa, Isang Tao lamang sa kasaysayan ng sangkatauhan ang may karapatan at katwirang sabihin iyan. Maraming huwarang kalalakihan at kababaihan ang makikita sa kasaysayan, ngunit maging ang pinakamahusay na tao ay may kahinaan sa ilang aspeto o sa iba pa. Walang sinumang maituturing na perpektong huwaran o hindi nagkakamaling huwaran na tutularan, gaano man kabuti ang kanilang hangarin.

Tanging si Cristo ang ating huwaran, ang ating "maningning na tala sa umaga" (Apoc. 22:16). Siya lamang ang makapagsasabi nang walang *anumang* pasubali, "Sumunod sa akin, mag-aral kayo sa akin, [at] ang mga gawang nakita ninyong ginawa ko ay siya rin ninyong gagawin. Uminom ng aking tubig at kumain ng aking tinapay. Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Ako ang batas, at ang ilaw. Tumingin kayo sa akin at kayo ay mabubuhay. Kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa" (tingnan sa Mat. 11:29; 16:24; Juan 4:13–14; 6:35, 51; 7:37; 13:34; 14:6; 3 Ne. 15:9; 27:21).

Iyan ay malinaw at maliwanag na paanyaya! Iyan ay tiyak at mabuting halimbawa sa panahon ng kawalang-katiyakan at kawalan ng mabuting halimbawa. . . .

. . . Dapat tayong magpasalamat na isinugo ng Diyos ang kanyang Bugtong na Anak sa mundo . . . upang magpakita ng sakdal na halimbawa ng matwid na pamumuhay, ng kabaitan at awa at

habag, nang sa gayon malaman ng buong sangkatauhan kung paano mamuhay, kung paano magpakabuti, at malaman kung paano maging mas tulad ng Diyos.

Sundin natin ang Anak ng Diyos sa lahat ng bagay at aspeto ng ating buhay. Gawin natin siyang ating huwaran at ating gabay. Dapat nating itanong sa ating sarili sa lahat ng pagkakataon, "Ano ang gagawin ni Jesus?" at maging mas matapang na kumilos ayon sa sagot. Dapat nating sundin si Cristo, sa tunay na kahulugan ng salitang iyan. Dapat nating gawin ang ipinagagawa niya tulad niya na ginawa ang ipinagagawa ng Ama, gaya sa kinakanta ng mga bata sa Primary, "Subukang tularan" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* p. 34). Sa abot ng ating makakaya, kailangang gawin natin ang lahat upang maging katulad ni Cristo—isang sakdal at walang kasalanang tao na nabuhay sa mundong ito.[9]

Sa mortal na ministeryo ng Panginoon paulit-ulit ang kanyang panawagan na kapwa isang paanyaya at isang hamon. Kina Pedro at Andres, sinabi ni Cristo, "Magsisunod kayo sa hulihan ko, at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao." (Mat. 4:19.) Sa isang mayamang binata na nagtanong kung ano ang kailangan niyang gawin para magkaroon ng buhay na walang hanggan, sumagot si Jesus, "Humayo ka, ipagbili mo ang tinatangkilik mo, at ibigay mo sa mga dukha . . . at pumarito ka, sumunod ka sa akin." (Mat. 19:21.) At sa bawat isa sa atin, sinabi ni Jesus, "Kung ang sinomang tao'y naglilingkod sa akin, ay sumunod sa akin." (Juan 12:26.)[10]

Pag-aralan natin ang bawat itinuro ng Panginoon at lubos na tularan ang kanyang halimbawa. Ipinagkaloob niya sa atin ang "lahat ng bagay na nauukol sa kabuhayan at sa kabanalan." Siya ay "tumawag sa atin sa . . . kaluwalhatian at kagalingan" at "ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahalaga at napakadakilang pangako; upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi [tayo] sa kabanalang mula sa Dios" (II Ped. 1:3–4).[11]

Ang mga sumusunod kay Cristo ay naghahangad na tularan ang kanyang halimbawa. Ang kanyang pagdurusa para sa ating mga kasalanan, mga pagkukulang, kalungkutan, at karamdaman ay maghihikayat sa atin na tumulong din nang may pag-ibig at habag sa mga nakapaligid sa atin. . . .



*Ang isang paraan para maiayon natin ang ating buhay sa halimbawa ng Tagapagligtas ay ang sundin ang Kanyang utos kay Pedro: "Pakanin mo ang aking mga kordero. . . . Pakanin mo ang aking mga tupa" (Juan 21:15–17).*

. . . Maghanap ng mga pagkakataon na makapaglingkod. Huwag pakaisipin ang magiging posisyon ninyo. Naaalala ba ninyo ang payo ng Tagapagligtas tungkol sa mga taong naghahangad ng "pangulong dako" o "pangulong luklukan"? "Ang pinakadakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo." (Mat. 23:6, 11.) Importante ring mapahalagahan. Ngunit ang dapat nating pagtuunan ay ang kabutihan, at hindi ang pagkilala; ang paglilingkod, at hindi ang posisyon. Ang matapat na visiting teacher, na tahimik na ginagawa ang kanyang tungkulin buwan-buwan, ay mahalaga rin sa gawain ng Panginoon tulad ng mga taong itinuturing ng ilan na nasa mas matataas na posisyon sa Simbahan. Ang katanyagan ay hindi makapapantay sa mabubuting gawa.[12]

3

## Ang ating kaligtasan ay nakabatay sa ating katapatang sundin ang Tagapagligtas.

Ang paanyaya ng Panginoon na sundin siya ay indibiduwal at personal, at ito ay nakahihikayat. Hindi tayo maaaring nasa gitna

ng dalawang opinyon. Bawat isa sa atin ay kailangang harapin ang mahalagang tanong na: "Ano ang sabi ninyo kung sino ako?" (Mat. 16:15.) Ang ating personal na kaligtasan ay nakabatay sa sagot natin sa tanong na iyan at sa ating katapatan sa sagot na iyan. Ang inihayag na sagot ni Pedro ay "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios na Buhay" (Mat. 16:16). Napakaraming saksi ang makapagbibigay ng gayon ding sagot nang may gayon ding kapangyarihan, at nakikiisa ako sa kanila sa mapagpakumbabang pasasalamat. Ngunit kailangang sagutin ng bawat isa sa atin ang tanong para sa ating sarili—kung hindi man ngayon, kalaunan; sapagkat sa huling araw, ang bawat tuhod ay magsisiluhod, at ang bawat dila ay magtatapat na si Jesus ang Cristo. Ang hamon sa atin ay sumagot nang tama at mamuhay alinsunod dito bago pa mahuli ang lahat. Dahil si Jesus ang tunay na Cristo, ano ang dapat nating gawin?

Ang dakilang sakripisyo ni Cristo ay lubos na magpapala sa ating buhay kung atin lamang tatanggapin ang paanyaya na sundin siya [tingnan sa D at T 100:2]. Ang paanyayang ito ay mahalaga, makatotohanan, o posibleng magawa. Ang sundin ang isang tao ay nangangahulugang tingnan siya o pakinggan siyang mabuti; tanggapin ang kanyang awtoridad, tanggapin siya bilang lider, at sundin siya; suportahan at isulong ang kanyang mga ideya; at tularan siya. Maaaring tanggapin ng bawat isa sa atin ang hamong ito. Sinabi ni Pedro, "si Cristo man ay nagbata dahil sa inyo, na kayo'y iniwanan ng halimbawa, upang kayo'y mangagsisunod sa mga hakbang niya" (I Ped. 2:21). Tulad ng mga turo na ang hindi naaayon sa doktrina ni Cristo ay mali, ang buhay rin na hindi naaayon sa halimbawa ni Cristo ay lihis, at maaaring hindi makamtan ang mataas na potensyal na tadhana nito. . . .

Ang kabutihan ay dapat magsimula sa ating sariling buhay. Dapat itong isama sa pamumuhay ng pamilya. Responsibilidad ng mga magulang na sundin ang mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo at ituro ang mga ito sa kanilang mga anak [tingnan sa D at T 68:25–28]. Ang relihiyon ay dapat maging bahagi ng ating buhay. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ang dapat maghikayat sa lahat ng ginagawa natin. Kailangang may higit na pagsisikap sa puso natin upang matularan ang dakilang halimbawang ipinakita ng

Tagapagligtas kung nais nating maging higit na katulad niya. Napakalaking hamon nito sa atin.[13]

Kung itutulad natin ang ating buhay sa Panginoon, at gagamitin ang Kanyang mga turo at halimbawa bilang sukdulang huwaran ng ating buhay, hindi tayo mahihirapan na maging matatag at matapat sa bawat aspeto ng ating buhay, dahil magiging tapat tayo sa iisang sagradong pamantayan ng pag-uugali at paniniwala. Nasa tahanan man o pamilihan, sa eskuwelahan o tapos na sa pag-aaral, mag-isa man tayong gumagawa o kasama ang maraming tao, ang tatahakin natin ay magiging malinaw at makikita ang ating mga pamantayan. Matibay nating ipapasiya, tulad ng sinabi ni Propetang Alma, na "tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan [tayo] ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan." (Mosias 18:9.)[14]

4

## Dapat nating bigyang-puwang si Cristo sa ating puso.

Noong gabing iyon sa Betlehem ay wala nang lugar para sa kanya sa bahay-tuluyan, at hindi lamang iyon ang pagkakataon sa loob ng tatlumpu't tatlong taon ng kanyang buhay sa mortalidad na walang lugar para sa kanya. Nagpadala si Herodes ng mga kawal sa Betlehem upang paslangin ang mga bata. Walang lugar para kay Jesus sa lupang pinamamahalaan ni Herodes, kaya isinama siya ng kanyang mga magulang sa Egipto. Sa kanyang ministeryo, maraming tao ang hindi nagbigay-puwang para sa kanyang mga turo—walang puwang para sa ebanghelyo na itinuro niya. Walang puwang para sa kanyang mga himala, para sa kanyang mga pagpapala, para sa mga banal na katotohanang sinabi niya, at para sa kanyang pagmamahal o pananampalataya. Sinabi niya sa kanila, "May mga lungga ang mga zorra, at may mga pugad ang mga ibon sa langit; datapuwa't ang Anak ng tao ay walang kahiligan ang kaniyang ulo" (Mateo 8:20).

Maging sa ating panahon, kahit dalawang libong taon na ang nakalipas, ganoon pa rin ang sinasabi ng marami tungkol sa sinabi noong gabing iyon sa Betlehem. "Wala nang lugar" (tingnan sa Lucas 2:7). May lugar para sa mga handog, ngunit kung minsan ay walang lugar para sa tagapagbigay. May puwang para sa komersyalismo kapag Pasko at maging sa paglilibang sa araw ng Sabbath, ngunit may

mga pagkakataon na walang puwang para sa pagsamba. Puno ang ating isipan ng iba pang mga bagay—wala nang puwang para sa iba.[15]

Bagama't magandang masdan ang mga ilaw ng Kapaskuhan . . . , mas mahalagang magliwanag ang buhay ng tao sa pagtanggap sa kanya na siyang ilaw ng sanlibutan [tingnan sa Alma 38:9; D at T 10:70]. Talagang kailangan natin siyang tanggapin bilang ating gabay at huwaran.

Sa bisperas ng kanyang pagsilang, nag-awitan ang mga anghel, "At sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya" (Lucas 2:14). Kung tutularan ng tao ang kanyang halimbawa, ang mundo ay mapupuno ng kapayapaan at pagmamahal sa lahat ng tao.[16]

Ano ang ating responsibilidad ngayon bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw? Ito ay ang tiyakin na nakikita sa salita at kilos ng buhay ng bawat isa sa atin ang ebanghelyo ayon sa itinuro ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Lahat ng ginagawa at sinasabi natin ay kailangang nakaayon sa halimbawa ng isang taong hindi nagkasala na nabuhay sa mundong ito, maging si Jesucristo.[17]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

*Mga Tanong*

- Repasuhin ang maraming paraan na nagpakita ng halimbawa para sa atin ang Tagapagligtas, tulad ng nakasaad sa bahagi 1. Paano nakaapekto sa inyo ang halimbawa ng Tagapagligtas? Ano ang matututuhan natin sa Kanyang mga halimbawa sa huling bahagi ng Kanyang mortal na buhay?
- Pinayuhan tayo ni Pangulong Hunter na, "itanong sa ating sarili, 'Ano ang gagawin ni Jesus?' at maging mas matapang na kumilos ayon sa sagot" (bahagi 2). Isipin kung paano kayo mas magiging matapang sa pagtulad sa halimbawa ng Tagapagligtas Paano natin maituturo ang alituntuning ito sa ating pamilya?
- Anong mga turo sa bahagi 3 ang nakatulong sa atin na maunawaan ang tungkol sa pagsunod kay Jesucristo? Paano magiging iba ang buhay ninyo kung wala sa inyo ang impluwensya ng mga turo at halimbawa ng Tagapagligtas? Paano natin higit na gagawing bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay ang ating relihiyon?

• Pagnilayan ang sinabi ni Pangulong Hunter tungkol sa "walang lugar o walang puwang" para sa Tagapagligtas (tingnan sa bahagi 4). Paano natin mas mabibigyang-puwang ang Tagapagligtas sa buhay natin? Paano kayo napagpala ng higit na pagbibigay-puwang para sa Kanya?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*

Mateo 16:24–27; Juan 10:27–28; 14:12–15; I Ni Pedro 2:21–25; 2 Nephi 31:12–13; 3 Nephi 12:48; 18:16; 27:20–22; D at T 19:23–24

*Tulong sa Pagtuturo*

Bigyan ng himnaryo ang bawat isa. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na maghanap at magbahagi ng isang himno na nauugnay sa partikular na talata na nabasa nila sa kabanata.

## *Mga Tala*


1. Thomas S. Monson, "President Howard W. Hunter: A Man for All Seasons," *Ensign,* Abr. 1995, 33.
2. Jon M. Huntsman Sr., "A Remarkable and Selfless Life," *Ensign,* Abr. 1995, 24.
3. Francis M. Gibbons, *Howard W. Hunter: Man of Thought and Independence, Prophet of God* (2011), 152.
4. Sa Jay M. Todd, "President Howard W. Hunter: Fourteenth President of the Church," *Ensign,* Hulyo 1994, 4–5.
5. *The Teachings of Howard W. Hunter,* ed. Clyde J. Williams (1997), 40–41.
6. "The Temptations of Christ," *Ensign,* Nob. 1976, 19.
7. "His Final Hours," *Ensign,* Mayo 1974, 19.
8. "The Church Is for All People," *Ensign,* Hunyo 1989, 76–77.
9. "What Manner of Men Ought Ye to Be?" *Ensign,* Mayo 1994, 64; tingnan din sa "He Invites Us to Follow Him," *Ensign,* Set. 1994, 2–5; "Follow the Son of God," *Ensign,* Nob. 1994, 87.
10. "An Apostle's Witness of Christ," *Ensign,* Ene. 1984, 69.
11. "Exceeding Great and Precious Promises," *Ensign,* Nob. 1994, 8.
12. "To the Women of the Church," *Ensign,* Nob. 1992, 96–97.
13. "He Invites Us to Follow Him," 2, 4; tingnan din sa "An Apostle's Witness of Christ," 69–71; Conference Report, Okt. 1961, 109.
14. "Standing As Witnesses of God," *Ensign,* Mayo 1990, 60.
15. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 41–42.
16. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 44–45.
17. *The Teachings of Howard W. Hunter,* 45.

# Listahan ng mga Larawan

Pahina 24: Larawan ng BYU Jerusalem Center © Deseret News.

Pahina 42: *Ang Nawawalang Tupa,* ni Del Parson

Pahina 45: Detalye mula sa *Tinuturuan ni Jesus ang mga Tao sa May Dalampasigan,* ni James Tissot.

Pahina 48: *Takot na Nauwi sa Pananampalataya,* ni Howard Lyon

Pahina 54: *Pasalungat sa Hangin,* ni Liz Lemon Swindle

Pahina 60: *Dahil Labis Siyang Nagmahal,* ni Jeff Hein

Pahina 68: *Pinagagaling ni Cristo ang Maysakit sa Betesda,* ni Carl Heinrich Bloch, sa kagandahang-loob ng BYU Museum of Art

Page 72: *Si Joseph Smith sa Liberty Jail,* ni Greg K. Olsen

Pahina 82: Detalye mula sa *Isang Kaloob na Marapat Pakaingatan,* ni Walter Rane

Pahina 96: *Joseph Smith Jr.,* ni Alvin Gittins

Pahina 102: *Paghahayag Kay Joseph Smith nang Iorganisa ang Simbahan,* ni Judith A. Mehr

Pahina 116: *Huwag Mo Akong Hipuin,* ni Minerva K. Teichert

Pahina 175: *Ibinibigay ni Joseph Smith ang Kanyang Tungkod kay Joseph Knight Sr.,* ni Paul Mann

Pahina 184: Detalye mula sa *Pagliligtas sa Nawawalang Tupa,* ni Minerva K. Teichert.

Pahina 216: Detalye mula sa *Bilang Pag-aalaala sa Akin,* ni Walter Rane, © IRI

Pahina 220: *Lagi Siyang Alalahanin,* ni Robert T. Barrett

Pahina 242: Busath Photography

Pahina 254: *Si Moises na Tagapagbigay ng Batas,* ni Ted Henninger

Pahina 259: *Job,* ni Gary L. Kapp

Pahina 270: *Dinala ni Abraham si Isaac para Ialay,* ni Del Parson, © IRI

Pahina 278: *Hinahawakan ng Babae ang Laylayan ng Damit ng Tagapagligtas,* ni Judith A. Mehr

Pahina 292: *Pinagaling ni Cristo ang Maysakit,* ni Jeff Hein

Pahina 300: *Pinagagaling ang Lalaking Bulag,* ni Carl Heinrich Bloch, sa kagandahang-loob ng National Historic Museum sa Frederiksborg Castle sa Hillerød, Denmark. Bawal kopyahin.

Pahina 323: *Oh, Banal na Jesus,* ni Walter Rane

Pahina 332: *Mga Salitang Hindi Maaaring Isulat,* ni Gary L. Kapp

Pahina 339: *Alagaan Mo ang Aking mga Tupa,* ni Kamille Corry

# Indeks


**A**

Aklat ni Mormon, 157, 165–66

Ama, mga
mga responsibilidad ng, 159–60, 162, 243–45, 247–48
*Tingnan din sa* Magulang, mga; Pamilya

Ama sa Langit
inaanyayahan ng mga guro ang mga estudyante na hanapin, 310
inihayag ang Kanyang sarili sa Unang Pangitain, 98–99
lubos na katapatan sa, 265–75
nangangakong tutulungan at gagabayan tayo, 84
pagdarasal sa, 89–892
paghahanap, ang pinakamalaking tagumpay sa buhay, 293–94
pag-ibig, pagmamahal sa, 111–12, 135–37
pagtatamo ng kaalaman tungkol sa, ay nangangailangan ng pagsisikap, pagsunod, at panalangin, 294–96

**B**

Banal na Kasulatan, mga
halimbawa ng masusing pag-aaral, 163–65
magturo mula sa, 310
pag-aaral, ang may pinakamalaking pakinabang sa lahat ng pag-aaral, 157–58
pag-aaral, lalo tayong inilalapit kay Cristo, 165–67
pag-aaral, sa mga pamilya, 157–58, 159–60, 161, 162
pag-aaral, tinutulungan tayong malaman at masunod ang kalooban ng Diyos, 159–60
pag-aaral, tinutulungan tayong maturuan mula sa kaitaasan, 85–88
pag-unawa ng, ay nangangailangan ng palagian at mapanalanging pag-aaral, 160–63
tulungan ang iba na magkaroon ng tiwala sa, 307–8

Banal na Lupain, 24–26, 43–44

Bata, anak, mga
mga responsibilidad ng mga magulang sa, 241–51
na naligaw ng landas, 248–50
pagtuturo, ng ebanghelyo, 306
pagtuturo, sa pamamagitan ng halimbawa, 305, 306, 313
pagtuturo, tungkol sa templo, 201

Binyag
ng ama ni Howard W. Hunter, 7–8, 193
ni Howard W. Hunter, 4–5, 215
ni Jesus, 334
tamang pagsasagawa ng, 229
tipan ng, 140, 185, 189

Brigham Young University Jerusalem Center for Near Eastern Studies, 25–26, 56, 135

**C**

Cristo. *Tingnan sa* Jesucristo

**D**

Di-gaanong aktibong mga miyembro
inaanyayahang bumalik sa pagkaaktibo sa Simbahan, 35, 183–90

paghahanap sa nawawalang tupa, 185–90
Diyos Ama. *Tingnan sa* Ama sa Langit

**E**

Ebanghelyo
ang banal na plano para sa espirituwal na paglago, 93
ang tanging daan para magkaroon ng kapayapaan sa mundo, 58–61, 138, 285
ay isang mensahe ng pagmamahal ng Diyos sa lahat ng tao, 136
ay isang planong isinasagawa, 301
ipinanumbalik sa kabuuan nito, 98, 101, 128, 207
kailangan ng mundo, 58, 139, 285
pagdaig sa mga hadlang sa pagbabahagi, 141–43
paghahatid, sa buong mundo, 133–43
pagtuturo, 245–48, 305–15
pamumuhay, nagdudulot ng masayang pagsasama ng mag-asawa, 233

Espiritu Santo
katapatan ay kailangan upang mapasaatin ang Espiritu ng, 261–62
nagbibigay ng espirituwal na kaalaman, 88, 92, 160–61
nililinaw ang espirituwal na paningin ng mga tagakita, 103
pagtuturo sa pamamagitan ng, 308–10

**F**

Family home evening, 15, 246

**G**

Gawaing misyonero
ang kamay ng Panginoon sa, 133
ang misyon na isasagawa ng Simbahan, 137–38
at ang Pagbabayad-sala, 139–41
ay para sa lahat ng bansa, 135–39
ay personal na obligasyon, 139–41
pagdaig sa mga hadlang sa, 141–43

Gawain sa family history
kailangang pabilisin, 35, 211–13
layunin ng, 210–11
maging magiting sa paggawa ng, 211–13
pagmamahal ni Howard W. Hunter para sa, 205, 206

Genealogical Society of Utah, 21, 35, 206

Guro, mga
anyayahan ang mga estudyante na hanapin ang Diyos Ama at si Jesucristo, 310
hindi dapat sa kanila matuon ang katapatan, 310
magsikap na tulungan ang tao, 311–13
magturo sa pamamagitan ng Espiritu, 308–10
magturo sa pamamagitan ng halimbawa, 305, 306, 313
tulungan ang mga estudyante na magkaroon ng tiwala sa mga banal na kasulatan, 307–8
tulungan ang mga estudyante na maranasan ang pagbabago ng puso, 314–15

**H**

Halimbawa
ng mga magulang, 243
pagtuturo sa pamamagitan ng, 305, 306, 313

Home teaching, 7–8, 185, 206, 243

Hunter, Clara “Claire” May Jeffs (unang asawa), 9–11, 13, 15, 27–29, 55, 145, 169–71, 227, 228, 239, 241

Hunter, Dorothy (kapatid), 4–7, 18

Hunter, Howard W.
- at Brigham Young University Jerusalem Center for Near Eastern Studies, 24–26, 55, 135
- bilang ama at lolo, 13, 239, 241
- bilang asawa, 28–29, 55, 169, 171, 227, 228
- binyag ni, 4–5, 215
- kabataan ni, 4–7
- kahusayan sa musika ni, 7, 8, 10, 239
- kapayapaan ng kalooban ni, 31–32, 55, 56, 320
- kasal ni, kay Claire Jeffs, 9–10, 27–29, 169, 171, 227, 228, 239, 241
- kasal ni, kay Inis Stanton, 31, 228
- kasipagan ni, 5, 11, 17
- katapatan ni, 13–14, 253–55
- magulang ni, mga, 3–8, 17–18, 193, 204
- mga problema sa kalusugan ni, 25, 28, 30, 37–38
- mga sagot ni, sa nagbabantang panganib ng pagpapasabog ng bomba, 31–32, 56, 56
- nagbayad ng buong ikapu, 145
- naging Pangulo ng Simbahan, 33–37, 123, 124
- nag-organisa ng mga stake sa Mexico City, 27, 36
- nagpapasa at nagbabasbas ng sakramento, 4–5, 215, 217
- natutong magdasal mula sa kanyang ina, 4, 83
- Ordinasyon sa Aaronic Priesthood, 5, 215
- pag-ibig sa kapwa-tao ni, 6–7, 277–79
- pagkabuklod ni, sa mga magulang, 17–18, 193
- pagkamatay ni, 37–38
- paglilingkod ni, bilang bishop, 11–13
- paglilingkod ni, bilang Church Historian, 23
- paglilingkod ni, bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa, 18–21, 265–66
- paglilingkod ni, bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa, 29–33
- paglilingkod ni, bilang pangulo ng Polynesian Cultural Center, 22–23
- paglilingkod ni, bilang stake president, 14–18
- paglilingkod ni, sa Genealogical Society of Utah, 21, 35, 206
- pagmamahal ni, para sa Banal na Lupain, 24–26, 43–44
- pagmamahal ni, para sa family history, 205, 206
- pagmamahal ni, para sa mga banal na kasulatan, 155–57
- pagmamahal ni, para sa pag-aaral ng ebanghelyo, 8, 155, 291
- pagpapakumbaba ni, 169, 171, 319, 320
- pagsilang ni, 3
- patotoo ni, 4, 32, 33, 38, 43, 69, 97, 98, 109, 111, 291, 292
- trabaho ni, bilang abugado, 11, 13–14, 20–21, 38, 265–66, 277
- tumanggap ng Eagle Scout Award, 6

Hunter, Howard William Jr. (Billy) (anak), 10–11, 109

Hunter, Inis Bernice Egan Stanton (pangalawang asawa), 31, 228

Hunter, John William (Will) (ama), 3–4, 7–8, 17–18, 193, 204

Hunter, Nellie Marie Rasmussen (ina), 3–6, 17–18, 193, 204

**I**


Ikapu
ang pakahulugan ng Panginoon sa, 147
ay kapwa isang kaloob at isang obligasyon, 149–51
batas ng, ay simple, 147
batas ng, umiral sa simula pa lang, 147–49
gamit ng, mga, 150–51
Howard W. Hunter ay nagbabayad ng buong ikapu, 145
mga pagpapala ng pagbabayad, 151–53
pagbabayad, isang pribilehiyo, hindi isang pasanin, 150–51

Ina, mga
mga responsibilidad ng, 159–60, 162, 243–45
*Tingnan din sa* Magulang, mga; Pamilya

Integridad
ni Howard W. Hunter, 13–14, 253–55
ni Job, 260–61
nina Sadrach, Mesach, at Abednego, 267–68
pinoprotektahan tayo mula sa masama at tinutulungan tayong magtagumpay, 260–61
sa pagpasok sa templo, 199


**J**


Jerusalem Center. *Tingnan sa* Brigham Young University Jerusalem Center for Near Eastern Studies

Jesucristo
ang pag-aaral ng banal na kasulatan ay naglalapit sa atin kay, 165–66
ang pinagmumulan ng ating kapayapaan, 47, 56–65
ang pinuno ng Simbahan, 123, 124
ang tanging pinagmumulan ng ating pag-asa at galak, 45–47
ang tanging tiyak na daan, 43, 183
banal na misyon ni, 43
inaanyayahan ng mga guro ang mga estudyante na hanapin si, 310
inako Niya ang ating mga kasalanan, kahinaan, dalamhati, at pasakit, 113–14
inihayag ang Kanyang sarili sa Unang Pangitain, 86, 98–99
kailangang kilalanin, 44–45
magbigay-puwang para kay, 341
muling itinatag ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, 100–1
nakasentro ang ating buhay kay, 1, 50–52
Pagbabayad-sala ni, 47, 109, 111–14, 139–41, 222
pag-ibig ni, 111–12, 277, 286–87, 336
Pagkabuhay na Mag-uli ni, 47, 109, 111, 114–20, 221
Pagpapako sa krus kay, 113
pananampalataya kay, 47–52, 60–65, 74–76
pinasimulan ang sakramento, 113, 219–22
sundin ang halimbawa at mga turo ni, 1, 35, 47–49, 171, 262, 285–86, 333–42
tinutulungan tayo sa oras ng paghihirap, 49–52, 56–65, 74–76, 113

Joseph Smith. *Tingnan sa* Smith, Joseph


**K**


Kadakilaan
ang pakahulugan ng mundo sa, kadalasan ay nakalilinlang, 172–74

ipinakita ni Propetang Joseph Smith, 175–77
nagmumula sa maliliit na hakbang sa loob ng mahabang panahon, 178–79
nagmumula sa paggawa ng mga bagay na itinakda ng Diyos na mahalaga, 180–81
nagmumula sa paglilingkod sa mga paraan na kadalasan ay hindi napapansin, 177–78
nagmumula sa pagsusumigasig, 177–78
nagmumula sa patuloy na pagsisikap sa maliliit na bagay, 174–75

Kaligayahan
ang di-angkop na mga paghahambing ay makapipinsala, 172–74
nagmumula sa katapatan, 255, 262
nagmumula sa paglilingkod sa iba, 329
nagmumula sa pagsisikap na kilalanin at sundin si Jesucristo, 43
nagmumula sa pagsunod sa mga kautusan, 76
sa mahihirap na panahon, 73–74
sa pagsasama ng mag-asawa, 232–33, 233–35

Kalinisang-Puri, 198

Kapayapaan
ang ebanghelyo ang tanging daan na madarama ng mundo ang, 58–61, 138–39, 285
ang templo ay isang lugar ng, 3, 195, 202
nagmumula sa walang-kundisyong pagpapasakop sa Tagapagligtas, 59
pagyamanin, sa pamumuhay ng ebanghelyo, 58–61
sa panahon ng kaguluhan, 61–65
si Jesus ang pinagmumulan ng ating, 46, 56–65

Kasal, pag-aasawa
ay inorden ng Diyos at nilayong maging walang hanggan, 228–30
ay isang pakikipagtuwang sa Diyos, 229
ay pag-uugaling natututunan, 232
kaligayahan sa, 232–33, 233–37
katapatan sa, 233–35
matalik na ugnayan sa, 235–36
nangangailangan ng matinding pagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo, 232–33
ni Howard W. Hunter kay Claire Jeffs, 9–10, 27–29, 169, 171, 227, 228, 239, 241
ni Howard W. Hunter kay Inis Stanton, 31, 228
pag-ibig sa kapwa sa, 233–34
pagiging di-makasarili sa, 236–37
pagkakaisa sa, 234
pagmamahalan sa, 229, 232–37
pagpapatibay sa mga bigkis ng, 233–37
payo para sa mga nagpapasiya tungkol sa, 229, 230–31
sa loob ng templo, 201, 209, 229
walang mga pagpapalang ipagkakait sa mga karapat-dapat na taong walang asawa, 231–32

Katapatan
ay nililinang sa maliliit at simpleng bagay, 257–58
mga payo ng Panginoon tungkol sa, 255–57
nagdudulot ng tunay na kagalakan, 261–62
ni Howard W. Hunter, 13–14, 253, 255
sa ating sarili, 257, 261–62

sa Diyos, 261–62
sa iba, 261–62
sa pagpasok sa templo, 198
sa personal na pakikitungo at sa negosyo, 258–60
sa tahanan, 245–46
*Tingnan din sa* Integridad

**M**

Magulang, mga
ay dapat ituro ang ebanghelyo sa kanilang mga anak, 243–48, 340
ay dapat protektahan at mahalin ang kanilang mga anak, 243–45
ng mga batang naligaw ng landas, 248–50
pagtutuwang ng, 243–45

Matibay na pangako
ay hindi lamang isang kontribusyon, 266–68
nakikita, sa kabila ng ginagawa ng iba, 268–69
ni Abraham, 271
ni Josue, 268–69
nina Sadrach, Mesach, at Abednego, 266–67
sinisikap ng nabubuhay na mga miyembro na magkaroon ng lubusang, 273–75

Mga Huling Araw
ay panahon ng malaking pag-asa at pananabik, 78–80
hindi dapat matakot ang matatapat na Banal sa mga paghihirap sa, 76–79

**N**

Nowell, Nancy (kalola-lolahan), 97

**P**

Pagbabayad-sala. *Tingnan sa* Jesucristo, Pagbabayad-sala ni

Pagbibinyag para sa mga patay, 201, 207–8

Paghihirap
ang Pagbabayad-sala ay tumutulong sa atin sa, 49–52, 56–65, 73–76, 113–14
ay bahagi ng plano ng Diyos para sa ating pag-unlad, 69–73
ay mahalagang bahagi ng mortalidad, 49, 62
ay para sa ating paglago at karanasan, 71–73
bumaling sa Tagapagligtas sa oras ng, 32, 49–52, 59–65, 74–76
magkaroon ng positibong pananaw sa oras ng, 73–74
mapapakumbaba at mapapadalisay tayo, 32, 69–70, 71–72, 89
naranasan ni Howard W. Hunter, 32, 37–38, 109
naranasan ni Joseph Smith, 71–73
pagsusumigasig sa kabila ng, nagdudulot ng tunay na kadakilaan, 177–78

Pag-ibig sa kapwa-tao
hindi mabibigo, 286–87
malaki ang mapapakinabang ng mundo mula sa, 287
nagdudulot sa atin ng kapayapaan, 59
ni Howard W. Hunter, 277–79
sakop ang lahat ng iba pang makadiyos na katangian, 286
sa pagsasama ng mag-asawa, 234
tahakin ang landas ng, mas determinadong, 285–86
*Tingnan din sa* Pagmamahal, pag-ibig

Pagkabuhay na Mag-uli, 49, 51, 109, 111, 114–20, 222

Paglilingkod
alalahanin kung bakit, hindi kung saan, 327–29, 340
ay tanda ng ating katapatan sa Diyos, 280

maghanap ng mga pagkakataon para sa, 339
maging maingat tungkol sa papuri ng iba sa, 329–30
nagdudulot ng kaligayahan, 329
nagdudulot ng kapayapaan, 61
nagdudulot ng tunay na kagitingan, 169, 171, 174, 177–78
sa iba sa kanilang pagdurusa, 283–84
sa maliliit at simpleng paraan, 320–26
tahimik at hindi halata, 319, 320–26, 329–30

Pagmamahal, pag-ibig
ang pamantayan sa pagiging disipulo, 280–81, 284
ay higit na mabuting paraan, 287–89
para sa lahat ng tao, 58–59, 135–37, 280–89
para sa mga taong mahirap mahalin, 281–83
para sa mga taong nagdurusa, 283–84
sa pagsasama ng mag-asawa, 229, 232–37
sa pamilya, 243–51
*Tingnan din sa* Pag-ibig sa Kapwa-tao

Pagpapakumbaba
matutulungan tayo ng paghihirap na magkaroon ng, 32, 69, 71, 89
ni Howard W. Hunter, 169, 171, 319, 320

Pagsubok, mga. *Tingnan sa* Paghihirap

Pagsunod
at pag-aaral ng banal na kasulatan, 159–60
kailangang samahan ng paniniwala, 272–73
ni Abraham, 271
ni Josue, 268–69
piliin ang landas ng mahigpit na, 270–72
sa kabila ng ginagawa ng iba, 268–69
*Tingnan din sa* Matibay na pangako

Pagtuturo
kahalagahan ng mabuting, sa Simbahan, 305–15
sa pamamagitan ng Espiritu, 308–10
sa pamamagitan ng halimbawa, 305, 306, 313

Pamilya
ang mga magulang ay dapat protektahan at mahalin ang mga anak, 243–45
ang mga magulang ay magkatuwang sa pamumuno, 243–45
ang pinakamahalagang yunit sa Simbahan at sa lipunan, 241–43
ay pinagpala ng gawain sa templo, 199–202
higit pa sa ibang interes sa buhay, 241
kapulungan, 247
pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa, 157–58, 159, 160, 161–62
panalangin sa, 248

Panalangin
at pag-aaral ng banal na kasulatan, 160–61, 165–67
halimbawa ni Joseph Smith ng, 85–88
pagtanggap ng kaalaman at patnubay sa pamamagitan ng, 88, 91–92
sa lahat ng oras, 89–91
sa pagkilala sa Diyos, 294–96
sa tahanan, 243, 245–48

Pananampalataya
nagbibigay sa atin ng tiwala sa mga bagay na hindi nakikita, 296–99
ng lalaking ipinanganak na bulag, 298–99
pagkilos ayon sa, humahantong sa patotoo, 300–2
sa Tagapagligtas ang pinakamalaking pangangailangan sa mundo, 47–49
sa Tagapagligtas sa oras ng paghihirap, 49–52, 59–65, 74–76
tinutulutan tayong matagpuan ang Diyos at malaman na Siya ay buhay, 293–99

Paskua, 113, 217–222

Patotoo
ang pagkilos ayon sa pananampalataya ay humahantong sa, 300–2
paano magkaroon, 291–302
pagkilala, 302

Polynesian Cultural Center, 22–23

Priesthood
at ang templo, 88, 208–9
sa pagsasama ng mag-asawa, 233, 251
sa tahanan, 243–44, 247–48

Propeta, mga
ay mga guro ng katotohanan, 102
ay pinili bago sila isinilang, 125
bilang mga tagakita, 101–4
bilang tagapagsalita ng Diyos sa bawat dispensasyon, 103, 124–26
nagbibigay ng patnubay ngayon, 126–27
pagsang-ayon, 198
pagsunod sa, ay nagdudulot ng espirituwal na ginhawa, 127
pagsunod sa, ay nagpapanatili sa atin sa tamang landas, 127–30
patuloy na paghahayag sa pamamagitan ng, 123–31

Proyektong pangkapakanan, mga, 17

## S

Sakramento
panibaguhin ang mga tipan sa pakikibahagi ng, 141, 222–24
pinasimulan ng Tagapagligtas, 113, 219–22
si Howard W. Hunter ay nagpapasa at nagbabasbas ng, 4–5, 215, 217

Seminary program, 14

Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Ang
ay ginagabayan ng paghahayag, 126, 127, 127–28
ay may misyon na ituro ang ebanghelyo sa lahat ng bansa, 137–39
ay muling itinatag sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, 100–1
si Jesucristo ang pinuno ng, 123, 124

Smith, Joseph
ay isang propeta, tagakita, at tagapaghayag, 101–4
buhay at mga gawain ni, 104-7
halimbawa ni, sa pagbaling sa mga banal na kasulatan, 85–88
halimbawa ni, sa panalangin, 85–88
muling itinatag ang Simbahan sa pamamagitan ni, 100–1
paghihirap na naranasan ni, 71–73

pinangalagaan at pinaglingkuran ang iba, 175–77
Unang Pangitain ni, 85–88, 98–99

**T**

Tahanan
ang mga magulang ay magkatuwang sa pamumuno sa, 243–45
dapat maging banal na lugar, 250–51
dapat maging lugar na may pagmamahalan, panalangin, at pagtuturo, 245–48
integridad sa, 245
mga magulang ang lumilikha ng espirituwal na kapaligiran ng, 244
mga magulang ang nagpapakita ng halimbawa sa, 243
priesthood sa, 244–45
tagumpay sa, dapat pakahangarin sa buhay, 251

Templo
ay isang lugar ng kapayapaan, 3, 195, 202
bilang simbolo ng pagiging miyembro, 1, 35, 193–96
gawain sa, kailangang pabilisin, 35, 211–13
kasal sa, 201, 209, 229
maging karapat-dapat sa temple recommend, 1, 196–99
maging mga tao na paladalo sa templo, 1, 3, 201–2, 211–13
mga binyag para sa patay sa, 207–8
mga ordenansa ng, ay kailangan para sa kaligtasan, 207
mga pagpapala ng gawain sa templo, 199–201

**U**

Unang Pangitain, 85–88, 98–99

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02088 61893 9
08861 893